


ISSN: 2243-7703

International Journal of Research Studies in

Education

2026 Volume 15 Number 14





ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

International Journal of Research Studies in Education

Volume 15, Issue Number 14

2026

<http://consortiacademia.org/ijrse/>



Abstracted & Indexed by: CrossRef, Google Scholar, Index Copernicus, NewJour, OAIster, OCLC, Open Archives Initiatives, Open J-Gate, Open Journal System, PKP Open Archives Harvester, Ulrichs Database, and WorldCat

Editor-in-Chief

Dr. Porfiria Ferrer, Philippines

Editorial Board Members

Dr. Sheilla Trajera, University of St. La Salle, Philippines

Dr. Teodorico Micua Jr., Colegio de Sta. Teresa de Avila, Philippines

Dr. Fides del Castillo, De La Salle University (NPRE President)

Prof. Cristina Macascas, Philippine Normal University (NPRE Vice- President)

Dr. Muthmainnah, Universitas Al Asyariah, Indonesia (NPRE International and Linkages Coordinator)

Mr. Brent Roi Gutierrez, Batangas State University (NPRE International and Linkages Coordinator)

Dr. Lita A. Bacalla, Cebu Normal University (NPRE National Coordinator – Public Sector)

Dr. Noelah Mae D. Borbon, First Asia Institute of Technology and Humanities (NPRE National Coordinator – Private Sector)

Dr. Irene M. Ycoy, Spring Lake Middle School, North Carolina, USA (NPRE Luzon Coordinator)

Eng. Jennette J. Lozano (NPRE, NCR Coordinator)

Mr. Jonathan James Canete, De La Salle University/ Ateneo de Manila University (NPRE NCR Coordinator)

Dr. Rizalina Truya, Visayas State University (NPRE Visayas Coordinator)

Dr. Radji A. Macatabon, University of Southern Mindanao (NPRE Mindanao Coordinator)

Dr. Norma Menez, Lyceum of the Philippines University (NPRE Board of Adviser)

Dr. Felisa Marbella, Sorsogon State University (NPRE Board of Adviser)

Dr. Cris Zita, First Asia Institute of Technology and Humanities (NPRE Board of Adviser)

Mr. Jefferson Marcelo, University of Makati (NPRE Luzon Coordinator)

Mr. Clarence Darro del Castillo, President, Lumina Foundation

For a complete list of editorial board reviewers, please refer to <http://consortiacademia.org/editor/>

International Journal of Research Studies in Education

2026 Volume 15, Issue Number 14

- Sipat-suri sa ideolohiyang pangwika at praktika sa pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo
Lopez, Christian Dale A.
- More than a meal: A case study on the effects of a sponsored feeding program on Grade 1 learners' motivation and attendance in elementary school
Romina, Rosecian Jean G.
- A postcolonial ecocritical analysis of Ngũgĩ wa Thiong'o's Weep Not, Child (1964)
Gundow, Jacob Moisob; Yaw-kan, Joseph Peter
- Outdoor play and its impact on preschoolers' social and physical development: A case study of a community-based learning center
Cunanan, Angelica C.
- Paggamit ng AI Tool: Pananaw ng mga mag-aaral ng BSED Science sa Pagkatuto ng Panitikan
Durotan, Cheniña L.
- Pagsusuri sa Bisa ng ChoRe at Ire: Antas ng pag-unawa sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3
Yape, Alyssa Marie C.
- ARAL Program: Isang paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral at mga implikasyon nito sa pagkatuto sa Filipino
Mendros, Deisyryne J.
- A correlational study between professional development programs and teachers' self-efficacy
Nieves, Joseph R.; Sim, Mary Jane C.
- Kahandaan ng mga mag-aaral sa Filipino sa Strengthened Senior High School Program
Saligumba, Jobert L.
- Panadlihan sa kasal ng mga Waray: Isang folklorik na pag-aaral
Amat, Aldwin

- Beyond the horizon of whiteness: Colonial desire, psychological alienation and the collapse of the European dream in Amma Darko's *Beyond the Horizon* (1995)
Gundow, Jacob Moisob

- Paggalugad sa pangangailangan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng epektibong instructional materials
Noval, Arnel T.; Escalera, May Valerie T.; Plasencia, Norly R.; Villarin, Imelda J.; Zamora, Nemia F.

- Development and validation of supplementary learning material on Integers for Mathematics 7
Quiras, Carmelle R.; Deri, Ritzelda A.

- Mula kasaysayan hanggang salaysay: Pagdalumat sa simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño
Acala, Michell T.

- Kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino: Isang komparatibong pagsusuri
Acala, Michell T.

- Instructional leadership skills of secondary school administrators and their impact on teachers' performance
Ignacio, Jenny T.; Sim, Mary Jane C.

- Hamon ng mga baguhang guro sa araling panlipunan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo
Ceblano, Hazelle Joy B.

- Ang dagat ng buhay: Pagpasok sa loob, pagsanib sa ligid at pagsisid sa lalim ng kuwentong pambatang "Anina ng mga alon" ni Eugene Y. Evasco
Miguel, Marlon L.

- Artificial Intelligence (AI) sa pagkatuto ng Filipino: Mga hamon at pagkakataon
Galit, Gilbert C.

- SPED teachers' experiences in distance learning modalities in IBA division of Zambales
Mas, Analyn M.; Echaure, Jessie S.; Ragob, Brenda V.; Anulao, Jessa R.; Echon, Kyla Pearl A.

International Journal of Research Studies in Education

Volume 15, Issue Number 14

2026

International Journal of Research Studies in Education (IJRSE) is sponsored by **Consortia Academia**; a non-profit organization which aims to provide an avenue for novice and experts scholars and researchers to publish and share their work to the academe through an open access environment. Starting 2019, in line of expanding its mission and vision, Consortia Academia partnered with **Network of Professional Researchers and Educators** (NPRE), which is a non-stock, non-profit organization committed to the professional growth of professional researchers and educators in the ASEAN region.

The scope of IJRSE is deliberately broad in terms of both topics covered and disciplinary perspective. IJRSE is an open access international peer reviewed multidisciplinary journal that publishes quality studies related to education. IJRSE is interdisciplinary in approach, and includes but not limited to reports of qualitative case studies, quantitative experiments and surveys, mixed method studies, action researches, meta-analyses, and discussions of conceptual and methodological issues. Topics of interests include but not limited to studies that furthers our understanding of learning in pre-primary, primary, high school, college, university, adult education and to contribute to the improvement of educational processes and outcomes. Furthermore, IJRSE seeks to promote cross-national and international comparative educational research by publishing findings relevant to the scholarly community, as well as to practitioners and others interested in education. Lastly, IJRSE would like to thank all the authors and reviewers who worked hand in hand throughout the entire process of this issue.

Executive Editor

ijr.edu@gmail.com

For inquiries and submissions please email the editor (ijr.edu@gmail.com).

Abstracted & Indexed by:

CrossRef, Google Scholar, Scilit, Index Copernicus, Microsoft Academic Search, NewJour, OAIster, OCLC, Open Archives Initiatives, Open J-Gate, Open Journal System, PKP Open Archives Harvester, Ulrichs Database, and WorldCat

IJRSE website:

<https://consortiacademia.org/ijrse/>

Review guidelines:

<https://consortiacademia.org/review/>

Author submission guidelines:

<https://consortiacademia.org/author/>

Sipat-suri sa ideolohiyang pangwika at praktika sa pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo

Lopez, Christian Dale A. ✉

Leyte Normal University, Philippines (1800577@lnu.edu.ph)

Received: 20 May 2026

Available Online: 2 June 2026

Revised: 31 May 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26239

Accepted: 1 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Language policy and actual classroom practice in Philippine higher education remain complex due to the ongoing tension between national identity preservation and the hegemony of the English language. This qualitative study aimed to analyze the language ideologies and actual classroom practices of college Filipino teachers. Utilizing a descriptive phenomenological research design, ten (10) selected Filipino teachers from universities in Region VIII were interviewed through purposive sampling, complemented by document analysis for triangulation. Braun and Clarke's Thematic Analysis was used to analyze the data. The results revealed ten (10) major themes categorized into three overarching domains: (1) Filipino as a medium for clear learning, identity preservation, and critical discourse; (2) English as the language of globalization, academic advantage, and professionalism; and (3) Code-switching as a strategic bridge to learning, relationship-building, and addressing the needs of modern learners. The study shows that despite teachers' strong ideological commitment to promoting Filipino, their practice is pragmatic and flexible to accommodate students' linguistic capabilities. The study recommends developing inclusive local language policies that recognize code-switching as a legitimate pedagogical strategy without sacrificing the intellectualization of the Filipino language.

Keywords: language ideology, classroom practice, teaching Filipino, college, code-switching

Sipat-suri sa ideolohiyang pangwika at praktika sa pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo

1. Abstrak

Nananatiling masalimuot ang ugnayan ng polisiya at aktuwal na praktika ng wika sa mataas na edukasyon sa Pilipinas dulot ng tunggalian sa pagitan ng pagpapahalaga sa pambansang identidad at ng gahum ng wikang Ingles. Layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito na suriin ang mga ideolohiyang pangwika at aktuwal na praktika sa silid-aralan ng mga guro sa Filipino sa antas kolehiyo. Gamit ang deskriptibong disenyong penomenolohikal, kinapanayam ang sampung (10) piling guro sa Filipino mula sa mga unibersidad sa Rehiyon VIII sa pamamagitan ng *purposive sampling*, na dumaan sa pagsusuri ng dokumento para sa *triangulation*. Ginamit ang *Thematic Analysis* nina Braun at Clarke sa pagsusuri ng datos. Lumabas sa resulta ang sampung (10) pangunahing tema na nakapaloob sa tatlong kategorya: (1) Filipino bilang midyum ng malinaw na pagkatuto, pagpapanatili ng identidad, at kritikal na diskurso; (2) Ingles bilang wika ng globalisasyon, akademikong bentahe, at propesyonismo; at (3) *Code-switching* bilang estratehikong tulay sa pagkatuto, pagbuo ng ugnayan, at pagtugon sa hamon ng makabagong mag-aaral. Ipinakikita ng pag-aaral na bagaman may malakas na ideolohikal na katapatan ang mga guro sa pagtataguyod ng Filipino, pragmatiko at *flexible* ang kanilang praktika upang matugunan ang kakayahan ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ng pag-aaral ang pagbuo ng mas inklusibong lokal na polisiyang pangwika na kumikilala sa *code-switching* bilang lehitimong pedagogikal na estratehiya nang hindi isinasakripisyo ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

Susing-salita: ideolohiyang pangwika, praktika sa silid-aralan, pagtuturo ng Filipino, kolehiyo, code-switching

2. Introduksiyon

Sa kasalukuyang estruktura ng mataas na edukasyon sa Pilipinas, nananatiling masalimuot at sentral na usapin ang papel ng wika sa proseso ng pedagogiya at intelektwalisasyon. Sa kabila ng konstitusyonal na pagkilala sa Filipino bilang pambansang wika at opisyal na midyum ng komunikasyon at pagtuturo, patuloy na nangingibabaw ang gahum ng wikang Ingles bilang pangunahing instrumento ng globalisasyon sa antas kolehiyo. Ang ganitong kalakaran ay hindi lamang isang simpleng pragmatikong pagpili ng lingguwistikong midyum; bagkus, ito ay malalim na nakaugat sa mga ideolohiyang pangwika na patuloy na humuhubog, nagdidikta, at kung minsan ay sumasalungat sa aktuwal na praktika at pedagogikal na desisyon ng mga guro sa loob ng silid-aralan.

Sa larangan ng sosyolingguwistika at kritikal na edukasyon, binibigyang-diin na ang ideolohiyang pangwika ay hindi hiwalay sa usapin ng kapangyarihan, identidad, at akses sa kaalaman (Flores & Rosa, 2019; Tupas, 2021). Hindi lamang ito personal na opinyon kundi isang institusyonalisadong paniniwala na nagpapasya kung anong wika ang "may halaga" at kung sino ang "may boses" sa akademikong espasyo. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo, lumilikha ito ng natatanging paradox: ang mga guro ay inaasahang magtaguyod ng nasyonalismo at mataas na antas ng diskurso sa Filipino, ngunit nakapaloob sila sa isang sistemang pang-edukasyon na labis na kumikiling sa Ingles para sa *marketability* at *global competitiveness* (Bernardo, 2024; San Juan, 2024).

Bunga ng tensyong ito, sumusulpot ang mga dinamikong praktika sa silid-aralan tulad ng *translanguaging*—ang estratehiko at natural na paggamit ng higit sa isang wika upang mapadali ang kritikal na pag-unawa (García & Wei, 2014; Li Wei, 2018; Macasanitas, 2025). Sa halip na tingnan ito bilang kakulangan o "kontaminasyon" sa kadalisan ng wika, kinikilala na ito ngayon bilang isang mapagpalayang praktika na bumabasag sa tradisyonal na monolingguwal na pedagogiya. Gayunpaman, nananatili ang puwang sa literatura kung paano ba talaga minamaniobra ng mga guro ng Filipino sa kolehiyo ang kanilang sariling ideolohiya (hal. purismo vs. pluralismo) kapag nahaharap sa aktuwal na kakayahan at multilingguwal na realidad ng mga modernong mag-aaral.

Habang marami nang pag-aaral ang sumuri sa polisiya ng wika sa macro-level (gaya ng mga epekto ng K to 12 at mga kautusan ng CHED), may kakulangan pa rin sa mga kwalitatibong pagsusuri na nag-iimbestiga sa micro-level: ang buhay na karanasan, internal na tunggalian, at aktwal na diskurso ng mga guro ng Filipino sa kolehiyo. Mahalagang siyasatin ang ugnayang ito upang maunawaan kung paano nagiging ahente ng pagpapanatili o pagbabago ang mga guro laban sa mga dominanteng diskursong pangwika.

Layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito na suriin ang ugnayan ng ideolohiyang pangwika at aktwal na praktika sa pagtuturo ng Filipino sa antas kolehiyo. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa perspektiba ng mga guro, nilalayan nitong mailantad kung paano hinuhubog ng kanilang mga paniniwala ang kanilang mga estratehiya, at kung paano ito nakaaapekto sa pagbuo ng kritikal na kamalayan, identidad, at demokratikong partisipasyon ng mga mag-aaral sa loob ng akademikong espasyo.

Bagaman marami nang lokal na pag-aaral ang sumuri sa polisiya ng wika sa macro-level gaya ng mga epekto ng K to 12 at mga kautusan ng CHED sa bansa nananatiling limitado ang mga kwalitatibong pagsusuri na tumututun sa micro-level o sa mismong sikolohikal at ideolohikal na karanasan ng mga guro sa silid-aralan. Dito pumapasok ang literature gap na tinutugunan ng kasalukuyang pananaliksik: ang kakulangan sa pag-unawa kung paano minamaniobra ng mga guro ng Filipino sa kolehiyo ang kanilang sariling ideolohiya (tulad ng purismo laban sa pluralismo) kapag nahaharap sa multilingguwal na realidad ng mga modernong mag-aaral.

Ang bago (novelty) sa pag-aaral na ito ay ang paglalantad sa internal na tunggalian at "paradox" ng mga guro sa Rehiyon 8. Sa halip na tingnan ang pagtuturo ng Filipino bilang isang hiwalay na akademikong gawain, ipinapakita rito kung paano nagiging espasyo ng negosasyon ang silid-aralan gamit ang code-switching. Hindi lamang ito kontribusyon sa lingguwistika kundi isang kritikal na pagsusuri sa kapakanan at emosyonal na seguridad ng mga mag-aaral sa modernong panahon.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ideolohiyang pangwika at praktika sa silid-aralan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas kolehiyo. Partikular, hinahangad nitong sagutin ang mga sumusunod:

- Ano ang ideolohiyang pangwika ng mga guro sa Filipino sa kolehiyo?
- Paano naipapakita ang mga ideolohiyang ito sa kanilang mga estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo?
- Ano ang implikasyon ng mga ideolohiyang ito sa pagkatuto at partisipasyon ng mga mag-aaral?

3. Metodolohiya

Ang bahaging ito ay nagtataglay ng sistematikong paglalarawan sa disenyo at daloy ng pananaliksik. Detalyado nitong inilalahad ang disenyo ng pag-aaral, mga kalahok, pamamaraan ng pagpili sa kanila, proseso ng pangangalap ng datos, paraan ng pagsusuri, at ang mga etikal na konsiderasyong sinunod upang matiyak ang kredibilidad ng buong pagsisiyasat.

Disenyo ng Pananaliksik - Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang lapit na penomenolohiya. Angkop ang disenyong ito sapagkat naglalayon itong magkaroon ng malalim, kontekstual, at masusing pag-unawa sa mga buhay na karanasan, internal na pananaw, at aktwal na praktika ng mga guro hinggil sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas kolehiyo. Sa halip na mag-analisa ng mga numerikal na datos, nakatuon ang lapit na ito sa pagbuo ng interpretatibong paglalarawan upang mailantad ang masalimuot na ugnayan sa pagitan ng personal/institusyonal na ideolohiyang pangwika at ng mga aktwal na pedagogikal na desisyon ng mga guro sa loob ng silid-aralan.

Mga Kalahok ng Pag-aaral - Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng sampung (10) guro na kasalukuyang nagtuturo o may karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas kolehiyo. Sila ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, isang uri ng non-probability sampling na sinasadya ang pagpili ng mga

indibidwal na nagtataglay ng sapat na kaalaman, karanasan, at direktang ugnayan sa paksa ng pag-aaral. Upang matiyak ang kalidad ng datos, binalangkas ang mga sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga kalahok:

- Kasalukuyang nagtuturo o nakapagturo na ng asignaturang Filipino sa antas kolehiyo sa isang piling pamantasan.
- Mayroong hindi bababa sa isang taong karanasan sa pagtuturo sa antas tersyarya.
- Aktibong gumagamit ng wikang Filipino, o kombinasyon ng Filipino at Ingles, bilang midyum ng instruksyon.
- Boluntaryong nagpahayag ng kahandaang lumahok sa proseso ng panayam at obserbasyon.

Ang bilang na sampung kalahok ay itinuturing na sapat at ideal sa kwalitatibong pananaliksik upang maabot ang saturasyon ng datos at makakuha ng malalim at makabuluhang diskurso.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos - Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa isang sistematiko at yugto-yugtong proseso upang mapanatili ang katumpakan at kalidad ng impormasyon:

- Pagpapalano at Paghingi ng Pahintulot: Unang binalangkas ang mga tiyak na layunin at gabay na tanong sa panayam. Kasunod nito, pormal na humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng mga piling institusyon at sa mga mismong kalahok sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham-pahintulot. Ipinaliwanag sa kanila ang kalikasan ng pag-aaral, ang saklaw ng kanilang partisipasyon, at ang kanilang mga karapatan.
- Pagsasagawa ng Panayam: Ginamit ang semi-structured na panayam upang malayang matuklas at masiyasat ang ideolohiyang pangwika ng mga guro. Ang bawat panayam ay tumagal ng humigit-kumulang 30 hanggang 60 minuto. Ito ay isinagawa nang harapan o sa pamamagitan ng mga birtwal na plataporma (online platforms) batay sa kaligtasan at kenyensya ng kalahok. Sa pahintulot ng mga guro, ang mga panayam ay audio-recorded upang matiyak ang katapatan ng bawat pahayag.
- Transkripsyon ng Datos: Matapos ang pangangalap, ang lahat ng audio-recordings ay maingat na isinalin sa tekstong transkripsyon at pinagsama-sama kasama ang mga tala mula sa obserbasyon upang ihanda sa pagsusuri.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos - Ginamit sa pag-aaral na ito ang Thematic Analysis (Pagsusuring Tematiko) nina Braun at Clarke bilang pangunahing estratehiya sa pag-aanalisa ng kwalitatibong datos. Ang pamamaraang ito ay nakatuon sa sistematikong pagtukoy, pag-oorganisa, at pagbibigay-kahulugan sa mga temang lumitaw mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Isinagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

- Pamilyarisasyon sa Datos: Paulit-ulit at masusing binasa ang mga transkripsyon ng panayam at mga tala sa obserbasyon upang ganap na maunawaan ang kabuuang konteksto ng mga sagot.
- Pagbuo ng Paunang Koda (Open Coding): Tinukoy at minarkahan ang mahahalagang parirala, salita, o talata na direktang sumasagot sa mga suliranin ng pag-aaral.
- Paghahanap at Pagbuo ng mga Tema: Pinangkat ang mga magkakaugnay na koda upang makabuo ng mga paunang tema na naglalarawan sa mga karaniwang karanasan at pananaw ng mga kalahok.
- Pagsusuri at Pagpipino ng mga Tema: Muling sinuri ang mga tema upang matiyak na may sapat silang suportang datos mula sa mga transkripsyon at walang overlap sa pagitan ng mga kategorya.
- Pagbibigay ng Pangalan at Interpretasyon: Binigyan ng malinaw na depinisyon at akademikong katawagan ang bawat tema, na naging batayan sa pagbuo ng sampung (10) pangunahing temang tinalakay sa kabanata ng resulta at diskusyon.

Etikal na Konsiderasyon - Upang mapangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok, mahigpit na sinunod ang mga etikal na pamantayan sa pananaliksik:

- Boluntaryong Partisipasyon: Walang sapilitang naganap; ang lahat ng kalahok ay lumahok nang may buong kaalaman sa pamamagitan ng paglagda sa Informed Consent Form.
- Kumpidensyalidad at Anonymity: Pinangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga guro at ng kanilang institusyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga koda (gaya ng P1, P2, hanggang P10) sa halip na tunay na pangalan.
- Karapatang Umatras: Binigyang-diin sa mga kalahok na malaya silang umalis o umatras sa pag-aaral sa anumang oras na naisin nila nang walang anumang kapalit o kaparusahan.
- Proteksyon sa Panganib at Eksklusibong Paggamit: Tininyak na ang pag-aaral ay walang idinudulot na pisikal, emosyonal, o sikolohikal na panganib sapagkat nakatuon lamang ito sa kanilang propesyonal na opinyon. Ang lahat ng datos ay itatago nang ligtas at gagamitin lamang para sa akademikong layunin ng pananaliksik na ito.

Kredibilidad at Katumpakan ng Datos - Upang mapanatili ang pagiging mapagkakatiwalaan (trustworthiness) at mataas na kalidad ng kwalitatibong pananaliksik, isinagawa ang mga sumusunod na hakbang:

- Triangulation: Pagsasama-sama at paghahambing ng datos mula sa magkakaibang pinagmulan tulad ng panayam, obserbasyon sa klase, at pagsusuri ng dokumento upang mapatunayan ang katumpakan ng mga natuklasan.
- Member Checking: Muling ipinakita at ipinabasa sa mga kalahok ang transkripsyon ng kanilang panayam upang kumpirmahin kung wasto ang pagkakarekord at pagpapakahulugan ng mananaliksik sa kanilang mga sinabi.
- Peer Debriefing: Humingi ng pagsusuri, kritika, at puna mula sa mga kapwa mananaliksik at eksperto sa wika upang maiwasan ang personal na pagkilin at mapatibay ang interpretasyon ng mga tema.

4. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay naglalaman ng presentasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap. Ito ay mula sa sampung (10) guro na nagturo sa kolehiyo ng isang taon o higit pa. Hinggil ito sa ideolohiyang pangwika at praktika sa silid-aralan sa pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo. Makikita dito ang kanilang karanasan at paniniwala at ang araw-araw na hamon ng mga guro sa Filipino sa Kolehiyo. Mula sa ginawang panayam at pagsusuri ng mga transkripsyon ng panayam, nakabuo ang mananaliksik ng sampung (10) tema na sumasalamin sa paggamit ng Filipino, Ingles, *code-switching* at ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa akademya.

4.1 Ideolohiyang Pangwika ng mga Guro sa Filipino sa Kolehiyo

Filipino Bilang Midyum sa mas Malinaw na Pagkatuto - Ibinahagi ng mga kalahok na mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag wikang Filipino ang ginagamit bilang midyum ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

Ayon kay P1:

“Mas napapalapit nito ang kaalaman ng mga mag-aaral at nagiging mas malinaw para sa kanila ang pagtatalakay ng mga konsepto.”

Sinuportahan din ito ng pahayag ni P5 na nagsabing:

“Mas naiintindihan nila ang talakayan kapag Filipino ang gamit sa pagpapaliwanag.”

Ipinapakita ng mga tugon na ito na ang wikang pambansa ay hindi lamang basta instrumento ng komunikasyon, kundi isang mabisang tulay upang maihatid ang mga abstrakto at akademikong ideya sa paraang madaling mulasat ng mga mag-aaral. Kapag ang wikang ginagamit sa pagtuturo ay hango sa kanilang kultura at pang-araw-araw na karanasan, nawawala ang harang sa pagitan ng guro at ng leksyon. Dahil dito, mas nagiging natural ang proseso ng asimilasyon ng kaalaman kung saan ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagmememoria kundi tunay na umuunawa sa mga aralin. Ang obserbasyong ito ay binalideyt ng pag-aaral nina Palabay et al. (2024), kung saan natuklasan na ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan at ito ay nagiging pangunahing dahilan upang maging epektibo ang pagkatuto. Bukod dito, ang ganitong gawi sa pagtuturo ay naaayon din sa resulta ng pananaliksik nina Wacnag et al. (2025).

Ayon sa kanilang pag-aaral, ang pagpapaliwanag gamit ang wikang Filipino ay nagiging daan upang ang mga komplikadong salita at konsepto ay maging payak at mas madaling unawain. Binigyang-diin pa sa kanilang pagsusuri na ang paggamit ng wikang hindi pamilyar sa mga bata ay nakapagpapabagal sa kanilang kritikal na pag-iisip at pag-unawa. Kaya naman, ang pagtalakay sa Filipino ay mas nakatutulong at nagbibigay ng positibong kinalabasan para sa mga mag-aaral. Bukod sa akademikong aspeto, lumabas din sa pananaliksik na may malaking epekto ang wika sa emosyonal na kalagayan at gawi ng mga estudyante sa loob ng klase; partikular na komportable sila kapag Filipino ang ginagamit sa silid-aralan.

Ayon kay P6:

“Mas nagiging kampante sila kapag naiintindihan nila ang wikang ginagamit.”

Dagdag pa ni P4:

“Mas nagiging active kasi rito yung mga bata kapag Filipino ang ginagamit ko sa loob ng silid.”

Makikita sa bahaging ito na ang pagpili ng wikang panturo ay may direktang ugnayan sa antas ng partisipasyon at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Sa tradisyonal na silid-aralan kung saan madalas ipinipilit ang wikang dayuhan, marami sa mga bata ang nananatiling tahimik dahil sa takot na magkamali sa balarila o bigkas. Subalit, kapag Filipino ang midyum, nababago ang atmospera ng klase—nagiging inklusibo, buhay, at interactive ito. Ang pagiging masigla ng mga bata ay indikasyon na gumaan ang kanilang pakiramdam, na nagbubukas sa kanila upang malayang magpahayag ng kanilang saloobin nang walang takot sa diskriminasyon. Ang teoryang ito ay pinatunayan nina Reyes et al. (2021) sa kanilang pagsusuri sa gawi ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Natuklasan nila na malaki ang ibinababa ng class anxiety o kaba ng mga estudyante kapag ang guro ay nagpapaliwanag sa wikang Filipino. Batay sa kanilang pag-aaral, ang wikang pamilyar ay nagbibigay ng "emotional security" o sikolohikal na kaligtasan sa mga bata. Kaya naman, nagiging mas kampante silang sumagot o makilahok dahil hindi sila natatakot na magkamali sa balarila o mapagtawanan ng kanilang mga kaklase.

Sa kabuoan, ang mga temang umusbong mula sa mga pahayag ng mga kalahok ay nagpapatunay na ang pagpili at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa loob ng akademya ay hindi lamang usaping pangwika, kundi isang estratehikong pamamaraang pampagtuturo. Ipinapakita nito na ang kapakanan, kagalingang sikolohikal, at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral ang palaging pangunahing prayoridad ng mga guro sa kolehiyo.

Pagpapanatili ng Wikang Filipino at Pambansang Identidad - Bukod sa mga benepisyong pang-akademiko, lumabas din sa pag-aaral na labis ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa wikang Filipino bilang pundasyon ng pagkakakilanlan.

Ayon kay P3:

“Bilang mga Pilipino, dapat natin aralin at mayro 'n tayong kaalaman sa ating sariling wika.”

Samantala, binigyang-diin naman ni P8 na:

“Mahalagang mapanatili natin ang wikang Filipino bilang bahagi ng ating identidad.”

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na tinitingnan ng mga kalahok ang wikang Filipino hindi lamang bilang isang asignatura sa paaralan, kundi bilang isang buhay na sagisag ng pagkakakilanlang pambansa at kultura ng mga Pilipino. Ang wika ang nagsisilbing kaluluwa ng isang bansa; kung kaya't ang pag-aaral nito ay pag-aaral din sa sariling kasaysayan at pinagmulan. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng wikang Filipino sa mataas na antas ng edukasyon, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng matatag na pundasyon upang hindi lamunin ng dayuhang impluwensya ang kanilang pagka-Pilipino. Ang kaisipang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Cruz (2017), kung saan binigyang-diin na may mahalagang ugnayan ang wika sa paghubog at pagpapanatili ng identidad ng isang pangkat o komunidad. Ipinakita sa kaniyang pag-aaral na ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi simbolo rin ng kultura at pagkakakilanlan.

Kaugnay nito, natuklasan din sa pag-aaral nina Benson at Salih (2024) na ang pagkawala o paghina ng asignaturang Filipino ay may direktang negatibong epekto sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral. Ipinahihwatig nito na kritikal ang patuloy na pagpapanatili at paggamit ng Filipino upang mapanatili rin ang kamalayang makabansa at pagpapahalaga sa sariling kultura sa harap ng mga pagbabago sa kurikulum. Mababatid na sa ganitong sitwasyon, ang mga guro ang pangunahing nagtataguyod at nagsisilbing tanggulan upang bigyang-halaga ang wika.

Hindi lamang nagtatapos sa pagpapanatili ng kultura ang ambag ng wikang Filipino; ito rin ay nakikita ng mga kalahok bilang mabisang kasangkapan sa intelektwalisasyon at malalim na pagsusuri.

Binanggit ni P1 na:

“Nakakatulong din ang Filipino sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa sariling wika at kultura.”

Dagdag pa ni P3:

“Tungkulin natin na pagyabungin pa natin ang wikang Filipino.”

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na kinikilala ng mga kalahok ang mahalagang papel ng wikang Filipino sa pagpapaunlad ng kamalayang kritikal ng mga mag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay nag-iisip gamit ang kaniyang unang wika, mas madali siyang nakabubuo ng mga argumento, nakapagsusuri ng mga isyung panlipunan, at nakapagpapakita ng orihinalidad sa kaniyang mga ideya kumpara sa kung pinipilit niyang mag-isip sa wikang banyaga. Ang pagpapayabong sa wika ay nangangahulugan din ng pagpapatalas sa talino ng mga mamamayan. Ang pananaw na ito ay pinatutunayan ng pag-aaral ni Suizo (2024) tungkol sa language identity ng kabataang Pilipino, kung saan natuklasan na mahalagang salik ang paggamit ng Filipino sa pagpapanatili ng pagkakakilanlang pangkultura at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral sa gitna ng modernisasyon at matinding impluwensiya ng globalisasyon. Sa pamamagitan ng katutubong wika, nagkakaroon sila ng "angkla" sa kanilang lipunan.

Bukod dito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Wakat et al. (2023) na mas nagiging inklusibo at makabuluhan ang pagkatuto kapag ginagamit ang wikang malapit sa karanasan ng mga mag-aaral. Natuklasan sa kanilang pananaliksik na ang ganitong estratehiya ay nakatutulong sa pagpapalalim ng partisipasyon, pag-unawa, at pagbuo ng mas kritikal na pagtingin ng mga mag-aaral sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto. Sa madaling salita, pinaglalapit ng wikang Filipino ang teorya at ang praktikal na karanasan ng mga Pilipino.

Ingles Bilang Pang-akademiko at Pandaigdigang Wika - Bagaman mataas ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa wikang Filipino, kinikilala pa rin nila ang estratehikong gampanin ng wikang Ingles, partikular na sa mga asignaturang teknikal at global ang saklaw.

Ayon kay P1:

“Mahalaga ang Ingles sa mga asignaturang nangangailangan ng pandaigdigang sanggunian at terminolohiya.”

Sinuportahan din ito ng pahayag ni P4 na nagsabing:

“Mahalaga ang Ingles para sa teknikal na termino at akademikong sanggunian.”

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na kinikilala ng mga kalahok ang kahalagahan ng Ingles bilang wikang instrumental sa akademikong espesyalisasyon. Sa ilalim ng modernong edukasyon, hindi maiiwasan ang pagusbong ng mga konseptong siyentipiko, matematikal, at teknolohikal na wala pang direktang katumbas sa wikang pambansa. Ang pag-access sa mga pandaigdigang journal, pananaliksik, at makabagong kaalaman ay kalimitang nakasulat sa Ingles. Kaya naman, ang pagkilala sa wikang ito ay hindi pagtalikod sa sariling wika, kundi pag-armas sa mga mag-aaral ng mga terminolohiyang kakailanganin nila sa kanilang propesyon. Ang kaisipang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Azarias (2022) tungkol sa paggamit ng Ingles bilang medium of instruction sa industrial-technical classrooms sa Pilipinas. Natuklasan sa kaniyang pananaliksik na mahalaga ang kasanayan sa Ingles sa pagtuturo ng mga teknikal na asignatura dahil maraming terminolohiyang akademiko at propesyunal ang nakabatay sa wikang ito.

Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan ng pagbuwag sa Filipino, kundi isang panawagan para sa balanseng edukasyon.

Ayon nga kay P2:

“Dapat nating pahalagahan ang sariling wika habang hinahanda natin ang ating mga mag-aaral sa pandaigdigang komunikasyon at oportunidad.”

Ang balanseng pananaw na ito ay nagpapakita ng isang pragmatikong pilosopiya sa edukasyon: ang pagpapalakas sa lokal na identidad habang nagpapanatili ng kompetitibong kakayahan sa labas ng bansa. Ang wika ay hindi dapat maging eksklusibo; sa halip, maaari itong maging komplementaryo kung saan ang Filipino ang nagpapatibay sa pundasyon ng pag-unawa, at ang Ingles naman ang nagpapalawak sa saklaw ng aplikasyon nito sa pandaigdigang entablado. Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Quinto at Cacanindin (2024) na mahalaga ang Ingles sa paglinang ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo, lalo na sa pag-unawa sa mas komplikado at teknikal na nilalaman ng pag-aaral. Binigyang-diin nila na nananatiling mahalagang kasangkapan ang Ingles sa higher education at pandaigdigang komunikasyon upang makasabay ang mga lokal na gradwado sa pamantayan ng iba't ibang bansa.

Code-Switching Bilang Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo - Dahil sa magkakaibang gampanin ng wikang Filipino at Ingles, umuusbong ang paggamit ng kombinasyon ng dalawang wika bilang isang praktikal at epektibong pamamaraan sa pagtuturo.

Ayon kay P1:

“Mas epektibo pa rin ang paggamit ng kombinasyon ng Pilipino at Ingles.”

Dagdag pa ni P9, napatunayan niyang:

“Mas madaling maipaliwanag ang mahihirap na konsepto kapag pinagsasama ang Filipino at Ingles.”

Ang ganitong gawi ay hayagang kinilala ni P2 na nagsabing:

“Gumagamit ako ng code-switching upang maging mas natural at malinaw kong maipaliwanag ang ating aralin.”

Habang sinegundahan naman ito ni P3 sa pagpapakita ng praktikal na aplikasyon nito:

“Ini-explain ko ito sa kanila ng Pilipino para mas madaling maunawaan.”

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na hindi na tinitingnan ng mga guro ang pagpapalit-wika o code-switching bilang isang kakulangan sa kasanayan, kundi bilang isang sopistikado at dynamic na estratehiyang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nagkakaroon ng kakayahan ang guro na magsilbing tagasalin ng mga mabibigat at dayuhang teorya patungo sa pamilyar na konteksto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng code-switching ay lumilikha ng isang tuluy-tuloy na daloy ng talakayan kung saan hindi napatitigil ang pagkatuto dahil lamang sa isang banyagang salita; sa halip, mabilis itong nareresolba sa tulong ng wikang Filipino upang maging mas natural ang interaksyon. Ang obserbasyong ito ay matibay na sinusuportahan ng pag-aaral nina Villanueva at Gamiao (2022), kung saan natuklasan na nakatutulong ang code-switching sa pag-aalis ng harang sa wika at sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga instruksyon at talakayan sa loob ng silid-aralan. Ipinakita rin sa kanilang pananaliksik na nagiging mas malinaw at episyente ang pagtuturo kapag pinagsasama ang Filipino at Ingles sa akademikong diskurso.

Kaugnay nito, binigyang-diin din sa pag-aaral ni Mangila (2018) na karaniwang ginagamit ng mga gurong Pilipino ang code-switching bilang isang estratehiya upang mapadali ang pag-angkin ng nilalaman) at mas maging natural ang komunikasyon sa klase. Natuklasan sa kaniyang pagsusuri na malaki ang gampanin ng wikang Filipino upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang mga komplikadong konsepto, partikular na sa loob ng mga English language classrooms. Bukod dito, pinatunayan din sa pananaliksik ni Saquing (2023) na labis na tinatanggap ng mga pre-service teachers sa Pilipinas ang code-switching bilang isang epektibong estratehiya sa pagtuturo. Lumabas sa kaniyang pag-aaral na bukod sa pag-gabay sa akademikong tagumpay ang pagpapalit-wika ay may malaking ambag din sa pagpapababa ng antas ng kaba at takot ng mga mag-aaral habang nakikilahok sa talakayan. Sa pangkalahatan, pinatutunayan ng mga literaturang ito na ang code-switching ay isang mabisang tugon sa multilinggwal na konteksto ng edukasyon sa Pilipinas.

4.2 Pagpapakita ng mga Ideolohiya sa Pagtuturo

Code-Switching Bilang Epektibong Estratehiya sa Pagtuturo - Ang pagpapalit-wika o code-switching ay hindi lamang nagpapadali ng komunikasyon, kundi nagsisilbi ring mabisang estratehiya upang maitulay ang agwat sa pagitan ng mga abstrakto at komplikadong asignatura.

Ayon kay P1:

“Mas epektibo pa rin ang paggamit ng kombinasyon ng Pilipino at Ingles.”

Sinuportahan ito ng obserbasyon ni P9 na nagsabing:

“Mas madaling maipaliwanag ang mahihirap na konsepto kapag pinagsasama ang Filipino at Ingles.”

Ipinaliwanag naman ni P2 ang kaniyang personal na karanasan sa paggamit nito:

“Gumagamit ako ng code switching upang maging mas natural at malinaw kong maipaliwanag ang ating aralin.”

Habang winika naman ni P3 na:

“Ini-explain ko ito sa kanila ng Pilipino para mas madaling maunawaan.”

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na ginagamit ng mga guro ang code-switching bilang isang binalak at sistematikong estratehiya upang maging mas malinaw, natural, at madaling maunawaan ang mga aralin. Sa pamamagitan ng pag-isip at pagtalakay sa dalawang wika, nababawasan ang tinatawag na cognitive overload o

ang labis na pagkapagod ng isip ng mga mag-aaral kapag sabay nilang pinoproceso ang isang mahirap na paksa (gaya ng Matematika o Siyensya) kasabay ng isang banyagang wika. Ang paggamit ng kombinasyong ito ay nagbibigay-daan sa isang dinamiko at flexible na talakayan na nakasentro sa tunay na pagkatuto ng estudyante sa halip na sa estriktong pagsunod sa tuntunin ng iisang wika lamang. Ang ganitong positibong pananaw ay binalideyt ng pag-aaral nina Cabauatan at Ulla (2024), kung saan natuklasan na positibo ang saloobin ng mga mag-aaral at guro sa paggamit ng Filipino-English code-switching dahil nakatutulong ito sa mas komportableng kapaligiran ng pagkatuto at mas malinaw na akademikong komunikasyon sa loob ng silid-aralan.

Higit pa rito, napatunayan ang higit na pangangailangan sa estratehiyang ito sa mga asignaturang nangangailangan ng mataas na antas ng pagsusuri. Sa pag-aaral nina Bravo-Sotelo et al. (2023) tungkol sa tertiary mathematics classrooms sa Pilipinas, natuklasan na may mataas na pedagogical value ang code-switching. Ginagamit ito ng mga guro sa kolehiyo upang malinaw na maipaliwanag ang mga matematikong konsepto, mapanatili ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, at mapadali ang pag-unawa sa mga komplikadong pormula at aralin.

Ang mga natuklasang ito ay katulad din ng kinalabasan ng pananaliksik nina Villanueva at Gamiao (2022). Lumabas sa kanilang pag-aaral na malaki ang naitutulong ng code-switching sa pagbibigay ng mas malinaw na instruksyon, pag-giba sa language barrier, at pagpapasidhi ng mas mabuting pag-unawa ng mga mag-aaral sa klase. Ipinakita sa kanilang pagsusuri na nagiging mas epektibo at produktibo ang pagtuturo kapag pinagsasama ang Filipino at Ingles sa akademikong diskurso, partikular na sa antas ng kolehiyo kung saan mas mataas ang antas ng mga paksang tinatalakay.

Pagiging Sensitibo sa Lingguwistikong Pangangailangan ng mga Mag-aaral - Higit sa pagpili ng partikular na wika, lumabas din sa pag-aaral na pinapahalagahan ng mga guro ang pagiging sensitibo sa lingguwistikong kaligiran ng kanilang mga estudyante upang lumikha ng isang inklusibong espasyo sa pagkatuto

Ayon kay P2:

“Ibase sa kung ano ang komportable na linggwahe o lingguwistika sa aking mga mag-aaral.”

Ipinapakita ng pahayag na ito ang paglipat ng papel ng guro mula sa pagiging isang estriktong tagatupad ng patakaran ng wika tungo sa pagiging isang facilitator ng makabuluhang pagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-angkop sa wika kung saan komportable ang mga mag-aaral, ipinamamalas ng guro ang isang demokratiko at student-centered na pilosopiya sa edukasyon. Ang ganitong paraan ay nag-aalis ng elitismo sa wika at nagbibigay ng boses sa bawat mag-aaral, anomang antas ng kanilang kasanayan sa Filipino o Ingles. Ang kaisipang ito ay kaugnay ng binigyang-diin ni Velasco (2025), na nagsabing malaki ang impluwensiya ng language ideologies o pananaw-pangwika ng mga guro sa matagumpay na pagpapatupad ng multilingguwal na edukasyon sa Pilipinas. Ayon sa kaniyang pag-aaral, mas nagiging makabuluhan at malalim ang pagkatuto kapag kinikilala at iginagalang ng mga guro ang linguistic background at tunay na pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Sinusuportahan din ang argumentong ito ng pananaliksik nina Rajendram et al. (2023), na nagpapatunay na ang translanguaging—o ang malayang paggamit ng iba't ibang wika na baon ng mag-aaral—ay isang mahalagang kasangkapan upang mapalawak ang partisipasyon at pag-unawa ng mga estudyante, partikular na sa higher education settings o antas ng kolehiyo.

Gayunpaman, kinikilala rin ng mga guro ang hamon ng pagkakaroon ng iba't ibang rehiyonal na wika sa loob ng iisang silid-aralan.

Sinabi ni P3 na:

“Hindi naman natin makokontrol ang bawat isa na gamitin ang kanilang sariling dialekto.”

Ang obserbasyong ito ay nagpapakita ng makatotohanang kalagayan ng mga unibersidad at kolehiyo sa

kasalukuyan, kung saan ang mga mag-aaral ay nagmumula sa iba't ibang rehiyon at may magkakaibang unang wika (L1). Sa halip na tingnan ito bilang isang hadlang o kaguluhan sa komunikasyon, tinatanggap ito ng mga guro bilang isang natural na katangian ng isang multilinggwal na lipunan. Ang hindi pagkontrol sa dayalekto ng mga bata ay isang paraan ng pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura at identidad. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral ni Tezano (2023) na ang translanguaging ay nagsisilbing epektibong estratehiya upang mahikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral habang pinahahalagahan ang kanilang unang wika at sariling paraan ng pagpapahayag. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang paggamit ng iba't ibang wika at dayalekto ay hindi dapat ituring na sagabal sa pagtuturo. Sa halip, ito ay isang mahalagang bahagi ng inklusibo, makatarungan, at makabuluhang edukasyon na nagpapayaman sa karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral.

Filipino Bilang Daan sa Aktibong Partisipasyon ng mga Estudyante - Ibinahagi ng mga kalahok na nagkakaroon ng higit na kalayaan at sigla ang mga mag-aaral sa tuwing wikang Filipino ang ginagamit sa talakayan sa loob ng silid-aralan.

Ayon kay P10:

“Mas malaya silang magsalita kapag Filipino ang ginagamit sa klase.”

Dagdag pa ni P2:

“Mas nagiging aktibo at nagiging malaya ang mga estudyante sa pagsagot at pagbabahagi ng kanilang opinion.”

Ipinapakita ng mga tugon na ito na ang wikang higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ay nagsisilbing mabisang kasangkapan upang mapukaw ang kanilang interes na makilahok. Kapag ang wikang ginagamit sa pagtuturo ay pamilyar sa kanilang pandinig at dila, nawawala ang takot sa komunikasyon at nagkakaroon sila ng lakas ng loob na ilahad ang kanilang mga saloobin. Ang ganitong kalayaan ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng katutubong wika ay nag-aalis sa pakiramdam ng pagiging limitado, at sa halip ay nag-oorganisa ng isang kapaligirang inklusibo kung saan ang boses ng bawat mag-aaral ay may halaga at espasyo. Ang obserbasyong ito ay binalideyt ng pag-aaral nina De Guzman, (2025), kung saan ipinakita na ang translanguaging ay nakatutulong sa pagpapataas ng classroom engagement at confidence ng mga estudyante sa pakikilahok sa talakayan. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang ideya kapag pinapayagan silang gamitin ang Filipino kasabay ng Ingles. Samakatuwid, ang integrasyon ng dalawang wika ay hindi nagiging hadlang kundi isang estratehikong pamamaraan upang mas mapagaan at mapabilis ang daloy ng komunikasyon sa pagitan ng guro at ng mga mag-aaral.

Bukod sa positibong dulot ng wikang Filipino, lumabas din sa pananaliksik na ang pagpilit sa paggamit ng isang wikang banyaga ay may negatibong epekto sa emosyonal at sikolohikal na kalagayan ng mga mag-aaral.

Ayon kay P4:

“Kapag purong Ingles ang talakayan may ilang estudyante na nagiging tahimik dahil takot silang magkamali.”

Makikita sa bahaging ito na ang labis na pagtutok sa purong Ingles ay nagiging sanhi ng emosyonal na pasanin o affective filter sa panig ng mga mag-aaral. Sa halip na mag-focus ang mga bata sa nilalaman ng leksyon, nauuwi ang kanilang enerhiya sa pag-aalala sa tamang estruktura ng balarila at tamang pagbigkas ng mga salita. Ang takot na mapagtawanan o magkamali ay nagiging pader na nagpapanatili sa kanila sa pagsasawalang-kibo. Dahil dito, ang paggamit ng Filipino ay hindi lamang usaping pangwika kundi isang paraan upang bigyan sila ng sikolohikal na kaligtasan na nagpapataas muli ng kanilang kumpiyansa.

Ang kaisipang ito ay umaayon din sa resulta ng pananaliksik nina De Los Reyes, at Bagona, (2024). Napatunayan sa kanilang pag-aaral na ang translanguaging ay isang mahalagang estratehiya upang mabawasan

ang language anxiety at mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang multilingguwal na silid-aralan. Binigyang-diin pa sa kanilang pagsusuri na sa pamamagitan ng pagbibigay-laya sa wika, nagiging mas inklusibo at interaktibo ang kabuuang proseso ng pagkatuto, na siyang nag-aalis sa takot at nagpapanatili ng sigla sa loob ng akademikong espasyo.'

Sa kabuoan, ang mga temang umusbong mula sa mga pahayag ng mga kalahok ay nagpapatunay na ang pagpili at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa loob ng silid-aralan ay isang estratehikong pamamaraang pampagtuturo na nag-uugnay sa akademikong tagumpay at emosyonal na kagalingan ng mga mag-aaral.

Wika at Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip - Binahagi ng mga kalahok na ang pagiging komportable sa paggamit ng wika at ang pagkakaroon ng malinaw na pag-unawa sa diskurso ay may direktang impluwensya sa pagpapataas ng antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Ayon kay P1:

"Mas mapapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kritikal na pag-iisip kung komportable sila sa paggamit ng wika."

Dagdag pa ni P2:

"Kapag malinaw nilang nauunawaan mas nakakapag-analisa sila ng mabuti at nakapagbibigay ng sariling pananaw."

Ipinakikita ng mga tugon na ito na ang wika ay hindi lamang nagsisilbing midyum ng pagtatalastasan, kundi isang pangunahing kasangkapan sa pagpoproseso ng mas malalalim na kaisipan. Kapag ang mga mag-aaral ay komportable sa wikang ginagamit, nawawala ang mental na hadlang na dulot ng pagsasalin ng ideya, na nagbibigay-daan upang mas mapagtuunan nila ng pansin ang masusing pagsusuri at pagkilatis sa mga paksang tinatalakay. Ang kalinawan sa pag-unawa ang siyang nagiging pundasyon ng mataas na antas ng kognisyon; kung walang kalituhan sa kahulugan ng mga salita, malayang nakatatalon ang utak ng mag-aaral sa pagbuo ng sariling lohika, pagtimbang ng mga argumento, at pagbuo ng matalinong pananaw. Sa madaling salita, ang kaginhawaan sa wika ay nagpapalaya sa intelektwal na kapasidad ng mga mag-aaral na lumampas sa simpleng pagsasaulo patungo sa aktwal na pag-analisa.

Ang obserbasyong ito ay binalideyt ng pag-aaral nina Gaddi et al. (2025), na nagbigay-diin na ang mga pedagohiyang nakatuon sa malalim na pag-unawa at aktibong talakayan ay may positibong epekto sa paglinang ng kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na nagiging mas mahusay ang pagsusuri, pangangatwiran, at pagpapahayag ng ideya kapag mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang diskurso sa loob ng klase. Samakatuwid, ang isang silid-aralan na nagpapahalaga sa malinaw na komunikasyon ay natural na nagiging lunsaran ng mas mataas na antas ng akademikong diskurso.

Bukod sa kahalagahan ng komportableng wika sa pag-analisa, lumabas din sa mga pahayag na ang malinaw na pag-unawa gamit ang pamilyar na wika tulad ng Filipino ay may malaking ambag sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng orihinal na kaisipan.

Ayon muli kay P2:

"Kapag malinaw nilang nauunawaan mas nakakapag-analisa sila ng mabuti at nakapagbibigay ng sariling pananaw."

Makikita sa bahaging ito na ang malalim na pag-unawa ay may positibong domino effect sa akademikong perormans ng mga mag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay hindi nangangapa sa kahulugan ng leksyon, nagkakaroon siya ng sapat na tiwala sa sarili na magbahagi ng kanyang natatanging interpretasyon at paninindigan. Ang kakayahang magbigay ng "sariling pananaw" ay patunay ng aktibong pag-aaral kung saan ang mag-aaral ay hindi na lamang pasibong tagatanggap ng impormasyon kundi kontribyutor na ng bagong kaalaman. Ang paggamit

ng wikang malapit sa kanilang karanasan ang siyang nag-aalis sa takot na magkamali sa interpretasyon, na nagreresulta sa mas matalas at makatwirang pagpapahayag ng ideya sa loob ng klase.

Ang kaisipang ito ay umaayon din sa resulta ng pananaliksik ni Flores, M. S. (2020), na nagpapakita na ang malinaw na pag-unawa sa pagbasa at paggamit ng Filipino ay nakatutulong sa paglinang ng inferensyal at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Golosinda (2025), kung saan lumabas na may makabuluhang impluwensya ang kalidad ng pagtuturo sa paghubog ng kritikal na pag-iisip at pagtamo ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na kapag malinaw ang pagpapaliwanag ng guro at komportable ang mga mag-aaral sa wikang ginagamit, mas napauunlad ang kanilang kakayahang magsuri at magbigay ng sariling pananaw.

Mga Kalahok sa Pananaliksik - Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng piling mga mag-aaral ng BSED Science na kasalukuyang nakatala sa isang institusyong pang-edukasyon. Sila ay napili dahil sa kanilang karanasan at pagkakalantad sa paggamit ng artificial intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pagkatuto ng panitikan. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling technique, kung saan ang pagpili ng mga kalahok ay nakabatay sa kanilang angkop na karanasan at kaalaman sa paksa ng pag-aaral. Ayon kina Etikan, Musa, at Alkassim (2016), ang purposive sampling ay isang angkop na paraan sa kwalitatibong pananaliksik sapagkat pinipili ang mga kalahok batay sa tiyak na layunin ng pag-aaral upang makuha ang mas mayaman at malalim na impormasyon. Ang bilang ng mga kalahok ay tinukoy batay sa prinsipyo ng data saturation, kung saan humihinto ang pangangalap ng datos kapag wala nang bagong impormasyong lumilitaw mula sa mga sagot ng respondente (Guest, Bunce, & Johnson, 2006).

Kasangkapan sa Pananaliksik - Ang pangunahing kasangkapan na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang gabay sa panayam (interview guide) o bukas na talatanungan (open-ended questionnaire). Ito ay binuo ng mananaliksik upang makakalap ng malalim na impormasyon tungkol sa pananaw, karanasan, at hamon ng mga mag-aaral ng BSED Science sa paggamit ng artificial intelligence (AI) sa pagkatuto ng panitikan. Ang mga tanong sa instrumento ay nakatuon sa mga paraan ng pangangalap ng impormasyon gamit ang AI at sa mga hamong nararanasan ng mga kalahok. Ayon kina Creswell at Poth (2018), ang mga instrumentong ginamit sa kwalitatibong pananaliksik tulad ng interview guide ay mahalaga upang makuha ang mayamang deskripsyon ng karanasan ng mga kalahok at mas maunawaan ang kanilang pananaw sa isang tiyak na penomena. Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, ang ginawang instrumento ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kaangkupan, linaw, at kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral. Tiniyak din na ang mga tanong ay simple, malinaw, at madaling maunawaan ng mga kalahok.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos - Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng kwalitatibong paraan, partikular ang paggamit ng panayam (interview) at/o bukas na talatanungan (open-ended questionnaire). Ang layunin nito ay makuha ang malalim na pananaw, karanasan, at opinyon ng mga mag-aaral ng BSED Science hinggil sa paggamit ng artificial intelligence (AI) sa pagkatuto ng panitikan. Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa kinauukulang awtoridad ng paaralan bago isagawa ang pag-aaral. Matapos maaprubahan, pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling batay sa kanilang karanasan sa paggamit ng AI. Ikalawa, isinagawa ang pag-iinterbyu o pamamahagi ng talatanungan sa mga napiling kalahok. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral at tiniyak na ang kanilang mga sagot ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko. Ikatlo, ang mga nakalap na datos ay maingat na inirekord, inayos, at inihanda para sa pagsusuri. Gumamit ang mananaliksik ng thematic analysis upang tukuyin ang mga pangunahing tema o pattern mula sa mga sagot ng mga kalahok.

Pagsusuri ng Datos - Ang mga nakalap na datos sa pag-aaral na ito ay sinuri gamit ang thematic analysis, isang pamamaraang karaniwang ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik upang matukoy ang mga pangunahing tema, pattern, at kahulugan mula sa mga sagot ng mga kalahok. Una, inisa-isa ng mananaliksik ang mga sagot ng mga mag-aaral ng BSED Science mula sa panayam at/o bukas na talatanungan. Ikalawa, isinagawa ang coding, kung saan ang mahahalagang pahayag ay binigyan ng kaukulang kategorya batay sa kanilang kahulugan. Mula sa mga kodigo, nabuo ang mga paulit-ulit na ideya o pattern na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga tema. Ikatlo, ang mga natukoy na tema ay inorganisa at inanalisa upang maipaliwanag ang mga paraan ng paggamit ng artificial intelligence (AI) sa pagkatuto ng panitikan at ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral. Sa huling bahagi, binigyan ng interpretasyon ang mga tema upang maiugnay sa layunin ng pag-aaral at sa mga kaugnay na literatura. Ayon kina Braun at Clarke (2006), ang thematic analysis ay isang sistematikong paraan ng pagsusuri ng kwalitatibong datos na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa karanasan ng mga kalahok sa isang partikular na penomena.

Pagsasaalang-alang sa Etika - Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga etikal na pamantayan upang mapangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Bago ang pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot sa mga kinauukulang awtoridad at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral sa mga respondente. Sila ay itinuturing na mas mahalaga kaysa sa pag-aaral mismo, kaya't sila ay binigyan ng respeto. Isinasalang-alang din ang kanilang kaghinaan, lalo na sa kanilang mga akademikong mga gawain sa kasalukuyang kalagayan at hindi pinilit sa pananaliksik. Tiniyak na ang partisipasyon ng mga kalahok ay boluntaryo, at maaari silang umatras anumang oras kung nanaisin nila. Ang kanilang mga sagot ay itinuturing na kompidensyal at hindi isasapubliko ang kanilang pagkakakilanlan upang mapanatili ang kanilang privacy at seguridad. Ayon kay Creswell (2014), mahalaga ang pagsunod sa etikal na pamantayan sa pananaliksik upang maprotektahan ang mga kalahok at mapanatili ang integridad ng pag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Fouka at Mantzourou (2011) na ang informed consent, confidentiality, at voluntary participation ay mahahalagang prinsipyo sa anumang uri ng research.

3. Resulta at Diskusyon

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay nagpapakita ng kinalabasan ng pag-aaral at masusing pagpapaliwanag sa mga nakalap na datos. Inilalahad dito ang interpretasyon ng mga resulta batay sa mga layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtalakay, naipapakita kung paano nasagot ang mga suliranin ng pananaliksik.

Talahanayan 1

Paraan ng pangangalap ng impormasyon sa Panitikan gamit ang AI Tools

Paraan / Tema	Mga Tugon ng Kalahok	Pagpapakahulugan	Katibayan sa Pag-aaral
Paggamit ng AI sa Pagkuha ng Buod at Paliwanag ng Akda	“Ginagamit ko ang AI para mas maintindihan agad ang kwento.” (Kalahok 2) “Nakakatulong ito sa pagpapaliwanag ng malalalim na salita.” (Kalahok 4)	Ginagamit ng mga mag-aaral ang AI upang mapadali ang pag-unawa sa akdang pampanitikan at mas mapabilis ang pag-aaral.	Ayon kina Holmes et al. (2019), nakatutulong ang AI sa personalized learning dahil nagbibigay ito ng agarang paliwanag at suporta sa pagkatuto.
Paghahanap ng Karagdagang Impormasyon	“Nagagamit ko ang AI sa paghahanap ng impormasyon tungkol sa may-akda.” (Kalahok 8) “Mas mabilis makakuha ng detalye tungkol sa akda.” (Kalahok 6)	Nakatutulong ang AI sa mabilisang pangangalap ng impormasyon tungkol sa akda at may-akda.	Batay kina Luckin et al. (2016), napapabilis ng AI ang akses sa impormasyon at natutulong ang mga mag-aaral sa akademikong gawain.
Paggamit ng AI Bilang Gabay sa Pagsusuri	“Nagbibigay ito ng ideya sa paggawa ng reaksyon papel.” (Kalahok 11) “Nakatutulong ito sa pagsusuri ng tema ng akda.” (Kalahok 1)	Ginagamit ang AI bilang gabay sa pagsusulat at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.	Ayon kina Zawacki-Richter et al. (2019), nakatutulong ang AI sa pagpapahusay ng pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Batay sa unang talahanayan na tumatalakay sa mga paraan ng mga mag-aaral ng BSED Science sa paggamit ng AI tools sa pag-aaral ng panitikan, lumalabas na ang AI ay pangunahing ginagamit bilang kasangkapan sa pagpapadali ng pag-unawa, pangangalap ng impormasyon, at paggabay sa pagsusuri ng akda. Mula sa tugon ng kalahok 2 at kalahok 4 lumalabas ang tema na ang paggamit ng AI sa pagkuha ng buod at paliwanag ng akda ay nagpapakita na nakatutulong ito upang mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga tekstong pampanitikan. Ang ganitong resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Holmes et al. (2019), na nagsasaad na ang AI ay nakapagbibigay ng personalized at agarang paliwanag na nagpapadali sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ikalawang tema sa paghahanap ng karagdagang impormasyon, lumitaw na ginagamit ang AI bilang mabilis na sanggunian sa may-akda, konteksto, at detalye ng akda. Ayon kina Luckin et al. (2016), ang AI ay nakatutulong sa pagpapabilis ng aksis sa impormasyon at nagpapahusay sa proseso ng pananaliksik ng mga mag-aaral. Ikatlong tema, ang paggamit ng AI bilang gabay sa pagsusuri ng akda ay nagpapakita na nakatutulong ito sa pagbuo ng ideya sa paggawa ng reaksyong papel at pagsusuri ng tema. Ayon naman sa Zawacki-Richter et al. (2019), ang AI ay nakapagpapabuti ng academic support at learning efficiency sa higher education, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng pagsusuri at pagbuo ng kaisipan. Ipinapakita ng talahanayan na ang AI tools ay mahalagang katuwang sa pag-aaral ng panitikan dahil pinapadali nito ang pag-unawa at pananaliksik. Gayunpaman, binibigyang-diin ng mga kaugnay na pag-aaral na ang AI ay dapat gamitin bilang gabay lamang at hindi kapalit ng kritikal na pag-iisip at sariling pagsusuri ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2

Hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa Paggamit ng AI sa pagkatuto ng Panitikan.

Tema / Hamon	Mga Tugon ng Kalahok	Pagpapakahulugan	Katibayan sa Pag-aaral
Pagiging Labis na Depende sa AI	“Minsan hindi ko na binabasa ang buong akda.” (Kalahok 3) “Umaasa nalang ako sa sagot ng AI.” (Kalahok 1) “Nawawala minsan ang sariling pagsusuri.” (Kalahok 7)	Ipinapakita ng mga tugon na nagiging hamon ang sobrang pagdepende sa AI tools dahil nababawasan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa sariling pagsusuri at kritikal na pag-iisip.	Ayon kay Neil Selwyn (2019), maaaring magdulot ng sobrang pagdepende ang teknolohiya kapag hindi ito nagamit nang tama sa pagkatuto.
Hindi Palaging Tumpak ang Impormasyon	“May maling sagot minsan ang AI.” (Kalahok 2) “Hindi lahat ng impormasyon ay tama.” (Kalahok 4) “May pagkakataong kulang ang paliwanag.” (Kalahok 5)	Lumilitaw na may limitasyon ang AI tools sa pagbibigay ng wastong impormasyon kaya mahalagang magsuri at magberipika pa rin ng datos mula sa ibang sanggunian.	Batay kina Kate Crawford at Ryan Calo (2016), may limitasyon ang AI systems lalo na sa kawastuhan at pagiging maaasahan ng impormasyon.
Kakulangan sa Kritikal na Pag-iisip	“Nasanay akong umasa sa AI.” (Kalahok 6) “Minsan nahihirapan akong gumawa ng sariling pagsusuri.” (Kalahok 9)	Dahil sa mabilisang sagot mula sa AI, maaaring hindi nahahasa ang malalim na pag-aanalisa at interpretasyon ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan.	Ayon sa UNESCO (2021), mahalagang mapanatili ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa edukasyon.
Kakulangan sa Kaalaman sa Tamang Paggamit ng AI	“Hindi ko minsan alam kung tama ang paggamit ko sa AI.” (Kalahok 8) “Nahihirapan akong tukuyin kung alin ang mapagkakatiwalaang sagot.” (Kalahok 10)	Ipinapakita nito na may pangangailangan sa wastong gabay at kaalaman tungkol sa responsableng paggamit ng AI tools sa edukasyon.	Ayon kina Wayne Holmes et al. (2019), mahalaga ang digital literacy upang maging epektibo at responsable ang paggamit ng AI sa pag-aaral.

Batay sa ikalawang talahanayan na tumatalakay sa mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral ng BSED Science sa paggamit ng AI tools sa pagkatuto ng panitikan, lumilitaw na bagama't nakatutulong ang AI sa pag-aaral, may mga limitasyon at suliranin din itong kaakibat. Unang tema na nabuo mula sa mga tugon ng kalahok ay ang, ang labis na pagdepende sa AI ay isa sa pangunahing hamon. Ipinapakita ng mga tugon na may mga mag-

aaral na umaasa na lamang sa AI sa halip na basahin at suriin ang akda. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Selwyn (2019) na ang sobrang pag-asa sa teknolohiya ay maaaring magpahina sa kritikal na pag-iisip at aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral kung hindi ito gagamitin nang responsable.

Ikalawang tema ay ang ng hindi palaging tumpak na impormasyon ay lumitaw bilang mahalagang hamon. May mga pagkakataong ang AI ay nagbibigay ng kulang o maling interpretasyon. Ayon kina Crawford at Calo (2016), may mga limitasyon ang AI systems sa katumpakan ng datos kaya kinakailangan pa rin ang pagsusuri at pagbeberipika ng impormasyon mula sa ibang mapagkakatiwalaang sanggunian. Ikatlo, ang kakulangan sa kritikal na pag-iisip ay nakikita bilang epekto ng mabilis na pagkuha ng sagot mula sa AI. Ayon sa UNESCO (2021), mahalagang mapanatili ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral dahil ang AI ay dapat magsilbing katuwang lamang at hindi kapalit ng masusing pag-aanalisa. Ikaapat, ang kakulangan sa kasanayan sa tamang paggamit ng AI ay nagpapakita ng pangangailangan sa digital literacy. Ayon kina Holmes et al. (2019), mahalaga ang tamang kaalaman sa paggamit ng AI upang maiwasan ang maling paggamit nito at upang mapanatili ang epektibong pagkatuto. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng AI ay may kaakibat na benepisyo at hamon. Bagama't nakatutulong ito sa pag-aaral ng panitikan, mahalagang gamitin ito nang responsable upang hindi maapektuhan ang kritikal na pag-iisip at malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3

Pananaw ng mga mag -aaral hinggil sa paggamit ng AI sa pagkatuto ng Panitikan.

Tema / Pananaw	Mga Tugon ng Kalahok	Paggapakahulugan	Katibayan sa Pag-aaral
AI Bilang Mabisang Kagamitan sa Pag-aaral	“Malaking tulong ang AI sa pag-aaral.” (Kalahok 11) “Napapabilis nito ang paggawa ng gawain.” (Kalahok 10) “Mas nagiging madali ang pag-aaral ng panitikan.” (Kalahok 1)	Ipinapakita ng mga tugon na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa AI dahil nakatutulong ito sa pagpapadali ng pag-aaral at akademikong gawain.	Ayon kina Olaf Zawacki-Richter et al. (2019), nakatutulong ang AI sa pagpapahusay ng pagkatuto at pagiging episyente ng mga mag-aaral.
AI Bilang Gabay Lamang	“Dapat gabay lamang ang AI.” (Kalahok 3) “Hindi dapat puro AI lang ang aasahan.” (Kalahok 2) “Mahalaga pa ring magbasa ng akda.” (Kalahok 5)	Naniniwala ang mga kalahok na dapat gamitin ang AI bilang suporta lamang at hindi kapalit ng sariling pag-aaral at pagsusuri.	Ayon sa UNESCO (2021), dapat gamitin ang AI bilang katuwang sa pagkatuto at hindi bilang kapalit ng kritikal na pag-iisip.
Responsableng Paggamit ng AI	“Kailangan gamitin ito nang tama.” (Kalahok 4) “Mahalagang may limitasyon ang paggamit ng AI.” (Kalahok 6) “Dapat may sariling pagsusuri pa rin.” (Kalahok 7)	Ipinapakita nito na nauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng responsableng paggamit ng AI upang mapanatili ang kalidad ng kanilang pagkatuto.	Batay kina Wayne Holmes et al. (2019), mahalaga ang wastong paggamit ng AI upang masuportahan ang makabuluhang pag-aaral.
AI Bilang Makabagong Teknolohiya sa Edukasyon	“Makabago at kapaki-pakinabang ang AI.” (Kalahok 8) “Nakakatulong ito sa modernong paraan ng pag-aaral.” (Kalahok 9)	Nakikita ng mga mag-aaral ang AI bilang bahagi ng makabagong sistema ng edukasyon na nagbibigay ng mas mabilis at madaling akses sa impormasyon.	Ayon kina Rose Luckin et al. (2016), nagiging mahalagang bahagi ng makabagong edukasyon ang AI dahil sa kakayahan nitong suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa ikatlong talahanayan na tumatalakay sa pananaw ng mga mag-aaral ng BSED Science hinggil sa paggamit ng AI tools sa pagkatuto ng panitikan, lumilitaw na may pangkalahatang positibo ngunit may kaakibat na pag-iingat ang kanilang pananaw sa AI. Sa temang AI bilang mabisang kagamitan sa pag-aaral, ipinapakita ng

mga tugon na itinuturing ng mga mag-aaral ang AI bilang kapaki-pakinabang dahil napapabilis nito ang kanilang pag-aaral at gawaing akademiko. Kaugnay nito, ayon kina Zawacki-Richter et al. (2019), ang AI ay nakatutulong sa pagpapahusay ng learning efficiency at academic performance ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon. Sa pananaw na AI bilang gabay lamang, lumitaw na naniniwala ang mga mag-aaral na hindi dapat palitan ng AI ang sariling pagbabasa at pagsusuri ng akda. Ayon sa UNESCO (2021), mahalagang gamitin ang AI bilang katuwang sa pagkatuto at hindi bilang kapalit ng human critical thinking upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon.

Ang responsableng paggamit ng AI ay binigyang-diin ng mga kalahok, kung saan ipinapakita na dapat may limitasyon at wastong paghawak sa paggamit nito. Ayon kina Holmes et al. (2019), ang epektibong paggamit ng AI sa edukasyon ay nangangailangan ng tamang gabay upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng teknolohiya at pagkatutong makatao. Ang pananaw na AI bilang makabagong teknolohiya sa edukasyon ay nagpapakita na tinatanggap ng mga mag-aaral ang AI bilang bahagi ng modernong sistema ng pagkatuto. Ayon kina Luckin et al. (2016), ang AI ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng access sa kaalaman at sa pagsuporta sa makabagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ipinapakita ng talahanayan 3 na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa AI tools, ngunit kasabay nito ang pag-unawa na ito ay dapat gamitin nang responsable at may gabay upang mapanatili ang integridad ng pagkatuto sa panitikan.

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon - Sa kabuuan, ang paggamit ng mga AI tool sa pagkatuto ng panitikan ay nagdudulot ng makabuluhang pagbabago sa paraan ng pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng teknolohiya, nagiging mas interaktibo, mabilis, at naaabot ang mga kaalaman na dati ay nangangailangan ng mas mahabang oras at masusing paghahanap. Nakakatulong ang AI sa pagbibigay-linaw sa mahihirap na konsepto, pagsasalin ng wika, at pagbibigay ng iba't ibang interpretasyon ng mga akda. Gayunpaman, may kaakibat itong hamon tulad ng labis na pag-asa sa teknolohiya na maaaring makaapekto sa kritikal na pag-iisip at sariling pagsusuri ng mag-aaral. Maaari ring maging isyu ang pagiging tumpak at kredibilidad ng impormasyong ibinibigay ng AI. Dahil dito, mahalaga ang balanseng paggamit ng AI bilang katuwang lamang sa pagkatuto at hindi kapalit ng sariling pag-unawa at pagsusuri.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng malinaw na pag-unawa sa papel ng Artificial Intelligence (AI) sa pag-aaral ng panitikan sa makabagong panahon. Ipinapakita nito na ang AI ay hindi lamang isang teknolohikal na kasangkapan kundi isang makabuluhang tulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan. Para sa mga guro, nagsisilbi itong gabay upang masuri kung paano maisasama ang AI sa pagtuturo nang hindi nawawala ang paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Para sa mga mag-aaral, nagbibigay ito ng kamalayan sa responsableng paggamit ng AI bilang pantulong sa pag-aaral at hindi bilang kapalit ng sariling pagsusuri at pagkatuto. Para naman sa mga paaralan, nagsisilbi itong batayan sa pagbuo ng mga polisiya at programang magtataguyod ng maayos, etikal, at epektibong paggamit ng teknolohiya sa edukasyon.

Rekomendasyon - Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na isulong ang balanseng paggamit ng artificial intelligence (AI) sa pag-aaral ng panitikan. Dapat itong gamitin bilang katuwang sa pagkatuto at hindi bilang kapalit ng sariling pag-iisip, pagsusuri, at paglikha ng mga mag-aaral. Mahalaga ring paigtingin ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng paghikayat sa mga mag-aaral na suriin, ihambing, at patunayan ang impormasyong nakukuha mula sa AI upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad nito. Bukod dito, kinakailangang magbigay ng sapat na pagsasanay sa mga guro at mag-aaral hinggil sa wastong paggamit ng AI upang maging mas epektibo ang integrasyon nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Inirerekomenda rin na isama ang digital literacy sa kurikulum upang mabigyang-diin ang responsableng paggamit ng teknolohiya, kabilang ang mga usaping etikal, pagsusuri sa kredibilidad ng impormasyon, at pag-iwas sa plagiarism. Dapat ding magpatupad ang mga paaralan ng malinaw na mga patakaran at gabay sa paggamit ng AI upang maiwasan ang maling paggamit nito sa mga gawaing akademiko. Higit sa lahat, mahalagang gamitin ang AI bilang kasangkapan sa pagbibigay ng iba't ibang

pananaw sa panitikan habang pinananatili ang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng sariling interpretasyon at pagpapahalaga sa mga akdang kanilang binabasa. Panghuli, hinihikayat ang patuloy na pagsasagawa ng mga pananaliksik tungkol sa epekto ng AI sa pagkatuto upang higit pang mapahusay ang mga estratehiya at pamamaraang ginagamit sa pagtuturo ng panitikan.

5. Sanggunian

- Crawford, K., & Calo, R. (2016). There is a blind spot in AI research. *Nature*, 538(7625), 311–313.
<https://doi.org/10.1038/538311a>
- Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*, 5(1), 1–4.
<https://doi.org/10.11648/j.ajtas.20160501.11>
- Guest, G., Bunce, A., & Johnson, L. (2006). How many interviews are enough? An experiment with data saturation and variability. *Field Methods*, 18(1), 59–82. <https://doi.org/10.1177/1525822X05279903>
- Holmes, W., Bialik, M., & Fadel, C. (2019). *Artificial intelligence in education: Promises and implications for teaching and learning*. Center for Curriculum Redesign
- Jones, S.-L., & Procter, R. (2023). Young peoples' perceptions of digital, media and information literacies across Europe: Gender differences, and the gaps between attitudes and abilities. *Technology, Pedagogy and Education*. <https://doi.org/10.1080/1475939X.2023.2210152>
- Kim, I., Kim, R., Kim, H., Kim, D., Han, K., Lee, P. H., Mark, G., & Lee, U. (2019). Understanding smartphone usage in college classrooms: A long-term measurement study. *Computers & Education*, 141, Article 103611. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103611>
- Koedinger, K. R., Kim, J., Jia, J. Z., McLaughlin, E. A., & Bier, N. L. (2015). Learning is not a spectator sport: Doing is better than watching for learning from a MOOC. In *Proceedings of the Second (2015) ACM Conference on Learning @ Scale* (pp. 111–120). Association for Computing Machinery.
<https://doi.org/10.1145/2724660.2724681>
- Lee, J., Wu, A. S., Li, D., & Kulasegaram, K. M. (2021). Artificial intelligence in undergraduate medical education: A scoping review. *Academic Medicine*, 96(11S), S62–S70.
<https://doi.org/10.1097/ACM.00000000000004291>
- Luckin, R., Holmes, W., Griffiths, M., & Forcier, L. B. (2016). *Intelligence unleashed: An argument for AI in education*. Pearson Education.
- Nguyen, T. H. (2021). Artificial intelligence and its impact on modern education. *Journal of Educational Technology*, 18(2), 45–58.
- Ortega-Dela Cruz, R., & Dela Cruz, R. (2024). AI integration in IT education: Challenges, opportunities, and future directions. *Journal of Teaching and Learning*. <https://doi.org/10.22329/jtl.v19i4.9362>
- Santos, M. R. (2020). Paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Education*, 15(2), 45–58.
- Selwyn, N. (2019). Should robots replace teachers? AI and the future of education. *Polity Press*.
- UNESCO. (2021). *AI and education: Guidance for policy-makers*. UNESCO Publishing.
- Villarino, R. T. (2024). Artificial intelligence integration in rural Philippine higher education: Perspectives, challenges, and ethical considerations. *International Journal of Educational Research and Innovation*.
<https://doi.org/10.46661/ijeri.10909>
- Zawacki-Richter, O., Marín, V. I., Bond, M., & Gouverneur, F. (2019). Systematic review of research on artificial intelligence applications in higher education. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*, 16(1), 1–27. <https://doi.org/10.1186/s41239-019-0171-0>

Pagsusuri sa Bisa ng ChoRe at Ire: Antas ng pag-unawa sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3

Yape, Alyssa Marie C. ✉

Leyte Normal University, Philippines (alyssayape18@gmail.com)

Received: 20 May 2026
Available Online: 3 June 2026

Revised: 1 June 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26246

Accepted: 2 June 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Ang literasiya ay mahalagang pundasyon ng pagkatuto, lalo na sa pagbasa at pag-unawa, ngunit nananatiling hamon ang mababang antas nito sa mga mag-aaral sa mababang baitang sa Pilipinas. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng *Choral Reading* at *Individual Reading* sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3. Gumamit ito ng kwantitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng pretest-posttest design na kinasasangkutan ng tatlung (30) mag-aaral na pinili gamit purposive sampling batay sa resulta ng ELNA. Sa disenyo ng ito, hinati ang mga kalahok sa dalawang pangkat. Isang eksperimental na pangkat kung saan dito ilalapat ang dalawang estratehiya na Choral Reading at Individual Reading. Samantala, isang control group na kung saan hindi nakatanggap ng kahit na anong treatment o estratehiya. Ginamit pagsusulit ang *adopt* na talatanungan mula sa Phil-IRI bilang instrumento. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean, standard deviation, at Wilcoxon Signed Rank Test upang masukat ang pagkakaiba ng mga datos. Ipinakita ng resulta na kapwa may makabuluhang pagkakaiba at epekto ang Choral Reading at Individual Reading sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Keywords: individual reading, choral reading, literasi, estratehiya, antas ng pag-unawa

Pagsusuri sa Bisa ng ChoRe at Ire: Antas ng pag-unawa sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3

1. Introduction

Ang literasi ay isa sa mga pinaka-pundamental na kasanayang dapat matutuhan ng isang bata. Ang pagbasa ang nagsisilbing batayan ng lahat ng akademikong pagkatuto. Ang pagkatuto ng pagbasa, pagsulat, at pagbibilang ay mahalaga sa tagumpay ng isang bata sa paaralan at maging sa kaniyang hinaharap na buhay (Department of Education [DepEd], 2018). Ang pag-unawa sa pagbasa, o komprehensyon, ay hindi lamang simpleng pagkilala o pagbigkas ng mga nakalimbag na salita. Ito ay isang masalimuot na proseso ng pagbuo at pagkuha ng kahulugan mula sa isang teksto. Kinasasangkutan ito ng sabay-sabay na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mambabasa, teksto, at konteksto kung saan nagaganap ang pagbasa. Ayon kay Quintero (2019), ang pag-unawa sa binasa ay isang kakayahang nagbibigay-daan sa isang estudyante upang sabay-sabay na magamit ang pang-unawa, kamalayan sa ponema, palabigkasan, at makabuluhang pakikipag-ugnayan sa isang teksto.

Gayunpaman, kinakaharap ng Pilipinas ang seryosong hamon sa batayang literasiya. Ayon sa ulat ng Second Congressional Commission on Education (EDCOM II, 2025), 85% ng mga mag-aaral sa Baitang 1 hanggang 3 ay nahihirapang bumasa. Ipinakita rin ng pag-aaral ng UNICEF na ang mga mag-aaral sa Baitang 3 ay nahuhuli ng isa hanggang tatlong taon sa inaasahang antas ng literasiya. Dagdag pa rito, ipinakita ng datos mula sa Philippine Statistics Authority na maging sa mga nagtapos ng kolehiyo, 31% lamang ang may sapat na kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Ipinahihiwatig nito na ang kakulangan sa literasiya ay isang pangmatagalang suliranin na nangangailangan ng agarang interbensyon.

Batay sa pananaliksik nina Sunio at Guzman (2024), napatunayan na ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga respondente ay nasa frustration level o antas ng pagkabigo. Nangangahulugan ito na lubhang nahihirapan ang mga mag-aaral na bigyang-kahulugan ang mga terminong nababasa nila sa teksto, maging ito man ay simple o komplikado. Sa gitna ng mga suliraning kinakaharap ng edukasyon, patuloy na nagsusulong ang pamahalaan ng iba't ibang hakbang at interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa katunayan, inilunsad ng Department of Education ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program bilang isang pambansang interbensyong pang-edukasyon na naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa, matematika, at agham upang maabot ang itinakdang kasanayan sa kanilang baitang. Itinatag ito sa ilalim ng Republic Act No. 12028 bilang tugon sa learning loss at mababang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatuon ang programang ito sa pagpapaunlad ng literasiya at pag-unawa sa pagbasa sa pamamagitan ng iba't ibang intervention activities at tutorial sessions para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang gabay sa pagkatuto (Malingan, 2025).

Ayon kina Delos Santos et al. (2024), isa sa mga pangunahing salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa pag-aaral, limitadong bokabularyo, at mababang kasanayan sa pag-unawa. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na nakatutulong ang mga reading program tulad ng Catch-Up Fridays at iba't ibang pagdulog sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa, bokabularyo, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng mahusay na pag-unawa sa binabasa, mas napapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman, bokabularyo, at kakayahang makapagpahayag ng sariling kaisipan. Dahil dito, mahalagang gumamit ng mga angkop at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino. Batay sa pag-aaral nina Caballero at Dioso (2024), napatunayang epektibo ang paggamit ng Bottom-Up Model bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang pag-unawa sa pagbasa, bokabularyo, at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Lumabas sa kanilang pag-aaral na mas mataas ang naging pagganap ng mga mag-aaral na nalantad sa nasabing estratehiya kumpara sa mga gumamit lamang ng

tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Valenia at Dela Saura-Calibayan (2022), kung saan napatunayang maraming mag-aaral ang mabagal magbasa at mababa ang antas ng pag-unawa. Gayunpaman, sa tulong ng oral repeated reading at audio-assisted repeated reading, napaunlad ang kanilang kasanayan hinggil sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa. Ipinapakita ng resulta ng kanilang pag-aaral ang kahalagahan ng pagiging malikhaing sa paggamit ng iba't ibang alternatibong pamamaraan upang higit na matulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang potensyal. Binigyang-diin naman ni Fiel (2024) sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang *Pagkamabisaan ng mga Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto sa Pagganap sa Literasiya ng mga Mag-aaral sa Baitang 4–5* na naging epektibo ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at literasiya ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, ipinapakita na ang angkop na pamamaraan sa pagtuturo ay makatutulong upang higit na mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa.

Sa pag-aaral nina Kodan at Akyol (2017) na *Effects of Choral, Repeated and Assisted Reading Strategies on Reading and Reading Comprehension Skills of Poor Readers*, natuklasan na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng kahirapan sa parehong tekstong naratibo at impormatibo. Hindi nila nagagawang baybayin nang tama ang mga salita at madalas na nagkakaroon ng paglaktaw, pagdaragdag ng titik o pantig, at pagbasa nang paisa-isang pantig. Napansin din na hindi nila nabibigyang-pansin ang wastong diin, intonasyon, at mga bantas. Bukod dito, ang bilang ng mga salitang nababasa kada minuto ay mas mababa kaysa sa inaasahang antas. Batay sa mga naunang pag-aaral, malinaw na umiiral pa rin ang iba't ibang suliranin sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinapakita rin ng mga ito na may iba't ibang estratehiya at interbensyon na maaaring gamitin upang mapaunlad ang kanilang kasanayan. Sa kabila ng mga nailathalang pag-aaral, wala pang sapat na pananaliksik na nakatuon sa paghahambing ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 3 gamit ang Choral Reading at Individual Reading. Dagdag pa rito, binigyang-diin sa ulat ng EDCOM II (2025) na ang Baitang 3 ay isang kritikal na yugto sa pagkatuto sapagkat dito inaasahang natatamo ng mga mag-aaral ang pundamental na kasanayan sa pagbasa na nagsisilbing batayan ng susunod na pagkatuto.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa paghahambing ng dalawang karaniwang estratehiya sa pagbasa: Choral Reading at Individual Reading. Ang Choral Reading ay nakatuon sa sabay-sabay na pagbasa na maaaring makatulong sa paglinang ng fluency at kumpiyansa, samantalang ang Individual Reading ay nagbibigay-daan sa sariling bilis at mas malalim na pag-unawa. Layunin ng pag-aaral na matukoy kung alin sa dalawang estratehiyang ito ang may mas mataas na ambag sa bilis ng pagkatuto o learning pace ng mga mag-aaral. Hindi itinuturing ang mga estratehiyang ito bilang interbensyon sapagkat pareho na silang ginagamit sa pang-araw-araw na pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Sa halip, nais suriin ng pag-aaral ang kanilang pagiging epektibo sa natural na konteksto ng pagkatuto upang makapagbigay ng konkretong batayan sa pagpili ng mas angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa.

Layunin ng Pag-aaral- Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang antas ng pag-unawa at bisa ng Choral Reading at Individual Reading sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 3. Partikular, nilalayon na masagutan ang mga sumusunod:

- Ano ang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ang Choral Reading o sabay-sabay na pagbasa?
- Ano ang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ang Individual Reading o indibidwal na pagbasa?
- Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 3 sa pagitan ng paggamit ng Choral Reading at Individual Reading?

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na gumamit ng pretest-posttest control group design. Sa disenyo ng ito, hinati ang mga kalahok sa dalawang pangkat: ang eksperimental na pangkat at ang kontrol na pangkat. Ang eksperimental na pangkat ay sumailalim sa dalawang estratehiya sa pagbasa, ang Choral Reading at Individual Reading, samantalang ang kontrol na pangkat ay hindi nakatanggap ng anumang treatment o estratehiya. Angkop ang disenyo ng ito upang masukat ang antas at bisa ng dalawang estratehiya at upang matukoy kung alin sa mga ito ang higit na nakatutulong sa pagpapalunlad ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlong (30) mag-aaral sa Baitang 3 mula sa Brgy. Salvacion, Tacloban City. Pinili ang bilang na ito alinsunod sa Central Limit Theorem, na nagsasaad na ang sample na may hindi bababa sa tatlong kalahok ay sapat upang makabuo ng maaasahang estadistikal na pagsusuri.

Gumamit ang pag-aaral ng purposive sampling technique sapagkat pinili ang mga kalahok batay sa resulta ng Early Language, Literacy, and Numeracy Assessment (ELNA). Batay sa datos, sa kabuuang 137 takers, mas kaunti ang bilang ng mga mag-aaral na kabilang sa High Emerging Readers (23) kumpara sa Low Emerging Readers (42). Ginamit sa pananaliksik ang adopted na talatanungan mula sa Revised Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ng Department of Education (DepEd) bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Walang ginawang pagbabago o pagdaragdag sa orihinal na talatanungan. Ang mga nilalaman ng pagsusulit na ginamit sa pre-test at post-test ay hinango mula rito upang matukoy ang paunang antas at pagbabago sa pagkatuto ng bawat pangkat. Ang mga datos na nalikom ay maingat na tinipon, itinala, at inayos sa mga talahanayan para sa mas sistematikong pagsusuri.

Upang masuri nang maayos ang mga nakalap na datos, gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang estadistikal na pamamaraan na angkop sa layunin ng pag-aaral. Una, ginamit ang mean o average upang matukoy ang pangkalahatang marka ng bawat pangkat sa pre-test at post-test. Kasunod nito, ginamit ang standard deviation upang masukat ang pagkakaiba-iba o dispersion ng mga marka sa bawat pangkat. Nakatulong ito upang malaman kung gaano kalayo o kalapit ang mga marka ng mga kalahok sa kanilang mean. Upang matukoy kung may pagbabago sa pagganap ng bawat pangkat bago at matapos ang paglalapat ng estratehiya, ginamit sa pag-aaral ang Wilcoxon Signed Rank Test. Pinili ang estadistikal na pagsusuring ito dahil sa resulta ng isinagawang normality test gamit ang Shapiro-Wilk Test, kung saan lumabas na hindi normally distributed ang mga datos. Ang Wilcoxon Signed Rank Test ay isang non-parametric statistical test na ginagamit upang ihambing ang dalawang magkaugnay na pangkat, lalo na kung hindi natutugunan ang assumptions para sa paired samples t-test. Dahil dito, itinuring itong angkop na estadistikal na pagsusuri upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Choral Reading at Individual Reading sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

3. Resulta at Pagtatalakay

Sa bahaging ito, makikita ang resulta at interpretasyon ng mga nakalap na datos batay sa isinagawang pagsusulit sa mga respondente.

Talahanayan 1

Antas ng Kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ang choral reading

Pagsusulit	Mean Score	SD
Experimental Group (Pretest)	15.4	3.28
Control Group (Pretest)	15.4	3.5
Experimental Group (Posttest)	19.2	2.46
Control Group (Posttest).	17.4	3.85

Batay sa talahanayang ito, makikita sa paunang pagsusulit o pre-test na nakakuha ng parehong weighted mean na 15.4 ang eksperimental na grupo at kontrol na grupo. Mapapansin sa resultang ito na walang pagkakaiba ang nakuha ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo o hindi nilapatan ng estratehiya. Makikita naman sa post-test na nakakuha ng weighted mean na 19.2 ang eksperimental na grupo, habang nakakuha naman ang kontrol na grupo ng mean score na 17.4. Mapapansin sa huling pagsusulit na nagkaroon ng pagtaas ng marka ang

Pagsusuri sa Bisa ng ChoRe at Ire: Antas ng pag-unawa sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3

mga mag-aaral pagkatapos malapatan ng estratehiyang Choral Reading o sabay-sabay na pagbasa.

Mapapansin din na mas mababa ang standard deviation ng eksperimental na grupo sa post-test ($SD = 2.46$) kumpara sa pre-test ($SD = 3.28$), na nangangahulugang magkakalayo ng dalawang yunit matapos ang paggamit ng Choral Reading. Sa kabilang banda, ang kontrol na grupo ay nagkaroon ng $SD = 3.85$ sa post-test at $SD = 3.50$ naman sa pre-test. Sa kabuuan, ipinapakita nito na mas naging mabisa ang paggamit ng Choral Reading sa pagpapataas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay naaakma sa pag-aaral nina Kodan at Akyol (2017), na natuklasan na ang choral, repeated, at assisted reading ay may positibong epekto sa reading comprehension ng mga batang may kahinaan sa pagbasa.

Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ang individual reading

Pagsusulit	Mean Score	SD
Experimental Group (Pretest)	15.3	2.6
Control Group (Pretest)	15.1	3.86
Experimental Group (Posttest)	18.7	3.27
Control Group (Posttest).	16.9	3.9

Batay sa talahanayang ito, makikita sa paunang pagsusulit o pre-test na nakakuha ng weighted mean na 15.3 ang eksperimental na grupo. Samantala, nakakuha naman ng 15.1 na mean score ang kontrol na grupo. Mapapansin na mas mataas ang nakuha ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo o hindi nilapatan ng estratehiya. Makikita naman sa post-test na nakakuha ng weighted mean na 18.7 ang eksperimental na grupo, habang nakakuha naman ang kontrol na grupo ng mean score na 16.9. Mapapansin sa huling pagsusulit na nagkaroon ng pagtaas ng marka ang mga mag-aaral pagkatapos malapatan ng estratehiyang Individual Reading o indibidwal na pagbasa.

Mapapansin din na bahagyang bumaba ang standard deviation ng eksperimental na grupo mula 2.60 sa pre-test tungong 3.86 sa post-test, na nangangahulugang magkakalayo ng dalawang yunit matapos ang paggamit ng Individual Reading. Sa kabilang banda, ang kontrol na grupo ay nagkaroon ng $SD = 3.86$ sa pre-test at $SD = 3.90$ naman sa post-test. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na mas naging mabisa ang paggamit ng Individual Reading sa pagpapataas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang kinalabasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Kola at John (2025) na pinamagatang *Enhancing Literacy Through Personalized Approaches: A Study of Individualized Reading Plans*, na nagsasaad na ang Individualized Reading Plans (IRPs) ay mahalaga sa pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral, ang pag-aangkop ng pagtuturo batay sa kakayahan, interes, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng engagement, pag-unawa, at pangmatagalang paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Maiugnay rin ito sa teorya ni Vygotsky tungkol sa Zone of Proximal Development, kung saan ang pagkatuto ay mas nagiging epektibo kapag naaayon sa kasalukuyang kakayahan ng mag-aaral.

Talahanayan 3

Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa Sa Filipino sa pagitan ng CHORE at IRE?

Pagsusulit (Choral Reading)	Mean Score	SD	Pvalue	Effect Size
Experimental Group (Pretest)	15.4	3.28		
Control Group (Pretest)	15.4	3.5	0.205	0.3004
Experimental Group (Posttest)	19.2	2.46		
Control Group (Posttest).	17.2	3.85	<0.001	0.8646
Pagsusulit (Individual Reading)				
Experimental Group (Pretest)	15.3	2.6		
Control Group (Pretest)	15.1	3.86	0.969	0.0114
Experimental Group (Posttest)	18.7	3.27		
Control Group (Posttest).	16.9	3.9	<0.001	0.87

Batay sa Talahanayan 3, makikita kung may makabuluhang pagkakaiba ba sa pagitan ng paggamit ng Choral Reading (ChoRe) at Individual Reading (IRE). Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagitan ng paggamit ng Choral Reading (ChoRe) at Individual Reading (IRE), isinagawa ang Wilcoxon Signed Rank Test gamit ang Jamovi application. Makikita na sa pre-test ng parehong Choral Reading at Individual Reading, walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng

eksperimental at kontrol na grupo. Ito ay ipinakita ng mataas na p-value (Choral: $p = .205$; Individual: $p = .969$), na mas mataas kaysa sa level of significance na .05. Ibig sabihin, bago isagawa ang mga estratehiya, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay pantay at walang significant na kaibahan sa pagitan ng mga grupo.

Samantala, sa post-test, parehong lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na grupo sa Choral Reading at Individual Reading. Makikita ito sa parehong t-test at Wilcoxon results na may p-value na $< .001$. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral na sumailalim sa Choral Reading at Individual Reading ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa control group. Ang effect size ng Choral Reading post-test (.8646) ay nagpapakita ng malaki at makabuluhang epekto, habang ang Individual Reading post-test ay mayroon ding malaking effect size (.8700). Ipinahihiwatig nito na parehong epektibo ang dalawang estratehiya sa pagpapataas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na parehong may makabuluhang epekto ang Choral Reading at Individual Reading sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral. Sa madaling sabi, walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng ChoRe at IRe sapagkat pareho silang nagpapakita na nakatutulong sa pagpapaunlad at pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023). Batay sa kanilang pag-aaral, nakita na nagkaroon ng positibong resulta sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil sa mga programa at estratehiyang ipinakilala ng mga guro. Dagdag pa rito, binigyang-diin nila na isa sa mga kalakasan ng mga programa sa pagbasa ay ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

4. Konklusyon

Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga datos, natuklasan na bago ang paggamit ng Choral Reading, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo ay magkatulad, na nagpapakita na sila ay nagsimula sa parehong antas ng kakayahan. Matapos ang interbensyon, kapansin-pansin ang pagtaas ng marka ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo. Ipinahihiwatig nito na ang Choral Reading ay epektibong nakapagpapataas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa Individual Reading, ang paunang pagsusulit naman ay bahagyang mas mataas ang antas ng eksperimental na grupo kaysa sa kontrol na grupo, ngunit hindi ito nagpakita ng malaking pagkakaiba. Pagkatapos ng paggamit ng Individual Reading, kapansin-pansin din ang pagtaas ng marka ng eksperimental na grupo. Ipinapakita nito na ang Individual Reading ay isa ring mabisang estratehiya sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa, lalo na kung isinasaalang-alang ang indibidwal na kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang parehong Choral Reading at Individual Reading ay napatunayang may makabuluhang pagkakaiba at epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Samakatuwid, maaaring gamitin ng mga guro ang alinman o kombinasyon ng dalawang pamamaraang ito upang higit pang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Rekomendasyon- Batay sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ang higit pang paigtingin ng mga guro ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa upang maging mas kawili-wili at makahulugan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalaga ring mabigyan ng sapat na pagsasanay at seminar ang mga guro hinggil sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa. Para naman sa mga administrador ng paaralan, mahalagang suportahan ang mga programang pampagbasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na kagamitang pampagkatuto, mga babasahin, at iba pang mapagkukunan na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na magsagawa pa ng kaugnay na pag-aaral o gamit ang mas malaking bilang ng mga kalahok at iba pang antas ng baitang. Partikular ang pagsasagawa ng mga interbensyon o ang iba pang estratehiya sa pagbasa na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral.

5. Sanggunian

- Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). *Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8*. Retrieve from ResearchGate. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03il2.024>
- Caballero, A. M. C., & Dioso, E. D. (2024). *Improving reading comprehension, vocabulary and fluency through the use of bottom-up model: An experiment*. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 22(8), 983–991. <https://doi.org/10.5281/zenodo.13126616>
- Delos Santos, L. S., Garinalao, A. D. N. E., Mariano, J. P., Najam, H. M., & Ladao, C. C. (2024). *Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school*. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 8(3). Retrieve from www.researchgate.net/publication/379833102
- DepEd. (2018). *Philippine informal reading inventory (Phil-IRI) manual (First edition)*. Department of Education. <https://ia903103.us.archive.org/18/items/PhilIRIFullPackageV1/Phil-IRI%20Full%20Package%20v1.pdf>
- Fiel, M. G. T. (2024). *Pagkamabisaan ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagganap sa literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4–5*. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*. Retrieve from <https://www.ijams-bbp.net/archive/vol-5-issue-3-march/pagkamabisaan-ng-mga-estratehiya-sa-pagbasa-ng-malakas-at-pag-unawasa-teksto-sa-pagganap-sa-literasiya-ng-mga-mag-aaral-sa-baitang-4-5/>
- Frost, J. (n.d.). Shapiro-Wilk normality test. *Statistics By Jim*. Retrieve from <https://statisticsbyjim.com/glossary/shapiro-wilk-normality-test/>
- Kodan, H., & Akyol, H. (2017). Effects of choral, repeated and assisted reading strategies on reading and reading comprehension skills of poor readers. Retrieve from <https://www.researchgate.net>. DOI: 10.15390/EB.2018.7385
- Kola, T., & John, J. (2025). *Enhancing literacy through personalized approaches: A study of individualized reading plans*. Retrieve from <https://www.researchgate.net/publications/388420431>
- Malingan, J. (2025). DepEd enhances learning proficiency thru ARAL program, other interventions. *Philippine Information Agency*. Retrieve from <https://pia.gov.ph/news/>
- Quintero, J. W. (2019). *Estratehiya sa pagbasa ng mga estudyanteng nasa unang taon sa programang Bachelor of Elementary Education Special Education (SPED) sa Pamantasan ng Timog-Silangang Pilipinas*. Retrieve from Academia.edu. <https://www.academia.edu/24000939/>
- Valenia, J. A., & Dela Saura-Calibayan, M. L. (2022). Oral repeated reading at audio-assisted repeated reading bilang interbensyon sa kasanayan ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa. *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences*. DOI: 10.57200/apjsbs.v20i0.315
- Second Congressional Commission on Education (EDCOM II). (2025). *Fixing the foundations: A matter of national survival: EDCOM II-year two report*. Retrieve from <https://edcom2.gov.ph/EDCOM-2-Year-2-Report-Fixing-the-Foundations.pdf>
- Sunio, C. R., & Guzman, R. B. (2024). Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino. <https://doi.org/10.36713/epra16434>

ARAL Program: Isang paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral at mga implikasyon nito sa pagkatuto sa Filipino

Mendros, Deisyryne J. ✉

Leyte Normal University, Philippines (deisyryne@gmail.com)

Received: 25 May 2026

Available Online: 4 June 2026

Revised: 2 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26242

Accepted: 3 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng ARAL Program at ang mga implikasyon nito sa kanilang pagkatuto sa Filipino. Mayroon lamang itong sampung (10) kalahok na ginamitan ng *purposive sampling*. Ang pagkalap ng datos ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pananayam habang ginamit naman ang *thematic analysis* para sa pag-aanalisa ng mga datos. Lumabas sa resulta ng pag-aaral ang karanasan ng mga mag-aaral sa mababang kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pag-unawa at limitadong bokabularyo bilang hamon sa pagkatuto. Ang mga pagbabasa, pagsasanay, mga interaktibong gawain ay hindi lamang nagpa-unlad sa kanilang akademikong pagganap kundi pagtaas din ng kumpiyansa sa sarili at motibasyon na matuto. Kaya naman, ang pananaliksik ay iminumungkahi ang iba't ibang kagamitang panturo tungo sa mas makabuluhan at epektibong proseso ng pagtuturo-pagkatuto na pupunan sa kakulangan, pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

Keywords: ARAL Program, karanasan, implikasyon, iba't ibang kagamitang panturo

ARAL Program: Isang paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral at mga implikasyon nito sa pagkatuto sa Filipino

1. Introduksiyon

Ang kakayahang bumasa, magsulat at magbilang ng isang bata ay isang mahalagang unang hakbang sa kanilang pag-unlad. Ito'y isang pundamental na kasanayan lalo na sa Kindergarten hanggang Grade 3. Kaya naman, inaasahan na sa pagtuntong sa *high school* ay ganap na silang may kasanayan at naabot na ang pamantayang pang-akademiko akma sa kanilang antas. Gayunpaman, hindi maikakaila ang mababang antas ng kasanayan ng ilang mag-aaral. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), kanilang inilabas sa taong 2024 ang nakababahalang kalagayan ng pag-unawa sa Pilipinas. Bagaman 93.1% ang may kakayahang bumasa, magsulat at magbilang, 70.8% lamang ang may malalim na pag-unawa at aplikasyon ng kaalaman. Upang matugunan ang kakulangang ito, ipinakilala ng Department of Education (DepEd) ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program bilang solusyon at bagong interbensyon sa pagpapaunlad ng pagkatuto.

Ang Aral Program ay nagbibigay ng mga tiyak na interbensyon sa pagkatuto para sa mga mag-aaral na nahihirapang maabot ang kakayahang naaayon sa kanilang antas. Layunin ng programa na paunlarin ang mga pangunahing kasanayan ng mga mag-aaral sa Kindergarten habang pinapalakas ang kakayahan sa pagbasa, pagsusulat, at matematika ng mga mag-aaral mula Baitang 1 hanggang 10. Ito'y maisasakatuparan sa tulong ng mga guro bilang sentro ng pagpapatupd sa programa. Sila'y tinatawag ding ARAL Tutor na maaaring binubuo ng mga guro, para-teachers, pre-service teachers, at iba pang sinanay na indibidwal. Lahat sila ay nakatatanggap ng naaangkop na pagsasanay at kabayaran.

Batay sa ibinahaging resulta ng EDCOM 2 (2026), inihambing ang pagganap ng mga mag-aaral mula sa Beginning of School Year (BOSY) laban sa pinakahuling resulta ng Middle of School Year (MOSY) kung saan itinampok ang mga institusyong matagumpay na naitaas ang mga mag-aaral mula sa umuusbong o mas mababang antas ng kasanayan tungo sa kahandaan naaayon sa baitang. Ipinapakita ng ARAL Program ang mga unang tagumpay kung saan ang mga nangungunang paaralan ay nag-uulat ng 30-40% na pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ayon sa pag-aaral nila Silagan et al. (2025), ang ARAL program ay epektibong natugunan ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ito'y naging matagumpay sa bisa ng mga estratehiya upang matagumpay na mailapat at makuha ng mga mag-aaral ang inaasahan na pagkatuto. Gayun din sa pag-aaral nila Ocillos-Walet et al. (2025) na nagsasabing ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay malaking tulong upang makamit ang inaasahan na pag-unlad. Ayon sa pag-aaral nina Ubanan at Danilo (2026), ang implementasyon ng programa ay nagbigay ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumitaw rin sa pag-aaral nila Prosia et al. (2025) na mahalaga ang suporta ng mga lider sa paaralan at ang kolaborasyon upang masiguro ang *learning recovery*. Ito'y dahil may malaking halaga ang ARAL Program sa edukasyon ng Pilipinas bilang tugon sa *learning loss at educational recovery* (Hermogenes et al., 2025).

Gayunpaman, ipinakita sa pananaliksik ni Dela Cruz (2023) na madalas nahaharap ang mga guro sa mga hamon tulad ng kakulangan sa mga kagamitan sa pagkatuto, kakulangan sa pagsasanay, at limitadong oras sa pagpapatupad ng mga programang pang-*recovery* sa pagbasa. Ayon sa pag-aaral ni Cainta (2026), mahalaga ang kahandaan ng mga guro upang masiguro ang tagumpay ng programa. Patunay lamang na ang presensya at pagkabuo ng ARAL program ay isang ebidensya na may problema sa edukasyon ng Pilipinas. Kaya naman, ang pagpapakilala sa ARAL program ay isang magandang interbensyon batay na rin sa mga naunang nabanggit na pag-aaral. Ito'y nagpakita ng magandang resulta sa pagtugon sa kahinaan at kakulangan ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan ng maaaring parehong resulta sa ibang paaralan. Bukod rito, kadalasan sa mga naunang pag-aaral ay mula sa perspektibo ng mga guro. Kaya naman, nilalayon ng pag-aaral na kumuha naman batay sa karanasan ng mga mag-aaral na nasa ilalaim ng ARAL program. Ito'y upang mas lalo

pang maunawaan ang stiwasyon direkta sa mismong target ng programa at makapagbigay ng mga bagong solusyon sa pagpapatibay at pagpapa-unlad ng nito. Sa kabuuan, bibigyang-tuon ng mananaliksik ang pagtukoy sa karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng ARAL Program espisipiko sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Inaasahan ang makabuluhan nitong resulta sa pagbibigay-impormasyon at kalinawan sa tagapamahala ng edukasyon, mg guro, mag-aaral at paaralan upang masiguro ang epektibong implementasyon ng programa. Ito'y magiging mabisang lunsaran bilang gabay sa pagbuo ng mga suhestyon o mga solusyon na layuning tugunan ang krisis sa pagkatuto sa bansa at palakasin ang pundasyong kasanayan ng mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin - Ang pagsiyasat na ito ay naglalayon tuklasin at ilarawan ang karanasan ng mga mag-aaral at mga implikasyon nito sa kanilang pagkatuto sa Filipino. Sa katiyakan, ang mananaliksik ay bibigyan kasagutan ang sumusunod na layunin:

- Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang paglahok sa Aral Program sa asignaturang Filipino?
- Paano inilalarawan at binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga implikasyong lumilitaw mula sa kanilang karanasan sa Aral Program kaugnay ng pagkatuto sa Filipino?
- Ano ang mga mungkahing solusyon o rekomendasyon na maaaring ibigay ng mga mag-aaral batay sa kanilang karanasan at implikasyon ng Aral Program?

Saligang Teoretikal - Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na “ARAL Program: Isang Paglalarawan ng Karanasan ng mga Mag-aaral at mga Implikasyon nito sa Pagkatuto sa Filipino”. Ito'y isang pag-aaral na kapapalooban ng isang malalim na proseso sa paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng ARAL Program upang makabuo ng mga solusyon na makatutulong sa pagpapabuti ng programa. Sa pagsasakatuparan, ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa dalawang pangunahing teorya: ang Teoryang Sosyokultural at ang Experiential Learning Theory.

Ayon sa Teoryang Sosyokultural ni Lev Vgotsky (1978), ang pagkatuto ay nangyayari sa pamamagitan ng interaksyong panlipunan at paggabay ng mas may kaalaman (guro, *tutor*, o kapwa mag-aaral). Ito'y nagbibigay-diin na ang mga estudyante ay natututo ng mas mabuti sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at interaksyon sa isa't isa. Bukod rito, mahalaga ang Zone of Proximal Development (ZPD) at scaffolding sa teoryang ito. Sa konteksto ng ARAL program, ito'y isang interbensiyong pang-edukasyon kung saan ang guro at *facilitator* ay may mahalagang tungkulin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sila ang nagsisilbing gabay at sa tulong ng kolaborasyon ay naipapakita ng teorya kung paano nahuhubog ang pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa wika.

Samantala, ang Experiential Learning Theory ni David Kolb (1984) ay nagsasaad na “ang pagkatuto ay ang proseso kung saan ang kaalaman ay nalikha sa pamamagitan ng pagbabago ng karanasan”. Ito'y may apat na yugto: kongkretong karanasan (concrete experience), mapanuring pagninilay (reflective observation), pagbuo ng konsepto (abstract conceptualization), at aktibong aplikasyon (active experimentation). Sa konteksto ng ARAL Program, ang mga mag-aaral ay may direktang karanasan. At mula sa kanilang aktwal na partipasyon sa proseso ng pagkatuto ay nagkakaroon ng pag-unlad at mas malalim na pag-unawa at kakayahang mailapat ang kanilang natutuhan.

Sa kabuuan, ang dalawang teoryang nabanggit sa itaas ay magsisilbing matibay na batayan ng pag-aaral. Ito'y magbibigay ng mas malawak na ideya upang lubos na maunawaan at makilala ang implementasyon ng ARAL program at implikasyon nito sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay magiging makabuluhan para sa maraming tao. Naniniwala ang mananaliksik na sa tulong ng pagsusuri at pagbabahagi sa resulta ng pag-aaral ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa halaga ng ARAL program sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Una, lubos itong makatutulong sa mga mag-aaral upang maunawaan ang kanilang sarili. Sa tulong nito'y matutukoy at mabibigyang halaga nila ang mga aspetong nakatutulong o hadlang sa kanilang pag-unlad sa asignaturang Filipino. Pangalawa,

magsisilbing gabay ito sa mga guro upang makabuo o mas mapabuti pa ang kanilang estratehiya sa pagtuturo lalo na sa lebel ng mga mag-aaral na nasa ilalim ng ARAL program. Pangatlo, para sa tagapamahala ng paaralan at tagapagpatupad ng programa ay magsisilbi itong batayan tungo sa pagpapalano at pagpapahusay pa sa programa at sa susunod pang programang pang-edukasyon na nais tugunan ang parehong sitwasyon.

Pang-apat, makatutulong ang pag-aaral upang maunawaan ng mga magulang ang mahalagang gampanin nila sa pagkatuto ng kanilang mga anak. Ang kanilang suporta at pakikibahagi sa programa ay isang malaking hakbang sa pag-unlad ng kanilang mga anak. At panghuli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, ito'y magiging isang gabay o batayan sa paglikha ng kaugnay na pag-aaral sa parehong programa o bagong interbensyon na may kaugnayan sa pagkatuto sa Filipino. Sa kabuuan, inaasahan na makatutulong ang pag-aaral tungo sa pagpapabuti sa kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapahalaga sa perspektibo at karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang proseo ng pagkatuto.

2. Metodolohiya

Ang bahaging ito ay naglalayon na maipaliwanag at mailahad ang mga paraang ginamit ng mananaliksik upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral ay isang kwalitatibong *phenomenology* upang maunawaan ang tunay na karanasan at pananaw ng mga kalahok tungkol sa penomenong sinusuri. Ayon kay Abaincia (2013), na binanggit sa pag-aaral ni Lee (2018), karaniwan na ang penomenolohikal ay pag-aaral ng istraktura ng iba't ibang uri ng mga karanasan mula sa pag-unawa, pag-iisip, memorya, imahinasyon, damdamin at pagkukusa sa kamalayan ng katawan, pagkilos, at panlipunang aktibidad, kabilang ang *linguistic na* aktibidad. Layunin nitong tuklasin ang karanasan at pananaw ng mga mag-aaral ukol sa ARAL Program at ang kanilang pagkatuto sa Filipino.

Kalahok ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng *purposive sampling* para sa pagpili ng mga kalahok. Ito ay isang *non-probability na sample* na pinili batay sa mga katangian ng isang populasyon at ang layunin ng pag-aaral (Crossman, n.d.). Napagdesisyonan na magkakaroon ng sampung (10) kalahok ang pag-aaral. Sa pagpili, gagamitin ang krayterya na makikita sa ibaba:

- Kabilang sa ARAL Program sa asignaturang Filipino
- Kasalukuyang nag-aaral sa *high school*

Instrumento ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay isasakatuparan sa pamamagitan ng pakikipanayam bilang isang epektibong instrumento sa pagkuha ng mga datos. Ang pakikipanayam ay maaaring *face to face* o *online* depende sa availability at nais ng mga kalahok. Karagdagan, napili ang *semi-structured interview* para sa pagbuo ng mga katanungan.

Pamamaraan ng Pagkalap Datos - Ito'y sisimulan sa paglikha ng isang liham na ibabahagi sa mga piling kalahok para sa isasagawang pag-aaral. Ang nasabing liham ay isang pormal na paghingi ng pahintulot upang hingin ang kanilang opinyon at karanasan sa ilalim ng ARAL Program. Ang liham ay ibibigay sa mga kalahok at saka magkakaroon ng pahapyaw na oryentasyon patungkol sa nasabing pag-aaral. Sa oras na makolekta na ang mga datos, susundan naman ito ng maingat na pagsusuri ng mananaliksik. Hahanayin ang mga datos at mula rito, mabibigyan na ng kasagutan ang mga layunin ng pag-aaral.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos - Ang pagsusuri ay gagamitan ng *thematic analysis*. Ito ay isang pamamaraan ng pagsusuri na kinakailangan upang tukuyin at ilarawan ang datos o impormasyon upang patibayin ang pananaliksik (Braun & Clarke, 2006). Ito'y lubos na makatutulong upang maunawaan at matuklasan ang karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng ARAL Program. Makikita sa ibaba ang magiging daloy ng pagsusuri na isasagawa:

- **Pamilyarisasyon.** Pauli-ulit na babasahin at pakikinggan (kung audio) ng mananaliksik and isinagawang transkripsyon upang lubos na maunawaan ang lahat ng datos. Sa puntong ito ay

kinakailangang magkaroon ng pamilyarisasyon upang makabuo ng mga paunang tema.

- **Pagtukoy ng mga paunang tema.** Mamarkahan ang mahahalagang pahayag o ideya na may kaugnayan sa karanasan ng mga kalahok sa ilalim ng ARAL program. Titingnan ang mga sagot na magkakaugnay o mayroong magkakaugnay na ideyang binabanggit.
- **Pagbuo ng tema.** Ang magkakaugnay na ideyang tinukoy sa pangalawang hakbang ay ika-*cluster* at saka na bubuo ng mga potensyal na tema tutugon sa bawat layunin ng pag-aaral.
- **Balikan muli ang tema.** Isasaayos muli ang mga datos at ihanap sa mga nabuong tema. Sisiguraduhing ang mga nabuong tema ay hindi makaaapekto sa isa't isa at sinasagot ang mga orihinal na tanong ng pananaliksik.

Kredibilidad ng Pag-aaral - Ang pag-aaral ay dadaan sa ilang hakbang upang matiyak ang pagiging wasto, totoo at kapani-paniwala nito. Una, isasagawa ang *triangulation* kung saan ang parehong tanong sa pananaliksik ay sasagutan ng iba't ibang kalahok. Ang mga opinyon at perspektibo nila ay paghahambingin upang matukoy ang mga paulit-ulit na *pattern*. Pangalawa ay muling hihingin ang oras ng parehong mga kalahok upang ipasuri ang datos na nakolekta at interpretasyon ng mga kalahok. Mula dito ay magkakaroon ng oportunidad upang i-*verify* at mapunan ang anumang puwang mula sa naunang panayam. At panghuli, ang nakalap na datos ay dadaan sa *peer debriefing* kung saan ang mananaliksik at tagapayo ng pag-aaral ay mag-uusap upang masuri kung wasto at walang *bias* ang pananaliksik.

Etikal na Pagsasaalang-alang - Upang masiguro ang etika ng pananaliksik, titiyakin na masunod ang mga etikal na prinsipyo sa ibaba:

- **Informed Consent.** Bukod sa liham permiso ay bibigyan ng pahapyaw na oryentasyon ang mga kalahok ukol sa layunin, proseso ng pag-aaral, benepisyo at karapatan nila bilang kalahok ng pag-aaral.
- **Kompidensyalidad.** Ang anumang impormasyon ukol sa kalahok ay mananatiling kompidensyal. Bukod rito, ang makakalap na impormasyon ay itatago nang ligtas at hindi gagamitin sa ibang bagay bukod sa pag-aaral.
- **Boluntaryong Partisipasyon.** Ang partisipasyon ay boluntaryo at anumang oras ay maaaring tumanggi ang mga kalahok. Wala itong kaakibat na parusa, pamimilit o presyur.

3. Resulta at pagtalakay

Ang kabanatang ito ay naglalayon na maipakita ang mga datos at impormasyon na nakalap sa naisagawang pagsusuri ng mananaliksik sa karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng ARAL Program.

3.1 *Karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang paglahok sa ARAL Program*

Mula sa pakikipanayam na isinagawa, mayroong anim (6) na pangunahing tema ang umusbong. Ang unang apat na tema ay tumutukoy sa mga sitwayong naranasan ng mga mag-aaral sa ilalalim ng program at sinundan naman ng dalawang tema na tumutukoy sa mga gawaing ipinaranas ng mga guro o kanilang *tutor* sa ilalalim ng ARAL Program upang matugunan ang kanilang kakulangan at pagkahuli sa kanilang kasanayan at akademikong pagganap sa Filipino.

Paunang kahirapan sa pagbasa at pag-unawa. Ang mga mag-aaral ay nakararanas ng kahirapan dahil sa kasalukuyang mababang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Sila'y nakararamdam ng pagiging huli sa klase at kahirapan na makasabay maging sa mga gawain.

Ayon kay kalahok 4:

“Nahuhuli ako dahil hindi ako nakakaintindi pero dahil sa ARAL reading ay nakakasabay na ako sa loob ng klase.”

Ayon sa pag-aaral nina Kwaku at Obeng (2022) na binanggit sa pag-aaral nila Anunciado et al. (2025), ang mahinang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nagdudulot sa kabiguang pang-akademiko, pagkabalisa, at kakulangan sa pakikilahok sa loob ng klase. Ang kahirapan sa pagbasa at pag-unawa ay isang malaking salik upang malimitahan ang inaasahang pakikilahok at motibasyon na matuto.

Kahihiyan. Kadalasan sa mga mag-aaral ay nahiihiya sa pagiging kabilang sa ARAL Program lalong lalo na ang mga nasa mas mataas na baitang. Bukod rito, sila’y nakararamdam ng hiya dahil sa mababa nilang kasanayan at takot na mahusgahan ng kanilang kapwa.

Ayon kay kalahok 1:

“...Nahiihiya rin ako nung simula na magbasa ng malakas dahil sa takot na magkamali. Subalit, habang tumatagal ay nasasanay na ako at nawawala na rin kahit kaunti ang aking pagiging mahiyain.”

Ayon sa parehong pag-aaral nina Anunciado et al. (2025), madalas makaramdam ang mga mag-aaral ng pagkadismaya, panghihina ng loob, pagkabalisa, kahihiyan at maging galit dahil sa kahirapan sa pagbasa. Ito’y nakaapekto sa kanilang kumpiyansa sa sarili at pang-akademikong pag-unlad.

Limitadong talasalitaan. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan unawain ang mga teksto na ibinabahagi sa ARAP Program dahil sa limitadong talasalitaan. Sila’y hirap maunawaan lalong lalo na ang mga malalalim na salita.

Ayon kay kalahok 7:

“Yung mga salita po ay malalalim kaya ang hirap unawain.”

Ayon sa pag-aaral nina Aclinen et al. (2023) na binanggit sa pag-aaral nina Aliba (2025), ang pagbasa ay isang gawain na kinikilala, binibigyang kahulugan, at pagtaya ng mga ideya sa makalimbag na simbolo. Ito ay isang mabisang paraan upang linangin ng isang tao ang kanyang kasanayan sa pag-unawa ng teksto maging sa mga kahulugan ng mga malalalim na salita. Kaya naman, ang limitadong talasalitaan ng mga mag-aaral ay isang hamon sa pagpapabasa ng mga tekstong sa ilalim ng ARAL Program. Ito’y naging dagdag na oras para sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.

Kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino. Kadalasan sa mga mag-aaral ay nakikilala at nakakaunawa ng mga tekstong nasusulat sa wikang Filipino. Iyon nga lang, sa kanilang pakikipagtalastasan at pagpapahayag ng sariling opinyon ay nalilimitahan dahil sa mababang kasanayan o hindi gaanong maalam sa paggamit ng wikang Filipino sa pasulat o pasalita man.

Ayon kay kalahok 4:

“Nahihirapan ako sumagot kahit nakakaintindi ako. Yung Filipino hindi ko kaya gamitin ng tuloy-tuloy.”

Ayon kay Mabanglo (2016) na binanggit sa pag-aaral ni Misa (2021), mahalagang bigyang-diin sa pagtuturo ang pagsasalita sa Filipino, dahil pagsasalita ang paunang sukat sa kaalaman sa wika. Kaya naman napakahalaga na mabigyang-tuon ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon upang masiguro ang pag-unlad sa kanilang kasanayan.

Pagbibigay ng mga babasahing teksto. Isa sa kanilang naging pang-araw-araw na karanasan ay ang

pagbabasa ng iba't ibang panitikan upang mapalawak ang kanilang talasalitaan at kasanayan sa pagbasa't pag-unawa. Kadalasan ito'y mga kwento na kinapapalooban ng mga pamprosesong tanong na kailangan nilang masagutan.

Ayon kay kalahok 2:

"Nagbabasa kami tapos mayroon kaming sasagutan na tanong mula sa libro tapos minsan ay pinapabasa kami isa-isa."

Binigyang diin sa pag-aaral nila Castillo at Hernandez (2024) na ang pagbabasa ay isang pangunahing kasanayan sa wika na kritikal sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Kaya naman, hindi maikakaila ang araw-araw na pagpapabasa na ginagawa ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral na nasa ilalim ng ARAL reading.

Pagbibigay ng worksheet. Bukod sa pagbabasa at pagsagot sa mga pamprosesong tanong ay nagbibigay din ng worksheet ang mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Ito'y naglalaman ng iba't ibang gawain at mga pagsasanay na inaasahang mahahasa at mapapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Ayon kay kalahok 3:

"May [ibinibigay na] worksheet pagkatapos ay magbabasa at sasagutan ang mga iyon."

Ayon kay Kocagul (2023), ang pangunahing gawain ng isang instruktur ay upang makahanap ng mga epektibong paraan upang maakit ang mga mag-aaral sa kapaligiran ng pag-aaral. Isa sa mga paraan na ito ay sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pag-aaral. Sa madaling sabi, ang mga gawain ay hindi lamang tulay sa pagkatuto bagkus ay upang mahimok na sila'y makilahok at magkaroon ng motibasyon na matuto.

3.2 Implikasyon ng ARAL Program sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino

Batay sa nakalap na datos, mayroong tatlong (3) pangunahing tema ang lumitaw. Ito'y nagpapakita ng mahalagang implikasyon ng ARAL Program sa pagkatuto ng Filipino.

Pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Batay sa nakalap na impormasyon, ang ARAL Program ay nagpaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan bumasa at umunawa. Dahil sa araw-araw na pagsasanay sa kanilang kakayahang bumasa sa Filipino at mga interaktibong gawain na may kaugnayan sa pagbasa, napalalim ang kanilang pag-unawa lalong-lalo na sa mga teksto na dati ay hrap silang maunawaan at magbigay interpretasyon.

Ayon kay kalahok 7:

"Natulungan po ako dahil nakakaintindi na ako at nakakapagbasa ng tuloy-tuloy."

Binanggit ni Bilge at Kalenderoğlu (2022) na ang pagbasa ay mayroong kaugnayan sa iba pang kasanayan pangwika tulad ng pagsasalita, pagsulat at bokabularyo. Ibig sabihin, ang ARAL Program ay hindi lamang upang matugunan ang mababang kasanayan sa pagbasa bagkus upang maunlad rin ang iba pang kasanayan sa Filipino at pagpapalalim sap ag-unawa nito.

Paglawak ng bokabularyo at kakayahan sa pasulat at pasalita. Ang ARAL Program ay naging malaking daan upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino lalong lalo na sa malalalim na salita. Dahil sa mga gawain at paulit-ulit na paglagay sa mga sitwasyon na mahahasa ang kanilang kasanayan sa Filipino, ito'y direkta ding nagkaroon ng epekto sa kanilang kakayahan sa pasulat at pasalita. Sila'y nagkaroon ng kakayahan na makapagpahayag at mailahad ang ideya ng hindi na limitado ang salita na kanilang naiisip at natural ng lumilitaw.

Ayon kay kalahok 1:

"...Nadagdagan po yung talasalitaan ko. Sa pagsulat [naman] ay nakalilikha na ako ng mas

maayos na istruktura ng pangungusap at mas malinaw na pagpapahayag ng aking sagot.”

Ayon kay Lanoy et al. (2023), ang pagbabasa ay nakapagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral tungo sa pag-unlad ng kanilang kakayahan sa karunungan bumasa at sumulat. Ibig sabihin, ang ARAL program na layuning sanayin ang mga mag-aaral sa pagbasa ay nagbubunga rin upang lumawak ang kanilang bokabularyo tungo sa pasulat o pasalita na pagpapahayag.

Pagtaas ng kumpiyansa sa sarili. Batay sa mga naging kasagutan ng mga kalahok, kadalasan sa kanila ay nagkaroon ng pagtitiwala sa sariling kakayahan. Ito’y dahil sa mga gawain na nagdulot upang mapataas ang kanilang kumpiyansa sa sarili na makilahok, makipagtalastasan at magpahayag. Ang unti-unting pag-unlad na kanilang nakikita sa sarili ay naging daan upang sila’y hindi na matakot na maglahad at makaramdam ng pananabik sa panibagong araw upang matuto.

Ayon kay kalahok 3:

“Mas ginaganahan ako dahil nakikita ko na ako’y umuunlad.”

Ayon sa pag-aaral ni Harisha (2021), ang kumpiyansa sa sarili, malawak na bokabularyo at kasanayan sa pagsasalita ay may positibong ugnayan kung saan ang kumpiyansa sa sarili ay nangangahulugan ng mas mataas na komunikatibong kasanayan. Patunay lamang na ang pagkakaroon ng mga kasanayan at tiyak na pag-unlad o pagkatuto ay nakapagpapataas din sa kumpiyansa ng isang mag-aaral.

3.3 Mungkahing solusyon o rekomendasyon ng mga mag-aaral sa ARAL Program

Mula sa pakikipanayam na isinagawa, mayroong tatlong (3) pangunahing tema ang umusbong. Ito’y mga mungkahing solusyon batay sa karanasan ng mga mag-aaral at kanilang pagkatuto sa ilalim ng ARAL Program.

Pagkakaroon ng interaktibong gawain. Ayon sa mga mag-aaral, ang interaktibong gawain ay lubos na nakatutulong upang sila mismo ang matuto mula sa mga inihahaing gawain. Sila’y mas natututo kung sila’y may control sa kanilang natututunan at hindi lamang tagatanggap ng impormasyon. Kaya naman ang mga gawain na may interaksyon tulad ng pangkatan at mga laro ay ay sadyang makabuluhan at epektibo hindi lamang sa matagumpay na paglalapat ng inaasahang kasanayan bagkus ay upang gawin ding masaya at interesante ang pagkatuto.

Ayon kay kalahok 8:

“Sana mas maganda pa po yung ibibigay na gawain tulad ng ginawa ni Ma’am na may mga palaro din.”

Ayon sa pag-aaral ni Yang (2023), ang *interactive learning model* ay mas epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa aktibong interaksyong nagaganap sa proseso ng pagkatuto. Pinatutunayan lamang nito na ang interaktibong gawain ay susi upang mas mailagay pa ang mga mag-aaral sa mga sitwasyon na mapapaunlad ang kanilang kasanayan sa Filipino dahil sa interaksyon at agarang pidbak na kanilang natatanggap sa pagkakamali.

Pagdaragdag ng oras at pagsasanay. Bagaman ang pagtuturo-pagkatuto ay nagaganap sa isang oras, para sa mga mag-aaral ito ay hindi pa rin sapat at madalas na hindi nila natatapos ang gawain para sa araw na iyon. Bukod rito, inaasahan din nila ang pagdaragdag sa mga gawain dahil ang simpleng pagbabasa sa mga teksto mula sa mga libro ay kulang upang ganap na makahabol sa kakulangan at antas ng lebel na kanilang kinabibilangan.

Ayon kay kalahok k3:

“Yung oras po ay sana madagdagan dahil napakaiksi lamang.”

Ayon sa pag-aaral nila Biglar at Kaban (2023), ang task-based learning na may patuloy na pagsasanay ay nakapagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Patunay lamang na ang patuloy na pagsasanay ay hindi man

ARAL Program: Paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral at implikasyon nito sa pagkatuto sa Filipino nagbubunga sa pagiging perpekto subalit tiyak ang pag-unlad at pagkatuto.

Paggamit ng iba't ibang kagamitang panturo. Bukod sa mga nabanggit na tema, kanila ring iminungkahi ang malawak na opsyon sa pagkakaroon ng iba't ibang kagamitang panturo at mga gawain. Ito'y upang matugunan ang pagkakaiba-iba sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

Ayon kay kalahok 7:

“Sana hindi lang po lagi libro at mga worksheet.”

Ayon sa pag-aaral nila Ocillos-Walet et al. (2025), ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ay malaking tulong upang makamit ang inaasahan na pag-unlad. Ipinakita sa pag-aaral ang bisa ng iba't ibang estratehiya at pagbuo ng mga kagamitan gamit ang teknolohiya na ito'y epektibong nakakakuha sa interes at motibasyon ng mga mag-aaral na matuto. Patunay lamang na ang ARAL Program ay mas epektibo kung ito'y hindi lamang umiikot sa isang dulong, pamamaraan, at estratehiya bagkus ay malawak na pumipili at nagbabago ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Makikita sa kabanatang ito ang konklusyon at rekomendasyon tungkol sa paksang “ARAL Program: Isang Paglalarawan ng Karanasan ng mga Mag-Aaral at mga Implikasyon Nito sa Pagkatuto sa Filipino”.

4. Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang implementasyon ng ARAL Program ay nagbigay ng iba't ibang karanasan sa mga mag-aaral. Dahil sa kanilang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita sa wikang Filipino, ito ay naging hamon sa proseso ng kanilang pag-unlad. Kaya naman ang pagkakaroon ng karanasan na matuto sa pamamagitan ng pagbasa at pagsagot sa mga *worksheet* ay tumulong upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at mapunan ang mga kakulangan. Sa tulong ng ARAL Program ay nakamit ang mga positibong pag-unlad hindi lamang sa akademikong pangangailangan ng mga mag-aaral kundi maging sa pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili at motibasyong matuto. Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng kanilang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa programa na mas mapabuti pa sa pamamagitan ng mga interaktibong gawain at paglalapat ng iba't ibang kagamitang panturo. Ang pagkatuto ay natitiyak at ang pagpunan sa mga kakulangan ay nasisiguro sa tulong ng determinadong pagsisikap ng guro at *tutor* na mailapat ang pagkatuto at positibong pakikilahok at interes ng mga mag-aaral na umunlad.

Rekomendasyon - Batay sa konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang pagpapaunlad sa implementasyon ng ARAL Program. Ito'y sa tulong ng malikhaing kagamitan tumutugon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral at kahandaan ng mga guro sa mahabang pasensya ng pagtuturo dahil sa mas mabagal at mababang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral na nabibilang sa ARAL Program. Higit sa lahat, ang dedikasyon na matulungan ang mga mag-aaral na nahuhuli at hindi akma ang kasanayan sa baitang na muling makahabol sa loob ng klase.

5. Sanggunian

- Aliba, G., Bullod, C., Dagman, M.C., Mulat, M., Salbino, S.J., Sipi-an, A., at Eguia, M.L. (2025, January). Antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang pampanitikan. *Cognizance Journal*, 5(1), 167-177. 10.47760/cognizance.2025.v05i01.014
- Anunciado, Y., Bionat, R., Monticillo, J., Pade, A.S., Pagay, S.L., Quintana, G., Rin, P.L., at Ugalde, M. (2025, March). *Ang pakikibaka ng mga mag-aaral na may kakulangan sa pagbasa*. Scribd.com: <https://www.scribd.com/document/885464919/BERKELEY-ANG-MGA-PAGHIHIRAP-NG-MGA-MAG-AARAL-NA-MAY-KAKULANGAN-SA-PAGBABASA>
- Biglar, L. at Kuban, A. (2023, October 16). *Exploring the effect of mobile-assisted task-based learning on vocabulary achievement and student attitude*. Link.springer.com: <https://link.springer.com/article/10.1186/s40561-023-00270-w>
- Bilge, H., & Kalenderoğlu, İ. (2022). The relationship between reading fluency, writing fluency, speaking

- fluency, reading comprehension, and vocabulary. *Education and Science*, 47(209), 25-53.
<https://doi.org/10.15390/EB.2022.9609>
- Braun, V. & Clarke, V. (2006). *Thematic analysis*. Ojs.aishe.org: <https://ojs.aishe.org/index.php/aishe-j/article/view/335>
- Cainta, A. M. (2026, April 4). Teachers' level of readiness in the implementation of the ARAL program. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 8(2), 2582-2160.
<https://doi.org/10.36948/ijfmr.2026.v08i02.75835>
- Castillo, M., & Hernandez, A. (2024). Catch-up fridays: Pagpapaunlad ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*. 2(2), 286-296. <https://doi.org/10.17613/x8g6-h231>.
- Crossman, A. *Pag-unawa sa purposive sampling*. Tl.eferrit.com: https://tl.eferrit.com/pag-unawa-sa-purposive-sampling/_
- Dela Cruz, M. A. (2023). Challenges in the implementation of reading intervention programs in the post-pandemic era. *Journal of Educational Research and Practice*, 5(1), 33-47
- Department of Education (DepEd). (2022). *Implementing guidelines on the Aral Program: Accelerated Learning Recovery Assistance for Learners*. Pasig City; DepEd
- EDCOM 2. (2026, January 25). *ARAL Program shows early wins, with top schools reporting 30-40% increases in students' reading proficiency*. Edcom2.gov.ph: <https://edcom2.gov.ph/aral-program-shows-early-wins-with-top-schools-reporting-30-40-increases-in-students-reading-proficiency/>
- Harisa, N. (2021, March). The correlation among self-confidence, vocabulary size, and speaking performance of EFL students at IAIN Palangka Raya. *Journal Of Foreign Language Learning and Teaching*, 1(1), 35-56. [10.23971/jfltl.v1i1.2704](https://doi.org/10.23971/jfltl.v1i1.2704)
- Hermogenes, J., Ronolo, N., Palmes, G., & Escarlos, G. (2025, November 22). Profound implications of Aristotelianism and structural functionalism in Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) program under revised K to 12 curriculum in contemporary governance. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 9(10), 2454-6186.
<https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2025.910000750>
- Kocagul, M. (2024, January). Learning activity matters: Tips for student engagement. *Participatory Educational Research*, 11(1), 1-15. <http://dx.doi.org/10.17275/per.24.1.11.1>
- Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development*. New Jersey: Prentice-Hall
- Lanoy, R.L., Baquero, S.D., Royo, J.L., Mag aso, R.A., Figuracion, K., Florentino, R., Dahunog, C., at Notario, M. (2023, May). *Pagsusuri sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa unang taon ng BSED Filipino ng KCAST*. Scribd.com.: <https://www.scribd.com/document/652344821/PAG-AARAL-SA-BOKABULARYO-NG-MGA-MAG-AARAL>
- Lee, J. (2018, Marso 6). *Kabanata 3*. Scribd.com: <https://www.scribd.com/doc/373066707>
- Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 5(10), 58-68, 2378-703X
- Ocillos-Walet, R., Gialen, C. J., & Aranded, A. (2025, October). Techniques and Strategies Used in Implementing ARAL Program: An Input for Localized Policy Development. *International Journal of Engineering Technology Research & Management*, 9(10), 2456-9348
- Prosia, C., Velasco, E., & Escarlos, G. (2025, November 8). Bridging educational gaps through the ARAL program: Transformational leadership and social constructivist approaches to learning recovery. *International Journal of Latest Technology in Engineering Management & Applied Science*, 14(10), 2278-2540. <https://doi.org/10.51583/IJLTEMAS.2025.1410000050>
- Silagan, C., Silagan, I. K., & Escarlos, G. (2025, December 4). Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Reading Program on Students' Numeracy and Problem-solving Skills. *International Journal of Latest Technology in Engineering Management & Applied Science*, 14(11), 2278-2540.
<https://doi.org/10.51583/IJLTEMAS.2025.14.11000030>

- Ubanan, G., & Libradilla, D. (2026, January 8). Implementation of the ARAL program and its contribution to addressing learning gaps: Basis for an action plan. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 51(9), 1218-1239. 10.70838/pemj.510910
- Vgotsky, L. S. (1978). *Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes*. Cambridge: Harvard University Press
- Yang, L. (2023, April 11). An “interactive learning model” to enhance EFL students’ lexical knowledge and reading comprehension. *Multidisciplinary Digital Publishing Institute*, 15(8), 6471. <https://doi.org/10.3390/su15086>

A correlational study between professional development programs and teachers' self-efficacy

Nieves, Joseph R. ✉

St. Cecilia's College-Cebu, Inc., Minglanilla, Cebu, Philippines (josephrepcionieves94@gmail.com)

Sim, Mary Jane C.

Cebu Technological University-Main Campus, Philippines (maryjanesim0828s@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 20 May 2026
Available Online: 6 June 2026

Revised: 4 June 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26263

Accepted: 5 June 2026

Abstract

Professional development programs aim to enhance teachers' instructional skills, content knowledge, and confidence in applying these strategies in the classroom. This study evaluated the impact of professional development programs on the teachers' self-efficacy at one of the private colleges in Cebu. The design used was the descriptive-correlational method of research with an adapted questionnaire as the main tool for gathering data. There were 124 teacher participants in this study. Percentages were used to analyze the data in terms of background information; the weighted mean determined the distribution of perceptions of the effectiveness of the professional development programs in teaching provided by the school and of self-efficacy in teaching. On the other hand, Pearson's product-moment correlation r determined the significant relationship between the respondents' perceptions of the effectiveness of the professional development programs provided by the school and their self-assessments of their self-efficacy in teaching. The study revealed that the p -value is greater than the significance level of $\alpha = 0.05$, the null hypothesis is not rejected, indicating no significant relationship between the two variables, particularly in the significant relationship between the respondents' perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school and self-assessments of their self-efficacy in teaching. Hence, the researchers recommend applying the output of the study because it provides evidence-based recommendations for improving professional development (PD) programs in ways that directly enhance teachers' self-efficacy.

Keywords: administration and supervision, professional development programs, descriptive correlational, action plan

A correlational study between professional development programs and teachers' self-efficacy

1. Introduction

Professional development programs are designed to provide teachers with new strategies, instructional techniques, and content knowledge. These initiatives also aim to strengthen teachers' confidence in applying newly acquired skills in the classroom. Effective professional development enhances teachers' self-efficacy by improving mastery experiences, which are essential for building self-efficacy beliefs (Bandura, 1997). Gutierrez (2019) noted that participation in professional development is perceived by teachers as a means of enhancing their professional identity and instructional practices, facilitated by shared ownership and reflective learning. Teachers who become more competent and knowledgeable after engaging in high-quality professional development programs are more likely to report increased confidence in their teaching abilities. Training and development are essential for cultivating effective, productive, and qualified educators. Training serves as a process for acquiring subject-specific skills and improving instructional techniques. Teacher preparation remains a fundamental requirement for all educational activities, including the creation of supportive learning environments, curriculum implementation, and assessment.

Training is a primary strategy for achieving institutional objectives. An enhanced workforce with advanced capabilities, knowledge, and skills constitutes a significant source of competitive advantage in the global market. Teacher training programs provide employees with knowledge, new skills, and opportunities for professional growth. Saragena et al. (2024) emphasized that improving teachers' competence in planning, teaching, and assessment can positively affect their self-efficacy, underscoring the importance of targeted institutional interventions to ensure effective instructional processes and improved educational outcomes. Similarly, Padohinog et al. (2024) found that teachers with higher self-efficacy are more receptive to new teaching methods and demonstrate strong planning and problem-solving abilities, especially when confronted with challenging objectives. Investment in human resources is increasingly recognized as a strategy for enhancing organizational competitiveness. Institutions such as the Department of Education acknowledge that human resource development is essential for improving organizational effectiveness. Various training techniques can enhance performance and, consequently, organizational effectiveness. Therefore, the impact of training methods on institutional performance warrants further investigation.

Regardless of the country's efforts in revising its curriculum, implementing differentiated learning modalities, and the like, the researchers believe that teachers still encounter numerous barriers to their school performance. Garma and Sim (2026) argue that there is a lack of comprehensive evidence on how professional development models influence instructional practices in varied educational settings. In the local context, one significant challenge is the limited availability of time and resources dedicated to professional development. Teachers often face heavy workloads and time constraints that make it difficult to engage in sustained and meaningful professional learning. The need for adequate time and resources to support teacher development and the importance of valuing professional learning as an essential part of teachers' work. Conflicting demands also pose challenges to teacher development. Teachers often face numerous responsibilities, including lesson planning, grading, and administrative tasks, which can detract from their ability to fully engage in professional development activities. Balancing these competing demands requires careful attention to prioritizing professional learning within the school schedule.

The findings of this study may provide a feasible and practical action plan grounded in national standards and ongoing professional development programs, support, and the principle of lifelong learning. The study is committed to supporting teachers and recognizes substantial evidence of the critical role of effective teachers in enhancing learner achievement, with a particular focus on a private college in Cebu.

2. Methods

The study utilized a descriptive-correlational method. Specifically, it aimed to evaluate the effectiveness of teachers' professional development programs at one of the private colleges in Cebu for the school year 2024-2025, as a basis for a proposed action plan, with 124 teacher-respondents. Also, the respondents were purposively selected to facilitate the study's administration. The study utilized a research-based questionnaire. An adapted questionnaire from Tominez and Cruz (2014) was used by the researchers to gather relevant information for the study. The questionnaire had three (3) parts: general information about the respondents; respondents' perceptions of the effectiveness of the professional development programs provided by the school; and respondents' self-efficacy in teaching. Before administering the research instrument, the researcher sought permission from the school director of the identified private college and the research adviser's recommendation for approval. After permission was granted, the preliminary data-gathering (research questionnaire) was administered to the learner respondents on hand. The researcher assisted the respondents in filling out the questionnaires.

3. Results and Discussion

This section presents the gathered data, analysis, and interpretation of the respondents' perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school; the respondents' self-assessments of their self-efficacies in teaching, particularly as to personality, lesson planning, learning mastery, teaching methods, and classroom management; and the test of significant relationship between the respondents' perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school and self-assessments of their self-efficacies in teaching.

Table 1

Respondents' perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school

Indicators	Mean	Verbal Description
With training and development programs, my job knowledge increases.	4.45	Strongly Agree
Training and development programs teach me the technique of performing my teaching job.	4.50	Strongly Agree
I consider the training and development programs vital for my teaching job.	4.79	Strongly Agree
The training and development programs are done fairly and are availed of by all teachers.	4.45	Strongly Agree
The training and development programs are worth participating.	4.53	Strongly Agree
The pacing of this experience gave me enough time to understand the content.	4.42	Strongly Agree
This experience provided opportunities for interactive learning.	4.54	Strongly Agree
I was able to interact with many different colleagues through this experience.	4.66	Strongly Agree
I learned something about children's learning and development that will change my instructional practice.	4.40	Strongly Agree
This experience provided opportunities that build positive family and community relationships.	4.48	Strongly Agree
Aggregate Mean	4.52	Strongly Agree

Legend: 4.21-5=strongly agree; 3.41-4.2=agree; 2.61-3.4= neutral; ; 1.81-2.6=disagree; 1-1.8=strongly disagree

Table 1 summarizes respondents' perceptions of the impact of school-provided professional development programs on teaching, with an aggregate mean of 4.52, corresponding to the verbal description "Strongly Agree". The highest mean score reflects the belief that these programs are vital for the teaching profession (4.79), closely followed by the value placed on opportunities to interact with colleagues (4.66). These findings demonstrate that teachers prioritize professional growth and social collaboration, regarding these programs as essential for career sustainability and networking rather than merely administrative requirements. This observation aligns with Morales and Matriano (2023), who reported that senior high school teachers in the Philippines perceive a significant impact from professional development activities, as evidenced by their extensive utilization and high regard for these practices. The consensus indicates that training initiatives are viewed as high-value investments that strongly resonate with teachers' professional identities.

Operational indicators, such as interactive learning (4.54) and perceived value of participation (4.53), further

support the effectiveness of these programs in fostering engagement. Even the lowest-scoring indicators, including the impact on instructional practice regarding children's development (4.40) and the pacing of the experience (4.42), remain within the Strongly Agree range. Zeeshan et al. (2026) also found that many teachers perceive professional development programs as directly enhancing subject knowledge and aligning closely with the curriculum. This consistency suggests that while content delivery and pedagogical outcomes are highly valued and curriculum-aligned, there is a minor opportunity to refine pacing and the application of child development theories. Overall, the data indicate that the development programs are successfully implemented and perceived as fair, inclusive, and transformative for instructional practice.

Table 2

Summary of respondents' self-assessments of their self-efficacies in teaching

Instructional Practices	WM	Verbal Description
Personality	4.54	Very Efficient
Lesson Planning	4.46	Very Efficient
Learning Mastery	4.45	Very Efficient
Teaching Methods	4.32	Very Efficient
Classroom Management	4.34	Very Efficient
Grand Mean	4.40	Very Efficient

Legend: 4.21-5=very efficient; 3.41-4.2=efficient; 2.61-3.4= moderate; 1.81-2.6=less efficient; 1-1.8=never efficient

Table 2 collectively presents the self-assessment of respondents regarding their self-efficacy in various instructional practices, yielding a Grand Mean of 4.40, which corresponds to a verbal description of Very Efficient. Of the five indicators, personality received the highest weighted mean at 4.54, followed by lesson planning at 4.46 and learning mastery at 4.45. These elevated scores indicate that respondents demonstrated considerable confidence in their foundational traits and preparatory skills, suggesting that personal disposition and content organization are perceived as significant contributors to an effective learning environment. This finding aligns with Lazo (2025), who emphasized that strong teacher self-efficacy is fundamental to establishing positive learning environments and promoting student success.

Although classroom management (4.34) and teaching methods (4.32) received the lowest weighted means, both remain within the Very Efficient category. This minor decrease suggests that respondents perceive the technical implementation of diverse teaching strategies and the management of student behavior as slightly more challenging than lesson preparation or personal conduct. However, the narrow range between the highest and lowest scores demonstrates a consistently high level of self-efficacy across all instructional domains. This sustained confidence throughout various career stages supports the findings of Abubakari (2020), who demonstrated that professional development is crucial for maintaining significant improvements in teaching practices among both novice and experienced educators, providing insights relevant to policy and practice in developing nations and beyond.

Table 3

Test of correlation between perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school and self-assessments of their self-efficacy in teaching

Variables	r-value	p-value	Decision	Remarks
Perceptions of the impact of the professional development programs on teaching provided by the school and self-assessments of their self-efficacies in teaching	0.015	0.891	Failed to Reject Ho	Not Significant

*(alpha = 0.05)

Table 3 presents the results of a correlation analysis between respondents' perceptions of the impact of professional development (PD) programs and their self-assessments of teaching self-efficacy. The statistical test produced a p-value of 0.891, which greatly exceeds the conventional significance threshold of alpha = 0.05. Therefore, the null hypothesis cannot be rejected, indicating that there is no statistically significant relationship between these variables. The Pearson correlation coefficient is 0.015, suggesting that teachers' perceptions of school-provided training do not predict or correspond with changes in their self-confidence or self-efficacy. These findings indicate that the perceived effectiveness of institutional PD programs is independent of teachers' beliefs

in their instructional capabilities.

The results of this study are consistent with previous literature on professional development and teacher self-efficacy. Morales and Matriano (2023) highlighted that professional development is crucial for teachers in the Philippines, particularly in overcoming challenges in teacher education and meeting diverse educational needs. This study underscores the importance of designing PD programs that are responsive to both the instructional and contextual realities teachers face and the diverse needs of their students. These findings are echoed by Saragena et al. (2024), who recommend focused interventions in planning, teaching, and assessment to positively influence self-efficacy.

The absence of statistical significance carries important implications for both teaching staff and school administrators. For teachers, this finding suggests that classroom confidence and self-efficacy are shaped more by internal factors or external experiences, such as teaching tenure, content expertise, or student outcomes, rather than by institutional workshops. For administrators, these results underscore a potential misalignment between the existing professional development curriculum and teachers' practical needs. Addressing this gap necessitates moving beyond generic training modules and implementing comprehensive needs assessments to design targeted PD programs that effectively enhance teachers' professional confidence and instructional skills.

4. Conclusion and Recommendations

Based on the findings, the conclusion reveals that the lack of statistical significance highlights a potential disconnect between existing PD curricula and teachers' practical needs. While training remains crucial, as emphasized in the literature, these results suggest that confidence and self-efficacy are more likely shaped by internal factors or direct classroom experience. School administrators should therefore move beyond generic workshops and conduct comprehensive needs assessments to design targeted PD programs that directly address teachers' professional growth. Anchoring future PD initiatives in both research findings and teachers' contextual realities will ensure these programs more effectively enhance instructional quality and teacher self-efficacy.

4.1 Practical Educational Implications

The findings of this study carry several practical implications for the educational community. First, since teachers' self-efficacy appears to be shaped more by internal factors and direct classroom experience than by institutional training programs, schools should reconsider the design and structure of their professional development (PD) initiatives. Rather than offering generic, one-size-fits-all workshops, institutions should conduct systematic needs assessments to identify the specific instructional challenges and professional growth areas of their teaching staff. PD programs that are context-sensitive, reflective, and aligned with teachers' actual classroom realities are more likely to yield meaningful improvements in both instructional quality and professional confidence. Second, mentoring and peer-learning structures should be integrated into formal PD frameworks. Given that self-efficacy is often built through mastery experiences and vicarious learning (Bandura, 1997), providing teachers with opportunities to observe effective colleagues, co-teach, and engage in structured reflective dialogue can complement formal training and more directly strengthen teachers' belief in their instructional capabilities. Third, school leaders and curriculum coordinators should incorporate self-efficacy assessments as a regular component of teacher evaluation cycles. Tracking teachers' confidence across instructional domains; such as classroom management, lesson planning, and teaching methods, which can help institutions identify areas requiring targeted support and monitor the long-term impact of their professional development investments.

4.2 Significance of Findings for Practitioners, Teachers, Students, and Schools

For Teachers and Practitioners. The results affirm that teachers in this study demonstrate consistently high levels of self-efficacy across all measured instructional domains, which is an encouraging indicator of professional readiness and resilience. At the same time, the absence of a significant correlation between perceived PD effectiveness and self-efficacy serves as an important prompt for teachers to reflect critically on the sources of

their professional confidence. Teachers are encouraged to actively seek out mastery experiences, engage in self-directed professional learning, and advocate for PD opportunities that are directly responsive to their pedagogical needs rather than passively participating in institutionally mandated programs.

For Students. Although the study does not measure student outcomes directly, the implications for learners are substantial. Teachers who possess high self-efficacy are generally more persistent in the face of classroom challenges, more creative in their instructional approaches, and more committed to fostering inclusive and supportive learning environments. By ensuring that teachers receive meaningful and targeted professional development, schools indirectly invest in the quality of instruction that students receive, thereby contributing to improved academic engagement and achievement.

For Schools and Educational Administrators. For school leaders, this study provides evidence-based justification for re-evaluating the current model of professional development delivery. The disconnect identified between teachers' positive perceptions of PD programs and their self-efficacy outcomes suggests that participation and satisfaction alone are insufficient indicators of a program's impact. Administrators should establish clearer linkages between PD content and instructional outcomes, build in mechanisms for follow-through and classroom application, and foster a school culture where continuous professional learning is valued, supported, and structurally embedded in teachers' daily work.

AI Declaration Statement - The authors acknowledge the use of an AI language tool (Claude by Anthropic) in the preparation of this manuscript, specifically for language refinement, structural editing, and the drafting of select sections. All intellectual content, data collection, analysis, interpretation of results, and conclusions presented in this study are the sole work of the authors. The use of AI assistance was limited to improving the clarity and readability of the text and does not affect the originality, integrity, or academic responsibility of this research. The authors take full accountability for the accuracy and validity of all content published herein.

5. References

- Abubakari, A. (2020). Exploring the impact of professional development on teaching and learning from the perspective of teachers in Ghana. *The International Journal of Humanities & Social Studies*, 8(2). <https://doi.org/10.24940/theijhss/2020/v8/i2/HS2002-006>
- Garma, J. C., & Sim, M. J. C. (2026). Professional development models and instructional practices of career stage I teachers. *International Journal of Research Studies in Education*, 15(4), 199-205. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2026.26083>
- Gutierrez, S. B. (2019). Learning from teaching: Teacher sense-making on their research and school-based professional development. *Issues in Educational Research*, 29(4), 1181–1200. <https://search.informit.org/doi/10.3316/informit.721847010893593>
- Lazo, K. P. M. (2025). Examining teachers' sense of efficacy at Isabela State University, Echague campus, Philippines. *International Journal of Advanced and Applied Sciences*, 12(4), 12-18. <https://doi.org/10.21833/ijaas.2025.04.002>
- Morales, M. J. Q., & Matriano, E. A. (2023). Practices, challenges, and perceived impact of professional development activities among senior high school teachers. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 136-150. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.012>
- Padohinog, E., Liwanag, B., & Balsicas, N. (2024). Teacher self-efficacy through achievement goals, instructional strategies, and student engagement in the Philippine setting. *Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ)*, 11(1). <https://doi.org/10.56278/apherj.v11i1.2618>
- Saragena, N. D., Maravillas, N. C., Bual, J. M., & Ramales, J. L. M. (2024). Associating the instructional practices and self-efficacy of teachers in selected public elementary schools in Antique, Philippines. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, 18(11), 252–263. <https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i11793>
- Tominez, B. A., & Cruz, L. M. D. (2014). Pre-service teachers' teaching effectiveness: The Nueva Vizcaya State University experience. *NVSU Research Journal I*, No. 2. Retrieved from

https://www.nvsu.edu.ph/assets/downloads/journal/vol1-2/NVSURJ_Vol.1_02_2014_5.pdf

Zeeshan, M., Bibi, H., & Ateeq, F. (2026). Analysis of secondary schools' teachers' perception about professional development programs. *Contemporary Journal of Social Science Review*, 4(1), 23-35. <https://doi.org/10.63878/cjssr.v4i1.1874>

Kahandaan ng mga mag-aaral sa Filipino sa *Strengthened Senior High School Program*

Saligumba, Jobert L. ✉

Leyte Normal University, Philippines (jobertsaligumba@gmail.com)

Received: 25 May 2026

Available Online: 9 June 2026

Revised: 7 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26252

Accepted: 8 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The Strengthened Senior High School Program was developed by the Department of Education to support a more modern approach of learning under the revised curriculum. Its implementation aims to enhance students' knowledge, skills and preparedness in Filipino subject. Beyond developing language proficiency, Filipino subject also promotes critical thinking and analytical abilities among learners. This study employed a descriptive-quantitative research design, which focuses on measuring and describing existing conditions without manipulating variables. The research was conducted at Zumarraga National High School, the participants were Grade 11 Senior High School students enrolled in the program. A questionnaire was used as the primary instrument, and the collected data were analyzed using mean and standard deviation. The findings revealed that the Strengthened Senior High Program contributes significantly to the improvement of student's skills in Filipino. The result also showed that most of the respondents held positive views of the program, reporting greater classroom participation and enhanced communication, reading and literary analysis skills. Overall, the study demonstrates that the implementation of the Strengthened Senior High School Program is effective in improving students' academic performance in Filipino. The researcher recommends the continuous enhancement of academic programs as well as ongoing training and development opportunities for both teachers and students.

Keywords: readiness, academic, descriptive, proficiency, strengthened senior high school program

Kahandaan ng mga mag-aaral sa Filipino sa *Strengthened Senior High School Program*

1. Abstrak

Ang *Strengthened Senior High School Program* ay idenisenyo ng Kagawaran Edukasyon para sa makabagong paraan ng pagkatuto sa ilalaim ng pagbabago ng kurikulum. Ang pagpapatupad nito ay naglalayong palalimin ang kaalaman, kasanayan, at kahandaan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang asignaturang Filipino ay hindi lamang nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa wika, ito rin ay ang pagpapayabong ng kritikal na pag-iisip. Ginamit sa pag-aaral ang Deskriptib-kwantitatibo na disenyo ng pananaliksik kung saan sinusukat nito ang sitwasyong hindi binabago ang anumang baryabol. Ang pag-aaral ay nagsagawa ng sarbey sa *Zumaraga National High School* bilang lokal ng pag-aaral. Samantala, ang mga kalahok ay mula sa baitang 11 ng *Senior High School* na sumasailalim sa naturang programa. Gumamit ng kwestyuner bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos at sinuri ito gamit ang *mean* at *standard deviation*. Resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na nakatutulong ang *Strengthened Senior High School Program* sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa asignaturang Filipino. Ipinakikita rin na karamihan sa mga respondente ay may positibong pananaw hinggil sa *Strengthened Senior High School Program* kung saan mas aktibo sila sa pakikilahok sa klase, malilalang ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, pagbasa, at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Sa kabuoan, ipinakikita rin ng pag-aaral na ito na mabisa ang implementasyon ng *Strengthened Senior High School Program* sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Inirerekomenda ng mananaliksik ang patuloy na pagpapahusay ng mga programang pang-akademiko, at pagsasanay para sa mga guro, at mag-aaral.

Susing-salita: kahandaan, akademiko, deskriptibo, kasanayan, strengthened senior high school program

2. Introduksiyon

Sa makabagong panahon, ang patuloy na kinahaharap ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay isa sa malaking hamon sa pagtuturo, at pagkatututo ng mga mag-aaral. Isa sa mga mahahalagang reporma na ipinatupad ay ang *Senior High School Program* sa ilalim ng *K to 12 Curriculum*. Ang pagpapatupad ng *K to 12 Program* sa Pilipinas ay naglalayong mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Sa bisa ng mga programang ito na ipinatutupad ay matiyak ang dekalidad na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2019), ang pagpapatupad ng *Strengthened Senior High School Program*, na naglalayong palalimin ang kaalaman, kasanayan, at kahandaan ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura, kabilang ang Filipino.

Sa pag-aaral ni Creswell (2014), binigyang-diin niya na ang isang epektibong programa sa edukasyon ay nakasalalay sa malinaw na disenyo ng kurikulum at wastong implementasyon nito. Ipinakita rito na ang pagpapahusay ng kurikulum sa *Senior High School* ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang asignaturang Filipino ay hindi lamang nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa wika, kundi pati na rin sa pagpapayabong ng kritikal na pag-iisip, pagpapahalagang kultural, at pambansang identidad. Gayunpaman, nanatiling hamon ang pagtiyak na ang mga mag-aaral ay tunay na nagiging handa, at mahusay sa asignaturang Filipino. Binanggit naman ni Lumbrera (2003) na ang wikang Filipino ay hindi lamang midyum ng komunikasyon, kundi isang kasangkapan sa paghubog ng kamalayan sa bansa. Dahil dito, mahalaga ang epektibong pagtuturo ng Filipino upang mapanatili at mapaunlad ang kultura, at identidad ng mga Filipino.

Ayon sa pag-aaral ng PISA lumalabas na karamihan sa mga nakaraang pag-aaral tungkol sa kahandaan ng Senior High School sa pilipinas ay nakasentro lamang sa matematika, agham at engles kaya mahalaga na malinang ang asignaturang Filipino sa epektibong pamamararan ng pagtuturo. Dagdag pa rito, ipinahayag ni Almario (2009) na ang patuloy na paglinang sa wikang Filipino sa sistema ng edukasyon ay mahalaga upang makasabay sa globalisasyon habang pinananatili ang sariling wika.

Samantala, ayon sa UNESCO (2017), ang kalidad ng edukasyon ay hindi lamang nasusukat sa nilalaman ng

kurikulum, kundi sa paraan ng pagtuturo, at pagkatuto. Sa makabagong estratehiya ng pagtuturo ng wika ay mahalaga upang mapataas ang antas ng pag-unawa, at paggamit ng wika ng mga mag-aaral. Sa kontekstong ito, ang Filipino bilang asignatura ay may mahalagang papel sa paghubog ng kritikal na pag-iisip. Subalit ayon sa pag-aaral ni Bartolome (2021), sa “*Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Senior High School* lumalabas na ang ilang mag-aaral sa antas ng Senior High School ay nahihirapan sa pag-unawa sa mas mataas na antas ng tekstong Filipino tulad ng pagsusuri sa panitikan, at paggamit ng wika sa akademikong konteksto. Dagdag pa rito, may iba’t ibang pananaw ang mga mag-aaral hinggil sa implementasyon ng *Strengthened Senior High School Program*—may ilan na naniniwalang ito ay epektibo, habang ang iba naman ay nakararanas ng mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, kagamitang panturo, at angkop na estratehiya sa pagtuturo.

Dagdag pa rito, ayon sa *Philippine Statistic Authority* (2020), may mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral tulad ng kalidad ng pagtuturo, kagamitang panturo, at kurikulum. Ipinakita rito na ang pagpapalakas ng *Senior High School Program* ay maaring magdulot ng positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Bagamat may mga pag-aaral sa *K to 12* noong mga taong 2016-2018, kung saan lumalabas na kulang ang mga ito sa mga nalimbag na pananaliksik sa kasalukuyan estado ngayon samakatuwid ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng lokal na datos na kung saan napapanahon para sa mga policy makers dahil dito ang pagpapatupad ng *Strengthened Senior High School Program* ay isang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon upang gawing mas payak, mas *flexible*, at mas makabuluhan ang *Senior High School*. Ayon sa EDCOM 2, sinimulan ang *pilot Implementation* sa humigit kumulang 841 paaralan noong nakaraang taon, Samantala, sinimulan ito ngayon taong panuruan 2026-2027 sa lahat ng mga mag-aaral sa baitang 11 na sakop na ng *Strengthened Senior High*. At, isa rito ang *Zumarraga National High School* sa bayan ng Zumarraga, Samar.

Dahil dito, mahalagang masuri ang kahandaan ng mga mag-aaral sa programa ng *Strengthened Senior High School* partikular sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, at pati na rin sa kanilang kahandaan at sa pananaw hinggil sa nasabing programa. Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral na ito inaasahang matukoy ang mga kalakasan, at kahinaan ng programa na maaaring magsilbing batayan sa pagpapabuti ng implementasyong ito. Sa kabuoan, inaasahan na ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga guro, administrador, at mga tagapagbalangkas ng kurikulum upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng Filipino, at ang implementasyon ng *Strengthened Senior High School Program*. Gayundin, makapagbibigay ito ng mga rekomendasyong maaaring magamit sa pagpapalakas ng akademikong kahandaan, at pagganap ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay naglalayong alamin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa Filipino sa *Strengthened Senior High School Program*. Partikular, ninanais nitong sagutin ang sumusunod na tanong:

- Ano ang akademikong kahandaan sa Filipino ng mga mag-aaral sa programang *Strengthened Senior High School Program*?
- Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa ipinatutupad na *Strengthened Senior High School Program*?

3. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-kwantitatib na disenyo ng pananaliksik. Ang deskriptib-kwantitatib na disenyo ng pananaliksik ay ginagamit upang ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng isang penomenon batay sa umiiral na datos nang walang pagmamaniupala sa anumang baryabol (Creswell, 2014). Ang disenyong ito ay angkop gamitin sa pag-aaral na ito sapagkat ang mananaliksik ay naglalarawan sa akademikong kahandaan ng mga mag-aaral sa ipinatutupad na *Strengthened Senior High School Program*.

Respondente ng Pag-aaral - Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 30 mag-aaral na kasalukuyang nasa baitang 11 sa *Senior High School* na kabilang sa *Strengthened Senior High Program* ng

Zumarraga National High School para sa taong panuruan 2026-2027. Pinili ang bilang ng mga mag-aaral na ito alinsunod sa *Central Limit Theorem*, na kung saan nagsasaad ito na ang sampol na may hindi bababa sa 30 na respondente ay sapat upang makabuo ng inaasahang estadistikal na pagsusuri. Gumamit naman ng *simple random sampling* upang mapili ang mga respondente sa pag-aaral na ito na kung saan lahat ng mga mag-aaral ay nagkaroon ng pagkakataong maging bahagi sa pag-aaral (Battaler, 2017).

Instrumento ng Pananaliksik - Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito ay ang paggamit ng sarbey kwestyuner na idinisenyo ni **Delos Reyes (2022) na kung saan, ito ay nahahati sa dalawang (2) bahagi:**

- Akademikong Kahandaan sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Strengthened Senior High School Program.
- Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ipinatutupad na Strengthened Senior High School Program.

Ang mga nakalap na mga datos mula sa kwestyunher ay sinuri batay sa *mean score* ni Pimentel (2019).

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Isinagawa ang pangangalap ng datos sa isang sitematikong paraan upang matiyak ang kaayusan, at pagiging wasto ng mga impormasyong makakalap. Ang mga sumusunod na mga hakbang; una, paghinig ng pahintulot mula sa *School Head* ng paaralan. Ikalawa, pag-apruba ng mga guro, at koordinasyon sa mga respondente. Ikatlo, pamamahagi ng talatanungan sa mga mag-aaral. Ikaapat, pagkolekta ng mga sagot matapos itong sagutan. At ikalima, ang pagsasaayos, at pagsusuri ng mga nakalap na datos. Ang pag-aaral na ito ay sumunod sa mga alintuntunin ng *Department of Education* ukol sa etikal na pananaliksik, kabilang ang pagrespeto, at pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon.

Tritment ng Datos - Ang mga nakalap na datos ay inalisa gamit ang angkop na *statistical tool* batay sa layunin ng pag-aaral. Para sa una at ikalawang layunin ay ginamit ang *mean* at *standard deviation*. Ang pag-analisa naman sa *mean score* ng bawat layunin ay ibinatay sa pag-aaral ni Pimentel (2019). Ang *mean score* na 4.20-5.00 ay katumbas ng lubos na sumasang-ayon, ang 3.40-4.19 naman ay may katumbas na sumasang-ayon. Habang ang 2.60-3.39 ay may katumbas na hindi tiyak, samantala ang 1.80-2.59 ay hindi sumasang-ayon, at ang 1.00-1.79 ay may interpretayong lubos na hindi sumasang-ayon.

Etikal na Konsiderasyon - Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay mahigpit na isanalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal upang matiyak ang kapakanan at karapatan ng mga respondente. Sa unang ginawang hakbang, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa *School Head* sa Mataas na Paaralan ng *Zumarraga* upang maisagawa ang pananaliksik bilang lokal ng pag-aaral, at siya ring magiging gaba, at katuwang sa pangangalap ng datos upang matiyak ang legal, at etikal na pagsasagawa ng pag-aaral. Ikalawang hakbang, tiniyak din na ang mga respondenteng mag-aaral ay boluntaryo, at may kalayaan silang tumanggi, o umatras sa anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Higit sa lahat, tiniyak ng mananaliksik na kumpidensiyal, patas, at walang kinikilingang pagtrato sa lahat ng kalahok sa buong proseso ng pag-aaral upang mapanatili ang integridad, at kredibilidad ng pananaliksik.

4. Resulta at Pagtalakay

4.1 Akademikong Kahandaan sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Strengthened Senior High School Program

Ang akademikong kahandaan ay nangangahulugang may sapat na kaalaman, at kasanayang kinakailangan ng isang mag-aaral upang makasa at magtagumpay sa mataas na antas ng edukasyon. Ayon kay Garcia (2019), mahalaga ang kahandaan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang bagong konseptong tinatalakay sa asignatura, partikular na ang Filipino, sapagkat kung mataas ang antas ng kahandaan, mas epektibong naisasakatuparan ang proseso ng pagkatuto.

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay nakatuon dito ang akademikong kahandaan ng mga mag-aaral sa ipinatutupad na *Strengthened Senior High School Program*. Makikita sa talahanayan 1 na isa na nangungunang pahayag ang,

“nagagamit ko nang wasto ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan” na kung saan ito ay may *mean* na 4.74, at may *Standard Deviation* na 0.57 at may interpretasyong “lubos na sumasang-ayon.” Batay sa resulta, ito ay nakakuha ng pinakamataas na *mean* sa lahat ng pahayag.

Talahanayan 1

Akademikong Kahandaan sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Strengthened Senior High School Program

Mga Pahayag	Mean	Interpretasyon	Standard Deviation
1. Nagagamit ko ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan.	4.47	Lubos na sumasang-ayon	0.57
2. Nakasusulat ako ng wastong sanaysay, at reaksiyong papel.	4.30	Lubos na sumasang-ayon	0.06
3. Nauunawaan ko ang mga aralin sa Filipino.	4.07	Sumasang-ayon	0.74
4. Nagpapakita ako ng kumpiyansa sa pagsasalita ng Filipino.	3.93	Sumasang-ayon	0.58
5. Nakababasa at nakasusuri ako ng iba't ibang akdang pampanitikan.	3.83	Sumasang-ayon	0.79
Weighted Mean	4.12	Sumasang-ayon	0.66

Ipinakikita rito na may mataas na tiwala, at kasanayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Makikita naman na napakababa ang *Standard Deviation* na 0.57 at ito ay nangangahulugan lamang na sobrang magkakalapit ang sagot ng mga mag-aaral sa *mean* na nabanggit. Ipinakikita nito na ang mga mag-aaral ay may kahandaan sa programang *strengthened senior high school* na kung saan ito ay nakatutulong upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino. Makikita sa ikalawang antas ng pahayag na ang “nakakasulat ako ng wastong sanaysay at reaksiyong papel” na kung saan ito ay may *mean* 4.30 at may *standard deviation* na 0.06 at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may mataas pa ring kahandaan sa ipinatutupad na programa.

Sa ikatlong pahayag naman na “nauunawaan ko ang ang mga aralin sa Filipino na kung saan ito ay may *mean* na 4.07, at may *Standard Deviation* na 0.74, at may interpretasyong sumasang-ayon na kung saan ito ay nagpapakita na epektibo pa rin ang pagkapit ng mga aralin at walang balakid sa pag-unawa ng mga paksa ang mga mag-aaral. At sa ikaapat na pahayag naman na “nagpapakita ako ng kumpiyansa sa pagsasalita ng Filipino,” na may *mean* na 3.93 at *standard deviation* na 0.58 na kung saan nangangahulugang sumasang-ayon na ito ay nagpapakita na sila ay nakagagamit ng wika, subalit kulang pa sila sa lakas ng loob kapag kinakailangan nang magsalita sa harap ng madla. Samantala, ang pinakamababang antas na nakuhang datos mula sa mga kalahok ay ang pahayag na “nakababasa at nakasusuri ako ng iba't ibang akdang pampanitikan” na kung saan ito ay may *mean* na 3.83 at may *standard deviation* na 0.79 at may interpretasyong sumasang-ayon na kung saan ang mga mag-aaral ay handa at may kakayahan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Sa kabuoan, makikita na ang kabuoang *mean* ay 4.12 na kung saan ito ay nagpapahiwatig ng sumasang-ayon sa kahandaan ng mga mag-aaral sa Filipino sa ipinatutupad na programa ng *Strengthened Senior High School*. Ibig ipakahulugan lamang nito na may malaki, at matibay na pundasyon sa komunikasyon, pag-unawa, at nakatutulong ito sa paghahanda ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kung papansinin pa ang *value* ng standard deviation na 0.66 ay masasabing sobrang napakalapit ng sagot ng bawat respondente sa nabanggit na *mean*.

4.2 Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ipinatutupad na *Strengthened Senior High School Program*

Ang pagpapatupad ng *Strengthened Senior High School Program* ay isang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon upang gawing mas payak, mas *flexible*, at mas makabuluhan ang *Senior High School*. Ayon sa EDCOM 2, sinimulan ang *Pilot Implemetation* nito sa humigit kumulang 841 paaralan noong nakaraang taon. Samantala, sinimulan naman ito ngayong taong panuruan 2026-2027 sa lahat ng baitang 11 na nag-aaral sa ilalim ng *Strengthened Senior High school*.

Sa bahagi ng pag-aaral na ito ay nakatuon naman sa pananaw ng mga mag-aaral sa ipinatutupad na *Strengthened Senior High School Program* na kung saan sinuri dito ang pananaw ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng limang (5) tiyak na pahayag batay sa kanilang *mean*, at *Standard Deviation*. Makikita sa talahanayan 2 ang resulta para sa

pananaw ng mga mag-aaral sa ipinatutupad na *strengthened senior high school program* na kung saan lumalabas na ang *weighted mean* nito ay 4.15 na kung saan mataas, at nagpapakita ito ng positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagpapatupad ng *Strengthened Senior High School Program*. Mahihinuha mula rito na ang mga mag-aaral ay nasisiyahan sa programang ito. Kung papansinin pa ang *value* na 0.64 para sa *standard deviation* ay masasabing sobrang magkakalapit ang mga sagot ng bawat respondente sa *mean* na nabanggit.

Talahanayan 2

Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ipinatutupad na Strengthened Senior High School Program

Mga Pahayag	Mean	Interpretasyon	Standard Deviation
1. Nakatutulong ang programa sa pagpapataas ng kaalaman sa Filipino.	4.50	Lubos na sumasang-ayon	0.51
2. Ang oras na inilaan sa asignaturang Filipino ay sapat upang matutuhan ang mga aralin.	4.27	Lubos na sumasang-ayon	0.64
Ang programa ay nagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa asignatura.	4.13	Sumasang-ayon	0.57
4. Ang mga kagamitang panturo ay sapat, at angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.	3.97	Sumasang-ayon	0.72
5. Nahihikayat ng programa ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.	3.87	Sumasang-ayon	0.78
Weighted Mean	4.15	Sumasang-ayon	0.64

Sa kabilang banda, kung susuriin sa talahanayan, nanguna sa antas ang pahayag na “nakatutulong ang programa sa pagpapataas ng kaalaman sa Filipino” na kung saan ang *mean* ay 4.50, may *standard deviation* na 0.51 na nagpapahayag na ang mga mag-aaral ay lubos sumasang-ayon. Ito ay nagpapakita na malaki ang tulong ng programa sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman, at akademikong kasanayan sa wikang Filipino. Mapapansin din sa ikalawang pahayag na “ang oras na inilaan sa asignaturang Filipino ay sapat upang matutuhan ang mga aralin” na may *mean* na 4.27, at *standard deviation* na 0.64 na kung saan ito ay nagpapahiwatig na lubos na sumasang-ayon ang mga respondent. Masusuri pa na batay sa kanilang kasagutan ay may sapat na inilaang oras para sa asignaturang Filipino.

Samantala, makikita naman sa ikatlong pahayag na karamihan sa mga respondente ay tumugon sa pahayag na “ang programa ay nagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa asignatura” na makikita na lahat ng mga respondente ay sumasang-ayon sa pahayag na ito na may *mean* na 4.13, at *standard deviation* na 0.57 nangangahulugang epektibo ang estruktura ng *Strengthened Senior High Program* upang mas madaling madalumat, at maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin sa Filipino. Bagaman, nasa ikaapat ang pahayag na “ang mga kagamitang panturo ay sapat, at angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral” na may *mean* na 3.97 at *standard deviation* na 0.72 na kung saan ito ay nagpapakita na positibo ang tugon ng mga respondente sapagkat naniniwala silang nabibigyan sila ng kagamitan sa pagtuturo sa kanilang akademikong pangangailangan. Samantala, mapapansin na mas mababa ang nakuhang *mean score* sa pahayag na “nahihikayat ng programa ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral,” na kung saan ito ay may *mean* na 3.87, at *standard deviation* na 0.78 na may interepetasyong sumasang-ayon na kung saan ang mga mag-aaral ay mas lalong nahihikayat sa programang ito lalo pa na aktibo ang kanilang pakikilahok. Ang pananaw ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng programa ay nagbibigay ito ng mahalagang salik sa pagpapatupad ng akademikong pagganap sa Filipino.

Sa kabuoan, ipinakikita ng resulta na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa *Strengthened Senior High School Program* na kung saan ay makikita na mataas o pinakamalakas ang kanilang pagsang-ayon sa pahayag na, “nakatutulong ang programa sa pagpapataas ng kaalaman sa wikang Filipino” na may *mean* na 4.50, at *standard deviation* na 0.51, samantala pinakamababa naman ang pananaw hinggil sa pagpapalakas ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral na may *mean* na 3.87, at *standard deviation* na 0.78. subalit, sa pangkalahatan ay sumasang-ayon ang mga mag-aaral na may *weighted mean* na 4.15 na nagpapahiwatig na epektibo para sa kanila ang programa sa pagtugon ng pangangailangang pang-akademiko ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinahihiwatig ng resulta na kailangan pang paigtingin ang mga gawaing nakapagpapataas ng partisipasyon sa pakikilahok upang higit na mapabuti ang implementasyon ng programa.

Sa paglalagom ng pag-aaral mahalaga ang resulta, Una para sa mga Guro sapagkat ito ay nagbibigay ng

patunay na ang kanilang mga pagsisikap sa ilalim ng programa ay nagbunga ng magan at epektibo. Magagamit nila ang resulta ng pag-aaral na mapanatili ang ang mataas na kalidad na pagtuturo sa asignaturang Filipino at magsilbing motibasyon. Ikalawa para sa mga mag-aaral, sila ay makikinabang dahil sa pagpapatuloy ng programa at ito ay sinisigurada na mas taas ang kanilang akademikong kahandaan, Bukod pa rito na ang kanilang posibong pananaw ay nagpapatunay ang kapaligiran ng pagkatuto ay akma. Samantala para sa Paaralan at Kgawaran ng Edukasyon, Ang resulta ay magsisilbing matibay na batayan para sa mga punongguro at administrador upang suportahan ang programa sa pamamagitan ng paglaan ng pondo, pasilidad at mga seminar para sa mga guro. Nagpapakita lamang ito na ang reporma sa Kagawaran Edukasyon sa kurikulum ay matagumpay.

5. Konklusyon

Mula sa isinagawang pagsusuri, at analisis ng mga nakalap na datos, napag-alaman na ang *Strengthened Senior High School Program* ay naging mabisa sa pagpapataas ng akademikong kahandaan, at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Makikita sa unang layunin ng pag-aaral na natukoy ang akademikong kahandaan sa Filipino, at ipinakita rito na nakatutulong ang *Strengthened Senior High School Program* sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa asignaturang Filipino. Samantala, sa ikalawang layunin ng pag-aaral naman ay napag-alaman na karamihan sa mga mag-aaral ay may positibong pananaw hinggil sa *Strengthened Senior High School Program*. Nakatutulong ito upang malinang ang kanilang kakayahan sa pag-unawa, komunikasyon, at pagsusuri gamit ang wikang Filipino. Napatunayan din sa pag-aaral na positibo ang pananaw ng karamihan sa mga mag-aaral hinggil sa implementasyon ng programa. Ipinahihiwatig nito na ang maayos na pagpapatupad ng programa at may malaking ambag sa pag-unlad ng kalidad na edukasyon, at sa paghahanda ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-aaral. Samakatuwid, mahalagang ipagpatuloy, at higit pang paunlarin ang *Strengthened Senior High Program* upang higit na matugunan ang pangangailangang akademiko ng mga mag-aaral lalo na sa asignaturang Filipino.

Rekomendasyon – Batay sa naging resulta, at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod: una, magkaroon ng mas marami, at mas makabagong kagamitang panturo upang higit na mapalawak ang kaalaman, at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ikalawa, maglunsad ng mga *seminar*, palihan, at pagsasanay para sa mga guro upang lalo pang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino. Ikatlo, magkaroon ng regular na ebalwasyon sa implementasyon ng *Strengthened Senior High School Program* upang mas matukoy ang kalakasan, at kahinaan. At ikaapat, para sa susunod na mga mananaliksik, maaaring magsagawa ng kaugnay na pag-aaral gamit ang ibang dulog, at disenyo na may mas malawak na saklaw ng respondente upang higit pang mapalawak ang resulta ng pananaliksik.

AI Use Disclosure. Ipinahahayag ko na gumamit ako ng mga *Artificial Intelligence* (AI) tulad ng *chatgpt*, at *gemeni AI* bilang pantulong sa paghahanap ng mga *published papers* para sa mga kaugnay na mga literatura at pag-aaral para sa paghahanda ng dokumentong ito. Ang lahat ng *AI generated* na aking nahanap ay aking sinuri, enedit, at pinagtibay upang matiyak ang katumpakan, at pagiging angkop nito sa layunin ng pag-aaral. Ang lahat ng impormasyon, at ang mga kaukulang sanggunian ay kinikilala ng wasto. Ako ay may pananagutan sa nilalaman, pagsusuri, konklusyon, at anumang pagkakamaling maaaring matagpuan sa artikulong ito.

6. Sanggunian

- Almario, V. S. (2009). *Filipino ng mga Filipino: Mga problema sa ispelang, retorika, at pagpapayaman ng wika*. Anvil Publishing.
- Battaler, R. T. (2016). *Math activated: Engage yourself and our world. Statistics and Probability*. Makati, City: Don Bosco Press.
- Bartolome, R (2021). *Kasanayan sa paggbasa ng mga mag-aaral ng Senior High Schoosa Distrito ng Jones at San Agustin*. Isabela Research Gate Publications.
- Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (4th ed.). SAGE Publications.
- Delos Reyes, G. V. (2022). *Instructional Technology Delivery Mode, Teaching Effectiveness and students*

- satisfaction: Inputs to Industrial Program Enhancement*. Academic Research Review.
- Department of Education. (2019). *K to 12 basic education curriculum guide*. Department of Education.
<https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2022). *Basic education development plan 2030*. Department of Education.
<https://www.deped.gov.ph>
- Lumbrera, B. L. (2003). *Pilipino sa Pilipino: Mga piling sanaysay*. University of the Philippines Press.
- Philippine Statistics Authority. (2020). *Philippine social statistics on education*. Philippine Statistics Authority.
<https://psa.gov.ph>
- Pimentel, J. L. (2019, April). Some Biases in Likert Scaling Usage and its Correction. *International Journal of Sciences: Basic and Applied Research (IJSBAR)*, 45(1), 183-191.
- UNESCO. (2017). *Education for sustainable development goals: Learning objectives*. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. <https://unesco.org>
- UNESCO. (2021). *Reimagining our futures together: A new social contract for education*. UNESCO Publishing.
<https://unesco.org>
- World Bank. (2018). *The Philippine education system and learning outcomes assessment*. World Bank Group.
<https://worldbank.org>
- Zumarraga National High School. (2024). *School improvement plan and academic performance report*.
Zumarraga National High School.

Panadlihan sa kasal ng mga Waray: Isang foklorik na pag-aaral

Amat, Aldwin ✉

Leyte Normal University, Philippines (aldwinamat777@gmail.com)

Received: 20 May 2026

Available Online: 8 June 2026

Revised: 2 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26221

Accepted: 7 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aimed to document the beliefs and customs of the Waray people regarding wedding celebrations. A descriptive research design was employed to describe and analyze the prevailing beliefs within the community. Data were gathered through a semi-structured questionnaire that elicited participants' knowledge and experiences concerning wedding traditions. The findings revealed that Waray culture is rich in customs and beliefs related to marriage and wedding celebrations. These traditions begin during the courtship stage, particularly with the formal visit of the man to the woman's family to seek the parents' permission and blessing. Various beliefs that are thought to influence the couple's married life were also identified. These include the prohibition against trying on the wedding attire before the wedding day, the throwing of the bridal bouquet, the performance of *ado* (a traditional wedding dance), and the preparation of live animals as symbols of prosperity. The study further found that serving chicken and octopus during wedding celebrations is avoided because these are associated with beliefs that may bring misfortune to the married couple. Moreover, unique Waray wedding-related beliefs were identified during the *panunuluyan*, such as *pangungurukay* (the crowing of a rooster) and the offering of money and rice as symbols of a prosperous and stable married life. The documentation and study of these beliefs contribute to the enrichment and preservation of Waray cultural traditions. Furthermore, the findings serve as a valuable contribution to local literature and to the broader understanding of the rich culture and perspectives of the Waray people regarding marriage and family life.

Keywords: Panadlihan, wedding traditions, marriage customs, cultural heritage, local literature

Panadlihan sa kasal ng mga Waray: Isang folklorik na pag-aaral

1. Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na maidokumento ang mga paniniwala at kaugalian ng mga Waray sa pagdiriwang ng kasal. Gumamit ng disenyong deskriptibo upang mailarawan at masuri ang mga umiiral na paniniwala sa komunidad. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang semi-structured na talatanungan sa paglikom ng kanilang kaalaman at karanasan hinggil sa mga tradisyon ng kasal. Lumabas sa pag-aaral na mayaman ang kulturang Waray pagdating sa pag-aasawa at pagdiriwang ng kasal. Natukoy na nagsisimula ang mga kaugalian sa yugto pa lamang ng panliligaw at pamimisita ng lalaki sa tahanan ng babae bilang pormal na paghingi ng pahintulot at basbas ng mga magulang. Kasunod nito ay ang iba't ibang paniniwalang nakaaapekto sa magiging buhay-mag-asawa. Kabilang dito ang pagbabawal sa pagsukat ng damit-pangkasal bago ang araw ng kasal, paghahagis ng bulaklak, *pag-ado* o pagsayaw, at paghahanda ng buhay na hayop bilang simbolo ng kasaganaan. Natukoy rin na iniwasan ang paghahanda ng manok at posit sapagkat may kaugnayan ito sa mga paniniwalang maaaring magdulot ng hindi kanais-nais na kapalaran sa mag-asawa. Bukod dito, lumitaw ang mga natatanging paniniwala sa panunuluyan ng mga Waray, gaya ng *pangungurukay* o panawag ng manok, at ang pag-aalay ng pera at bigas bilang sagisag ng masagana at matatag na pagsasama. Ang dokumentasyon at pag-aaral sa mga paniniwalang ito ay makatutulong sa pagpapayaman at preserbasyon ng mga paniniwalang Waray. Higit pa rito, nagsisilbi itong mahalagang ambag sa panitikang lokal at sa pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa mayamang kultura, at pananaw ng mga Waray tungkol sa pag-aasawa at buhay pampamilya.

Susing salita: Panadlihan, tradisyon sa kasal, kaugalian sa pag-aasawa, pamanang kultural, panitikang lokal

2. Introduksiyon

Sa Pilipinas ang kasal ay isang makabuluhang pangyayari sa buhay ng mga Pilipino hindi lamang isang sagradong pag-iisang dibdib kundi isang ritwal na mayaman sa paniniwala at kaugalian. Sa konteksto ng mga Waray, ang kasal ay hindi lamang basta personal na usapin kundi isang mahalagang pangyayari na kumakatawan sa ugnayan ng pamilya, komunidad at pananampalatayang espirtuwal. Pinaghahandaan ang mahalagang pangyayari ng pag-iisang dibdib ng magkasintahan. Sa gabay ng kani-kanilang magulang at kamag-anak ay may mga pamahiing sinusunod ang mga ito. Bilang paghahanda sa pagpapamilya, pangunahing dahilan sa pagyakap sa pagsunod ng mga pamahaiing ito ay ang pananalig na maging masaya, mabiyaya at masaganang pamumuhay ang mag-asawa. Hindi mapapasubalin ang pagsunod sa mga pamahiing ito lalo na sa ganitong mahalagang okasyon sa buhay. Ayon pa kay Orito (2015) na na malaki ang nagawang impluwensiya ng mga pamahiin sa usaping kultura, buhay, kabiguan, tagumpay, kalungkutan at kaligayahan ng mga Pilipino. Ang paniniwala sa mga pamahiin ay naging panuntunan sa pang-araw-araw na buhay ng ibang tao, pati na rin ang pagiging babala nito sa bawat gawain, plano, o hangarin nila sa buhay. Ang mga pamahiing ito ay bahagi na ng kulturang `di materyal. Ayon kay Kottak (2009) ang kultura ay pagkakakilanlan ng sangkatauhan, tumutukoy ito sa karaniwang kaugalian, paniniwala na naipapasa-pasa sa pamamagitan ng enculturation o prosesong sosyal na kung saan ang kultura ay natutuhan at naililipat sa susunod na henerasyon. May dalawang uri ng kultura. Ang materyal at di-materyal na kultura. Binubuo ng materyal na kultura ang mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal. Nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain. Samantala, ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura (Delmirin, 2012). Sa mga pamahiin ng mga Waray na sinasabing bahagi ng kulturang `di materyal. Binanggit ni Siogo (2015) na ang iba't ibang paniniwala sa kasabihan at pamahiin ay bahagi na ng ating kulturang Filipino at ito ay naiimpluwensyahan ng mga nagaganap sa ating paligid o kaya naman sa mga bagay nagbibigay-takot o kababalaghan sa mga tao. Dagdag ni Jovina (2013), ang mga sinaunang Pilipino ay tulad ng mga tao sa ibang bansa na may paniniwalaan ding mga pamahiin na karaniwang gabay nila sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa panahong pre-kolonyal, mataas ang pagpapahalaga sa kababaihan na makikita sa kaugalian ng pagbibigay ng dote at iba pang handog ng lalaki at kanyang pamilya sa pamilya ng babae. Ayon sa mga tala nina de Morga (1609), Colin (1663), Pérez (1680), at Martínez de Zuñiga (1803), gaya ng sinipi sa pag-aaral ni Habana (2014), mataas ang pagpapahalaga sa kababaihan noong panahong pre-kolonyal na makikita sa kaugalian ng pagbibigay ng dote at iba pang handog ng lalaki at kanyang pamilya sa pamilya ng babae. Kabilang dito ang **bigay-kaya** (mismong dote), **panhimuyat** (bayad sa ina para sa puyat at pagpapasuso), **sambon** o **sohol** (handog sa mga kamag-anak ng babae), at **bigay-suso** (bayad para sa gatas ng ina). Bahagi rin ng tradisyon ang **paninilbihan**, kung saan naglilingkod ang lalaki sa pamilya ng babae bilang patunay ng kanyang kakayahang suportahan ang magiging asawa at pamilya. Sa araw ng kasal ay babaylan ang namumuno sa tatlong araw na seremonya na kinapapalooban ng pagbibigay ng basbas, paghahagis ng bigas, at dugoang kasunduan kung saan pinagsasama ang dugo ng mag-asawa bilang tanda ng pagkakaisa. Itinatili rin ang kanilang mga kamay at leeg bilang simbolo ng pagiging iisa, na sinusundan ng handaan at seremonyal na pagpapasa ng babae sa kanyang asawa sa huling araw (Pre-Hispanic Marriage Customs, n.d).

Naging bahagi na sa mga Katagalugan ang mataas na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pag-aasawa nabatid sa aklat ni Sauco (1997) na ang pamanhikan ay may tatlong bahagi: bulong, kayari at dulog. Sa bahaging bulong ang mga tagapagsalita ng binata ay magtutungo sa bahay ng dalaga. Sila'y may dalang mga regalo at sa pamamagitan ng mga pagtula at pag-awit ay ipababatid nila ang malinis na hangarin ng binata. Matabos ang bulong ay maninilbihan ang binata sa dalaga. Isinasagawa nito sa pamamagitan ng panunuyo. Sa loob ng takdang panahon, pinaglilingkuran ng binate ang dalaga sa pamamagitan ng pagsisibak ng kahoy, pag-iigib ng tubig at pagtulong sa iba pang gawain ng pamilya nito. Matapos ang panilbihan ay isusunod ang kayari ng pamanhikan. Sa bahaging ito isasama ng binata ang kanyang mga magulang upang hingging ang kamay ng dalaga. Aanyayahan ang magulang, manunuluyan at kasama ang handaan. Kasunod nito ay ang dulog, sa bahaging ito itatakda ang araw at oras ng pag-iisang dibdib. Pag-uusapan dito ang naman ang handaan, kakataying baka at baboy ang sayawan at awitan hanggang mangyari ang araw ng kasal.

Sa paglipas ng panahon, ang pamanhikan ay naging kaugalian ng mga Pilipino. Kapag napagkasunduan ng magkasintahan ang pag-aasawa, isinasagawa ng lalaki ang tradisyon ng pamamanhikan—na literal ay nangangahulugang pag-akyat sa hagdanang bahay ng kanyang iniibig (Garcia, 2020). Subalit habang nagbabago ang lipunan, unti-unti na rin nagbabago ang anyo ng panliligagaw. Sa kasalukuyan, malayo na ang modernong panliligaw kumpara sa nakagisnang pamamaraan, sapagkat maaari na itong maganap nang walang pisikal na pagkikita, gaya ng virtual dating, online chatting, pagpapadala ng mga text message, pakikipag-usap sa telepono, at instant messaging (Lumen Learning, n.d.).

Bagaman nagbibigay ito ng kaginhawahan at mas mabilis na komunikasyon, nagiging banta naman ito sa unti-unting pagkalusaw ng mga pagpapahalagang Pilipino, lalo na sa hanay ng kabataan. Sa ganitong konteksto, mahalagang pag-aralan ang pagbabagong ito sa kultura ng panliligaw at pag-aasawa sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa kung paano naaapektuhan ng makabagong teknolohiya at globalisasyon ang pagpapahalaga, pananaw, at gawi ng mga Pilipino sa pagbuo ng ugnayan at relasyon. Sa mayamang Paniniwala kaugnay sa kasal ng mga Waray, mahalagang maidokumento ang mga ito upang mapagyman ang panitikang lokal. Sa pag-aaral na ito ay tumutugon ang sa mandato ng Batas Republika Blg. 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009, na naglalayong itaguyod, pangalagaan, at payabungin ang pambansang pamana ng Pilipinas, kabilang ang intangible cultural heritage gaya ng mga tradisyon, ritwal, at paniniwala. Gayundin, kaakibat nito ang Batas Republika Blg. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, na nagbibigay-diin sa integrasyon ng lokal at pambansang kultura sa kurikulum upang mapalalim ang pagkakakilanlan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang pamanang kultural. Sa mas malawak na perspektiba, layon ng pananaliksik na magbigay ng kamalayan sa susunod na henerasyon hinggil sa kahalagahan ng mga tradisyong ito, upang mapanatili ang koneksyon sa nakaraan habang nakikibagay sa kasalukuyan.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na malikom, maitala, at g masuri ang mga pamahiin kaugnay sa kasal, partikular sa konteksto ng kulturang Waray. Kasunod nito ay ang pagsusuri sa mga

pagpapahalagang kultural, nakapaloob sa mga pamahiing ito.

Metodolohiya ng Pag-aaral - Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong kuwalitatibong disenyo upang mailarawan ang mga pamahiin sa kasal ng mga Waray ayon sa karanasan ng mga kalahok. Ayon kay Creswell (2012), ang disenyo ng ito ay nakatuon sa pangangalap ng datos mula sa maliit na bilang ng kalahok upang maunawaan ang kanilang saloobin at karanasan. Isinagawa ang pag-aaral sa isang lungsod na sentro ng Leyte at Samar, sapagkat ito'y nagsilbing tagpuan ng mga Waray na nagmula sa iba-ibang bayan ng lalawigan ng ito. Sa kabila ng urbanisasyon, ay natatangi ang lugar na ito sapagkat mayaman ang mga ito sa mga pamahiin. Pinagbatayan sa pagpili ng lokal na pag-aaral ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa paglinang ng panitikang Pilipino gaya ng (a.) liblib na lugar (b.) matataong pook na mayaman sa pamahiin (c.) makasaysayang pook.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok na may sapat na kaalaman sa paksa, kabilang ang mga (a) nasa edad 55 pataas, (b) ikinasal sa simbahan, at (c) may kagustuhang makibahagi sa panayam. Ang instrumentong ginamit ay semi-structured interview guide batay sa "Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Sentro at Kultura (SWAK)" na sinuri ng mga eksperto bago gamitin. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang Colaizzi's 7 Steps of Data Analysis (1978) upang matukoy at maipangkat ang mahahalagang pahayag tungo sa pagbuo ng mga temang naglalarawan sa mga pamahiin bago, habang, at pagkatapos ng kasal. Isinagawa ang pananaliksik nang may pagsasaalang-alang sa etikal na konsiderasyon, kabilang ang pagkuha ng pahintulot ng mga kalahok, pagtitiyak sa kanilang anonimiti at kumpidensyalidad, at pagsiguro na walang pisikal, emosyonal, o sikolohikal na pinsalang maidudulot ang pag-aaral.

3. Resulta ng Pag-aaral

3.1 Sa araw ng Pamamihikan

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ay nabatid na may tatlong bahagi ang paniniwala pag-aasawa at ito ay sa pamalai, seremonya ng kasal: bago, habang at pagkatapos ng kasal at sa panunuluyan. Sa bahaging pamalai, naitala dito ang mga pagkaing dapat ihanda sa araw ng pamamihikan. Sa kanayunan ay malalim ang paniniwala ng matatanda sa bulong na ito at may mga bagay na iniwasan upang hindi malihian ang katangian ng bagay sa pagsasama ng mag-asawa. Mahigpit na sinusunod ang mga inihandang pagkain mula pamamalai hanggang sa araw ng kasal. Sa pagkain, ay karaniwang iniuuganay ang itsura at katangian ng pagkaing inihahanda sa magiging kalagayan ng mag-asawa sa hinaharap, tulad na lamang sa binanggit ni K1 na:

"Ha pangasawa, dire puydi magluto hin pusit an lalake kay maglulubad- lubad iton iya batasan."
[Sa pamamihikan, bawal maghanda ng pusit ang lalaki dahil magpapabagu-bago ang ugali nito.]

May pagkakatulad naman ang paniniwalang ito kaugnay sa inihandang pagkain na manok sa araw ng kasal, binanggit ni K2 na:

"Ha pamalayi, dire puydi mag-arog hin manok bisan pato basta may pakó, kay madagmit it iyo pagbulag." [Sa pamamihikan, bawal maghain ng manok, pato o kahit na anong may pakpak, dahil magiging madali ang kanilang paghihiwalay]

Ayon sa tinuran ng kalahok, ang paghahain ng pusit sa pamamihikan ay naihalintulad sa magiging kalagayan ng mag-asawa sa hinaharap, kung saan maaaring magbago-bago ang ugali ng isa sa kanila, katulad ng pabagu-bagong kulay ng pusit. May pagkakatulad naman ito sa paniniwala hinggil sa paghahain ng manok sa araw ng pamamihikan. Sa paglalahad ni K2, ipinapalagay na ang paghahain ng mga ganitong uri ng pagkain ay sumasagisag sa posibilidad ng mabilis na paghihiwalay ng mag-asawa, tulad ng mabilis na paglipad ng mga hayop na may pakpak.

Sa mga liblib na pook, mas pinipili ng matatanda ang paghahanda ng buhay na hayop na kakatayin sa mismong araw ng kasal kaysa maghain ng hilaw na karne. Naniniwala sila na ang ganitong gawain ay nagdadala ng mas

mabuting kapalaran at sumasagisag sa kasariwaan at kasiglahan ng buhay na nanaisin para sa bagong mag-asawa. Ayon sa matatanda, ang buhay na hayop ay tanda ng kasiglahan, at tunay na pagsasama, samantalang ang hilaw na karne ay itinuturing na may negatibong kahulugan, sapagkat ito ay kaugnay ng kamatayan at kapahamakan. Mababatid ito sa binanggit ni K3 na:

“Ha pamamalagi, diri puydi magdara hin hilaw nga karne an lalaki kay bangin dida hit ira paglungon makasabot nala an kag-anak han lalaki o babaye nga patay na an ira anak. Kinahanglan buhi an iuulpot ha balay han babaye, basi mapamatud-an nga tinuod nga nahigugugma an lalaki ha ira [Sa pamamanhikan, bawal magdala ng anumang hilaw na karne dahil kapag magsama na sila ay malalaman na lang ng mga magulang ng babae na patay na ang kanilang anak. Kailangan buhay pa ang dadalhin sa bahay ng babae upang masabi na tunay ang pagmamahal niya sa kanilang anak.]

Sa paniniwalang ito, ang paghahain ng karne ay sumasagisag sa kamatayan at maaaring magbunsod ng kapahamakan, gaya ng pagkamatay ng isa sa mag-asawa sa oras na magkaroon sila ng hindi pagkakaunawaan. Dahil dito ay maring ipinapayo na ang ihahandang pagkain ay dapat mula sa buhay na hayop na kakatayin sa mismong araw ng pagtitipon, upang sa ganitong paraan ay masabi na tunay at wagas ang pagmamahalan ng mag-asawa. Ang paniniwalang ito ay nagdadala ng malalim na ugnayan ng dalawang pamilya at sa pag-aasam ng matatag at masaganang pagsasama

3.2 Bago ang Kasal

Sa bahaging ito ay may mga gawi na iniwasan ang matatandang Waray bago ang kasal sa paniniwalang maaari itong magdulot ng panganib sa okasyon ng kasal at maging sa magiging kapalaran ng mag-asawa. Batay sa nakalap na datos ay palasak pa rin ang paniniwala kaugnay sa pagsukat ng damit na isusuot sa araw ng kasal. Ayon kay kalahok 1 na:

“Dire puydi isukol han karaslon an bado nga isurul-ot han kasal kay dire ini madadayon an ira kasal. [Bawal isukat ang damit na isusuot sa kasal dahil hindi matutuloy ang kanilang kasal.]

Ang pamahiing ito ay nakaugat sa paniniwalang ang pagsukat ng damit bago ang kasal ay magdadala ng “pagkaubol” terminong lokal na nangangahulugang pagkaudlot at hindi matuloy ang kasal. Ang pagsukat ng damit ay itinuturing na pagsasapanganib sa mismong okasyon sapagkat inuuna ang bagay na hindi dapat muna mangyari. Madalas tinutukoy ang panganib sa disgrasya sa daan papuntang simbahan o anumang peligro na maaari ikapahamak ng magsing-irog. Sa paniniwalang Pilipino, ang mga bagay na naunang gawin bago ang itinakdang panahon ay nagiging daan sa malas o kapahamakan. Nabanggit ito sa pag-aaral nina Galdonez D.P (2022) kaugnay sa mga pamahiin sa isang S and T na komunidad: Sipat-siyasat sa karanasan ng mga mag-aaral sa isang science high school. Lumabas na 27 citation frequency ng S&T students ang paniniwala rito.

Binanggit din ito ni Garcia. Ang karaniwang paniniwalang ito ay mahigpit na sinusunod ng maraming Pilipino. Binanggit din sa pag-aaral ni Cundangan (2020) na ang pagsukat ng damit na isusuot sa kasal ang madadala ng malas, Kaugnay rin sa pagsusuot ng belo ng babaeng ikakasal ay isang napakapopular na kaugalian sa buong mundo. Gayunpaman, sa Pilipinas, ang naturang tradisyon ay may nakapaloob na pamahiin. Paniniwalaan ng mga Pilipino na mahalagang isuot ng ikakasal ang belo upang maitago siya mula sa masasamang espiritu na maaaring mainggit sa kanyang kaligayahan (17 Filipino Wedding Superstitions You Should Know, 2022).

Sa maraming kulturang Pilipino, may paniwala na ang mga bagay na nauuna o ginagampanan bago ang takdang panahon ay nagbubukas ng pinto para sa malas o kapahamakan. Sa kaso ng kasal, mahalaga ang bawat ritwal at simbolo; ang damit ay hindi lamang kasuotan kundi tanda ng bagong yugto ng buhay, kaya’t pinoprotektahan ito laban sa anumang negatibong impluwensya bago ang mismong araw. Paniniwalaan din ng mga matatanda ang gawi sa hindi pagsasamang matulog ng magkasintahan bago ang kasal, hindi pagkikita, at pamamasyal Nabanggit ni K2 na:

“Kun kakaslon pala, kinahanglan magbulag hin pagkaturog. Pagkabuwas na kamo magkikita ha simbahan, para ngada hiton iyo pagbulag in ha simbahan liwat matatapos.” [Kapag ikakasal pa lang ay kailangang magkahiwalay sa pagtulog. Sa simbahan na mismo sa araw ng kasal sila magkikita nang sa ganoon ay sa simbahan din magtatapos ang kanilang pagsasama.]

Samantala sa hindi pagkikita bago ikasal ang magkasintahan ay binanggit ito nina K1 at K3 na:

“Bago ang kasal in dire puwede anay magkita an mag-uyab Kay damo la an mahitabo.” [Bago ang kasal ay hindi muna pwede magkita ang magkasintahan kasi marami ang maaaring mangyari.]

“Dire puydi maglinakat an karaslon kay may-ada hini mahinanabo nga remalaso ha ira” [Hindi puwedeng umalis ng bahay ang ikakasal dahil may masamang mangyayari sa kanila

Sa paliwanag ng matatanda ang na pagtulog nang magkahiwalay ay tumutukoy sa kalinisan ang hindi pagsunod nito ay maaaring mauwi sa hiwalayan sa paniniwalang ang pagsasama ay itinuturing na sagradong yugto ng magkasintahan. Ang paniniwalang sa simbahan na silang magkikita at sa simbahan din matatapos ang kanilang pagsasama ay tanda na ang kanilang pagsasama ay magsisimula sa harap ng Diyos at magtatapos hanggang sa kamatayan. Lumabas sa pag-aaral nina Galdonez P. et. Al (2022) na 43 beses binanggit ang paniniwalang ito ng mga mag-aaral ng S&T. Nagpapatunay lamang na kahit ang mga mag-aaral na Gen Z mula sa kinikilalang paaralan ng Pilipinas ay ay mahigpit naniniwala nito. Nabanggit din ito sa pag-aaral nin Borong N. (2024) na sa ilang bahagi ng Katimugang Leyte ay iniwasan din na magkita ang magkasintahan bago ang kasal. Nabanggit din ito ni kalahok 2 na:

“Bago ang kasal in dire puwede anay magkita an mag-uyab Kay damo la an mahitabo.” [Bago ang kasal ay hindi muna pwede magkita ang magkasintahan kasi marami ang maaaring mangyari.

Sang-ayon ang matatandang Waray sa paniniwalang ito hinggil sa kalinisan at antisipasyon bago ang kasal. Ang kalinisan ay tumutukoy sa hindi lamang pisikal kundi sa moral at espirituwal na kalinisan ng magkasintahan, samantalang ang antisipasyon ay pagpapanatili ng pananabik at pagpapahalaga sa okasyon. Sa pamamagitan ng pansamantalang paghihiwalay, pinoprotektahan ang kabanalan ng kasal at binibigyang-diin na ito ay isang sagradong yugto na magsisimula lamang sa mismong seremonya. Ang paniniwala kaugnay sa pagiging sagrado ay nabatid sa konsepto ng mga Badjao. Ang paniniwalang ito ay nag-ugat pa sa mga etnikong grupo ng Pilipinas nabanggit ni Soles, J. (2022) sa kanyang pag-aaral na Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay na malaking ang pagpapahalaga ng mga Badjao sa kanilang kababaihan lalong-lalo na kapag nasa panliligaw at pag-aasawa. Mataas ang pagtingin nila sa kadalisan ng isang babae bago ito ikasal. Kagaya sa paniniwalang bawal hawakan ng lalaki ang isang babae hangat hindi pa sila kasal. Kapag hindi ito masunod ay nagpapakita ito ng kabastusan o di paggalang ng lalaki sa babae.

Ang ganitong uri ng paniniwala ay nagpapakita na sa kabila ng modernisasyon, may matibay na panlipunan at kultural na paninindigan hinggil sa mga hangganan at paggalang sa relasyon bago ang kasal. Itinuturing ito ritwal na paghahanda sa magkasintahan mula sa pagiging makarelasyon tungo sa pagsasama. Pinapanatili nito ang malinaw na hangganan sa pagitan ng dalawang yugto ng kanilang buhay, at sa parehong pagkakataon, pinatitibay ang pananaw na ang kasal ay hindi lamang isang kontrata, kundi isang banal at di-matutumbasang tipan sa harap ng Diyos at ng komunidad.

3.3 Sa araw ng Kasal

Sa mga paniniwalang nakapaloob sa pamahiin kaugnay sa kasal, lumilitaw na tatlo sa apat ay umiikot sa konseptong dominasyon at ang epekto nito sa relasyon. Sa unang paniniwala, ang pag-apak sa paa ng isa sa mga ikinakasal ay nagpapahiwatig kung sino ang magiging dominante at posibleng mang-aabuso sa relasyon. Nabanggit ito ni K4 na:

“Dida han kasal, dire puydi matamakan an tiil han iginkakasal, kay usa ha ira an mag-aamong-

among. Pananglit matamakan an tiil han babaye, hiya in pag-aamong-amongan han iya bana, ngan kun babaye naman an makatamak, pag-aamong-amongan niya han iya bana.” [Sa araw ng kasal ay bawal maapakan ang paa ng isa sa mga ikinakasal, dahil isa sa kanila ang magiging dominante. Sakaling maapakan ang paa ng babae, mamaltratuhin siya ng lalaki, at kapag babae naman ang makaapak, mamaltratuhin niya ang kanyang bana.]

Ang pag-apak sa paa ng isa sa mga ikakasal ay malinaw na palatandaan ng dominasyon sa loob ng pagsasama. Kaugnay nito, naniniwala rin ang mga kalahok na:

“Dida han kasal, dire puydi magduon ha sugbong han babaye, kay pag- aamong-amongan hiya hiton iya bana.” [Sa araw ng kasal, bawal madiinan sa balikat ang babae, dahil siya ay mamaltratuhin ng kanyang bana]

Sa paniniwala ng mga kalahok na ang ganitong kilos ng pag-apak sa paa o pagdiin sa balikat ay sumasagisag sa mababang pagtingin ng isa ssa kanila may posibilidad na mauwi ito sa pisikal o emosyonal na pagmamaltrato. Pinaniniwalaan din ng mga kalahok na kapag naganap ang mga ito sa loob ng simbahan, ito ay may kasamang sumpa o masamang pahiwatig para sa kanilang relasyon. Samantala kung hindi sinasadya ang pag-apak o pagdiin sa balikat ay maaaring mauwi ito sa pagkabalo. Marahil dito nag-ugat ang kaugalian na kailangang maglakad nang marahan at magkasabay ang ikinakasal sa kanilang pagpasok sa loob ng simbahan. Bukod sa tanda ito ng pagkakaisa ito rin ay pahiwatig sa bagong yugto ng buhay, ito rin ay nakaugat sa paniniwalang sa simbahan din sila muling magtatagpo sa oras ng kanilang kamatayan—isang siklong espirituwal na mag-uugnay sa kanila mula kasal hanggang libing. Nabanggit ito nina kalahok 1 at 2 na:

“Kinahanglan magdungan pagsulod an mag-asawa ha simbahan para ha simbahan liwat hira magtatapo hit ira kamatay.” [Kinakailangan magkasabay silang pumasok sa simbahan para sa simbahan din magtatapos ang kanilang pagsasama.

Sa pananaw ng matatanda, kung sabay silang papasok sa simbahan upang ipagdiwang ang simula ng kanilang buhay bilang mag-asawa, nararapat lamang na sa simbahan din magtatapos ang kanilang pagsasama-hindi sa paghihiwalay kundi sa tanging kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa kanila katulad sa tinuran ng Panginoon na sa Mateo 19:16 na *“Kaya’t hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.”* Sa pahayag na ito naging sandigan ng mga Kristiyano na ang kasal ay banal at hindi dapat paghiwalayin ng tao. Maaaring iugnay ito sa paniniwala ng mga kalahok na:

“Dire pwede maglingi-lingi an usa ha ira kay may-ada pa niya ini ginbibiling ha nakalabay.”
[Bawal magpalingon-lingon ang isa sa mga ikakasal dahil nagpapahiwatig ito na hinahanap-hanap pa siya sa nakaraan.]

Sa salaysay ng matatanda na ang magpalingon-lingon ay tanda na hindi pa siya handa sa pag-aasawa. Hinahanap-hanap pa niya ang buhay binata at dalaga. Ang pagpapakahulugan ng mga kalahok ay hinahanap-hanap pa ng isa sa kanila ang kanyang nakaraan, na maaaring magdulot ng mga isyu sa kawalan ng katapatan at tiwala ng pagsasama sapagkat ipinapakita nito na ang isa sa mag-asawa ay maaaring may emosyonal o pangkaisipang ugnayan sa nakaraang yugto ng kanyang buhay. Dahil dito, ang pagpalingon-lingon ay itinuturing na kilos na dapat iwasan upang mapanatili ang tiwala, katapatan, at matatag na pundasyon ng pagsasama.

3.4 Pagkatapos ng Kasal

Makikita sa mga pamahiin ng mga Waray hinggil sa kasal ang malalim na pagpapahalaga sa pagkakaisa, kasaganaan, at katiwasayan ng pagsasama ng mag-asawa. Binanggit ni Kalahok 2 na:

“Kinahanglan an magtiayon nga ginkasal in magdungan paggawas ha simbahan. Dire puydi matamakan an usa ha ira, kay maabot an takna nga an nakatamak han tiil, amo an mag-aamong-among han iya asawa o bana. [Kailangang magkasabay na lalabas sa simbahan ang bagong kasal

at bawal maapakan ang paa ng isa sa kanila, dahil aabot sa punto na kung sino ang nakaapak, ang siyang magmamaltrato sa kanyang asawa o bana.]

Batay sa pahayag ni Kalahok 2 ang paniniwalang pagsabay pumasok sa simbahan ng magkasintahang ikakasal ay nagpapahiwatig ng pagkakapantay-pantay at walang dominasyon na ang ibig sabihin ay walang mamaltratuhan, ito rin ay tanda ng paggalang sa panig ng mag-asawa, walang nakatataas at nakabababa sa pagtaguyod ng kanilang pamilya. Binanggit ito sa pag-aaral nina Mindanao (2022), sa kanilang pag-aaral na *Explaining the Wedding Superstitions in the Philippines: Interpreting a Bygone Traditions* na sa paghahakbang patungong altar ang `di inaasahang pagkaapak sa paa ng magkasintahan ay nagpapakita ng higit na nakalalamang sa pagsasama ng mag-asawa.

Iniuugnay din ng matatanda ang+- hindi sabay-sabay na paghahakbang ng bagong kasal sa kanilang paglabas ng simbahan sa malas at peligro na maaaring humantong sa pagkakasakit o maging sanhi pa ng kamatayan. Mababatid na ang pamahiing ito ay nakasentro sa pananalig sa proteksyon laban sa kapahamakan. Binanggit ni Kalahok 3 na:

“Kun dudrunan an ginkakasal, kinahanglan dida ha paggawas ha simbahan, dire kamo magpauru-urhi, kay magmamasakitnon o mababálo an usa ha iyo.” [Kapag sabay-sabay ang ikinakasal, kailangang hindi kayo magpapahuli sa paglabas sa simbahan, dahil magiging sakitin o mababalo ang isa sa kanila.]

Sa pananaw na ito, makikita ang isang karaniwang panlipunang mekanismo na nagsisilbing paalala hinggil sa magkatuwang na paglalakbay ng mag-asawa sa buhay. Sa pag-aaral ni Borong (2024), kanyang nalikom ang iba’t ibang pamahiin sa kasal sa ilang bayan ng Katimugang Leyte, partikular yaong may kinalaman sa pagsabay ng mag-asawa sa pagsakay patungong simbahan, paghahakbang patungong altar, at sabayang pagluhod at pagtayo sa seremonya ng kasal. Nabatid sa mga pamahiing ito na ang mga paniniwalang kaugnay sa sabayang pagkilos ng mag-asawa ay kalakip ng mga babala hinggil sa posibleng kapahamakan, gaya ng disgrasya, o kaya nama’y dominasyon ng isa sa kanilang pagsasama. Sa vlog ni Tulio (2023), ipinapakita na ang hindi sabayang pagtayo ng ikinasal sa seremonya ng kasal ay iniuugnay sa paniniwalang ang unang tatayo ay siyang unang mamamatay. Kaugnay nito, makikitang ang mga pamahiin hinggil sa sabayang kilos ng mag-asawa, tulad ng paglabas sa simbahan, ay binibigyang-kahulugan bilang babala laban sa malas at peligro na maaaring mauwi sa pagkakasakit o kamatayan. Ang pamahiin na dapat sabay na kumilos ang mag-asawa sa kasal ay kaakibat ng paniniwala sa sukob—ang ideya na malas kung may dalawang kasal sa loob ng iisang taon sa pamilya. Karaniwang ipinagbabawal na magpakasal ang magkapatid o anak kasabay ng muling pagpapakasal ng magulang sapagkat mahahati ang swerte at kasaganaan. Binanggit nina Cuartero (2022) at Segovia (2021) na malas para sa magkapatid na babae ang magpakasal sa parehong taon, habang ayon sa Stellaire Philippines (n.d.), may iba’t ibang anyo ng sukob gaya ng kasabay na vows renewal ng magulang o pagpapakasal matapos ang kamatayan ng kapamilya. Sa kabuuan, nagsisilbing paalala ang mga paniniwalang ito upang iwasan ang inaasahang kapahamakan at mapanatili ang maayos na pagsasama.

Inilahad din ng mga kalahok ang malalim na dahilan kaugnay sa pamahiing palingon-lingon hanggang sa makarating sa kanilang tutuluyan tanda ito ng pag-aatubili o hindi buo ang loob sa pagpapakasal ng mag-asawa na maaaring maging sanhi sa `di pagkakaunawaan hanggang mauwi sa hiwalayan. Binanggit ito ni kalahok 1 na:

“Paghigawas ha simbahan an kinasal, dire gud puydi magliningi-lingi hangtod dire hira makaupot ha ira panimalay, kay kun maglingi-lingi an usa ha ira, amo an magigin hinungdan han ira pagkawurok, ngan mag-iinaway ngadto ha kahasta, ngan ha kauruurhian magin hinungdan han ira pagbulag.” [Pagkalabas agad sa simbahan ng bagong kasal, bawal silang lumigon-lingon hanggang sa makarating sila sa kanilang tutuluyan dahil kung ang isa sa kanila ang magpalingon-lingon, magiging dahilan ito ng kanilang pagkalito, mag-away-away sila hanggang sa mauwi ito sa hiwalayan]

Ang pamahiing ito ay nagsisilbing paalala ng matatanda sa mag-asawa na manatiling nakatuon sa kanilang kinabukasan, hindi sa nakaraan, upang mapanatili ang pagkakaisa at tibay ng relasyon. Ang pahayag ng matatanda ay mauugnay sa lenteng sikolohikal sa konsepto ng rosy retrospection na kung saan ang mga tao ay may tendensiyang alalahanin ang nakaraan nang mas maganda kaysa sa aktwal na karanasan (Gilovich, 2021). Sa kontekstong ito, ang paulit-ulit na paglingon-lingon ay maaaring tanda ng labis na pagkakabit sa nakaraan—isang bagay na maaaring magdulot ng maling idealismo, pagkukumpara, o pagkadismaya kapag hindi natugunan ng kasalukuyan ang alaala.

Samantala, nananatiling popular ang pamahiin na kung sino man ang makasalo sa bulaklak na inihagis ng babaeng ikinasal at siyang susunod na ikakasala. Ayon kay kalahok 1 na:

“An bukad nga iiitsa han babaye nga kinasal kun hin-o man an makasalo hini, amo an masunod nga kakaslon.” [Kung sinuman ang makasasalo sa bulaklak na inihagis ng babaeng ikinasal, siyang susunod na ikakasal.]

Ang paniniwalang ito ay isang uri ng divinatory practice na nagmumula sa paniniwala sa kapalaran at sa paglilipat ng suwerte mula sa bagong kasal patungo sa susunod na ikakasal. Ang paniniwalang ito ay nag-ugat sa tradisyong ng tossing the bouquet ay nagmula pa sa sinaunang Inglatera. Noon, ang mga bulaklak na ginagamit ay gawa sa mga halamang may pinaniniwalaang kapangyarihang mistikal na sumisimbolo ng fertility, pagpapala, at proteksyon para sa isang mabungang pagsasama. Ang babaeng makakasalo sa bouquet ay itinuturing na susunod na makakasal, bagay na katulad ng paniniwalang umiiral sa paniniwalang Waray. Ang paghahagis ng bulaklak, lokal man o banyaga, ay nagsisilbing simbolo ng pag-asa, pagpapala, at pagpapatuloy ng lahi, na nagpapatibay sa kahalagahan ng kasal hindi lamang para sa mag-asawa kundi para sa mas malawak na komunidad.

3.5 Panunuluyan ng Mag-asawa

Sa mga katutubong paniniwala ng mga matatandang Waray, ang *tahas* ay isang anyo ng bulong o ritwal na isinasagawa upang magbigay ng mga positibong simula sa bagong buhay ng mag-asawa. Ayon sa mga matatanda, ang pagsunod sa tahas ay nagsisilbing gabay upang maging maayos, masaya, at masagana ang kanilang pagsasama. Binibigyang-kahulugan ng tahas bilang isang ritwal o seremonya na nagsisilbing pasimula ng mga gawi at gawain na inaasahang magdadala ng kaayusan, kaligayahan, at kasaganaan sa pagsasama ng mag-asawa. Ayon sa mga matatanda, ang pagsunod sa tahas ay nagtatakda ng magandang pundasyon para sa bagong yugto ng buhay mag-asawa at naglalayong maiwasan ang mga posibleng suliranin sa hinaharap.

May mga paniniwala binanggit ng matatanda kaugnay rito. Isa na rito ang *pangurukay* o panawag ng manok. Madalas iniugnay ng matatanda ang pagkakaroon ng masaganang paghahayupan at mabiyayang ani. Binanggit ito ni K 2 na:

“Pagkatapos ng kasal ng mag-asawa, kailangan muna nilang mangurukay (manawag ng manok) bago umakyat sa kanilang bahay, upang maging maganda ang kanilang paghahayupan.”
[Pagkatapos ng kasal ng mag-asawa, kailangan muna nilang mangurukay (manawag ng manok) bago umakyat sa kanilang bahay, upang maging masagana ang kanilang paghahayupan at ani.]

Sa paniniwalang ito ay sumasagisag sa malalim na pagpapahalaga sa pagbubukid at pag-aalaga sa hayop na kadalasang hinahangad ng mga taganayon na itinuturing sa aspektong ng masaganang pamumuhay sa kanayunan.

Nauugnay din ang paniniwalang paghandog sa isang salop ng bigas at pera ang bana sa asawa bago umakyat at tumuloy sa loob ng bahay. Ito rin ay isang *tahas* o ipinagpapalagay ng matatanda para sa positibong pasimula ng pagsasama upang pumasok sa tahanan ng mag-asawa ang biyaya, kasaganaan at magandang kapalaran. Sa aspektong ekonomikal, ay hindi lamang ito tanda sa pagkamayroon at kahandaan sa buhay ng bana pagdating sa pag-aasawa, kundi isa ring paraan upang masiguro na ang pinagsamahan ay dadaloy nang maayos, may pagkakaisa, at malayo sa mga alitan o problema sa hinaharap. Pinatunayan ito ni Kalahok 2 na:

“Kataliwan hit kasal, paghiabot ngadto hit balay han babaye may nakaandam na ngadto nga bugas ngan kwarta nga ighahatag ha babaye, ngan magsisiring an lalaki nga “Karawata ini nga kuwarta kay amo ini it akon pinakabuhian.” Kakarawaton ini hit babaye pinaagi hit iya duha nga mga palad, kay para masiring nga tim-os gud nga kinakarawat han babaye an lalaki. Katima, magsusudoy hira ha libong han balay ngan mangungurukay o mananamrag hin bugas panubong han mga manok, para magin bugana it ira pag-upod.”

“Pagkatapos agad ng kasal, pagdating sa bahay ng babae ay kailangang may nakahandang bigas at pera sa pintuan na ihahandog ng lalaki sa babae, sabay sabing, “Tanggapin mo ang perang ito dahil ito ay aking pinaghirapan.” Tatanggapin naman ito ng babae tanda na taos-puso niyang tinatanggap ang pagmamahal ng lalaki. Pagkatapos, iikutin nila ang bakuran ng bahay at mananawag ng upang maging masagana ang kanilang pagsasama.”

Mula sa paniniwalang ito, mababatid na may dalawang aspekto ang tahas: una, ang aktuwal na paghahandog ng pera at bigas bilang pisikal na simbolo ng kahandaan at pagmamahal; at pangalawa, ang kasamang bulong o pananalita, na naglalayong palakasin ang positibong enerhiya at biyaya sa pagsasama ng mag-asawa. Sa ganitong paraan, hindi lamang materyal ang layunin ng ritwal, kundi espirituwal at kultural din, na nagbubuklod sa mag-asawa sa simula pa lamang ng kanilang pagsasama.

Para sa bagong kasal, mahalaga rin sundin ang *tahas* sa pang-araw-araw na buhay bilang gabay sa kanilang pagsasama. Kasama rito ang sabay na pagkain, pagtatrabaho sa bukid o pagsasaka, pamamasyal, at iba pang aktibidad na kanilang ginagawa nang magkasama. Naniniwala ang mga matatanda na sa pamamagitan ng tahas, ang bawat aspekto ng kanilang buhay bilang mag-asawa ay magkakaroon ng positibong daloy. Sa huli, inaasahang ang kanilang pagsasama ay mananatiling matatag, maayos, at tumagal sa kabila ng mga hamon at pagsubok. Dagdag pa ni Kalahok 4 na:

“Para hiton bag-o nga kasal, kinahanglan nira sundon an tahas basi magmalipayon an pag-upod han magtiayon, sugad hiton dungan nga pagkaon, pag-uma, pamasyada ngan an iba nira nga mga bubuhaton, basi ngadto ha kadayunan maginmaupay ngan hilawig an ira pag-upod.”

[Para sa bagong kasal, kailangan nilang sundin ang tahas bilang bulong upang maging masaya ang kanilang pagsasama, kagaya sa pagkain nang sabay, pagsasaka, pamamasyal at iba pa nilang gustong gawin, upang sa huli ay maging maayos at tumagal ang kanilang pagsasama.]

Ang paniniwala kaugnay sa pagsabay sa pagkain, pagsasaka at pamamasyal at iba pa ay karaniwang gawain ng mag-asawa sa simula ng kanilang pagsasama at ito ay iniuugnay sa maraming dahilan na hinahangad ng ilang mag-asawa katulad na lamang sa dominasyon na nangangahulugang pagkapantay-pantay at walang maabuso. Pagbabahaginan sa kung ano ang mayroon ng mag-asawa at hindi pagkakanya-kanya at pagsasama nang masaya hanggang sa kamatayan. Sa espirituwal na aspekto, ang paniniwala ng mga Kristiyano ay nakatuon sa utos ng Panginoon na tanging Diyos lamang ang may kapangyarihang humiwalay sa mag-asawa. Kaya’t hindi na sila dalawa, kundi isa na. Ang pinagsama ng Diyos, ay huwag paghiwalayin ng tao (Mateo 19:6).

Iniuugnay din ang mga gawi ng mga balo at hindi pa kasal sa paniniwalang maaari itong lumipat o “maipasa” sa kapalaran ng bagong kasal. Sa pananaw ng matatanda, ang estado ng isang tao—tulad ng pagiging balo o hindi pa kasal—ay hindi lamang personal na kalagayan kundi maaaring makaapekto sa buhay ng iba. Wika nga ng matatanda, “baka tumapon o lumipat.” Kaugnay nito, ang pag-ado ay isang kultural na sayaw na isinasagawa ng mga Waray. Subalit kapag ito’y bahagi ng kasal, hindi na lamang ito itinuturing na simpleng pagtatanghal kundi isa nang bulong para sa kasaganaan ng bagong mag-asawa. Mahigpit na iniwasang makahalubilo rito ang mga hindi pa kasal at mga balo upang hindi madala ang kanilang estado sa bagong kasal. Itinuturing ang pag-ado bilang tanda ng kasaganaan o prosperity, sapagkat sa huling bahagi nito ay inilalagay ang pera sa kasuotan ng bagong kasal at may isinaboy na pera bilang sagisag ng pagsisimula ng kanilang masaganang pagsasama. Binanggit ito ni K2 na:

“Tikang pagkasla han magtiayon ha simbahan, pagdayon nira ha ira balay, kinahanglan magkalusad anay an mga bálo ngan an waray pa kasla, kay mababálo o dire magmamaupay an ira pag-upod kumo magtiayon. Dida na hira mabalik pagsaká kun tapos na pag-ado o pagsayaw han kinasal, ngan bisan pa man ngani ha pagtangka, dida na hira malingkod kahuman ha syahan nga durot han pagkaon.”

[Pagkatapos ikasal sa simbahan ang mag-asawa, manunuluyan na sila sa kanilang bahay, kailangan munang magsibabá ang mga balo gayundin ang hindi pa ikinasal upang hindi mabalo nang maaga ang isa sa kanila at para na rin maging maayos ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa. Saka na sila papanhik kung tapos na ang pag-ado o pagsayaw (sayaw bilang seremonya ng kasal) ang ikinasal. Kahit na ang makisama sa pagkain ay hindi sila puwedeng sumabay saka na sila kakain kapag tapos na ang unang hain na pagkain.]

Sa pamahiing ito makikita ang bulong bilang pag-iwas sa estado na mga balo at 'di pa kasal at sa seremonya ng sayaw bilang tanda ng kasagaan sa hinaharap sa buhay ng mag-asawa. Ang sayaw ay hindi lamang kultural kundi ekonomikal sa pananalig ng mga Waray sa kasaganaan sa buhay ng mag-asawa. Sa konsepto na panunuluyan, mabatid na ang mga pamahin dito ay umiikot sa *tahas*- anyo ng bulong o ritwal na isinasagawa upang magbigay ng mga positibong simula sa bagong buhay ng mag-asawa katulad sa *pangungurukay*, paghandog ng bigas at pera ng lalaki sa babae bago tumuloy sa kanilang bahay, pag-ado (prosperity dance) at tahas-bilang bulong sa pag-iwas na makihalubilo sa mga balo at 'di pa kasal. Katulad sa katabing lalawigan ng Leyte ang pagpapahalaga ng suporta at pagtutulungan sa Barangay Pangpang, Palapag, Northern Samar na kung saan ay sama-samang tumutulong ang buong pamayanan upang matustusan ang pangangailangan ng bagong mag-asawa, lalo na sa aspektong pinansyal, para maisagawa ang kasal sa simbahan at sa Barangay Pangpang, na kung saan ang mga tao sa komunidad ay nagkakaisa sa pagbibigay-tulong, partikular na pinansyal, upang maisakatuparan ang kasal sa simbahan ng mag-asawa (De Guzman, et al, 2025).

Katulad sa seremonya ng kasal ang pagsaboy ng pera ng mga Waray sa loob ng basket o *gala* (ambag at regalo) ay tanda ng pagsuporta sa komunidad sa mag-asawa para sa pagsisimula ng buhay. Di nalalayo ang paniniwalang ito ng mga katutubong Itawes ng Isabela na kung saan Katulad sa seremonya ng kasal ng mga Waray, ang pagsaboy ng pera sa basket o gala ay sumisimbolo ng pagsuporta ng komunidad sa bagong mag-asawa para sa kanilang pagsisimula ng buhay. Ang ganitong paniniwala ay hindi nalalayo sa ritwal ng mga Itawes ng Isabela na tinatawag na gala-gala, isa sa mga tampok ng kanilang boda. Sa seremonyang ito, ang bagong kasal ay tumatanggap ng mga regalu (gifts) at kontribusyong pinansyal mula sa pamilya, kamag-anak, mga ninong at ninang, at maging mula sa buong pamayanan. Isinasagawa ito sa iba't ibang anyo, tulad ng paglalagay ng regalo at pera sa iyyaw (woven tray) na inilalagay sa harap ng mag-asawa, o sa pamamagitan ng sayawan kung saan ipinipin ang mga kontribusyon sa kanilang kasuotan. Binibigyang-diin dito ang kolektibong pagkilos ng pamayanan bilang tanda ng suporta at pagbabasbas para sa kasal, gayundin ang paniniwalang may dalang swerte ang pagbabahaginang ito sa bagong yugto ng kanilang buhay (Guzman, 2020).

4. References

- 17 *Filipino wedding superstitions you should know*. (2022, January 7). Asian Recipe. Retrieved January 26, 2022, from <https://asian-recipe.com/philippine-wedding-customs-and-superstitions-2674>.
- Borong, N. L. (2024). *Distinctive meanings of superstitions about death and marriage in Leyte, Philippines*. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10(6), 46–52. <https://doi.org/10.36713/epra2013>.
- Colin, F., S.J. (1663). *Native races and their customs*. Blair and Robertson, *The Philippine Islands*, vol. 40, 37–98.
- Cuartero, S. M., & Obuyes, C. (2022). *Explaining the wedding superstitions in the Philippines: Interpreting a bygone tradition*. De La Salle University–Dasmariñas.
- Cundangan, L. (2020, May 19). *18 Philippine wedding superstitions*. *Ouine's Events Management*. Retrieved

- January 14, 2022, from <https://ouineseventscoordination.wordpress.com/2017/11/01/18-philippine-wedding-superstitions/>.
- De Morga, A. (1979). *Relation of the Philippine Islands and of their natives, antiquity, customs and government. In Readings in Philippine prehistory* (pp. 266–306). Manila: Filipiniana Book Guild.
- Garcia, L. (2022). *Tradition of courtship and engagement in the Philippines*. Sint & Co. Retrieved June 20, 2022, from <https://www.filipinowedding.com/blogs/wedding-blog/tradition-of-courtship-engagement-in-the-philippines>.
- Guzman, R. B. (2020). Wedding stages and rituals among the indigenous Itawes in Isabela, Philippines. *International Journal of Advanced Research*, 7(11), 598–606. <https://doi.org/10.21474/IJAR01/11906>
- Habana, O. A. (2014). *Clues from early Spanish chronicles: Reconstructing marriage and family in the pre-Hispanic Philippines*. Ateneo de Manila University. <https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1117&context=history-faculty-pubs>.
- Jovina, L. (2013). *Kulturang popular sa Pilipinas*. Retrieved June 2015, from Online Filipinos: <http://www.slideshare.net/lazojovina/pamahiin>.
- Kottak, C. P. (2009). *Cultural anthropology* (12th ed., international ed.). McGraw-Hill Education (Asia).
- Levey, J. (2022, April 5). *The wedding bouquet toss: What it means (and what to avoid)*. American Weddings Blog. <https://theamm.org/articles/1174-the-wedding-bouquet-toss-what-it-means-and-what-to-avoid>.
- Lumen Learning. (n.d.). *Reading: Marriage and courtship patterns*. <https://courses.lumenlearning.com/alamo-sociology/chapter/reading-marriage-and-courtship-patterns/>.
- Ma-yumi-blog-deactivated2016032. (n.d.). *Pinoy culture*. Tumblr. Retrieved August 12, 2025, from <https://www.tumblr.com/pinoy-culture/26222543297/pre-hispanic-marriage-customs-when-any-man>.
- Orito, R. (2015). *Pamahiin final*. SlideShare. <https://www.slideshare.net/rosalieorito/pamahiinfinalrosalie>
- Perez, D. O. P. “*Relation of the Zambal Indians of Playa Honda, Their situation and customs, 1680.*” BR Volume 47: 287-332.
- Republic Act No. 10066. (2009). *An act providing for the protection and conservation of the national cultural heritage, strengthening the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) and its affiliated cultural agencies, and for other purposes*. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2010/ra_10066_2010.html.
- Siogo, R. (2015). *The Philippines – superstitions and beliefs*. Retrieved June 2015, from <http://aboutphilippines.ph/filer/Superstitions-and-beliefs.pdf>.
- Solis, J. (2022). *Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay*. International Journal of Research Studies in Education, 11(14), 59–77. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b018>.
- Superstitions and wedding traditions in the Philippines*. (2019, June 17). Stellaire. Retrieved January 14, 2022, from <https://stellaire.ph/blogs/superstitions-and-wedding-traditions-in-the-philippines>.
- The Holy Bible, New Living Translation*. (2015). Matthew 19:6. Tyndale House Publishers.
- Tulio, M. (2023, January 27). *Let’s talk about Filipino wedding superstitions and what they mean*. Bride and Breakfast. https://brideandbreakfast.ph/2023/01/27/9-filipino-wedding-superstitions/?utm_source=chatgpt.com.
- Segovia, C. (2021, July 13). *Top 20 wedding superstitions in the Philippines*. Nuptials.ph. Retrieved January 14, 2022, from <https://www.nuptials.ph/filipino-wedding-superstitions>.
- Zuñiga, J. M. de, O.S.A. (1803). *People of the Philippines*. Blair and Robertson, *The Philippine Islands*, vol. 43, 113–127.

Beyond the horizon of whiteness: Colonial desire, psychological alienation and the collapse of the European dream in Amma Darko's *Beyond the Horizon* (1995)

Gundow, Jacob Moisob ✉

St Louis College of Education, Kumasi, Ghana (gundow17@gmail.com)

Received: 25 May 2026
Available Online: 9 June 2026

Revised: 5 June 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26256

Accepted: 8 June 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This paper examines Amma Darko's *Beyond the Horizon* (1995) as a postcolonial feminist critique of colonial desire, psychological alienation, and the collapse of the European dream. Drawing on Fanon's concept of colonial desire and Bhabha's theory of mimicry, the analysis traces protagonist Mara's trajectory from rural Ghana to forced prostitution in Germany, demonstrating how internalized whiteness as a psychological pathology operates hierarchically among Africans and culminates in the commodification of women's bodies. The novel systematically dismantles the myth of Europe as a site of redemption, revealing migration not as empowerment but as disempowerment embedded in patriarchal and neocolonial structures. Beyond literary analysis, this study establishes significant educational relevance: it offers a pedagogical model for decolonizing curricula, fostering critical global citizenship, and integrating postcolonial theory with social justice education. The text serves as a tool for developing students' cultural literacy, ethical reasoning, and understanding of systemic exploitation. Findings indicate that Darko's novel addresses multiple Sustainable Development Goals including gender equality, decent work, reduced inequalities and provides a framework for interdisciplinary teaching across literary studies, gender studies, and migration discourse. Ultimately, the paper argues that *Beyond the Horizon* functions not only as literature but as an indispensable educational resource for confronting contemporary neocolonial realities.

Keywords: colonial desire, technological alienation, migration, Fanon, Bhabha, postcolonial feminism, Amma Darko, *Beyond the Horizon*

Beyond the horizon of whiteness: Colonial desire, psychological alienation and the collapse of the European dream in Amma Darko's *Beyond the Horizon* (1995)

1. Introduction

Amma Darko's *Beyond the Horizon* (1995) occupies a significant position within contemporary African literature for its uncompromising portrayal of migration, gendered exploitation, and postcolonial disillusionment. Originally published in German in 1991 and later translated into English in 1995, the novel emerged at a historical moment when migration to Europe increasingly appeared to many Africans as a pathway toward economic advancement and social mobility. Against this backdrop, Darko dismantles the powerful myth that Europe represents an unquestioned site of opportunity, fulfilment, and liberation. Instead, she presents migration as a process through which existing structures of domination are reproduced in new forms, often with devastating consequences for African women.

The novel follows Mara, a young woman from Naka in northern Ghana, whose marriage to Akobi initiates a journey from rural Ghana to Germany. What initially appears to be a narrative of social advancement gradually unfolds into a disturbing account of exploitation, prostitution, bodily commodification, and psychological fragmentation. Mara's migration does not result in empowerment but in her incorporation into transnational networks of exploitation controlled by men who profit from her body and labour. Darko's narrative thus challenges celebratory discourses of migration by revealing the hidden costs of the European dream and exposing the structural inequalities that sustain it.

Existing scholarship has offered valuable insights into the novel's engagement with migration, patriarchy, and postcolonial identity. Scholars have examined the text as a feminist critique of gender oppression, a narrative of diasporic disillusionment, and a representation of postcolonial dependency. Asempasah and Sam (2016), for example, explore the question of self-reconstitution and agency, while Ennin (2023) emphasises migration and toxic masculinity. Other studies have focused on the commodification of women, the failure of migration, and the novel's critique of patriarchal structures. Although these studies have significantly enriched understanding of Darko's work, they often treat colonial desire, migration, and gender oppression as largely separate concerns.

This paper argues that *Beyond the Horizon* performs a more integrated critique than has often been acknowledged. Specifically, the novel demonstrates how colonial desire, technological mediation, and psychological alienation converge to produce forms of subjectivity that sustain exploitation within both African and European contexts. The paper also proposes that Darko's most original intervention lies not simply in her exposure of migration's failures but in her representation of how bodies and identities become commodified through technologies of surveillance, pornography, and visual consumption. The novel reveals that colonial desire is no longer sustained solely through formal political domination but through cultural fantasies, racial hierarchies, consumer aspirations, and technological mechanisms that transform individuals into objects of exchange.

The analysis advances three central claims. First and foremost, the novel portrays colonial desire as a form of psychological orientation toward Europe that produces mimicry, self-negation, and aspirational whiteness. Secondly, Darko demonstrates how technological mediation, particularly through pornography and visual surveillance, intensifies psychological alienation by separating subjects from their own bodies and experiences. Finally, the novel systematically dismantles the European dream by revealing Europe not as a site of liberation but as a space in which colonial and patriarchal forms of domination assume new configurations.

In addition, the paper examines the question of resistance and reconstitution. While Mara develops forms of strategic agency that enable her to survive, Darko resists presenting this survival as complete liberation. Instead, the novel depicts reconstitution as fragmented, compromised, and inseparable from the structures that continue to

constrain the protagonist.

By foregrounding the intersections of colonial desire, technological alienation, migration, and gendered exploitation, this study seeks to contribute a more nuanced understanding of Darko's novel and to demonstrate its continuing relevance to contemporary debates concerning migration, race, gender, and decolonization.

2. Methodology

This study employs a qualitative interpretive methodology grounded in close textual reading, postcolonial feminist literary criticism, Fanonian psychoanalytic analysis, and decolonial literary studies. The approach is primarily textual and analytical rather than empirical. It seeks to examine how narrative structures, characterization, symbolism, and thematic patterns function to construct meanings relating to colonial desire, psychological alienation, migration, and gendered exploitation. Close reading is particularly appropriate because the novel's critique emerges not only through plot development but also through recurring images, narrative voice, symbolic representations, and moments of psychological introspection. The study therefore focuses on detailed textual analysis rather than broad thematic summary. Particular attention is paid to language, imagery, characterization, and narrative perspective in order to uncover the ideological assumptions embedded within the text.

The analysis is informed by Fanon's theorization of colonial subjectivity and psychological alienation, especially his discussions of racial self-negation, mimicry, and the desire for recognition through proximity to whiteness. Bhabha's (1994) concept of mimicry provides a complementary framework for understanding how colonial subjects internalize and reproduce European norms while remaining excluded from full acceptance. These theoretical perspectives are further enriched by postcolonial feminist scholarship and contemporary trauma studies, which illuminate the intersections of race, gender, sexuality, and violence within transnational contexts. To ensure analytical coherence, key scenes were selected because of their direct relevance to the article's three central claims. These include Akobi's performance of modernity upon returning to Naka, Mara's migration to Germany, the filmed sexual assault that facilitates her entry into prostitution, the subsequent use of pornography as a mechanism of control, and the novel's concluding reflections on exile, survival, and identity. These episodes provide particularly revealing sites for examining how colonial desire generates psychological alienation and how both contribute to the collapse of the European dream.

The study adopts a decolonial perspective by interrogating dominant narratives that present Europe as a universal horizon of progress and fulfilment. Rather than treating migration as a neutral social phenomenon, the analysis examines how historical relations of colonial power continue to shape contemporary aspirations, identities, and forms of exploitation. Through this approach, the article seeks to demonstrate the continued relevance of Darko's novel for understanding postcolonial subjectivity, gendered migration, and the persistence of colonial structures within contemporary global realities.

2.1 Selection of Extracts or Passages

Passages or extracts were selected according to three criteria. The first criteria captures threshold moments in Mara's geographical and psychological trajectory including departure from Naka (pp. 35-38), arrival in Hamburg (pp. 55-60), first forced sexual encounter (pp. 82-85), discovery of the video recording (pp. 120-125), and final resignation (pp. 140-142). These moments mark transitions where the three strands of critique involving colonial desire, alienation, dream collapse become visibly entangled. Also, passages involving visual technologies that mediate self-perception including the mirror in the brothel (p. 3-4), the pornographic video (pp. 120-125), photographs of Akobi's German wife (p. 62), and the Sesame Street tapes sent to Mara's sons (p. 141). These passages enable analysis of how technology produces, rather than merely reflects, psychological alienation.

Finally, scenes of bodily transformation that operationalise colonial desire involving the adoption of European dresses (pp. 50-51), references to skin bleaching (p. 7), and the physical deterioration catalogued in the opening pages (p. 4). These passages show how colonial desire inscribes itself on the body. Each extract or passage is

analysed for its contribution to the three critique strands, with attention to narrative voice (first-person present tense), figurative language (metaphors of freezing, fragmentation, suffocation), and intertextual references (the biblical Mara, Conrad's *Heart of Darkness*).

2.2. Theoretical Sources

Bilang paglalahat, tinatangka ng pag-aaral na masuri ang kasalukuyang pangangailangan ng mga guro sa Filipino kaugnay ng pagbuo ng epektibong IM. Inaasahang masusuri ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga guro kaugnay ng disenyo, pagsubok, at pagsusuri ng IM. Layunin ding ilahad ang mga hamon na kinahaharap at ang mga hakbang na isinagawa ng mga guro upang malagpasan ang mga hamon, at bumuo ng mga rekomendasyon na makapagpapalakas ng kapasidad ng guro sa pagbuo ng IM.

Layunin ng Pag-aaral - Nilalayon ng pag-aaral na masuri kasanayan at kaalaman ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng epektibong Instructional Materials (IM) sa pagtuturo. Sinuri rin ng pag-aaral ang mga hamon sa pagbuo ng IM, hakbang na isinagawa upang malagpasan ang mga hamon at rekomendasyon sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga guro sa pagbuo ng instructional materials upang higit na maging mabisa ang pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Makatutulong at mapakikinabangan ang pag-aaral na ito ng mga sumusunod:

- **Pamunuan ng Paaralan.** Makatutulong ang mga resulta at rekomendasyon ng pag-aaral sa pamunuan ng paaralan bilang lunsaran at gabay sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga pagsasanay kaugnay sa pagbuo ng instructional material. Sa tulong nito, magagabayan ang pamunuan ng paaralan sa kung ano ang mga pangangailangan ng mga guro na magbibigay-linaw sa kung anong mga programa ang isasagawa nila upang matugunan ang mga ito.
- **Mga Guro.** Makikinabang ang guro sa pag-aaral na ito sapagkat maaari silang makakuha ng ideya sa kung ano ang maaari isagawa sa pagharap sa hamon ng pagbuo ng instructional material ayon sa mga ibinahagi ng ibang guro sa Filipino. Ang mga resulta at rekomendasyon ay nakasentro sa pagtugon ng kanilang mga pangangailangan sa pagbuo ng IM. Ang mga pagsasanay, capability building, LAC sessions at iba pa ay maaaring maiangkop sa resulta at rekomendasyon ng pag-aaral sa tulong ng pamunuan ng paaralan.
- **Mga Estudyante.** Ang mga resulta at rekomendasyon ng pag-aaral ay makatutulong sa pagpapaigting ng kasanayan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng IM. Sa ganitong paraan, mas lalong gaganahan ang mga estudyante sa pag-aaral sapagkat magiging kontekstuwalisado ang mga IM na gagamitin ng guro sa pagtuturo na tumutugon at naangkop sa pangangailang ng estudyante. Makatutulong ito upang paunlarin ang kanilang kasanayan upang maging matagumpay sa kanilang akademikong pagganap.
- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Magsisilbi itong lunsaran at sanggunian para sa mga susunod pang pag-aaral hinggil sa pagbuo ng IM. Makatutulong ito upang matukoy pa ang mga puwang na nararapat pang mapag-aralan sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagbuo ng IM.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Sinasaklaw ng pag-aaral ang pagsusuri sa kasanayan at kaalaman ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional material sa pagtuturo ng Filipino. Nakatuon din ang pag-aaral sa paggalugad sa mga hamon sa pagbuo ng IM, mga hakbang na isinagawa ng mga guro upang malagpasan ang mga hamon, at ang mga rekomendasyon sa pagpapalakas ng kapasidad ng guro sa pagbuo ng IM. Nililimitahan naman ang pag-aaral sa 48 guro nagboluntaryong sumagot sa sarbey kwestyuner na nagbahagi ng kanilang pananaw at karanasan kaugnay sa layunin ng pag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay nababatay lamang sa pananaw ng mga guro sa Filipino at hindi saklaw ang ibang mga Asignatura hinggil sa pagbuo ng instructional material.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Gumamit ang pag-aaral na ito ng survey research sa paglikom ng mga datos hinggil sa kasanayan at kaalaman ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional material (IM). Ayon kay Bhaskaran (n.d.), ang survey research ay ang proseso ng pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang mga sarbey na ipinapadala ng mga mananaliksik sa mga respondente ng sarbey. Ang data na nakolekta mula sa mga sarbey ay sinuri ng istatistika upang makabuo ng makabuluhang konklusyon sa pananaliksik. Gamit ang Google form, nagsagawa ang mga mananaliksik ng onlayn na sarbey at tiniyak na malikom ang mga kinakailangan datos na nababatay sa layunin ng pag-aaral.

Mga Kalahok - Gumamit ang pag-aaral na ito ng purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok ng pag-aaral. Sa pagpapakahulugan ni Bisht (2024), binanggit niya na ang purposive sampling, na kilala rin bilang judgmental o expert sampling, ay kinasasangkutan ng intensyonal na pagpili ng mga kalahok batay sa kadalubhasaan ng mananaliksik. Ang mga kalahok ay sadyang pinili upang iayon sa mga partikular na layunin ng pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay angkop para sa maliliit na populasyon na may malinaw na layunin ng pananaliksik, na nagpapahintulot sa mananaliksik na pagtuonan ang mga indibidwal na may mga partikular na katangian na nauugnay sa pag-aaral. Apatnapu't walong (48) kalahok ang napiling kalahok sa pag-aaral na nababatay sa mga krayterya - (1) Guro nagtuturo ng Filipino, (2) may isang (1) taong karanasan sa pagtuturo, at (3) boluntaryong makikilahok sa pag-aaral.

Instrumento ng Pag-aaral - Ang pangunahing instrumentong ginamit sa paglikom ng mga kinakailangang datos sa pag-aaral na ito ay isang sarbey-kwestyuner (survey questionnaire) na binuo sa anyo ng *Google Form* upang mas mapadali ang distribusyon at pagtugon ng mga kalahok. Ang nilalaman ng talatanungan ay direktang nakangkop sa mga tiyak na layunin ng pananaliksik at hinati sa apat (4) na pangunahing bahagi:

- **Unang Bahagi:** Mga Kasanayan at Kaalaman sa Pagbuo ng Instructional Materials (IM). Binubuo ito ng 13 aytem na sumusuri sa antas ng kahandaan, kaalaman, at kakayahan ng mga guro sa Filipino pagdating sa pagdidisenyo, pag-ayon sa kurikulum, at pag-integrate ng teknolohiya sa kanilang mga kagamitang pampagtuturo.
- **Ikalawang Bahagi:** Mga Hamon sa Pagbuo ng Instructional Materials. Kinapapalooban ito ng 9 na aytem na naglalayong matukoy ang mga suliranin at limitasyong kinakaharap ng mga guro, tulad ng kakapusan sa oras, kakulangan ng materyales sa wikang Filipino, at mga usapin sa teknolohiya at inklusibilidad.
- **Ikatlong Bahagi:** Mga Hakbang na Isinagawa upang Matugunan ang mga Hamon. Binubuo ito ng 13 aytem na sumisiyasat sa mga estratehiya at pamamaraang ginawa ng mga guro upang malagpasan ang mga tinukoy na suliranin. Naglaan din ang bahaging ito ng espasyo para sa open-ended na paliwanag upang mas mabigyang-linaw ang konteksto ng kanilang mga tugon.
- **Ikaapat na Bahagi:** Rekomendasyon sa Pagpapalakas ng Kapasidad ng mga Guro. Naglalaman ito ng 11 aytem na nakatuon sa mga mungkahi at programang maaaring isagawa (gaya ng professional development, pagbibigay ng time allowance, at pagsasanay sa makabagong teknolohiya) upang mapataas ang kalidad ng pagbuo ng IM. Kinapapalooban din ito ng opsyonal na implementability rating upang masukat ang pagiging praktikal ng mga mungkahi.

Upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng instrumento, sumailalim ito sa pagsusuri ng mga eksperto sa larangan ng Edukasyon at Asignaturang Filipino bago pormal na ipamahagi sa apatnapu't walong (48) gurong nagboluntaryong lumahok sa pag-aaral.

3. Resulta at Pagtatalakay

Sa bahaging ito, inilalahad at masusing sinusuri ang mga datos na nalikom mula sa sarbey na nilahukan ng

48 gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga natuklasan ay inayos ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga tiyak na layunin ng pag-aaral: ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga guro sa pagbuo ng *instructional materials* (IM), ang mga kritikal na hamon na kanilang kinahaharap sa prosesong ito, ang mga estratehikong hakbang na kanilang isinagawa upang matugunan ang mga suliranin, at ang mga iminumungkahing rekomendasyon para sa pagpapalakas ng kanilang propesyonal na kapasidad. Sa pamamagitan ng pag-analisa sa mga prekwensiya at porsyento ng bawat aytem, nilalayon ng pagtatalakay na ito na magbigay ng malinaw na larawan sa kasalukuyang sitwasyon ng mga guro upang magsilbing batayan sa pagbuo ng mas epektibo, inklusibo, at kontekstuwalisadong mga kagamitang pampagtuturo.

3.1 Mga kasanayan at kaalamang kinakailangan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional materials

Inilalahad sa Talahanayan 1 ang sarbey hinggil sa mga kasanayan at kaalaman ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng *instructional materials* (IM). Makikita sa datos na ang Kasanayan sa integrasyon ng ICT tools gaya ng *presentation software*, *authoring tools*, at *LMS* ang nakakuha ng pinakamataas na prekwensiya na 40 o 83.3%. Sinundan ito ng Paggamit ng mga layunin ng leksyon upang gabayan ang pagbuo ng IM na may prekwensiyang 38 o 79.2%, at ang Kasanayan sa paggamit ng multimedia pati na ang Pag-integrate ng kolaborasyon gamit ang IM na parehong nagtala ng 36 o 75.0%.

Talahanayan 1

Mga kasanayan at kaalamang kinakailangan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional materials

Mga Kasanayan at Kaalaman sa Pagbuo ng Instructional Material	Frequency (f)	Percentage (%)
Paggamit ng mga layunin ng leksyon upang gabayan ang pagbuo ng instructional materials	38	79.2%
Kaalaman sa kurikulum at mga standard ng bansa/rehiyon	29	60.4%
Kakayahan sa pag-aangkop ng instructional materials sa iba't ibang antas ng kakayahan ng mga estudyante	35	72.9%
Kasanayan sa pagpili ng angkop na teksto o materyales (mga aklat, artikulo, multimedia)	32	66.7%
Kaalaman sa iba't ibang format ng instructional materials (print, digital, multimedia, hands-on)	35	72.9%
Kasanayan sa integrasyon ng ICT tools (presentation software, authoring tools, LMS)	40	83.3%
Kakayahan sa pagdisenyo ng aktibidad na naglalayon ng aktibong pagkatuto	27	56.3%
Kaalaman sa accessibility at inclusivity (para sa diverse na estudyante, kabilang ang mga may espesyal na pangangailangan)	35	72.9%
Kasanayan sa paggamit ng multimedia (video, audio, larawan) upang mapabuti ang pagkatuto	36	75%
Kaalaman sa cognitive load at pag-organisa ng impormasyon	24	50%
Kaalaman sa pagsusuri at pag-edit ng sariling minstructional material (peer-review, pag-proofread)	26	54.2%
Paggamit ng mga panukat (rubrics, criteria) para sa epektibong ebalwasyon	33	68.8%
Pag-integrate ng mga interaksyon/kolaborasyon sa loob ng klase gamit ang instructional materials	36	75%

Ipinapakita ng mataas na porsyento sa integrasyon ng ICT at multimedia na bukas at may sapat na oryentasyon ang mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa kanilang pagtuturo. Ang trend na ito ay umaayon sa kasalukuyang hiningi ng kurikulum kung saan inaasahan ang mga guro na maging malikhain at mapamaraan sa digitalisasyon. Ang mataas na pagpapahalaga sa mga layunin ng leksyon (79.2%) ay nagpapatunay din na may malinaw na direksyon ang mga guro upang matiyak na ang bawat materyal na gagawin ay nakadirekta sa inaasahang bunga ng pagkatuto.

Sa kabilang banda, bagaman lagpas kalahati pa rin ang nakakuha, napansin na ang pinakamababang tatlong aytem ay nakatutok sa mga teknikal na aspeto ng pagdidisenyo. Ito ay ang Kakayahan sa pagdisenyo ng aktibidad para sa aktibong pagkatuto (27 o 56.3%), Kaalaman sa pagsusuri at pag-edit ng sariling materyal sa tulong ng peer-review (26 o 54.2%), at ang pinakahuli ay ang Kaalaman sa cognitive load at pag-organisa ng impormasyon na nagtala lamang ng 24 o 50.0%.

Ang mababang marka sa kaalaman sa *cognitive load* at *peer-review* ay nagpapahiwatig na bagaman marunong

ang mga guro na gumamit ng teknolohiya at mag-layout ng mga aralin, may puwang o kakulangan pa rin sa kanilang pag-unawa kung paano isasaayos ang impormasyon upang hindi malula (*overwhelm*) ang kaisipan ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pananaw nina Cayabas at Sumeg-ang (2023) na madalas maging hamon sa mga guro ang kakulangan sa mas malalim na teknikal na kasanayan at ang hindi malinaw na gabay sa pagsusuri ng kalidad ng mga materyales. Ipinapakita rin nito na hindi pa ganap na nakaugalian o pormalisado ang proseso ng *peer-reviewing* at *proofreading* sa hanay ng mga guro sa Filipino pagdating sa sarili nilang gawa. Binanggit din nina Umar, Kyarma, at Buratai (2019), na ang mga kagamitang pampagtuturo (*instructional materials*) ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng guro at mga mag-aaral sa paghahatid ng mga aralin. Maaari din itong magsilbing motibasyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ginagamit ito upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at maiwasan ang pagkainip. Lubhang mahalaga ang mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo, lalo na para sa mga baguhan o walang karanasang guro. Umaasa ang mga guro sa mga kagamitang ito sa bawat aspeto ng pagtuturo. Kailangan nila ang mga materyales para sa karagdagang kaalaman ukol sa paksang kanilang itinuturo.

Bilang paglalalahat, mataas ang kahandaan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya at pagsunod sa layunin, ngunit kinakailangan ng mas malalim na paggabay at pagsasanay (*professional development*) partikular sa teoretikal at teknikal na aspeto ng pagbuo ng IM, tulad ng teorya ng *cognitive load* at ang kultura ng gawaing pag-edit at pagsusuri ng materyales.

3.2 Mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional materials

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga guro sa Filipino sa tuwing sila ay nagbubuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Dalawang aspeto ang nanguna at nagtala ng pinakamataas na prekwensiya na may parehong marka na 37 o 77.1%. Ito ay ang Oras na kinakailangan para sa pagbuo ng instructional materials at ang Availability ng aklat/artikulo/o teksto sa wikang Filipino. Sumunod dito ang Pagsasaalang-alang sa inclusivity at accessibility para sa mga estudyanteng may kahirapan sa wika o may *language diversity* na nagtala ng 33 o 68.8%.

Talahanayan 2

Mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng instructional materials

Mga Hamon sa Pagbuo ng Instructional Material	Frequency (f)	Percentage (%)
Oras na kinakailangan para sa pagbuo ng instructional materials	37	77.1%
Availability ng aklat/artikulo/o teksto sa wikang Filipino	37	77.1%
Kakayahang iakma ang leksyon sa iba't ibang antas ng wika at kakayahan ng estudyante	28	58.3%
Paghahanap o paglikha ng culturally relevant na instructional materials (panlipunan, kulturang konteksto)	29	60.4%
Kakayahang gamitin ang ICT tools para sa Filipino (multimedia, digitalization, LMS)	30	62.5%
Pagsunod sa anomang language/policy standards sa bansa/rehiyon	20	41.7%
Access sa suporta mula sa kolehiyo/ paaralan para sa pagbuo ng instructional materials	20	41.7%
Kalidad ng peer feedback at editing process para sa instructional materials sa Filipino	23	47.9%
Pagsasaalang-alang sa inclusivity at accessibility (para sa mga estudyanteng may kahirapan sa Filipino o may language diversity)	33	68.8%

Ang mataas na porsyento sa kakulangan ng oras (77.1%) ay direktang sumusuporta sa natuklasan nina Cayabas at Sumeg-ang (2023), kung saan tahasang binanggit na ang kakapusan sa panahon dahil sa mabibigat na gawaing pang-guro ang isa sa mga pinakakritikal na hadlang sa malikhaing pagdidisenyo ng mga materyales. Sa kabilang banda, ang matinding hamon sa kakulangan ng mga aklat at teksto sa wikang Filipino (77.1%) ay sumasalamin sa malaking puwang sa mga makabagong reperensyang nakasulat sa sariling wika. Dahil dito, napipilitan ang mga gurong magsalin o lumikha mula sa simula, na lalo pang nagpapalubha sa suliranin sa oras. Ang isyung ito ay may kaugnayan din sa hamon sa *inclusivity* (68.8%), dahil nagiging doble ang trabaho ng guro na iangkop ang kakaunting materyales na mayroon sila upang tugunan ang iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Bagaman marami ang nabibigatan sa oras at materyales, ang mga aytem na nakakuha ng pinakamababang marka ay ang Pagsunod sa anomang language/policy standards at ang *access* sa suporta mula sa kolehiyo o paaralan, na parehong nagtala lamang ng prekwensiyang 20 o 41.7%.

Ang mababang porsyentong ito sa aspeto ng institusyonal na suporta at mga pamantayan ay nagpapahiwatig na hindi naman marami ang nakararanas ng mahigpit na restriksyon pagdating sa mga opisyal na patakaran ng paaralan o rehiyon. Ibig sabihin, may kalayaan o awtonomiya ang mga guro sa kung paano nila bubuuin ang kanilang mga aralin. Gayunpaman, binigyang-diin nina Mugisha, Uworwabayehe, at Urwibutso (2023), na ang pangunahing hamon ay ang kawalan ng sapat na interes o pagkukusa ng mga guro na gamitin at bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo sa kanilang mga klase. Bagama't magagamit ang mga pangunahing materyales tulad ng mga aklat at kagamitan sa pagsulat, kapansin-pansing kulang at hindi sapat ang mga makabagong kagamitang audio-visual na nangangailangan ng kuryente tulad ng mga telebisyon at *overhead projector*. Bukod dito, hindi rin binibigyan ng ilang guro ang mga mag-aaral ng pagkakataon na aktwal na hawakan at pakinabangan ang mga materyales na ito, kaya naman hindi natutulungan ang mga bata na aktibong makibahagi sa pagbuo ng sarili nilang kaalaman. Dagdag pa rito, may kakulangan din sa malawakang pangangasiwa at mga pagsasanay para sa mga guro upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagbuo at paglikha ng mga malikhaing kagamitan mula sa mga lokal na materyales.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga datos na ito na ang pinakamalalaking balakid ng mga guro sa Filipino ay hindi ang kawalan ng kagustuhang sumunod sa mga pamantayan, kundi ang panlabas na limitasyon sa logistika partikular ang sapat na oras upang makapag-isip at ang kakulangan sa mga lokal at akademikong materyales na nakasulat sa wikang Filipino. Kinakailangan ng kongkretong hakbang upang mapunan ang mga kakulangang ito upang hindi maisakripisyo ang kalidad ng edukasyon ng mga mag-aaral.

3.3 Mga hakbang na isinagawa ng mga guro upang matugunan ang mga hamon sa pagbuo ng instructional materials

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang mga estratehiya at pamamaraang isinagawa ng mga guro sa Filipino upang matugunan at malagpasan ang mga suliraning kinakaharap sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Batay sa datos, ang hakbang na Pagtukoy at pagsusuri ng pangunahing hamon (tulad ng oras, *resources*, wika, at teknolohiya) ang nagtala ng pinakamataas na prekwensiya na 39 o 81.3%. Sinundan ito ng Paglalaan ng panahon at iskedyul para sa pagbuo ng instructional materials na may 36 o 75.0%, at ang Paggamit ng mga *ICT tools* para sa pagdidisenyo at pag-edit na nagtala naman ng 35 o 72.9%.

Talahanayan 3

Mga hakbang na isinagawa ng mga guro upang matugunan ang mga hamon sa pagbuo ng instructional materials

Mga Hakbang na Isinagawa sa Pagtugon sa Hamon	Frequency (f)	Percentage (%)
Pagtukoy at pagsusuri ng pangunahing hamon (oras, resources, wika, teknolohiya, iba pa)	39	81.3%
Paglalaan ng panahon at iskedyul para sa pagbuo ng instructional materials	36	75
Paghati-hati ng mga gawain (collaborative design o team-based approach)	33	68.8%
Paggamit ng mga pre-existing na instructional materials bilang basehan at adaptation sa paglinang ng kagamitan	29	60.4%
Paggamit ng mga ICT tools para sa pagdidisenyo at pag-edit ng instructional materials	35	72.9%
Pagsasagawa ng professional development o pagsasanay sa guro tungkol sa instructional materials	34	70.8%
Pagpapalano ng literasi sa kurikulum at alignment sa mga pamantayan	32	66.7%
Pagsasagawa ng pilot testing o pagtukoy ng feedback mula sa estudyante	26	54.2%
Pagtatag ng feedback loop (peer review, moderation)	21	43.8%
Paglilista ng kinakailangang resources at paghahanap nito (badyet, kagamitan)	29	60.4%
Pagrerebisa o pag-edit batay sa feedback	24	50%
Pagtatag ng inclusivity at accessibility checks bago gamitin	28	58.3%
Dokumentasyon ng proseso at mga aral na natutunan para sa susunod na proyekto	23	47.9%

Ang pangunguna ng pagkilala sa mga hamon (81.3%) ay nagpapakita na ang mga guro ay may mataas na antas ng *metacognitive awareness* o malinaw na abilidad na matukoy ang ugat ng kanilang mga suliranin bago maglunsad ng solusyon. Dahil ang oras ang isa sa pinakamalaking pasanin ng guro sa pagbuo ng IM, lohikal na ang naging pangunahing konkreong tugon nila ay ang paglalaan ng tiyak na iskedyul (75.0%). Bukod dito, ang mataas na paggamit ng mga *ICT tools* (72.9%) ay nagpapatunay na ginagawang sandata ng mga guro ang teknolohiya upang mapabilis ang mekanikal na proseso ng pagbuo at pag-edit ng kanilang mga materyales. Ang mga hakbang na ito ay umaayon sa teorya ni Zamora (2016), na nagpapahiwatig na ang mga kagamitang panturo sa makabagong panahon ay nangangailangan ng mapamaraang pag-aangkop ng guro upang epektibong maihatid ang kaalaman sa kabila ng mga limitasyon.

Sa kabilang banda, ang mga hakbang na nakakuha ng pinakamababang marka ay nakatutok sa pormal na proseso ng ebalwasyon at pag-edit. Ang dokumentasyon ng proseso at mga aral na natutunan ay nagtala lamang ng 23 o 47.9%, habang ang pinakahuli ay ang Pagtatatag ng feedback loop gaya ng *peer review* at *moderation* na nakakuha lamang ng prekwensiyang 21 o 43.8%.

Ang mababang porsyento sa pagtatatag ng *feedback loop* (43.8%) at dokumentasyon (47.9%) ay nagpapahiwatig na ang mga isinasagawang solusyon ng mga guro ay mas nakasentro sa indibidwal at agarang pangangailangan (gaya ng sariling iskedyul at paggamit ng teknolohiya) sa halip na sa institusyonal o kolaboratibong sistema ng pagsusuri. Dahil kapos na sa oras ang mga guro, madalas na nilalagpasan o hindi na nabibigyang-prioridad ang mga pormal na siklo ng *peer review* at pag-edit. Sinusuportahan ito ng obserbasyon nina Cayabas at Sumeg-ang (2023) na kung walang pormal na mekanismo at suportang administratibo para sa *peer feedback*, ang proseso ng pagpipino ng IM ay nananatiling mabigat na pasanin para sa isang indibidwal na guro.

Sa pangkalahatan, mapamaraan ang mga guro sa Filipino sa pagharap sa mga hamon sa pamamagitan ng personal na pag-iskedyul at paggamit ng teknolohiya. Gayunpaman, upang mas mapataas ang kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo, malinaw na may pangangailangang institusyunal na pormalisahan ang mga estratehiya tulad ng *feedback loops* at pormal na pagsasanay, upang hindi lamang maging pansamantala kundi maging pangmatagalan ang solusyon sa mga hamong ito.

3.4 Rekomendasyong maimumungkahi sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga guro sa pagbuo ng instructional materials

Inilalahad sa Talahanayan 4 ang mga mungkahi at rekomendasyon upang mapalakas ang kapasidad at kasanayan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Nanguna sa mga mungkahi ang Pagsasama ng mga teknolohiyang pang-edukasyon gaya ng LMS, authoring tools, at multimedia sa pagsasanay na nakakuha ng pinakamataas na tugon na 41 o 85.4%. Sumunod dito ang *professional development* na nakatutok sa pagbuo ng instructional materials na may prekwensiyang 37 o 77.1%, at ang pagbibigay ng Time allowance o release time para sa pagbuo at pag-evaluate ng materyales na nagtala ng 36 o 75.0%.

Ang napakataas na pagpapahalaga sa pagsasanay na may integrasyon ng teknolohiya (85.4%) ay malinaw na tugon sa pangangailangan ng mga guro na makasabay sa modernong pedagohiya. Bagaman sa Talahanayan 1 ay ipinakita nilang pamilyar sila sa batayang ICT tools, ninais pa rin nilang palalimin ang kaalaman sa mga mas abansadong platform tulad ng LMS at *authoring tools* upang maging mas propesyonal ang kalidad ng kanilang IM. Bukod dito, ang mataas na kahilingan para sa *professional development* (77.1%) at *time allowance* (75.0%) ay direktang umaayon sa mga nakitang mabibigat na hamon sa Talahanayan 2. Pinatutunayan nito ang pananaw nina Cayabas at Sumeg-ang (2023) na hindi sapat ang pagkakaroon ng motibasyon; kinakailangan ng mga guro ang suportang institusyunal sa anyo ng bawas na *workload* o nakalaang oras (*release time*) upang pormal at mahusay na maidisenyo ang mga materyales nang hindi nararanasan ang matinding pagkapagod.

Sa kabilang banda, ang mungkahing nakakuha ng pinakamababang marka ay ang pagbibigay ng incentives o recognition para sa mahusay na pagbuo ng instructional materials na nagtala lamang ng 19 o 39.6%. Ang mababang

porsiyento sa aspeto ng insentibo at rekognisyon (39.6%) ay nagpapahiwatig na para sa mga guro, ang panlabas na gantimpala (*extrinsic rewards*) ay hindi pangunahing prayoridad. Mas pinahahalagahan ng mga kalahok ang pagkakaroon ng kongkretong suporta sa operasyon at logistika gaya ng sapat na oras, access sa mga e-book o kalipunan ng datos (72.9%), at gabay mula sa mga eksperto (72.9%). Ipinapakita nito na ang tunay na motibasyon ng mga guro ay nakasentro sa pag-unlad ng kanilang propesyonal na kasanayan at sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng kanilang mga mag-aaral. Umaayon ito sa pag-aaral ni Zamora (2016) na nagbibigay-diin na ang pagbuo ng epektibong modelo ng pagsasanay at ebalwasyon ang pinakamabisang katuwang upang ihanda ang mga guro sa mga kasanayan ng ika-21 siglo.

Talahanayan 4

Rekomendasyong maimumungkahi sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga guro sa pagbuo ng instructional materials

Mga Kasanayan at Kaalaman sa Pagbuo ng Instructional Material	Frequency (f)	Percentage (%)
Professional development na nakatutok sa pagbubuo ng instructional materials	37	77.1%
Pagsasama ng mga teknolohiyang pang-edukasyon (LMS, authoring tools, multimedia) sa pagsasanay	41	85.4%
Time allowance o release time para sa pagbuo at pag-evaluate ng materyales	36	75%
Access sa mapagkukunan (learning materials, e-books, datasets)	35	72.9%
Mentoring o coaching mula sa mas nakatatandang guro o eksperto	35	72.9%
Pagsasanay sa pagsusuri at pag-edit ng materyales (peer review, feedback cycles)	29	60.4%
Pagsasama ng inclusivity at accessibility checks sa development process	33	68.8%
Pagsasanay sa pagdeblop ng iba't ibang format ng instructional materials (print, digital, multimedia)	30	62.5%
Pagtatag ng structured na proseso ng feedback (peer review, student feedback)	27	56.3%
Incentives o recognition para sa mahusay na pagbuo ng instructional materials	19	39.6%
Patuloy na monitoring at ebalwasyon ng epekto ng instructional materials sa pagkatuto	27	56.3%

Bilang pagbubuo, upang epektibong mapalakas ang kapasidad ng mga guro sa Filipino, iminumungkahi ng pag-aaral na ito na ang mga institusyon ay hindi lamang dapat magdaos ng mga tradisyonal na seminar. Sa halip, kinakailangang magpatupad ng isang komprehensibong sistema na nagpapagsama sa makabagong teknolohiyang pang-edukasyon, nagbibigay ng sapat na oras at kalayaan sa mga guro, at nagpapadali ng ugnayan sa pamamagitan ng mentoring at pakikipagtulungan.

4. Kongklusyon

Batay sa pangkalahatang resulta ng pananaliksik na ito, matitiyak na ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ay may mataas na antas ng kahandaan at positibong oryentasyon sa pag-angkop ng mga makabagong teknolohiya at digitalisasyon upang gabayan ang epektibong pagbuo ng *instructional materials* (IM). Gayunpaman, ang kanilang kakayahang makabuo ng mataas na kalidad at kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay patuloy na naililita ng mga panlabas na salik na pang-logistika partikular ang tindi ng kakulangan sa oras dahil sa mabigat na gawaing pangguro at ang kapansin-pansing kakapusan sa mga lokal na akademikong teksto o reperensyang nakasulat sa wikang Filipino. Bagaman gumagawa ng mga personal na hakbang at estratehiya ang mga guro tulad ng sariling pag-iskedyul at paggamit ng teknolohiya upang malagpasan ang mga suliraning ito, may malinaw pa ring puwang sa mga pormal at teoretikal na aspeto ng pagdidisenyo, partikular sa kultura ng *peer-review* at pag-unawa sa teorya ng *cognitive load*. Samakatuwid, nagpapakita ito ng kritikal na pangangailangan para sa isang nakatutok at institusyunal na interbensyon mula sa pamunuan ng paaralan na hindi lamang magbibigay ng mga makabagong pagsasanay pampesyonal, kundi magkakaloob din ng kongkretong suporta sa anyo ng *time allowance* o bawas na *workload* upang pormal na mapalakas ang kapasidad ng mga guro nang hindi naisasakripisyo ang kanilang kapakanan at ang kalidad ng edukasyon ng mga mag-aaral.

Mula sa mga datos at natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod:

- Maglunsad ng mga pormal na serye ng pagsasanay (gaya ng *Learning Action Cell* o LAC sessions) na

nakatutok sa mas abansadong paggamit ng mga *LMS*, *multimedia*, at *authoring tools* na partikular na iniaangkop sa konteksto ng wikang Filipino.

- Bukod sa pagpili ng disenyo at teknolohiya, iminumungkahi na bigyang-pansin ng mga guro ang pag-aaral sa mga konsepto ng *cognitive load* at tamang pag-organisa ng impormasyon upang matiyak na ang mga gagawing IM ay hindi magiging labis para sa kaisipan ng mga mag-aaral.
- Paigtingin ang pakikipagtulungan o paghahati-hati ng mga gawain sa pagbuo ng materyales (gaya ng pagbuo ng *shared drive* ng mga lokal na teksto, artikulo, at *e-books*) upang sama-samang matugunan ang kakulangan sa mga sangguniang nakasulat sa wikang Filipino.
- Imbis na maging karagdagang pasanin sa mga guro, iminumungkahi na bigyan sila ng opisyal na oras o bawas sa regular na *teaching workload* tuwing may takdang panahon ng pagbuo at pag-ebalwasyon ng mga kagamitang panturo upang maiwasan ang matinding pagkapagod at mapanatili ang kalidad ng mga materyales.

AI Use Disclosure - Gumamit kami ng Google Gemini 3.5 Flash para sa pagsasalin ng mga sangguniang nasa wikang Ingles patungo sa Filipino, *fact-checking* o pagberipika ng datos. Sinuri in itedit ng mga may-akda ang kabuoan ng awtput kabilang na nabuong pagsasalin at beripikasyon o *fact-checking* nito. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa AI tools. Ganap na pananagutan ng mga may-akda ang nilalaman.

Author's Contribution Statement: **Arnel T. Noval:** conceptualization, writing - original draft preparation, supervision. **May Valerie T. Escalera:** validation and project administration. **Norly R. Plasencia:** methodology. **Imelda J. Villarin:** writing - review and editing. **Nemia F. Zamora:** methodology and data curation.

5. Talasanggunian

Bhaskaran, V. (n.d.). Survey Research: Definitions, Examples and Methods. Retrieved from:

<https://www.questionpro.com/blog/survey-research/>

Bisht, R. (2024). What is Purposive Sampling? Methods, Techniques, and Examples. Retrieved from:

<https://researcher.life/blog/article/what-is-purposive-sampling-methods-techniques-and-examples/>

Cayabas, J.P. at Sumeg-ang, D.A. (2023). Challenges and Interventions in Developing Instructional Materials: Perspectives of Public School Teachers in Basic Education, *International Journal of Innovative Research and Scientific Studies*, 6(4), 849-855. <https://doi.org/10.53894/ijrss.v6i4.2059>

Mugisha, E., Uworwabaye, A., at Urwibutso. (2023). Teacher's Use of Instructional Materials in Teaching and Learning Mathematics in Private Secondary Schools of Gasabo District, Rwanda. *Journal of Research Innovation and Implications in Education*, 7(2), 42-52.

Ojating, H. & Ojating, J.H. (2022). Incorporating Tangible Instructional Materials in Teaching and Learning: Implications for Educational Assessment and Evaluation, *International Journal of Quantitative and Qualitative Research Methods*, 10(1), 1-6.

Umar, H., Kyarma, H.M., at Buratai, M.A. (2019). Effectiveness Use of Instructional Materials in Teaching and Learning of Computer Science in Colleges of Education. *International Journal of Interdisciplinary Research and Innovations*, 7(4), 59-65.

Texas Education Agency. (nd). Instructional Materials Technology. <https://tea.texas.gov/academics/instructional-materials/instructional-materials-terminology>.

Zamora, N.C.L. (2016). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para sa Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan, *The Normal Lights*, 10(2), 207-236.

Development and validation of supplementary learning material on Integers for Mathematics 7

Quiras, Carmelle R. ✉

Cagbolo National Vocational High School, Philippines (carmelle.quiras@deped.gov.ph)

Deri, Ritzelda A.

Sorsogon State University, Philippines (raderi@sorsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 8 May 2026

Available Online: 11 June 2026

Revised: 2 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26240

Accepted: 7 June 2026

Abstract

This study focused on the development and validation of a supplementary learning material, specifically a Mathematics Handbook on Integers for Grade 7 students at Cagbolo National Vocational High School during the School Year 2023–2024. The main purpose of the study was to improve students' understanding of integers and enhance their reading comprehension and problem-solving skills in Mathematics. The participants were 32 Grade 7 students, composed of 18 Low Performing Group (LPG) and 14 High Performing Group (HPG), who were both exposed to the developed handbook. Their performance was measured using a teacher-made pre-test and post-test covering integer concepts and prerequisite skills, including reading comprehension in word problems. The validity of the instructional material was evaluated using the DepEd Learning Resource Management and Development System (LRMDS) standards, and a paired t-test was used to determine the significant difference between pre-test and post-test scores. Findings revealed that before the intervention, the LPG had difficulty in both integers and prerequisite competencies while the HPG showed only a fairly satisfactory level of performance, indicating a noticeable achievement gap. After the implementation of the Mathematics handbook, both groups showed significant improvement in their post-test results, with the achievement gap reduced and both groups reaching a satisfactory level of performance. The handbook, which included content-focused tasks, interactive exercises, critical thinking activities, production tasks, and problem-solving exercises, was found to be effective in improving students' reading comprehension and mathematical skills. Overall, the study concludes that the developed Mathematics handbook is an effective instructional tool that enhances learning, bridges performance gaps, and supports the development of students' comprehension and problem-solving skills in Mathematics, and it is recommended for use as both a remedial and instructional resource in Grade 7 Mathematics.

Keywords: integers, supplementary learning material, grade 7 mathematics, reading comprehension, problem-solving skills

Development and validation of supplementary learning material on Integers for Mathematics 7

1. Introduction

Teaching materials played an important role in the learning process. Adequate learning resources were able to supplement, sustain, and enrich the learning process. Instructional materials are important in teaching and learning at all levels of education because they enable students to extend and deepen their understanding by providing a number of firsthand, developmentally appropriate experiences and assisting students in gaining symbolic skills by providing a range of external aids. And to assist these students in studying in a more efficient manner by designing educational resources that validates their learning (Barile, 2015).

The 21st century learners consider Mathematics as one of the most difficult subjects. It is because critical thinking skills and analyzation are needed for it (Auzar, 2017). One of the problems of students in Mathematics is the word problem-solving. Problem solving is one of the major aspects in mathematics curriculum which required learners to apply and to integrate many mathematical concepts and skills as well as making decision. It is a skill being developed in every country. However, learners were reported to have difficulties in solving mathematical word problems. Besides computations and numerical solutions, solving Mathematical word problems seem to be more difficult because it is the application of the concepts that were tackled. Most of the students have a problem in comprehending the word problems given to them, unable to understand the information and organize it accordingly. This is because they have a low level of comprehension and familiarity about contexts in Mathematics such as translating English sentences to Mathematical sentences.

There are two intertwining factors central to understanding the text of a word problem: the task text itself and the problem solver's individual reading competence. Both can cause difficulties. In recent years, increasing attention has been paid to the task text and its linguistic characteristics that are considered to challenge the processing of the task, such as academic language. However, there have only been a few studies that focus on reading skills as a factor in explaining students' difficulties in dealing word problems. Since reading and understanding the text of a task are fundamental for solving word problems, it can be assumed that, in addition to the linguistic characteristics of the task text itself, reading competence also has an important influence on the solution process.

The learner's solving skill is the ability to solve the mathematical word problems successfully using the literal, inferential and critical interpretation of the text. Mastery of these skills which equate to comprehension level has become a must being the main factors in solving mathematical word problems. In the Philippines, reading comprehension continues to be a major challenge among students. The results of international assessments like PISA (Programme for International Student Assessment) have shown that Filipino students perform below average in reading literacy compared to other countries (Organization for Economic Co-operation and Development [OECD], 2019).

The Philippines' current educational state along Mathematics and English warrants a great deal of attention. As reported by World Bank in 2018 and the United Nations Development Program in 2009, the Filipino students' performance in international examinations administered by the Programme for International Student Assessment (PISA) in 2018 and the Trends in International Mathematics and Science Study (TIMSS) in 2019 is stuck at the bottom while struggling at a passing level locally. This trend is also reflected in national and regional examinations. The NAT results in 2019 also confirm the underperformance of students in Mathematics. This problem, of poor performance according to the Department of Education and the DOST, is attributed to students' poor reading comprehension. This means that Mathematics performance and reading comprehension are interlinked.

Murcia (2018) explained that students solving various Math problems entails reading and computing skills at the same time. Moreover, a lot of students at their high school levels both public and private schools were both poor in comprehending and analyzing Math word problems. This means that problem solving is an important part in Mathematics. Contextualization is one of the keys of engaging the students in teaching-learning process wherein the students can relate their situations on their lesson. It makes the lesson meaningful and relevant to the student's lives by relating the students' context to mathematical content taught in school. Several other studies such as the one conducted on mathematical problem solving, showed that students performed poorly on solving word problems because of the inadequacy of comprehension specifically on the text of the word problem. It is evidently crucial because it is not only a means of conveying information; rather it is used to interpret the events and phenomenon in a way that provokes students' thinking.

In the implementation of K-12 program, problem solving is one of the focal skills in Mathematics that students must possess. Therefore, it is important that students must be able to comprehend and understand concepts in solving problems. DepEd reported that students' performance in the National Achievement Test (NAT) was even more discouraging. Last School Year 2017-2018, the performance of all divisions in the National Achievement Test consistently performed highest in Filipino and Araling Panlipunan while lowest in Mathematics, Science and English. This result is consistent with the findings of the study by Gain and Ancho (2018), where Filipino and Araling Panlipunan were the highest-scoring subjects while English, Math and Science were the lowest scoring. Similarly, Imam reported that learners have difficulty performing reading, Mathematics and Science.

Numeracy skills have been widely recognized during the last two decades as essential for a person's educational achievements and ability to live in a successful life in modern society, including employment opportunities and public health outcomes (Marcos, 2017). Furthermore, in the 2018 Program for International Student Assessment (PISA) report in the worldwide study by the Organization for Economic Cooperation and Development (OECD) of 15-year-old students' scholastic performance in Mathematics in nearly 80 nations, the Philippines ranked 76th with an average score of 353. This result means that Filipinos performed academically poorly in Mathematics, which is below the lowest proficiency level. The deteriorating performance of Filipino students in Mathematics has become a major challenge to Philippine education.

In this connection, the Schools Division Office of Camarines Norte adopted the Albay Numeracy Assessment Tool (ALNAT) to assess the numeracy skills of Grades 4-10 learners. Thus, at the beginning of the school year, a profile of the learners and prior assessment is necessary to determine the level of skills of the learners and provide appropriate lessons suited to their needs. Numeracy skills include knowing and understanding, computing, and solving, estimating, visualizing and modeling, representing and communicating, conjecturing and reasoning, proving and making decisions, and applying and connecting. Each skill is composed of the Most Essential Learning Competencies (MELC) that were rephrased and deemed necessary for the achievement of content and performance standards. These are essential skills for a successful daily life. Mathematics education at the secondary level plays a crucial role in developing learners' logical reasoning and problem-solving skills. Among the fundamental topics in Grade 7 Mathematics is the concept of integers, which serves as a foundation for more advanced mathematical concepts. However, many learners encounter difficulties in understanding operations involving integers, particularly when dealing with negative numbers and real-life applications. These challenges are often attributed to abstract representations, lack of conceptual understanding, and limited instructional materials that cater to diverse learning needs.

To address these gaps, supplementary learning materials have been recognized as effective tools in enhancing students' comprehension and engagement. Such materials provide additional practice, varied representations, and contextualized activities that support mastery of concepts beyond the standard curriculum. The development and validation of these materials are essential to ensure their quality, relevance, and effectiveness in improving learning outcomes. In recent years, there has been increasing emphasis on learner-centered approaches, particularly Independent and Cooperative Learning (ICL), as a strategy to improve academic performance and engagement. Independent learning encourages students to take responsibility for their own learning by working at their own

pace, reflecting on their understanding, and developing self-regulation skills. This approach is especially beneficial in mathematics, where learners need time and practice to internalize abstract concepts such as integers.

On the other hand, cooperative learning involves structured group activities where students work together to achieve shared learning goals. Through collaboration, learners can exchange ideas, clarify misconceptions, and develop deeper understanding through peer interaction. Cooperative learning has been shown to enhance critical thinking, communication skills, and positive attitudes toward mathematics. The integration of Independent and Cooperative Learning (ICL) in supplementary learning materials provides a balanced approach that addresses individual and social dimensions of learning. Activities designed for independent work allow learners to build confidence and mastery, while cooperative tasks promote discussion, reasoning, and collective problem-solving. This dual approach is particularly effective in teaching integers, as students benefit from both personal practice and peer-assisted learning.

In Mathematics education, there is a growing recognition of the importance of contextualization and individualized learning in improving students' understanding of abstract concepts. Contextualization refers to the process of relating mathematical ideas to real-life situations that are meaningful and relevant to learners. In the case of integers, students often struggle to grasp concepts such as negative numbers and operations involving them when these are presented in purely symbolic or abstract forms. By embedding lessons in familiar contexts—such as financial transactions, temperature changes, or daily experiences—learners can construct meaning more effectively and see the practical value of mathematical concepts. Moreover, independent learning emphasizes the need to address the diverse abilities, learning styles, and pacing of students within the classroom. Grade 7 learners exhibit varying levels of readiness and prior knowledge in mathematics, which can affect their ability to master foundational topics like integers. Traditional one-size-fits-all instruction may not adequately support struggling learners or challenge advanced students. Therefore, instructional materials that allow learners to work at their own pace, revisit concepts, and engage in differentiated activities are essential in promoting mastery and confidence.

The integration of contextualization and independent learning in supplementary learning materials provides a more inclusive and effective approach to instruction. Contextualized tasks help bridge the gap between theory and application, while individualized components—such as guided practice, self-assessment, and tiered activities—enable learners to take ownership of their learning. This combined approach not only enhances conceptual understanding but also fosters motivation and active engagement among students. Thus, the development and validation of supplementary learning materials on integers for Grade 7 Mathematics, grounded in contextualization and individualized learning principles, aim to address learners' diverse needs and improve their overall performance. By ensuring that the materials are relevant, adaptable, and learner-centered, the study seeks to contribute to more effective mathematics instruction and meaningful learning experiences.

The Grade 7 students of Cagbolo National Vocational High School in Magallanes, Sorsogon exhibit varying levels of reading comprehension, with some learners demonstrating adequate understanding of texts, while others experience difficulties in interpreting, analyzing, and drawing meaning from written materials. These challenges are commonly associated with limited vocabulary, insufficient reading practice, and gaps in foundational literacy skills. Similar studies conducted in Philippine secondary schools reveal that many Grade 7 learners perform at instructional or frustration levels, particularly in skills such as inferencing and contextual understanding. Given that reading comprehension is essential for understanding academic content across subjects, the observed variation in learners' abilities highlights the need for appropriate instructional support and supplementary learning materials to improve comprehension skills and overall academic performance.

Therefore, the researcher conducted research about the development and validation of supplementary learning materials on integers for Mathematics in Grade 7 students, incorporating Independent and Cooperative Learning (ICL) strategies. By aligning the materials with these approaches, the study aims to enhance students' conceptual understanding, engagement, and overall performance in Mathematics. This is through giving focus on improving the skills and knowledge of students in solving word problems particularly in the Operation of Integers. These

Validators’ Evaluation Score along Presentation and Organization

Indicators	Mean	DR
1. Presentation is engaging, interesting, and understandable.	3.80	VS
2. There is logical and smooth flow of ideas.	3.60	VS
3. Vocabulary level is adapted to target reader’s likely experience and level of understanding.	4.00	VS
4. Length of sentences is suited to the comprehension level of the target reader.	3.60	VS
5. Sentences and paragraph structures are varied and interesting to the target reader.	3.60	VS
Total Points	18.60	Passed

Legend: DR – Descriptive Rating VS – Very Satisfactory

Table 2C presents the validators’ evaluation scores along presentation and organization. The findings reveal that all indicators received a descriptive rating of “Very Satisfactory (VS),” which indicates that the instructional material is well-presented and properly organized for the intended learners. The indicator “Vocabulary level is adapted to target reader’s likely experience and level of understanding” obtained the highest mean score of 4.00, suggesting that the words and terms used in the material are appropriate and easily understood by the target readers. Meanwhile, the indicator “Presentation is engaging, interesting, and understandable” received a mean score of 3.80, indicating that the material is capable of maintaining learners’ attention and promoting comprehension. The indicators “There is logical and smooth flow of ideas,” “Length of sentences is suited to the comprehension level of the target reader,” and “Sentences and paragraph structures are varied and interesting to the target reader” all received a mean score of 3.60. These results imply that the organization and structure of the material are generally effective, although validators may have identified minor improvements that could further enhance clarity and readability.

Overall, the total score of 18.60 with a descriptive rating of “Passed” indicates that the presentation and organization of the instructional material are acceptable and suitable for educational use. The results imply that the instructional material was designed with consideration for learners’ comprehension and engagement. The high rating for vocabulary-adaptation highlights the importance of using language that matches the learners’ level of understanding, which may help improve reading comprehension and encourage active participation in learning activities. Furthermore, the positive evaluation of the material’s presentation suggests that engaging and understandable content can contribute to increased learner motivation and interest. The logical flow of ideas and appropriate sentence structures also indicate that the material supports organized learning, enabling students to follow concepts more effectively and build understanding progressively. However, the slightly lower ratings in the flow of ideas, sentence length, and paragraph structure suggest that there may still be opportunities to improve coherence, readability, and variety in writing style. Refining these aspects could make the material more appealing and easier to understand for a wider range of learners.

Overall, the findings demonstrate that the instructional material possesses strong qualities in presentation and organization, making it a potentially effective tool for facilitating learning and improving students' educational experiences. This finding is heavily supported by Ambrose et al. (2020), who state that prioritizing appropriate lexical density and readability indices ensures that student cognitive capacity is spent on *schema acquisition* rather than linguistic decoding. Furthermore, Crossley (2020) notes that matching syntactic complexity (sentence length) to the reader's developmental age is a primary determinant of text processing speed and comprehension.

D. Accuracy and Up-to-datedness of Information

Table 2D

Validators' Evaluation Score along Accuracy and Up-to-datedness of Information

Indicators	Mean	DR
1. Conceptual errors	3.80	VS
2. Factual errors	4.00	VS
3. Grammatical errors	4.00	VS
4. Computational errors	3.80	VS
5. Obsolete information	4.00	VS
6. Typographical and other minor errors (e.g., inappropriate or unclear illustrations, missing labels, wrong captions, etc.).	4.00	VS
Total Points	23.60	Passed

Legend: DR – Descriptive Rating VS – Very Satisfactory

Table 2D presents the validators' evaluation scores along accuracy and up-to-datedness of information. The findings show that all indicators received a descriptive rating of "Very Satisfactory (VS)," indicating that the instructional material contains accurate, reliable, and updated information. Indicators on factual errors, grammatical errors, obsolete information, and typographical and other minor errors obtained the highest mean score of 4.00, which suggests that the material was carefully reviewed and prepared with minimal inaccuracies and errors. Meanwhile, the indicators on conceptual errors and computational errors received a mean score of 3.80, which still falls under the "Very Satisfactory" category. This implies that the concepts and computations presented in the material are generally correct and understandable, although validators may have noted minor areas that could still be improved for greater precision and clarity. Overall, the total score of 23.60 with a descriptive rating of "Passed" indicates that the instructional material meets the required standards for accuracy, correctness, and relevance of information, making it suitable for educational use.

The results imply that the instructional material is dependable and academically credible for classroom implementation. The high ratings in factual accuracy, grammatical correctness, and updated information suggest that the material can provide learners with reliable knowledge and minimize misconceptions during the learning process. Accurate and updated instructional resources are essential because they support effective teaching and help students develop correct understanding of concepts and information. Furthermore, the absence of significant typographical and minor errors reflects the careful preparation and quality control applied in the development of the material. This may contribute positively to learners' comprehension, since clear illustrations, labels, and captions can improve understanding and reduce confusion. Although conceptual and computational aspects also received very satisfactory ratings, their slightly lower mean scores indicate the need for continuous review and refinement to ensure maximum accuracy and precision. Strengthening these areas may further enhance the effectiveness and reliability of the instructional material. Overall, the findings demonstrate that the material possesses high standards of accuracy and relevance, which may contribute to improved learning outcomes, better comprehension, and increased trust in the instructional resource among both teachers and students.

The significance of instructional module development and validation in Organization and Management emerges from multiple considerations, such as curriculum innovation, instructional quality, and real-world relevance. Prior studies emphasize the value of well-crafted modules in promoting student engagement and learning effectiveness (Smith & Jones, 2018). In the broader context of ABM education, research findings from Johnson et al. (2019) and Lee & Kim (2020) show that properly structured instructional content leads to stronger comprehension and improved performance.

The LRMDs checklist is assessed for its effectiveness in addressing key aspects of resource management, while the researcher-made questionnaire is examined to ensure its questions accurately measure the acceptability of the instructional module. The validators provide detailed feedback, focusing on content accuracy, clarity, and the overall structure of the instruments. They identify any ambiguities or areas for improvement, particularly regarding the readability of the questionnaire and the usability of the checklist. The survey instrument validation rating scale developed by Oducado (2020) was used as a tool.

The LRMDs checklist is assessed for its effectiveness in addressing key aspects of resource management, while the researcher-made questionnaire is examined to ensure its questions accurately measure the acceptability of the instructional module. The validators provide detailed feedback, focusing on content accuracy, clarity, and the overall structure of the instruments. They identify any ambiguities or areas for improvement, particularly regarding the readability of the questionnaire and the usability of the checklist. The survey instrument validation rating scale developed by Oducado (2020) was used as a tool. Yam, B. et.al (2020) emphasized that when learning materials are localized, cognitive load is reduced. Students do not have to struggle to decipher unfamiliar cultural scenarios before processing the actual academic skill, leading to higher concept retention and engagement.

3.3 Effectiveness of the developed material in enhancing the performance in integers of the following groups of students: high performing group (HPG) and low performing group (LPG)

Table 3A presented the performance of the students (HPG and LPG) in integers competencies in the Pre-test and Post-test scores.

Table 3A
Students' Performance on Integers in the Pre-test and Posttest

Group	Reading Comprehension and Problem Solving			
	Pre-Test PL	DR	Posttest PL	DR
High Performing Group (HPG)	55.54%	DNME	82.33%	S
Low Performing Group (LPG)	48.36%	DNME	80.17%	S
Over-all	51.95%	DNME	81.25%	S

PL – Performance Level DR – Descriptive Rating

Table 3A presents the students' performance on integers in the pre-test and posttest in High Performing Group (HPG) and Low Performing Group (LPG). The results reveal that both groups showed notable improvement after the implementation of the intervention or instructional strategy. The High Performing Group (HPG) obtained a pre-test performance level of 55.54% with a descriptive rating of DNME (Did Not Meet Expectations). This indicates that prior to the intervention, the students still had insufficient mastery of reading comprehension and problem-solving skills despite being classified as high-performing learners. However, during the posttest, their performance increased to 82.33% with a descriptive rating of S (Satisfactory). The substantial increase in scores suggests that the intervention effectively enhanced the students' comprehension abilities and critical thinking skills necessary for solving problems.

Similarly, the Low Performing Group (LPG) achieved a pre-test score of 48.36%, also described as DNME. This implies that the students initially struggled in understanding texts and applying problem-solving strategies. After the intervention, their posttest score increased significantly to 80.17%, with a descriptive rating of Satisfactory. The improvement demonstrates that the intervention was effective not only for high-performing students but also for learners who initially had lower academic performance. When taken together, the overall performance rose from 51.95% (DNME) in the pre-test to 81.25% (S) in the posttest of the students in performance on integers. These results clearly demonstrate that the intervention was effective not only for high performing group but also for those with initially lower academic performance.

The findings imply that appropriate instructional strategies can significantly improve students' reading comprehension and problem-solving skills regardless of their performance level. The increase in both groups' scores indicates that guided learning activities, comprehension-based instruction, and problem-solving exercises

may have contributed to the development of higher-order thinking skills. The results further suggest that students learn more effectively when they are exposed to interactive and meaningful learning experiences that allow them to analyze, interpret, and apply information. Moreover, the improvement in the Low Performing Group highlights the importance of providing adequate instructional support and differentiated learning opportunities. It suggests that struggling learners can achieve satisfactory performance when exposed to effective teaching approaches that address their specific learning needs.

According to Pearson (2002), explicit instruction in comprehension strategies significantly improves students' ability to understand texts and solve academic problems. Their research emphasized that teaching students how to identify key ideas, make inferences, and monitor understanding enhances academic achievement. Furthermore, the study aligns with the principles of differentiated instruction by Tomlinson (2003), who emphasized that varied instructional methods and learner-centered activities help students with different ability levels improve academically. The satisfactory posttest ratings of both HPG and LPG indicate that the intervention successfully addressed the diverse learning needs of the students.

As a result, Table 3A demonstrates that the intervention had a positive effect on the students' performance on integers. The results underscore the importance of using effective, comprehension-focused, and learner-centered teaching strategies to improve academic achievement among students with varying performance levels. According to Vilenius-Tuohimaa et al. (2018), mathematical word problems require a simultaneous mastery of literal reading comprehension and mathematical logic. If a student cannot decode the text, they cannot construct the mathematical model. This finding directly mirrors local findings from the Program for International Student Assessment (PISA), which consistently demonstrate that Filipino learners struggle with word problems due to weaknesses in reading literacy.

Table 3B
Effect of the Developed Reading Material on Students' Performance on Integers

Statistical Basis	Statistical Analysis	
	HPG	LPG
Df	13	17
critical t-value	2.160	2.110
computed t-value	3.21	5.12
decision on hypothesis	reject the null hypothesis	reject the null hypothesis
conclusion	significant	significant
Cohen's d	0.86	1.21
Effect size	large	very large

Level of Significance = 5% or 0.05

The results of Table 3B presents the statistical analysis measuring the effect of the developed reading material on students' performance in integers, covering the High Performing Group (HPG), Low Performing Group (LPG), and the overall group. The HPG obtained a computed t-value of 3.21, which is higher than the critical t-value of 2.160 at $df = 13$. This leads to the rejection of the null hypothesis, indicating that there is a statistically significant difference between the pre-test and post-test scores in problem solving. In terms of effect size, Cohen's d is 0.86, which falls under a large effect size. This suggests that the improvement in problem-solving performance is not only statistically significant but also educationally meaningful. The intervention had a strong positive impact on the students' ability to solve problems.

The LPG obtained a computed t-value of 5.12, which is also greater than the critical t-value of 2.110 at $df = 17$. This result also leads to the rejection of the null hypothesis, meaning there is a significant difference between pre-test and post-test scores in problem solving. The Cohen's d value for LPG is 1.21, which indicates a very large effect size. This shows that the intervention had a very strong impact on the problem-solving skills of low-performing students, with a greater magnitude of improvement compared to HPG. The higher magnitude of growth observed in the lower-performing group aligns with the meta-analytic findings of Hattie (2009), who observed that structured educational interventions yield the most pronounced effects among students with lower baseline scores due to the reduction of cognitive gaps. Furthermore, the classifications of these effects are justified by

Sawilowsky's (2009) expanded benchmarks for Cohen's d , which characterizes effect sizes exceeding 1.20 as 'very large.' This proves the intervention was robust enough to benefit high achievers while drastically accelerating the growth of struggling students."

Overall, both groups demonstrated significant improvement in problem-solving skills after the intervention. However, the LPG showed a stronger effect size compared to the HPG, suggesting that lower-performing students benefited more substantially from the program. The findings indicate that the intervention is highly effective in enhancing problem-solving abilities across different performance levels, with particularly strong gains among the low-performing group. The findings imply that the contextualized, independent learning and articles for reading comprehension in structured handbook significantly contributed to the improvement of students' reading comprehension and mathematical problem-solving skills. The remarkable increase in posttest scores among both high-performing and low-performing learners suggests that the material successfully addressed learners' needs and supported meaningful learning experiences.

4. Conclusions and Recommendations

The following conclusions were drawn: the developed supplementary learning material on Integers is considered an effective and appropriate instructional resource that supports meaningful learning experiences and enhances students' mathematical understanding and independent learning skills. It was found to be valid and acceptable based on the evaluation of experts and respondents in terms of content, format, presentation and organization, and accuracy and up-to-datedness of information, indicating that it can be effectively used as an instructional and learning resource. The material is also effective in enhancing the reading comprehension and problem-solving skills of both the High-Performing Group (HPG) and Low-Performing Group (LPG), as shown by the improvement in their post-test scores after exposure to the material. The proposed enhanced supplementary learning material may further improve students' understanding and mastery of integers through improved activities, clearer presentation, and more learner-centered approaches. Therefore, the developed and enhanced supplementary learning material can serve as an effective instructional support tool in teaching Integers to Grade 7 students at Cagbolo National Vocational High School.

The following recommendations are offered: Mathematics teachers may utilize the developed Supplementary Learning Material on Integers to enhance students' understanding of integer concepts through contextualized and independent learning activities. Future researchers may conduct further validation and evaluation of the material, and additional activities and visual enhancements may be included to further improve learner engagement. Teachers are encouraged to integrate the developed material into their teaching strategies to strengthen students' reading comprehension and problem-solving abilities. Students are encouraged to actively engage with the material to further develop their comprehension skills and critical thinking in solving problems. Lastly, schools and curriculum planners may consider adopting the developed material as a supplementary instructional resource to support literacy and critical thinking development.

5. References

- Adopting the Indigenous People Education Curriculum Framework (DO 32, s. 2015).
- Ariate, et.al. (2023). Development and Validation of Off-line Web Quest for Grade 7 Mathematics Students. *United International Journal for Research & Technology* 4 (04), 22-23.
- De Vera, R. M. (2024). The content effectiveness of user-generated content to the purchasing decision of consumers. *Latin American Business and Sustainability Review*, 1(1), 49–58.
- DepEd 2016 Inputs on Contextualization. National Training of Trainers for Grade 11 Teachers.
- Dio, R. (2022). Utilization of Digital Module for Asynchronous Online Independent Learning in *Advanced Mathematics Education. Mathematics Teaching Research Journal* 14(1), 80-98.
- Domanais, M. et.al. (2022). Improving the least Mastered Competencies on Number and Number Sense of Grade 7 Learners. *International Journal of Advanced Research* 10.

- Frutas, Magda L (2019). Reading Comprehension and Mathematics Problem Solving Proficiency of Filipino ESL Learners: An Imperative for Bridging the Gap. *The Asian EFL Journal*.
- Hiebert, J., Carpenter, T. P., Fennema, E., Fuson, K. C., Wearne, D., & Murray, H. (1997). *Making sense: Teaching and learning mathematics with understanding*. Heinemann
- Hijada, M., & De la Cruz, M. (2002). The Gap Between Comprehension Level and Problem-Solving Skills in Learning Mathematics. *Universal Journal of Educational Research*. 1(1), 35-43.
- Liwig, R. G. (2018). Developing and utilizing contextualized instructional materials in teaching operations on integers.
- Mijares, B. F., III. (2023). Development and validation of supplementary learning material in Earth science. *Cosmos: An International Journal of Art & Higher Education*, 12(1)
- Nikitina, S. & Mansilla, V. (2003). Three Strategies for Interdisciplinary Mathematics and Science Teaching: A Case of the Illinois Mathematics and Science Academy.
- Nikitina, S. (2002). Three Strategies for Interdisciplinary Teaching: Contextualizing, Conceptualizing and Problem Solving.
- Ozsoy, G. & Kruyer H. G. & Cakiroglu, A. (2015). *Evaluation of Students' Mathematical Problem-Solving Skills in Relation to their Reading Levels*. *International Electronic Journal of Elementary Education*, 8(1), 113-132.
- Panadero, E. (2017). A review of self-regulated learning: Six models and four directions for research. *Frontiers in Psychology*, 8, 422.
- Polya, G. (1957). *How to Solve It*. New Jersey. Princeton University Press.
- Regional Memorandum No. 113, s. 2022, Conduct of Albay Numeracy Assessment Test (ALNAT) for Grades 4-10.
- The Corner Stone of Tech Prep (1999). *Teaching Mathematics Contextually*. CORD Communications, Inc.
- Timario, R. (2020). Reading Comprehension and Problem-Solving Skills of Grade Seven students: A Mixed Sequential Explanatory Approach. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)* e-ISSN :2378-703X Volume-4, Issue-6, pp-83-91 www.ajhssr.com
- Tolentino, J. C. G., Danganan, C. G., David, A. A., & Peña, J. T. (2023). Development and validation of a booklet in educational research: A supplementary material for Filipino teacher education students. *Multidisciplinary Journal for Education, Social and Technological Sciences*, 10(2), 1-23.
- Zhu, N. (2015). *Cognitive Strategy Instruction for Mathematical Word Problem-solving of Students with Mathematics Disabilities in China*. *International Journal of Disability, Development, and Education*, 2015 Vol.62, No. 6, 608-627.

Mula kasaysayan hanggang salaysay: Pagdalumat sa simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño

Acala, Michell T. ✉

Leyte Normal University, Philippines (michellet_acala@lnu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

Received: 1 June 2026

Available Online: 14 June 2026

Revised: 7 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26253

Accepted: 12 June 2026

OPEN ACCESS

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga simbolikong kahulugan ng San Juanico Bridge batay sa iba't ibang salaysay at kuwentong-bayan ng mga Waray. Ginamit sa pananaliksik ang kwalitatibo-deskriptibong disenyo upang mailarawan at mabigyang-kahulugan ang mga symbolismong nakapaloob sa mga kuwentong may kaugnayan sa tulay. Sa pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang purposive sampling sa pagpili ng mga impormanteng katutubo o residente ng Leyte at Samar, may edad na animnapu't lima (65) pataas, may kaalaman sa mga salaysay hinggil sa Tulay ng San Juanico, at naninirahan sa mga bayan na malapit sa tulay. Isinaalang-alang din ang mga pamantayang etikal sa pakikitungo sa mga impormante. Mula sa labimpitong (17) nakalap na bersiyon ng mga salaysay, natuklasan sa pag-aaral na ang San Juanico Bridge ay hindi lamang isang estrukturang nag-uugnay sa Leyte at Samar kundi isang mahalagang sagisag ng pag-ibig, ugnayang pangkultural, pambansang kaunlaran, katatagan ng mga Waray, pamilya, paniniwala, at mga mithiin. Ipinakita rin ng pagsusuri na ang mga salaysay tungkol sa tulay ay nagsisilbing tagapag-ingat ng kolektibong alaala, mga pagpapahalaga, at pagkakakilang pangkultura ng mga Leyteño at Samareño. Higit pa rito, pinatutunayan ng pag-aaral na ang kuwentong-bayan at tradisyong pasalita ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng kulturang Waray at sa pagpapasa ng mga paniniwala at pagpapahalaga mula sa isang henerasyon tungo sa susunod. Sa kabuuan, pinagtibay ng pag-aaral na ang San Juanico Bridge ay isang buhay na simbolo ng kulturang Waray at mahalagang bahagi ng kolektibong kamalayan ng mga mamamayan ng Silangang Visayas.

Mga Susing Salita: San Juanico Bridge, simbolismo, kuwentong-bayan, kulturang Waray, Leyteño, Samareño

Mula kasaysayan hanggang salaysay: Pagdalumat sa simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño

1. Abstract

This study aims to examine the symbolic meanings of the San Juanico Bridge based on various narratives and folktales of the Waray people. A qualitative-descriptive research design was employed in order to describe and interpret the symbolism embedded in the stories related to the bridge. In gathering the data, the researcher utilized purposive sampling in selecting informants who are natives or residents of Leyte and Samar, aged 65 and above, knowledgeable about the stories of the San Juanico Bridge, and residing in municipalities near the bridge. Research ethics were likewise observed in dealing with the informants. From the seventeen (17) collected versions of narratives, the study revealed that the San Juanico Bridge is not merely a structure connecting Leyte and Samar but also a significant symbol of love, cultural relations, national development, Waray resilience, family, beliefs, and aspirations. The analysis further showed that the narratives about the bridge serve as vessels of collective memory, values, and cultural identity among Leyteños and Samareños. The study also demonstrates that folklore and oral tradition play an essential role in preserving Waray culture and in transmitting beliefs and values from one generation to another. Hence, the study shows that the San Juanico Bridge is a living symbol of Waray culture and an important part of the collective consciousness of the people in Eastern Visayas.'

Keywords: San Juanico Bridge, symbolism, folklore, Waray culture, Leyteño, Samareño

2. Introduksiyon

Mahalaga ang kultura sa paghubog ng pagkakakilanlan at pambansang kamalayan ng isang indibidwal. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga, pagkilala, at patuloy na pagtangkilik sa mga elementong pangkultura, nahuhubog ang diwang makabansa at mas lumalalim ang pag-unawa sa kasaysayan at identidad ng lipunan. Kaugnay nito, mahalagang pagtuunan ng pansin ang iba't ibang anyong pampanitikan at mga salaysay na nagsisilbing salamin ng paniniwala, tradisyon, karanasan, at pagpapahalagang panlipunan ng mga mamamayan.

Ang fokol ay isa sa mga saklaw ng panitikang Filipino na kakikitaan ng istorya ng kultural na pagpapahalaga ng tao ayon sa lipunang kinabibilangan. Masasalamain dito ang iba't ibang kuwento na nagpasalindila sa mga tao buhat sa lugar na pinagmulan, kabilang dito ang mga alamat, kuwentong-bayan, mito, at iba pa. Gamit ang tradisyong palipat-dila, ang fokol ay ang anumang bahagi ng kaalaman na ipinamana mula sa isang henerasyon patungo sa isa pang henerasyon na naglalarawan o nagpapakita ng isang piling pangkat-etniko na masasabing natatangi sa nasabing grupo na sumasalamain sa mga kaugalian, kinagawian, mga napapansin, awitin at pamahiin at iba pang gawi ng sinaunang panahon (Eugenio, 2007). Samakatuwid, malaki ang gampanin ng fokol tungo sa patuloy na pagpapamana, pagpapanatili, at paglinang sa kultura, tradisyon, at pagkakakilanlan ng mamamayan. Itinuturing itong talaan ng mga karanasan na nananatiling buhay sa kabila ng paglipas ng maraming taon.

Batay sa isang katitikan na inilatag sa UNESCO ng International Round Table : "Intangible Cultural Heritage – Working Definitions" noong Marso 14-17, 2020 sa Italy, binigyang-depenisyon ang fokol na:

"Folklore (or traditional and popular culture) is the totality of tradition-based creations of a cultural community, expressed by a group or individuals and recognized as reflecting the expectations of a community in so far as they reflect its cultural and social identity; its standards and values are transmitted orally, by imitation or by other means. Its forms are, among others, language, literature, music, dance, games, mythology, rituals, customs, handicrafts, architecture and other arts."

Makikita rin sa fokol ang mga pagpapahalagang pangkaasalan o balyus ng mamamayan na naging bahagi ng

pang-araw-araw na karanasan. Ipinapakita ng panitikang ito ang tatak o pagkakakilanlan ng isang pangkat na patuloy na ipinapasa sa salinlahi.

Maraming lugar sa Pilipinas ang may kanya-kanyang istorya o kuwentong-bayan na nagpasalin-salin sa bibig ng mamamayan mula pa sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Ang Silangang Visayas ay isa sa mga rehiyon sa Pilipinas na naging pugad ng makukulay na kultura at tradisyon mula pa sa kasaysayan. Mayaman din ito sa mga panitikang oral lalo na tungkol sa paraan ng pamumuhay ng mga mamayan at ang kanilang mga paniniwala. Matatagpuan sa Silangang Visayas ang mga lalawigan ng Leyte at Samar na mayaman na sa panitikang salimbibig bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas. Ang mga kuwento ay naglalaman ng iba-ibang karanasan at mahahalagang pangyayari sa buhay ng mga mamamayan. Sa ngayon ang “susumaton” o kuwentong-Waray ay buhay pa dahil mayroon pa ring matatandang mahilig magkuwento sa kanilang mga apo (Amat, 2019).

Ang mga kuwentong-bayan ay mga naratibong pasalita na nagpasalin-salin sa maraming henerasyon. Naririnig ang mga ito sa mga pangkomunidad na seremonya, ritwal at sa pang-araw-araw na “huntahan” o pagtitipon at kuwentuhan ng mga mamamayan. Madalas ang mga kuwentong-bayan ang nagpapaliwanag ng iba’t ibang aspekto ng tradisyon, mga kalakaran at pati na rin ng kasaysayan. Ang mga kuwentong-bayan ay itinuturing ding masining na pamamaraan ng pakikipagtalastasan sa mga kasapi ng pamayanan maging sa tagalabas. Samakatuwid, ang mga kuwentong-bayan ay malinaw na representasyon ng kultura ng isang pangkat ng lipunan.

Binigyang-diin ng UNESCO (2011) ang pagprotekta o pagpapanatili sa mga bagay na mahalaga para sa kinabukasan ng bawat mamamayan at kabilang dito ang kultura. Ayon sa UNESCO (2011):

These things may be significant due to their present or possible economic value, but also because they create a certain emotion within us, or because they make us feel as though we belong to something – a country, a tradition, a way of life. They might be objects that can be held and buildings that can be explored, or songs that can be sung and stories that can be told. Whatever shape they take, these things form part of a heritage, and this heritage requires active effort on our part in order to safeguard it.

Sa kasalukuyan ay unti-unting naglalaho at nakakalimutan ang mga tradisyonal na kuwento ng mamamayan. Ang mga folklor na ito ay may kahalagahan pagdating sa ekonomiko, sosyal, kultural, at politikal na aspeto maging ang papel nito sa nagpapaliwanag ng kasaysayan ng bawat bagay. Kaya naman, ang pagpapanatili at pagtataguyod sa mga ito ay katumbas ng pagpapahalaga sa buhay na kultura ng mga Pilipino.

Kaugnay rito, matatagpuan sa Silangang Visayas ang tanyag na tulay ng San Juanico, itinuturing na isa sa mga pinakamahabang tulay sa Pilipinas. Bahagi ito ng Pan-Philippine Highway at tinatayang may habang 2.2 kilometro at ito ang nag-uugnay sa mga pulo ng Leyte at Samar. Pinag-uugnay nito ang dalawang isla na malaki ang gampanin tungo sa maayos na pamumuhay ng mga tao (Adaya et al., 2019). Ang tulay na ito ay naipatayo sa ilalim ng pamamahala ng administrasyong Marcos. Ang asawa ni Marcos ay nagmula sa Leyte kaya marami ang nagsasabing regalo ito ni Marcos sa kanyang asawang si Imelda bilang simbolo ng kanyang pagmamahal. Samantala, malaki ang papel na ginagampanan ng tulay sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng Samar at Leyte. Ito ay nagbukas ng sibilisasyon lalo na sa aspetong panturismo na nagpakilala sa kultura ng mga Waray. Gayundin, maraming mga kuwento ang nalikha simula nang ipatayo ang San Juanico Bridge na iniuugnay sa pagiging matibay ng pundasyon nito. Bawat kuwento ay may tema at ang mga tao ay may pinaniniwalaan na kung saan makikita ang iba’t ibang pagpapahalagang kultural na maiuugnay sa mga istorya ng tulay.

Ang San Juanico Bridge ay hindi lamang isang estrukturang nagdurugtong sa mga lalawigan ng Leyte at Samar, kundi isa ring mahalagang simbolo ng kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng mga Leyteño at Samareño. Sa paglipas ng panahon, nabuo ang iba’t ibang salaysay at pananaw hinggil dito na sumasalamain sa karanasan, paniniwala, at kolektibong alaala ng mga Waray. Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, makikita kung paano nabibigyang-kahulugan ng mga mamamayan ang tulay bilang bahagi ng kanilang buhay at identidad bilang mga taga-Silangang Visayas. Ayon kay Amat (2019), taglay ng mga mamamayan sa rehiyong ito ang

mayamang pamana ng kultura na nagsisilbing pagkakakilanlan nila bilang mga Pilipino. Masasalamín ang mga pagpapahalagang ito sa iba't ibang anyo ng panitikang Waray, maging sa pasalita man o pasulat na tradisyon.

Sa kabuuan, nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagdalumat sa simbolismo ng San Juanico Bridge batay sa mga salaysay at pananaw ng mga Leyteño at Samareño. Layunin nitong maunawaan kung paano naging simbolo ang tulay ng kasaysayan, pagkakaisa, kultura, at identidad ng mga Waray. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim na pagtingin sa ugnayan ng kasaysayan at salaysay sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mamamayan sa Leyte at Samar. Sa pamamagitan ng dokumentasyon at pagsusuri sa mga pananaw na ito, higit na mapahalagahan ang San Juanico Bridge bilang hindi lamang pisikal na tulay kundi isang sagisag ng karanasan at pagkakakilanlang Waray.

Paglalahad ng Suliranin - Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang simbolismo ng San Juanico Bridge batay sa pananaw ng mga Leyteño at Samareño na masasalamín sa iba't ibang bersyon ng mga kuwento hinggil dito. Nilalayon din nitong matukoy ang mga kultural na representasyong nakapaloob sa mga salaysay upang maunawaan ang kahalagahan ng tulay sa kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng mga Waray.

3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pananaliksik na may disenyong deskriptibo upang masuri ang simbolismo ng San Juanico Bridge batay sa mga salaysay ng mga Leyteño at Samareño. Nakatuon ang pag-aaral sa pagpapakahulugan sa tulay bilang simbolo ng kultura, paniniwala, at pagkakakilanlan ng mga Waray na masasalamín sa iba't ibang bersyon ng mga kuwento tungkol dito.

Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling sa pagpili ng mga impormante na makatutugon sa pangangailangan ng pananaliksik ayon sa mga tiyak na krayterya (Augusto, 2020). Ang mga inklusibong krayterya ay ang sumusunod: (a) naninirahan o lumad sa Leyte o Samar, (b) nasa edad 65 pataas, (c) naninirahan sa bayan na malapit sa San Juanico Bridge, (d) may kaalaman tungkol sa kuwento ng San Juanico Bridge, at (e) may kawilihan na maging impormante ng pananaliksik. Samantala, ang mga eksklusibong krayterya ay kinabibilangan ng mga hindi lumad sa Leyte o Samar, nasa edad 64 pababa, at nakatira sa mga bayang malayo sa San Juanico Bridge.

Isinagawa ang pag-aaral sa dalawang munisipalidad na matatagpuan sa magkabilang panig ng Leyte at Samar na malapit sa kinaroroonan ng San Juanico Bridge. Pinili rin sa pamamagitan ng purposive sampling ang mga barangay na nagsilbing lokal ng pag-aaral batay sa kanilang lokasyon at kaugnayan sa kasaysayan at mga salaysay tungkol sa tulay. Kabuuang labindalawang (12) impormante ang lumahok sa pananaliksik, kung saan anim (6) ay mula sa Leyte at anim (6) naman ay mula sa Samar. Ang mga impormanteng ito ay pawang nakatutugon sa itinakdang mga krayterya at kinikilalang may sapat na kaalaman hinggil sa mga salaysay na umiikot sa San Juanico Bridge.

Sa pangangalap ng datos, nagsagawa ang mananaliksik ng Focus Group Discussion (FGD) sa mga piling impormante. Sa pamamagitan ng talakayang ito, nakalap ang iba't ibang bersyon ng mga kuwento, paniniwala, at karanasan na may kaugnayan sa San Juanico Bridge. Mula sa isinagawang FGD, nakalikom ang mananaliksik ng kabuuang labimpitong (17) bersyon ng mga salaysay na naging pangunahing batis ng datos para sa pag-aaral.

Upang matiyak ang kapaniwalaan at kredibilidad ng mga datos, isinagawa ang masusing pagtatala, pagrerekord, at beripikasyon ng mga impormasyong nakalap mula sa mga impormante. Inihambing din ang magkakatulad at magkakaibang detalye ng mga salaysay upang mapagtibay ang konsistensi ng mga datos. Bukod dito, isinasalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal tulad ng paghingi ng malayang pahintulot (informed consent), paggalang sa mga pananaw at karanasan ng mga impormante, at pagpapanatili ng pagiging kompidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan at mga ibinahaging impormasyon.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang tematikong pag-aanalisa (thematic analysis). Unang isinagawa ang

transkripsyon at paulit-ulit na pagbasa sa mga nakalap na salaysay upang maging pamilyar sa nilalaman ng datos. Sinundan ito ng pagbuo ng mga paunang koda (codes) mula sa mahahalagang pahayag at ideyang lumitaw sa mga salaysay. Matapos nito, pinagsama-sama ang magkakaugnay na mga koda upang makabuo ng mga tema na sumasalamin sa mga simbolikong kahulugan ng San Juanico Bridge. Ang mga nabuong tema ay muling sinuri at pinagtibay upang matiyak na ang mga ito ay kumakatawan sa kabuuan ng mga datos. Sa huli, binigyang-kahulugan ang bawat tema kaugnay ng kulturang Waray, mga paniniwala, pagpapahalaga, at kolektibong identidad ng mga mamamayan ng Leyte at Samar.

Sa pangkalahatan, ang labimpitong (17) salaysay na nakalap mula sa mga impormante ang naging batayan sa pagsusuri ng simbolikong kahulugan at kultural na representasyon ng San Juanico Bridge sa perspektiba ng mga Leyteño at Samareño.

4. Resulta at Interpretasyon ng Datos

Bilang isang istruktural na disenyo, ang San Juanico Bridge ay nagpapakita ng isang imahen na tanyag sa buong mundo. Ang pamayanang lokal ng Samar at Leyte ay naging kilala dahil sa ganda at hugis ng tulay na nakakakuha ng atraksyon mula sa mga turista. Gayunpaman, ang tulay ay hindi lamang isang magandang tanawin bagkus ay isang istruktura na representasyon ng kultura at pamumuhay ng mga Leyteño at Samareño. Sa pag-aaral na ito ay tinukoy ng mananaliksik ang simbolismo ng San Juanico Bridge sa konteksto ng lipunang Waray – batay sa mga naging salaysay ng mga impormante. Sa isinagawang pagsusuri ng mananaliksik ay natuklasan na ang tulay ay mayroong iba't ibang simbolismo sa buhay ng mga Leyteño at Samareño na maiuugnay sa gampanin ng tulay sa paghubog ng lipunang Waray. Ang mga simbolismong ito ay natukoy ng mananaliksik batay sa kahalagahan ng tulay, ang imaheng taglay nito, at ang mga istorya sa likod ng pagbuo nito na ipinasa-pasa sa iba't ibang henerasyon. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño.

Talahanayan 1

Simbolismo ng San Juanico Bridge sa Buhay ng mga Leyteño at Samareño

Iba't ibang Bersyon ng mga Kuwento	Simbolo	Kahulugan
Ang Guwardiya at Tatlong Pobreng Magkakapatid <i>Dagdag naman ng mga taong nakasakay sa pumpboat, ang tulay ay alay ng pangulo sa kanyang asawa na tubong Waray. Dahil sa pagmamahal ng pangulo ay ipapatayo ang tulay bilang regalo ng kanyang puso sa napakagandang asawa.</i>	Puso	Pag-ibig
Kaban sa Palawan <i>Noong unang panahon, mayroong dalawang isla na pinaghihiwalay ng kipot ng San Juanico. Ang dalawang isla ay magkahiwalay sa aspetong heograpikal kung saan napalilibutan ng tubig-dagat. Ito ay ang mga isla ng Samar at Leyte na magkakaugnay at parehong bumubuo sa lipunang Waray.</i>	Samar at Leyte	Ugnayang Kultural
Hiling ng Kataw <i>Dumating ang araw na nagkaroon ng malaking pagbabago sa pamayanang Waray kung saan ay umugong ang balita tungkol sa pagpapatayo ng isang tulay na magdurugtong sa mga isla ng Samar at Leyte. Laking pasasalamat ng mga tao nang malaman ang tungkol sa proyektong ito ng gobyerno.</i>	Tulay	Pambansang Kaunlaran
Ang Guwardiya at Tatlong Pobreng Magkakapatid <i>Dinakip ang magkakapatid at kaagad na dinala sa may ipinapagawang tulay. Ngunit maliban sa pag-aalay sa anak ay inihabilin ng tagapagsagawa ng ritwal na tanging ang mga magulang ang dapat na maghulog sa mga anak sa tulay sapagkat iyon ang kukumpleto sa ritwal. Upang masunod ang hiling ng mga pinaniniwalaang nasa dagat ay ginawa ng mag-asawa ang paghulog sa mga anak sa ilalim ng mga poste ng tulay. Labis na ha gulhol ang naiwan sa buong tulay matapos ang ritwal.</i>	Ritwal ng Pag-aalay	Katatagan ng mga Waray
Ang Guwardiya at Tatlong Pobreng Magkakapatid <i>Isang araw, mayroong grupo ng mga sundalong Hapon na pumunta sa tahanan ng mag-asawa kung saan ay hinahanap ang kanilang mga anak. Pilit na itinanggi ng mag-asawa na sila ay may mga anak ngunit hindi pa</i>	Magkakapatid	Pamilya

rin nakaligtas mula sa pagbibigay-impormasyon ng kanilang mga kapit-bahay. Habang nakikipagtalos sa sundalong Hapon ay lumabas ang magkakapatid na itinago ng mga magulang sa kanilang kuwarto. Walang nagawa ang mag-asawa kundi ang ibigay ang kanilang tatlong magagandang anak na babae. Naiwan sa kanilang bahay ang panganay na inaasahang may malaking responsibilidad sa pag-ahon sa pamilya mula sa kahirapan.

Ang Panaginip ng Hapon na Kontraktor <i>Nagkalat ang balita sa buong Leyte at Samar. Sinimulang hanapin ng mga manggagawang Pilipino at Hapon ang tatlong magagandang dilag na pinaniniwalaang alay sa tulay. Nang matagpuan ang mga ito ay buhay na inihalo sa sementong ibinuho sa poste ng tulay. Ang mga nakasaksi sa ritwal ay labis na kinilabutan sa mga pangyayari ngunit walang magawa alang-alang sa pinaniniwalaang magliligtas sa buong Samar at Leyte.</i>	Panaginip	Paniniwala
Hiling ng Kataw <i>Dahil sa paniniwalang kinakailangan matupad ang kahilingan ng kataw upang mapagdugtong ang Samar at Leyte ay sinunod ito ng mga mangagawa. Nagsimulang maghanap ng mga kabataang magiging alay sa tulay. Kaya naman, nabalot ng katatakutan ang buong Samar at Leyte. Bawat bata sa bawat tahanan ay itinatago ng mga magulang. Gayunpaman, may mga kabataang hindi marunong sumunod sa habilin ng mga magulang kaya siyang mga nahuli ng mga manggagawa. Sa tuwing may nahuhuling bata ay agad itong inihuhulog ng mga mangagawa sa tulay. Paulit-ulit na isinagawa ang ritwal hanggang sa tuluyang naipatayo ang mga poste mula sa Samar patungong Leyte. Simula noon, naging matibay ang tulay na nagdurugtong sa dalawang isla. Di naglaon, ang tulay ay tinawag na San Juanico Bridge.</i>	Kabataan	Pangarap

Pag-ibig. Ang pag-ibig ay isang makapangyarihang salita na may kakayahang magpakilos, magpabago, o magkontrol sa gawi ng isang tao. Ang salitang pag-ibig ay may malawak na dimensyon na kung saan ay malaki ang impak sa buhay ng isang indibidwal. Ito ay maaaring maiugnay sa lipunan, kapwa, bayan, pamilya, at sarili. Sa isinagawang pagsusuri ni Nibavos (2018) sa mga tulang Waray, natukoy niya ang isa sa mga katangian ng mga Waray na kung saan ay may mataas na pagpapahalaga sa kapangyarihan ng pag-ibig sa paghubog ng isang ugnayang pangkomunidad. Kilala ang mga Waray bilang “maisog” ngunit mapagmahal sa pamilya, kapwa, at bayan. Makikita sa bahaging ito ang tatlong bersyon ng mga kuwento na nagpapakita ng pag-ibig bilang simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño. Ang mga bersyon na ito ay pinamagatang Regalo ng Pag-ibig, An Gugma kan Imelda, at Ang Tatlong Pobreng Magkakapatid. Batay sa mga natukoy na bersyon, ang San Juanico Bridge ay sumisimbolo sa pag-ibig – pag-ibig ng mag-asawang Marcos at ang pag-ibig ng mga mamamayan ng Leyte at Samar sa kanilang kapwa, mga pamilya, anak, at maging sa bayan.

Ayon sa bersyong An Gugma Kan Imelda:

“Kun waray nagkaasawa hi Marcos ngan Imelda, magdugtong iton? Kaya pasalamat kita may koneksyon han ira paghigugma... Kay regalo kuno iton ni President Marcos kan Imelda han iya birthday.”

[“Kung hindi nagkaasawa sina Marcos at Imelda, mapagdudugtong ba iyon? Kaya pasalamat tayo na may koneksyon ang kanilang pagmamahalan... Kasi regalo iyan ni Pangulong Marcos kay Imelda noong kaarawan ng First Lady...”]

Sa salaysay na ito ay masasalamang ang diwa ng pag-ibig na nangingibabaw sa tulay ng San Juanico, ang kagandahang taglay ng tulay ay kakikitaan ng pagmamahal bilang sentro ng pundasyon nito. Samantala, binigyang-diin ng isang impormante mula sa Samar kung paano bigyang-halaga ng mamamayan ang tulay ng San Juanico na maiugnay sa konteksto ng pagmamahal sa kapwa at pamilya.

Ayon kay S3:

“An mga Samareño, tikang pa an hadto... diri nagpaparaog- daog... depende nala. Siring pa busai nala ako, ayaw la pagbusai it ak nanay.”

[“Ang mga Samareño, mula noon... hindi nagpapaapi... depende na lang... Sabi pa, pagalitan na lang ako, huwag lang ang aking ina...”]

Sa pahayag ni S3 ay masasalamain ang katangian ng mga Waray pagdating sa pagpapahalaga at pagmamahal sa magulang. Katulad ng tulay ng San Juanico, ang pagpapahalaga sa magulang ay walang kapaantay o katulad. Mataas ang pagrespeto ng mga Waray sa mga magulang bilang nagsisilbing gabay sa pakikitalad sa buhay. Ito ay may kaugnayan sa isinagawang pag-aaral ni Nibalvos (2018) kung saan isa sa mga pagpapahalagang taglay ng mga Waray ay ang pagmamahal sa pamilya at sa bayan. Samantala, kaugnay sa halaga ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga taga-Leyte at taga-Samar, binigyang-diin ni S1 ang sumusunod:

“Asya it tak kuan, diri la silver; diri la bulawan, mas matahom pa hit tanan... di ba? Makakaagi ba kita dida kun waray it dida? Kun бага ha kuan, high-class gud iton ak pagkita ha iya, it level hiton diri la ginto, diri la kay silver; kuan pa gud mas higit...”

[“Para sa akin... hindi lang pilak... hindi lang ginto, mas mataas pa sa lahat... di ba? Makakadaan ba tayo ryan kung wala iyon? Kumbaga, high-class ang pagtingin ko sa tulay, mas higit pa sa ginto ang halaga...”]

Makikita sa pahayag na mataas ang pagpapahalaga ng mga taga-Leyte at taga-Samar pagdating sa San Juanico Bridge dahil ito ay walang katumbas na anumang ginto o pilak. Nangangahulugan na ang San Juanico Bridge ay nag-iwan ng malaking bahagi sa puso at buhay ng mga Waray lalo na sa aspeto ng pagpapadali nito sa sistema ng pamumuhay sa bawat komunidad.

Ugnayang kultural. Ang San Juanico Bridge, bilang isang tulay ay simbolo ng ugnayang kultural hindi lamang ng mga Leyteño at Samareño kundi ng iba’t ibang tao mula sa alinmang panig ng Pilipinas. Ayon kay Allen (2017) makikita sa mga salaysayin ang iba’t ibang kultural na pagkakakilanlan o ugnayan ng isang pangkat. Mayroong tatlong (3) bersyon ng mga kuwentong naglalarawan sa ugnayang kultural bilang simbolismo ng San Juanico Bridge sa mga Waray. Ang mga bersyong ito ay pinamagatang Engineering Marvel, Biyahe ng Leyteno, at Ang Manggagawang Pilipino Hapon.

Batay sa mga natukoy na bersyon ay makikita ang simbolismo ng San Juanico Bridge bilang ekspresyon ng ugnayang kultural ng mga Leyteño at Samareño at sa ibang panig ng mundo. Sa pagiging isang tulay nito, daanan ng mga sasakyan at nagsisilbing pasyalan ng mga tao na iba’t ibang grupo ang pinagmulan. Ang ilan ay nagmula pa sa Luzon, Mindanao, at ang iba naman ay dumaraan sa tulay hindi lamang galing sa Samar at Leyte kundi mula sa iba’t ibang rehiyon na may kani-kaniyang destinasyon. Ang mga taong ito ay iba’t iba ang lahing pinagmulan, iba’t iba ang mga pananaw at paniniwala ngunit pinag-uugnay ng tulay tungo sa iisang hangarin na makarating sa paroroonan sa buhay. Maliban sa pagkakaiba-iba ay may ilang aspetong kultural na nagkakaugnay ang mga taong dumaraan dito – mga taong may dugong Pilipino at may oryentasyong maka-Pilipino.

Ayon sa pahayag ni L4:

“It doesn’t just connects Samar and Leyte, it connects people in the whole country... from North to South. It’s something that we should be proud of and make certain also to share with other people...”

[“Hindi lang nito pinag-uugnay ang Samar at Leyte, pinag-uugnay nito ang mga tao sa buong Pilipinas... mula Hilaga hanggang Timog. Ito ay isang bagay na dapat nating ipagmalaki at marapat na ibahagi sa ibang tao...”]

Mula sa pahayag ay masasalamain na ang tulay ay instrumento upang pag- ugnayin ang mga mamamayan sa

alinmang bahagi ng Pilipinas. Samantala, masasalamín rito ang isa sa mga katangian ng mga Waray pagdating sa pagiging mapagtanggap sa bisita sa kabila ng kahirapan sa buhay. Ang Samar at Leyte ay kabilang sa mga rehiyon sa Pilipinas na may mga pamilyang dumaranas ng kahirapan (Perante, 2016). Ngunit batay sa salaysay ng isang impormante sa Samar, ang kahirapang ito ay hindi hadlang upang hindi maging mabuti ang pagtanggap at pakikitungo sa kapwa. Ayon kay S1:

“It amon pamatasan dinhi ha Basey kun may bisita gin-entertain gud hin maayos automatic gud iton... bisan magdiano tam kapobrehan...”

[“Ang pag-uugali namin dito sa Basey, kung may bisita ay inaasikaso naming nang maayos, kaagad namin iyang ginagawa... sa kabila ng aming kahirapan sa buhay...”]

Ang pahayag na ito ni S1 ay isang manipestasyon ng pagiging mapagtanggap sa bisita ng mga Waray sa kabila ng mahirap na buhay. Ang pag-aasikaso sa bisita sa pamamagitan ng simpleng pag-ihaw ng manok, pagluluto ng mga pagkaing-dagat, at pakikipag-usap ay isang katangian ng mga Waray. Ito ay maihahalintulad sa tulay ng San Juanico kung saan ang tulay, bilang daanan ng iba’t ibang sasakyan na may kargang mga taong nagmula sa iba’t ibang panig ng Pilipinas ay nagdudulot ng magandang karanasan sa sinumang dadaanan rito. Ang Samar at Leyte, gaano man kahirap ang pamumuhay ng mga mamayan rito ay handang tumanggap sa mga bisita o turista sa pamamagitan ng San Juanico Bridge. Ang San Juanico Bridge ay nagsisilbing instrumento upang mapanatili ang ugnayang kultural ng bawat mamamayan sa bansa. Makikita rito ang gampanin ng folklor sa pagpapamalas ng balyus at pagpapahalaga ng mga Waray sa iba’t ibang kontekstong kultural (Smith, 1940). Sa kabuoan, ang ugnayang kultural ay isang simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Leyteño at Samareño.

Pambansang Kaunlaran. Ang pambansang kaunlaran ay isang adhikain ng bawat pangkat ng tao sa lipunan. Ang pagtatamo nito ay nangangailangan ng iba’t ibang hakbangin at pakikipag-ugnayan sa iba pang ahensyang bumubuo sa isang lipunan o pamayanan. Ang Silangang Visayas ay inilarawan bilang isa sa mga mahirap na rehiyon sa Pilipinas batay sa tala ng Philippine Statistics Authority (Perante, 2016). Kaya naman, ang pagkabuo ng San Juanico Bridge ay isang imahe ng pambansang kaunlaran sa buong lipunang Waray. Ito ay masasalamín sa mga apat na bersyon na pinamagatang Ang Hapon na Kontraktor, Utang sa Kaban, Ang Bayad ng Hapon, Tulay ng Pag-unlad, at Engineering Marvel.

Batay sa mga natukoy na bersyon, ang San Juanico Bridge ay sumisimbolo sa pambansang kaunlaran kung saan ang pagpapatayo rito ay nagbukas ng maraming oportunidad sa mga Leyteño at Samareño. Mula sa mga kagamitan na ginamit ng mga Hapon at Pilipino, ay makikitang ang tulay ay binuo upang magkaroon ng pag-asa ang Samar at Leyte na ang rehiyon ay uunlad sa kabila ng kahirapan. Masasalamín sa salaysay ng mga katutubong lokal na ang pagiging tanyag ng San Juanico Bridge ay nagbukas ng mga gawaing pang-ekonomiko at nag-iwan ng imahen ng pag-unlad sa mga tao mula sa iba’t ibang panig ng mundo.

Ayon sa salaysay ni S6:

“Dako-dako it iya binulig hitun kay hadto an waray pa San Juanico, waray pa hini nga mga highway...nagpapamboat la nagdto ha Tacloban...”

[“Malaki ang naitulong nito dahil noong wala pa ang San Juanico, wala pang mga highway... sa pamamagitan ng pumpboat ang biyahe papuntang Tacloban...”]

Ayon naman sa salaysay ni S2:

“Yana naging masayun na an pagkuan... biyahe ha Tacloban kay puros naman awto, tricycle, kun ano-ano la... mga single...”

[“Ngayon ay madali na ang... biyahe papuntang Tacloban dahil lahat ay awto, traysikel, o kung ano mang sasakyan... mga motorsiklo.”]

Sa mga pahayag ng partisipante ay makikita kung paano nagkaroon ng kaunlaran sa sistema ng transportasyon mula Leyte papuntang Samar, vis-à-vis. Ito ay isang manipistasyon na nagkaroon ng pagbabago sa pamumuhay ng mga Waray at ang San Juanico Bridge ang nagsilbing instrumento rito. Ang mga salitang pumpboat at awto o traysikel ay paglalarawan sa transisyon ng pag-unlad ng mga Leyteño at Samareño. Pinagaan ng tulay ang dating paraan ng transportasyon na halos abutin ng ilang oras sa dagat. Sa ngayon, ang pagpunta sa Tacloban ay maaaring gawin sa anumang oras gamit ang sariling sasakyan.

Sa kabilang dako, binigyang-diin ng isang impormante mula sa Samar kung paano nakatulong ang San Juanico Bridge sa kalakaran ng negosyo kung saan malaki rin ang naitulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng bawat komunidad. Sa pamamagitan ng pagiging tanyag ng tulay sa mga turista ay umunlad ang turismo ng Silangang Visayas at maraming mga oportunidad sa negosyo ang nagbukas. Ayon pa kay S4:

“An ak hiton panhuna-huna kan Marcos ito ginuhat para mayda kita mga panmuhunan... negosyo.”

[“Sa isip ko, ginawa iyan ni Marcos para magkaroon tayo ngpamuhunan... negosyo...”]

Dagdag naman ni S1:

“Diri na makuri an pagkumpira kay madali nala an pagbiyahe...”

[“Hindi na mahirap ang pag-aangkat dahil madali ang pagbibiyahe...”]

Bagama’t sistema ng transportasyon ang napadali ng San Juanico Bridge, ay nagsilbi rin itong tulay upang mas mapadali ang sistema ng negosyo ng mga taga-Samar kung saan ang mga tao ay umaangkat ng paninda sa Tacloban, ang sentro ng kalakalan sa Silangang Visayas. Kaya naman, makikita sa sumusunod na pahayag ni L4, isang impormante mula sa Leyte kung paano nagsisilbing manipistasyon ng pag-unlad ang San Juanico Bridge. Ayon sa kanya:

“It’s a marvel... to be able to say that I am from this region... We are happy at this stage that much of technology has been putting to that just like the lighting... it has a unique feature of Eastern Visayas...”

[“Ito ay isang kamangha-manghang istruktura... masasabi mong ikaw ay mula sa rehiyon na ito. Nakakatuwa dahil sa mga kagamitang panteknolohiya ay mas napapaunlad ito tulad ng ginawang pagpapailaw... may kakaibang katangian ito ng Silang Visayas.”]

Sa pagpapahusay ng San Juanico Bridge ay mas lalong gumanda ang imahen nito na nagpapakilala sa Rehiyon VIII sa buong mundo. Ang paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagpapailaw ng tulay ay nagpapakitang unti- unting umuunlad ang Silangang Visayas at ang ilaw ay sumisimbolo sa tanglaw ng mga mamamayan tungo sa kaunlaran.

Katatagan ng mga Waray. Ang San Juanico Bridge ay sumisimbolo sa katatagan ng mga Leyteño at Samareño sa kabila ng ilang pangyayari na pinagdaanan ng dalawang isla. Maraming mga natural na penomenon ang sumubok sa mga Waray ngunit ang mga tao ay nanatiling matatag (Nibalvos, 2021), maihahalintulad sa katatagan ng pundasyon ng San Juanico Bridge na nasimulang ipatayo sa taong 1969. Ang mga bersyon na ito ay pinamagatang “Ang Hapon na Kontraktor”, “Ang Tatlong Pobreng Magkakapatid”, at “Ang Panaginip ng Isang Hapon”.

Batay sa mga natukoy na bersyon, makikita ang San Juanico Bridge bilang simbolismo ng katatagan ng mga mamamayan sa Leyte at Samar. Kaugnay sa isinagawang pag-aaral ni Nibalvos (2021), taglay ng mga Waray bilang pagkakakilanlang pangkultura ang katapangan o pagiging “maisog” na hinubog ng panahon, sitwasyon, at mga pagkakataon. Sa konteksto ng pagbuo ng tulay ay iba’t ibang istorya ang iniuugnay ng mga mamamayan kabilang rito ang mga ritwal na pinaniniwalaang mas nagpatibay sa pundasyon ng tulay.

Ayon kina L5 at L6:

“Madig-on gud it pundasyon... kun kitaon, inin... madig-on gud kay pira na ka tuig an naglabay tapos nag Yolanda pa... buyag... бага ada pa ito aton nagagamitan...”

[“Talagang matibay ang pundasyon... kung titingnan... matibay talaga dahil ilang taon na ang lumipas tapos nag Yolanda pa... hanggang ngayon nandiyan pa rin, nagagamit natin...”]

Samantala, masasalamain sa tulay ang sinisimbolo nitong katatagan at buhay ng mga pangkaraniwang mamamayan kung saan ang mga dumaraan sa tulay ay may iba’t ibang bigat na maaaring maging dahilan ng pagkasira nito sa paglipas ng panahon. Binigyang-diin ni L4, isang impormante mula sa Leyte na ang tulay ay animo’y may buhay na nagsasabi sa bawat mamamayan na kinakailangan nito ng kalinga at katuwang.

Ayon pa kay L4:

“So the bridge is also being subjected to several repairs, like anything else... There was one time nagkaroon ng crack sa bridge... until one such time... I recall it we were in Samar having a meeting, I received an emergency call that the bridge is unpassable kasi lumaki yung crack, naghihiwalay na. Well, in other words the bridge would also let us know na “Do not take me for granted, I also need maintenance”.

“Ang tulay ay sumasailalim rin sa ilang pagsasaayos, katulad ng iba... Isang beses nagkaroon ng tipak sa tulay... hanggang sa dumating yung oras na... Naalala ko pa nung nasa Samar kami may meeting, nakatanggap ako ng tawag na ang tulay ay hindi madaanan dahil lumaki na yung tipak, naghihiwalay na. Sa madaling sabi, gusto ring iparating ng tulay na “Huwag niyo akong balewalain, kailangan ko rin ng pangangalaga.”

Sa kontekstong ito, mahihinuhang bagama’t matibay ang pundasyon ng tulay ay kailangang bigyang-pansin ang bawat bahagi nito dahil gaya ng anumang bagay ay maaari rin itong bumigay.

Pamilya. Isa sa mga pangunahing tema ng mga panitikang oral ay ang pagpapakita nito sa papel ng pamilya sa paghubog ng lipunang Filipino. Sa isinagawang pagsusuri ng mananaliksik sa mga bersyon ng mga kuwento ng San Juanico Bridge ay lumabas ang pamilya bilang isa sa mga simbolismo ng tulay. Ang pagdurugtong ng San Juanico Bridge sa mga Leyteño at Samareño ay isang manipistasyon ng pagkakaugnay-ugnay ng mga Waray. Sa isinagawang pangangalap ng datos ng mananaliksik ay natukoy ang mga sumusunod na bersyon na naglalarawan sa pamilya bilang simbolismo ng tulay sa mga Waray. Ang mga bersyong ito ay pinamagatang “Ang mga Batang Nawawala”, “Ang Tatlong Pobrang Magkakapatid”, at “Sakripisyo ng Isang Ina”.

Ang tulay ng San Juanico Bridge ay isang simbolo ng pamilyang Waray mula sa mga posteng bumubuo rito at sa mga istorya kung saan makikita ang pamilya bilang pangunahing paksa. Masasalamain sa mga salaysay ng mga impormante ang papel na ginagampanan ng ina, ama, mga anak na babae at lalaki tungo sa pagkakatatag na tulay. Ito ay maihahalintulad sa lipunang Filipino kung saan bawat miyembro ng pamilya ay may papel na ginagampanan sa pagtatag ng isang lipunan. Sa konteksto ng mga Waray, ang Samar at Leyte ay magkakaugnay kung saan ipinapakita ng San Juanico Bridge ang gampanin nito upang mapag- isa ang lipunang Leyteño at lipunang Samareño. Ang sumusunod na pahayag ni S5 mula sa bersyong Ang Tatlong Pobrang Magkakapatid ay masasalamain ang sakripisyo ng ama alang-alang sa pamilya. Ayon kay S5:

“An amay na an nag-intriga, asya na han katunod. Asya la an ak hin kuanan nga istorya. Iton nga San Juanico, wary ka kumpurmi, naruruba... dida it pagkatugkop han an amay na an nagtunod hini nga tulo nga kabataan, asya na man an pagtunod.”

“Yung ama mismo ang nagbigay, siya yung naghulog sa tulay. Yun lang ang nalaman kong istorya. Iyang San Juanico, hindi mabuo, nasisira... dun na napagdugtong nang yung ama mismo ang

naghulog sa tatlong mga bata, yun na ang paghulog.”

Makikita sa pangyayari kung paano naging instrumento ang ama upang tuluyang mapagdugtong ang Samar at Leyte. Sa lipunang Waray, ang ama ay may mahalagang gampanin tungo sa pagbuo ng pundasyon ng isang matatag na pamilya. Ang ama ang nagsisilbing haligi ng tahanan na nagsisilbing sandalan ng mga anak at ng asawa. Ang ama bilang sanligan ng pamilya ay inaasahang may katibayan ng loob at handang magsakripisyo alang-alang sa ikauunlad ng pamilya. Mula sa mga bersyon ng kuwento makikita kung paano naging matatag ang isang ama, ang kanyang pagmamahal sa mga anak ay ipinamalas sa pamamagitan ng pagsasakripisyo alang-alang sa kapakanan ng buong Samar at Leyte. Binigyang- diin nina Orguino (2021) na ang pagkilala sa papel ng ama sa lipunang Pilipino ay mahalaga tungo sa pagpapahalaga sa kanilang hindi matawarang sakripisyo sa pamilya. Nangangahulugan lamang ito na ang tulay ay sumisimbolo sa bawat ordinaryong pamilya sa Leyte at Samar, ang mga poste ay simbolismo ng ama bilang haligi ng tahanan at ang tulay sa pangkalahatan ay ang pamilyang Waray na dinaraan man ng iba’t ibang sasakyan na may iba’t ibang bigat, na representasyon ng mga pagsubok sa buhay ay nananatiling matatag sa loob ng mahabang panahon.

Paniniwala. Ang San Juanico Bridge ay simbolismo ng paniniwala ng mga Leyteño at Samareño kung saan masasalamain sa mga istorya hinggil dito ang iba’t ibang gawi, kaugalian, at pinaniniwalaan ng mga Waray mula sa gampanin ng tulay hanggang sa mga ritwal na maiuugnay sa pagkabuo nito. Sa pagsipat sa kabuuan ng imahen ng tulay ay makikita ang representasyon nito bilang lundayan ng paniniwala ng mga tao sa mga diwata, engkanto, at maging iba’t ibang supernatural na nilalang at kung papaano ang mga ito ay nagsisilbing gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga bersyong pinamagatang “Ang Panaginip ng Isang Hapon”, “Ang Guwardiya ng Tulay”, “Kataw ng San Juanico Strait”, “Utang sa Kaban”, “Ang mga Batang Nawawala”, at “Ang Tatlong Pobreng Magkakapatid” ay naglalarawan sa paniniwala bilang simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Waray.

Sa salaysay ng mga impormante, makikita kung paano naging simbolismo ng paniniwala ng mga Waray ang San Juanico Bridge. Ayon kina L1, L2, at L3:

“Inaaro han tag-iya han dagat para mabug-os... an mga tinutuuhan... katapos igin-alay na iton na tulo na daraga na iginpakita ha ira, nabug-os... asya na kuno iton katindog hit nga harigi...”

“Hinihingi ng may-ari ng dagat para mabuo ito... yung mga pinaniniwalaan... pagkatapos ay iaalay yung tatlong dalaga na ipinapakita sa kanila, nabuo... yun na yung pagkabuo sa mga poste...”

Sa pahayag na ito ay masasalamain ang iba’t ibang paniniwala ng mga taga- Leyte hinggil sa pundasyon ng tulay. Makikita ang paniniwala sa mga diwata bilang tagapangalaga ng tulay at ang pag-aalay bilang isa sa mga ritwal sa pagpapatibay ng tulay. Ito ay maiuugnay sa imahen ng tulay kung saan tinitingnan ng mga tao bilang tulay na pinatibay ng mga istoryang nagpasalin-salin sa bibig ng mamamayan. Sang-ayon sa pahayag ng isang impormante mula sa Samar makikita kung paano nagsilbing repleksyon ng paniniwala ng mga Samareño ang San Juanico Bridge. Ayon kay S1:

“Masiring nga may mga ha dagat kuan siyempre natuo ngani kami hit pagbutang hit nakikiistorya ka ha waray tawo...”

“Sabi na may mga nakatira sa dagat, siyempre naniniwala kami, naniniwala nga kami sa pakikipag-usap sa mga hindi nakikita.”

Ang pahayag na ito ay isang pagpapakilala sa paniniwala ng mga Samareño na may kaugnayan sa paniniwala ng mga Leyteño. Parehong pinaniniwalaan ng mga taga-Leyte at taga-Samar na ang San Juanico Strait ay pinaninirahan ng isang supernatural na nilalang bilang tagapangalaga ng dagat. Ipinapakita lamang nito na ang mga Waray ay naniniwala sa mga diwata, anito, at mga nilalang na binibigyan ng paggalang at pagrespeto. Ang resultang ito ay maiuugnay sa pag-aaral ni Amat (2019) kung saan natuklasan niya na ang pagpapahalaga sa bulong,

halamang gamot, albularyo, kalikasan, mga elementong ‘di nakikita, kaluluwa ng patay, edukasyon, kalinisan, kalusugan, kapwa matatanda, pamilya, sarili, at sa Diyos ay mga pagpapahalagang mahahango sa mga salimbibig na pamahiin ng mga Waray.

Sa kabuoan, ang San Juanico Bridge ay hindi lamang isang istruktural na disenyo na nagpapakilala sa pag-unlad ng Samar at Leyte kundi isa rin itong istruktura na sumisimbolo sa paniniwala ng mga Leyteño at Samareño na mahahango sa mga istoryang nakapaloob sa mga salaysay ng mga katutubong lokal.

Pangarap. Bilang isang tulay na nagdurugtong sa Samar at Leyte, ang San Juanico Bridge ay isa ring tulay na nag-uugnay sa pangarap ng mga Leyteño at Samareño. Sinasalamang ng istruktural na disenyo ng tulay ang pangarap ng mga Waray na kung saan bawat isa ay may adhikaing umunlad. Makikita sa mga bersyong pinamagatang “Ang Manggagawang Pilipino at Hapon”, “Tulay ng Pag-unlad”, at “Engineering Marvel”, ang mga istoryang naglalarawan sa pangarap bilang simbolismo ng San Juanico Bridge sa buhay ng mga Waray.

Kilala ang Leyte at Samar bilang ilan sa mga probinsya na nabibilang sa rehiyon na may mahihirap na pamilya. Ayon sa tala ng PSA, tinatayang nasa 28.9 porsiyento ang poverty incidence ng populasyon sa Eastern Visayas noong 2021. Ipinahihiwatig nito na sa 2021, 29 sa bawat 100 indibidwal sa rehiyon ay nabibilang sa mahihirap na populasyon na ang kita ay hindi sapat upang bilhin ang kanilang mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain (Dagupan, 2021). Sa kontekstong ito, makikitang lagapan ang kahirapan sa Rehiyon VIII kung saan naitayo ang San Juanico Bridge. Kung iuugnay sa mga Leyteño at Samareño, bagama’t mahirap ay bawat mamamayan ay may kanya-kanyang pangarap na guminhawa ang pamumuhay. Ito ang isa sa mga manipestasyon ng tulay ng San Juanico, na kahit sa kabila ng mga pinagdaanan nitong hirap bago maipatayo, ay naisakatuparan sa pamamagitan ng talino, pawis, at kakayahan ng mga mangagawang Hapon at Pilipino. Ito ay maiuugnay sa pahayag ni L4, isang impormante mula sa Leyte. Ayon sa kanya:

“It’s a marvel... We could hardly believe that it could be done but as time goes along, nabuo na. We could say na we could bow down to destiny, the people at that time who were present, who were there and the situation.”

[“Ito ay kamangha-mangha... Hindi kami makapaniwala na matatapos ito pero sa paglipas ng panahon, nabuo na. Maging mapalad tayo sa tadhana... sa mga tao sa panahong iyon... ang mga nandoon at ang sitwasyon...”]

Ang pahayag ni L4 ay nagpapakitang ang San Juanico Bridge ay maihalintulad sa pangarap ng isang indibidwal na sa umpisa ay inaakalang mahirap maabot ngunit sa pamamagitan ng pagsisikap at pagtitiyaga ay unti- unti naisasakatuparan sa kabila ng kahirapan.

Sa likod ng disenyo ng tulay ay ang pawis at pagod ng mga mangagawa na may pangarap ng pag-unlad para sa buong Silangang Visayas. Ito ay maiuugnay sa isinagawang pag-aaral ni Esnara (2021), kung saan binigyang-tuon niya ang mga balyus ng mga mamamayan na mahihinuha mula sa Bad-iw na maiuugnay sa pangkabuuang pag-unlad ng isang indibidwal. Nangangahulugan lamang ito na ang mga balyus ng mga Waray na replektibo sa pagkabuo ng tulay ay may kaugnayan sa pagtamo ng mga pangarap na pansarili o pangkabuuan. Sa pangkalahatan, ang San Juanico Bridge ay sumisimbolo sa pag-ibig, ugnayang kultural, pambansang kaunlaran, katatagan ng mga Waray, pamilya, paniniwala, at pangarap ng mga Leyteño at Samareño.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Kongklusyon - Sa kabuoan, ipinakikita ng pag-aaral na ang San Juanico Bridge ay hindi lamang isang pisikal na estrukturang nagdurugtong sa Leyte at Samar kundi isang makabuluhang simbolo ng buhay, kultura, at pagkakakilanlan ng mga Leyteño at Samareño. Mula sa iba’t ibang bersyon ng mga salaysay, lumitaw na ang tulay ay sumisimbolo sa pag-ibig, ugnayang kultural, pambansang kaunlaran, katatagan, pamilya, paniniwala, at pangarap ng mga Waray. Ipinahihiwatig nito na ang San Juanico Bridge ay may malalim na kahulugang kultural

na nakaugat sa karanasan at pananaw ng mga mamamayan sa Silangang Visayas. Napatunayan din sa pag-aaral na ang mga salaysay tungkol sa San Juanico Bridge ay nagsisilbing daluyan ng kolektibong alaala, pagpapahalaga, at paniniwala ng mga Waray. Sa pamamagitan ng folklor at oral na tradisyon, naipapasa mula sa isang henerasyon tungo sa susunod ang mga simbolikong kahulugan ng tulay bilang representasyon ng pagkakaisa at pagkakaugnay ng mga mamamayan. Higit pa rito, ipinakikita ng mga kuwento na ang San Juanico Bridge ay nagsisilbing manipestasyon ng pag-unlad at pag-asa sa kabila ng kahirapan at mga pagsubok na kinakaharap ng rehiyon. Samakatuwid, mahalagang kilalanin ang San Juanico Bridge hindi lamang bilang isang tanyag na imprastruktura kundi bilang isang buhay na simbolo ng kulturang Waray. Sa pamamagitan ng pagdalumat sa mga salaysay hinggil dito, higit na nauunawaan ang ugnayan ng kasaysayan, kultura, at identidad sa paghubog ng kamalayang kolektibo ng mga Leyteño at Samareño.

Rekomendasyon - Batay sa naging resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang pagbuo ng kalipunan ng mga kuwento at salaysay hinggil sa San Juanico Bridge upang magsilbing sanggunian sa pagpapalaganap ng kulturang Waray at magamit sa mga gawaing pangturismo sa Silangang Visayas. Sa pamamagitan nito ay higit na maipakikilala sa mga turista at sa susunod na henerasyon ang simbolikong kahalagahan ng tulay sa buhay ng mga Leyteño at Samareño. Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng mga programang kultural, seminar, at pagtatanghal na magbibigay-diin sa simbolikong imahe ng San Juanico Bridge bilang bahagi ng pagkakakilanlan at kultura ng mga Waray. Mahalaga rin na mapanatili, maidokumento, at mapreserba ang mga paniniwala, salaysay, at oral na tradisyon na kaugnay ng tulay bilang mahalagang yamang kultural ng rehiyon. Samantala, hinihikayat ang Tanggapang Panturismo ng Silangang Visayas na magsagawa ng mga proyektong magtataguyod sa San Juanico Bridge bilang simbolo ng ugnayang kultural, pagkakaisa, at pag-unlad ng mga mamamayan sa Leyte at Samar. Bukod dito, iminumungkahi rin ang pagsasagawa pa ng mga susunod na pag-aaral hinggil sa folklor, oral na tradisyon, at simbolismong kultural ng San Juanico Bridge upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa kulturang Waray at sa kahalagahan nito sa lipunang Pilipino.

AI Use Disclosure. Gumamit ang mananaliksik ng ChatGPT (OpenAI, GPT-5.5) upang tumulong sa pagrebisa ng wika, organisasyon ng teksto, at pagbuo ng ilang bahagi ng manuskrito. Ang lahat ng nilalamang nabuo sa tulong ng AI ay sinuri at inedit ng mananaliksik. Walang sensitibo o personal na datos ang ibinahagi sa AI tool. Ang mananaliksik ang may buong pananagutan sa nilalaman at mga interpretasyong nakapaloob sa pag-aaral.

6. Sanggunian

- Adaya, M., et al. (2019). Replica of San Juanico Bridge connected from Samar to Leyte. *Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 1(1).
- Allen, R. L. (2017). *Opening doors: The life and work of Joseph Schumpeter* (Vol. 2). Routledge.
- Amat, A. B. (2019). *Pagdalum sa pamahiin ng mga Taclobanon sa Hilagang Leyte* (Unpublished master's thesis). Bicol University Graduate School.
- Augusto Jr., W. S. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri. *The Normal Lights*, 14(2).
- Dagupan, J. M., & Philippine Statistics Authority. (2021). *CRVS initiatives in Eastern Visayas: The experience*.
- Esnara, C. B. (2022). Revisiting Philippine e-folklore as discourse of ethnicity in the nonfolklorist humanistic lens. *International Journal of Linguistics, Literature, and Translation*. <https://doi.org/10.32996/ijllt>
- Eugenio, D. (2007). *Philippine folk literature: An anthology*. UP Press.
- Eugenio, D. L. (Ed.). (1987). *Philippine folk literature: The legends* (Vol. 3). UP Folklorists, Incorporated.
- Nibalvos, I. M. P. (2018). *Pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday ng San Julian, Silangang Samar* (Doctoral dissertation). De La Salle University-Dasmariñas.
- Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. *Malay*, 32(1).
- Nibalvos, I. M. P. (2021). Ilob ngan isog: Pananalinghaga sa katutubong awiting “Lawiswis Kawayan” bilang dalumat sa kaloobang-bayan ng mga Waray. *Social Science Diliman*, 17(1).
- Orguino, W. V., & Acala, M. T. (2021). Pagmamahal sa likod ng sandosenang sapatos. *American Journal of*

Humanities and Social Sciences Research.

Perante, W. (2016). *3 in every 10 families in Eastern Visayas are poor*. Philippine Statistics Authority Region VIII-Eastern Visayas.

Smith, E. W. (1940). The function of folk-tales. *Journal of the Royal African Society*, 39(154), 64–83.
<http://www.jstor.org/stable/717916>

UNESCO. (2011). Intangible cultural heritage. <https://ich.unesco.org/doc/src/01851-EN.pdf>

Kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino: Isang komparatibong pagsusuri

Acala, Michell T. ✉

Leyte Normal University, Philippines (michellet_acala@lnu.edu.ph)

Received: 1 June 2026

Available Online: 14 June 2026

Revised: 7 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26254

Accepted: 12 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstrak

Mula pa sa kasaysayan, ang kababaihan ay nakaranas na ng iba't ibang uri ng pagtrato, pagtanaw, at mga konstruksyong panlipunan na humubog sa kanilang mga gampanin sa lipunan. Ayon kay Que (2018), narapat lamang na igalang ang kababaihan dahil sa kanilang mahahalagang ambag sa lipunan at sa kanilang mahalagang pakikipagtuwang sa kalalakhian, lalo na sa pagpapatatag ng pamilya at pagpapaunlad ng pamayanan. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng komparatibong tekstuwal na pagsusuri upang masuri ang mga kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino. Nagsagawa ang mananaliksik ng paghahambing at pagsusuri sa mga piling pag-aaral at tinukoy ang mga umiiral na puwang o kakulangan sa mga natuklasan ng mga ito kaugnay ng mga layunin ng pag-aaral. Tiyak na sinuri sa pag-aaral ang imahen ng kababaihan sa lipunan, ang kanilang mga gampanin, at ang kanilang mga ambag sa pag-unlad ng sambayanang Pilipino. Lumabas sa mga natuklasan na ang kababaihan ay may iba't iba at mahahalagang kontribusyon sa paghubog ng lipunang Pilipino na masasalamatin sa kanilang imahen at mga tungkuling ginagampanan sa lipunan. Ang mga ambag na ito ay nakaugat sa kasaysayan, paniniwala, tradisyon, at kultura ng Pilipinas. Sa kabila ng mga karanasan ng diskriminasyon at pang-aapi sa iba't ibang yugto ng kasaysayan, patuloy na naipakikita ng kababaihan ang kanilang lakas, katatagan, kakayahang mamuno, at kakayahang makapag-ambag sa iba't ibang larangang panlipunan, pangkultura, pampolitika, pang-ekonomiya, at pampamilya. Ipinakikita rin ng pag-aaral na mahalaga ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga kontribusyon ng kababaihan upang maisulong ang pagkakapantay-pantay at mapanatili ang isang maunlad at makataong lipunan.

Mga Susing Salita: kababaihan, imahen, gampanin, kontribusyon, lipunan

Kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino: Isang komparatibong pagsusuri

1. Abstract

Throughout history, women have experienced various forms of treatment, perceptions, and social constructs that have shaped their roles in society. According to Que (2018), women deserve respect because of their significant contributions to society and their vital partnership with men, particularly in strengthening families and fostering community development. This study employed a qualitative research design through a comparative textual review to examine the contributions of women in shaping Philippine society. The researcher conducted a comparative analysis of selected studies and identified existing gaps and limitations in their findings in relation to the objectives of the study. Specifically, the study examined the image of women in society, their roles, and their contributions to the development of the Filipino community. The findings revealed that women have diverse and significant contributions to the shaping of Philippine society, as reflected in their social image and the roles they perform. These contributions are deeply rooted in Philippine history, beliefs, traditions, and culture. Despite experiencing discrimination and oppression across different historical periods, women continue to demonstrate strength, resilience, leadership, and the capacity to contribute to various social, cultural, political, economic, and familial spheres. The study further highlights that recognizing and valuing women's contributions is essential in promoting equality and sustaining a progressive and humane society.

Keywords: women, image, roles, contribution, society

2. Introduksiyon

Itinuturing na hiyas ng lipunan ang mga kababaihan. Sila ay may angking kakayahan, katalinuhan, kagandahan, at kabutihan ng loob na karapat-dapat bigyan ng pagpapahalaga. Simula sa kasaysayan, ang kababaihan ay marami nang pinagdaanan kung saan ay iba't ibang konsepto, pagturing, at pagtanaw ang inuugnay sa kanila. Hanggang sa kasalukuyan, marami pa ring isyung pangkababaihan ang talamak sa lipunan. Lingid sa kaalaman ng karamihan na ang kababaihan ay malaki ang kontribusyon sa paghubog ng lipunang Pilipino. Ayon kay Que (2018), nararapat lamang na irespeto ang kababaihan dahil malaki ang kontribusyon ng mga ito sa lipunan at siyang katuwang ng mga kalalakihan sa lahat ng bagay lalo na sa usaping pampamilya. Sa katunayan, noong ika-24 ng Agosto, nagbigay ng parangal ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at ang Philippine Commission on Women sa mga kababaihang malaki ang naiambag sa lipunan. Tinagurian itong 2012 Gawad Parangal sa Natatanging Kababaihan. Sa kabila ng mga parangal na ito ay marami pa ring mga kababaihan ang nakakaranas ng diskriminasyon sa lipunan at hindi binibigyan ng pagrespeto.

Batay sa CEDAW Primer, ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay malinaw na paglabag sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa karapatang pantao" na siyang kumikital sa partisipasyon ng babae, kapantay sa lalaki, sa lahat ng larangan ng kaunlaran at kapayapaan. Samakatuwid, ang pagkilala sa kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino ay pagpapakita ng pagpapahalaga sa kanilang karapatan at paggalang sa kanilang pagkatao. Kaya naman, ang pag-aaral na ito ay naglalayon na alamin ang iba't ibang kontribusyon ng mga kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino batay sa iba't ibang resulta ng pag-aaral ng iba't ibang mananaliksik. Tinitiyak na matutugunan ang mga sumusunod na tiyak na layunin: (1) imahe ng kababaihan sa lipunan, (2) gampanin ng kababaihan, (3) kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino.

Paglalahad ng Suliranin - Ang mga kababaihan ay mayroong kontribusyon sa paghubog ng lipunang Pilipino. Ang pagsusuring ito ay naglalayong matugunan ang mga sumusunod:

- imahe ng kababaihan sa lipunan
- gampanin ng kababaihan
- kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino

3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral sa pamamagitan ng komparatibong tekstuwal na pagsusuri upang maihambing at masuri ang mga natuklasan, tema, at pananaw na nakapaloob sa mga piling pag-aaral hinggil sa kontribusyon ng kababaihan sa lipunang Pilipino. Nagkaroon ng paghahambing at pag-uugnay sa resulta ng mga isinagawang pag-aaral ng iba't ibang mananaliksik kaugnay sa kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino. Susuriin ng mananaliksik ang gap na makikita sa iba't ibang resulta ng pag-aaral upang matugunan ang mga layunin. Magsisilbing hakbang sa pagsusuri ang mga sumusunod:

- **Unang Hakbang.** Imahe ng Kababaihan. Unang susuriin ng mananaliksik batay sa gap na nakapaloob sa iba't ibang pag-aaral ay ang pagtukoy sa imahe ng kababaihan sa lipunan. Ang pagtukoy sa imahe ng kababaihan ay batay sa pagtanaw ng lipunan sa larawan ng kababaihan ayon sa kanilang gampanin, responsibilidad, at karanasan.
- **Ikalawang Hakbang.** Gampanin ng Kababaihan. Ang sunod na tutukuyin ng mananaliksik ay ang gampanin ng mga kababaihan sa lipunan, ang inaasahang papel na nila na malaki ang naitutulong sa paghubog ng lipunang Pilipino. Magsisilbing gabay ng mananaliksik ang gap na nakapaloob sa tatlong pag-aaral.
- **Ikatlong Hakbang.** Kontribusyon ng Kababaihan sa Paghubog ng Lipunang Pilipino. Ang pinakahuling bahagi ng pananaliksik na sisipatin batay sa gap ng tatlong pag-aaral ay ang tungkol sa kontribusyon ng kababaihan sa lipunan. Iisa-isahin ng manunuri ang mga kontribusyon ng kababaihan batay na rin sa resulta ng paghahambing at pag-uugnay sa tatlong napiling pag-aaral.

Pahayag sa Paggamit ng AI. Gumamit ang mananaliksik ng ChatGPT (OpenAI, GPT-5.5) bilang pantulong sa pagbuo, pagsasalin, at pagrebisa ng ilang bahagi ng manuskrito, kabilang ang abstrak, metodolohiya, at ilang bahagi ng pagtalakay. Ang lahat ng output na nabuo ng AI ay sinuri, inedit, at bineripika ng mananaliksik upang matiyak ang katumpakan at kaangkupan ng nilalaman. Walang kumpidensyal o personal na datos ang ipinasok sa AI tool. Ang mananaliksik ang may ganap na pananagutan sa lahat ng nilalaman ng pag-aaral.

4. Resulta at Interpretasyon ng Datos

Nakapaloob sa bahaging ito ang resulta ng isinagawang analisis ng mananaliksik kaugnay sa kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino. Ang analisi na ito ay batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral ng iba't ibang mananaliksik.

Imahen ng Kababaihan sa Lipunan. Ang pagtanaw ng lipunan sa imahen ng kababaihan ay isa sa malaking usapin na binibigyang-tuon mula noon hanggang sa kasalukuyan. Samu't saring isyu ang inuugnay hinggil sa pagtrato sa mga kababaihan at hindi makatarungang pagpapahalaga sa kanilang karapatan. Maraming pagtingin ang inuugnay ng lipunan sa kababaihan batay sa kanilang gampanin, responsibilidad, gawi, at maging ang historikal na konteksto ng mga karanasan ng kababaihan.

Batay sa isinagawang pagsusuri ni Rojas (2020) sa nobela sa cyberspace, may iba't ibang uri ng babae sa lipunan na nagpapamalas ng kahinaan dahil pumayag itong apihin o abusuhin, may babae naman na nagpapakita ng katatagan at pagiging maparaan upang harapin ang mga pagsubok sa buhay sa ngalan ng pag-ibig. May mga isyung nakakaimpluwensya sa pag-unlad ng kababaihan batay na rin sa ekonomik, pulitikal, sosyal at kultural na salik. Ang pagkatao ng kababaihan sa lipunan ay tintingnan ayon sa kanilang paniniwala, istatus, papel sa pamilya.

Sa pag-aaral ni Rojas (2020), makikita na may dalawang mukha ng kababaihan sa lipunan – mahina at matapang. Inilarawan sa kanyang pagsusuri na ang mahinang babae ay hinahayaang apihin at abusuhin ang kanyang sarili at dahil na rin ang lipunan mismo ang may kakulangan ng pagpapahalaga sa pagkatao ng mga kababaihan. Ang babaeng matapang naman ay may kakayahang makipagsapalaran sa agos ng buhay, at nanatiling matatag anuman ang pagsubok na dumating.

Si Gorumba (2019) ay nagsagawa ng pagsusuri sa mga maikling kuwento kung saan ang mga ito ay sumasalamin sa kultura ng Palompongans. Ang mga naisulat na maikling kuwento to ay nasaksihan ng manunulat o di-kaya’y kanyang naranasan gaya na lang ng kultura ng pag-aasawa at kung paano ituring ang kababaihan. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang babae ay pinapahalagahan katulad ng isang hiyas. Makikita rin sa pagsusuri ni Gorumba (2019) na ang pagpapakita ng delicadeza ay isang konsepto na inuugnay sa kababaihan at pakikisama sa taong mamahalin. Nakita sa kanyang mga sinuri na maikling kuwento na isa sa mga ito ang tumalakay sa paghingi ng dote bago ikasal ang babae. Maaaring hindi na ito ngayon ginagawa nang karamihang mga Pilipino pero may mangilan-ngilan pa rin ang gumagawa nito sa kasalukuyan sa bayan ng Palompon. Sa kwentong “Bitag sa Baboy Ramo” ay magpapahalik o papasukin ang lalaki sa loob ng kanilang dampa dahil natatakot sa sasabihin ng iba. Ang pag-uugaling ito ay mararamdaman o makikita pa ngayon. Batay sa pagsusuri ni Gorumba (2019), makikita ang paglalarawan sa isang babae na parang katulad ng isang itlog na kailangang pakaingatan sapagkat mahirap kung ito’y mabasag. Ang babae sa lipunang Pilipino ay umaayon sa kung ano ang tama sa lipunan at kapag siya ay nakagawa ng isang bagay na taliwas sa pananaw ng ilan ay kaagad siyang mababansagang, “parang hindi dalagang Pilipina”.

Samantala, si Liwanag (2015) ay nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa mahahalagang aspekto at puntos ng kaisipan ng pilosopong Pilipina, feminista, aktibista, at madreng si Sr. May John Mananzan. Ayon sa pagsusuri ni Liwanag (2015), tiningnan ni Mananzan ang pagkukulang ng mga Pilipino sa isyu ng panlipunang pagkakapantay-pantay, lalo na sa usapin ng kasarian. Sa mga sanaysay at talumpati ni Mananzan, matingkad ang imahen ng isang lipunang binabagabag ng mga sumusunod na suliranin: patriyarkal na relihiyon, dispalinghadong politikal na ekonomiya, patriyarkal na kultura, at patuloy na epekto ng kolonisasyon. Nang ipataw ng mga Espanyol ang kultural na modelo at patriyarka, inalis ang mga Pilipina sa pampublikong espasyo at itinulak sa mga tahanan at kombento. Itinuro pa ang modelo ng pagkababaeng halaw sa imahen ng Birheng Maria. Nagiging domestikado ang kababaihan gawa ng kahalagahan sa pagkabirhen. Binansagan pang mga mangkukulam at tagapaglingkod ng masasamang elemento ang makakapangyarihang babaylan. Tinuruan ang mga sinaunang Pilipinong tanggapin ang pagdurusa tulad ng pagtanggap ni Hesus ng Nazareth sa sinapit na pagpapasakit.

Noong dumating ang mga Amerikanog kolonisador, pinalakas nila ang modelo ng Iberyang pagkababaeng may imahen ng ika-19 siglong Amerikanong babae. Gayunman para kay Mananzan, hindi tuluyang naiwaksi ng makapangyarihang kultural na imahen ng mujer indigena dahil sa kolektibong alaala sa mga sinaunang Pilipina. Makikita ito sa modernong babaylan na si Marianita Villariba, at sa historikal na pigura ni Gabriela Silang (1731-1763), Melchora Aquino (1812-1919), at Gregoria de Jesus (1875-1943). Gayundin ang mapayapang aktibismo ng kababaihang Kalinga na lumaban sa proyekto ng rehimeng Marcos ukol sa Chico River dam at Suprema ng Ciudad de Mystica de Dios sa Mount Banahaw na si Isabel Suarez.

Batay sa isinagawang pag-aaral ng mga mananaliksik na sina Gorumba (2019), Rojas (2020), at Liwanag (2015), makikitang ang kababaihan ay may imaheng bahagi na ng kulturang Pilipino mula pa sa panahon ng katutubo, mananakop, at mapahanggang sa kasalukuyan. Sa kabila ng opresyong nararanasan at mababang pagtingin ng lipunan, ang babae ay may imahen na inihahalintulad kay Birheng Maria. Siya rin ay matapang, malakas, matalino, at may kakayahang ipaglaban ang sarili. Ang imahen ng isang katutubong Pilipina ay mananatili hangga’t may mga kababaihang pinapahalagan, iginagalang, at binibigyang-pagkilala sa kanyang pantay na karapatan sa lipunan.

Gampanin ng Kababaihan. Bilang bahagi ng lipunang Pilipino, ang mga kababaihan ay mayroong iba’t ibang papel na ginagampanan. Ang gampanin ng kababaihan ay nakabatay sa lipunang kanyang pinagmulan at

kinabibilangan. Ang mga ito ang nagsisilbi niyang pundasyon sa mga gawi sa araw-araw. Batay sa iba't ibang pag-aaral, ang kababaihan ay may mga gampanin sa lipunan na maaaring nakaugat sa kasaysayan, relihiyon o paniniwala, kaugalian, at kultura.

Sa isinagawang pag-aaral ni Rojas (2020), ang babae ay may gampanin sa aspetong ekonomik, relihiyon, pulitikal, sosyal, at kultural. Ang babae ay inaasahang marunong magtrabaho ng mga gawaing-bahay, may kakayahang maglingkod sa bayan, may kakayahang mag-alaga ng pamilya, at may pagsamba sa Diyos ayon sa nakagisnang paniniwala. Batay sa pag-aaral, ang gampanin ng isang babae sa tahanan ay pagiging isang modelo at inspirasyon sa mga anak upang mamuhay na may taglay na magandang pag-uugali. Ang pagpapakita sa kakayahang pansining ay inaasahang lilinangin ng isang babae upang maipamalas ang kanyang natatanging kakayahan.

Masasalamain rin sa pagsusuri ni Gorumba (2019) na ang babae ay may gampaning natatangi sa paghubog ng lipunang Pilipino. Ang babae bilang mahalagang bahagi ng isang pamilya ay malaki ang papel sa paghubog ng mga batang taglay ang pagpapahalagang moral at ispiritwal. Replektibo rin sa mga sinuring akda ni Gorumba (2019) ang papel ng kababaihan sa pagsunod sa nakagawiang kultura ng lugar na pinagmulan na ilan na lamang ang sumusunod sa kasalukuyan. Ang ganitong sitwasyon ay mainit na usapin kung saan maraming kababaihan ang tumataliwas sa nakagawiang tradisyon ng bayan dulot ng pagbabago ng panahon at iba't ibang konteksto na iniuugnay sa pagkakapantay-pantay ng karapatan ng kababaihan sa lipunan.

Malalim naman na tinalakay ni Liwanag (2015) ang mga pagbabago sa gampanin ng kababaihan sa lipunan dulot na rin ng opresyon at diskriminasyon na masasalamain sa mga pilosopiya ni Mananzan. Sa paaralan, isang ekspektasyon na dapat magaling sa asignaturang wika at literatura ang mga babae, at sinasanay ang mga babae upang maging pasibo, maamo, tago, maging tagasuporta. Dagdag pang matuto dapat ang mga babaeng manamit at mag-make-up dahil hinuhubog na ang pinakaultimong mithiin nila sa buhay ang makahanap ng lalaking magbibigay sa kanila ng "happy ever after." Iniaatas ang gawaing-bahay sa mga babae tulad ng pagluluto, paglilinis, at maging paglalaba ng mga damit ng mga kapatid na lalaki. Itinanim sa isipan ng mga batang babae na kapag nawala na ang kanilang pagkahirhen, wala na silang kwenta. Ipinaiisip sa kanila na ang pinakapinal nilang layunin ang magpakasal, magkaanak, at gawing matibay ang pamilya anomang mangyari, gayong may ilang mapagsamantalang asawang pisikal at emosyonal na silang binubugbog. Binigyang-linaw ni Liwanag (2015) na sa lipunang patriyarkal tulad ng Pilipinas, pinakamakapangyarihan ang mass media sa reproduksyon ng mga ideya sa kasarian at estereotipo. Sa mga naratibong palabas, ibinibigay sa kababaihan ang mga minorityang papel, pagiging estupido, o malaswa.

Batay sa tatlong pag-aaral, ang gampanin ng kababaihan ay repleksyon ng kanilang imahen bilang isang Pilipina. Ang pagiging isang babae ay hindi lamang nangangahulugang pagiging isang magandang dilag sa lipunan kundi kaakibat din nito ang kanyang mga responsibilidad tungo sa pagkakaroon ng isang maunlad at matiwasay na lipunan. Sa tatlong pag-aaral, parehong binigyang-diin ang papel ng babae bilang ina o "ilaw ng tahanan". Iniugnay rin ang konsepto ng pag-ibig ng isang babae sa kanyang asawa at mga anak. Makikita kung paano hinuhubog ng isang lipunan ang pagkatao ng isang babae at kung paano ang kababaihan ay nagbibigay-ambag sa pag-unlad ng pamilya, sosyedad, at iba pang aspeto. Samakatuwid, ang babae ay may gampaning mamuhay nang matiwasay, magsilbing ina sa kanyang mga anak, at magpamalas ng angking talento sa iba't ibang larangan na malaki ang maiiambag sa lipunan.

Kontribusyon ng Kababaihan sa Paghubog ng Lipunang Pilipino. Ang paghubog sa kakayahan at talento ng kababaihan ay nangangailangan ng tuon at pagpapahalaga upang mas malinang at maging kapaki-pakinabang sa lipunan. Katulad ng ano mang kasarian, ang kababaihan ay maraming kontribusyon tungo sa paghubog ng lipunang Pilipino. Mula pa sa kasaysayan ng bansa, makikita kung paano nakibaka ang mga kababaihan upang maipagtanggol ang Inang Bayan. Masasalamain din sa mga aklat kung paano nagsilbing hulmahan ng paghubog ng lipunang Pilipino ang mga kababaihan batay na rin sa kanilang mga gampanin.

Mula sa isinagawang pag-aaral ni Rojas (2020), nakita niya na ang kababaihan ay may angking talento na

ipinapamalas at ang mga ito ay nakatutulong sa pagtataguyod ng pagka-Pilipino ng ating bansa. Naipapamalas kung gaano kagaling ang mga babaeng Pilipina sa iba't ibang larangan taliwas sa pagkakaroon nito ng mababang pagtingin mula sa lipunan. Ang kanilang paniniwala, istatus, papel sa pamilya, at ang kakayahan sa sining at mass media ay nagpapatunay lamang sa tunay na karanasan ng mga babaeng Pilipino at tumatak bilang Pilipina.

Ayon naman sa pag-aaral ni Gorumba (2019), ang pagpapakita ng kababaihan ng wastong pag-uugali ay malaki rin ang kontribusyon sa paghubog ng isang sosyedad na may pagkakaunawaan at pagkakaisa. Bilang babae, siya ay magsisilbing modelo sa kanyang mga anak na malaki rin ang papel sa paghubog ng lipunang Pilipino. Ang pagtuturo ng kagandang-asal sa mga kabataan ay susi sa paghubog ng isang Pilipinong may pagmamalasakit sa bayan. Ang pagpapahalaga naman sa kulturang nakagisnan ay malaking kontribusyon ng kababaihan tungo sa pagpapanitili ng identidad ng pagka-Pilipina at pagiging mamamayan ng Pilipinas.

Samantala, binigyang-diin ni Liwanag (2015) na bago pa dumating ang mga dayuhan, may sariling hirarkiya ang sinaunang lipunan na pinamumunuan ng mga lider ng tribo. Sa komunidad na ito, kagalang-galang ang sinaunang Pilipina gawa ng kanilang kakayahang mamuno, manggamot, magsilbing tulay sa espiritwal na mundo, mag-alay sa mga diyos at diyosa, at magsilang ng mga indibidwal sa susunod na henerasyon. Base pa sa mga nakalap na impormasyon sa pre-kolonyal na Pilipina ayon kay Teresita Infante: pantay ang mga mana, gawaing-bahay, at oportunidad sa edukasyon sa anak na lalaki at babae. Matayog ang estado ng mga sinaunang Pilipina, kaya hindi isinasagawa ang pagbibigay-dote (dowry); katunayan, lalaki pa ang nag-aalay ng mga regalo at serbisyo sa pamilya ng babae. Bukod dito, nakita ng mga manunulat na Espanyol ang Pilipina na tinawag nilang *mujer indigena* bilang may kakayahang mangasiwa, may mataas na moral, kapansin-pansin sa industriya, may kapasidad na magsakripisyo, magaling sa pagdedesiyon, at may sensitibidad. Sa pagsusuri ni Liwanag (2015) ay inilahad niya ang iba't ibang organisasyon na nagtataguyod sa karapatan ng kababaihan at naglalayong ipagtanggol ang sino man mula sa opresyon at diskriminasyon. Sa tulong din ng mga organisasyong ito ay mas naipakita ang kakayahan ng mga kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino hindi lamang sa aspetong pampamilya kundi maging sa pampolitikal, panrelihiyon, pang-ekonomik, at maging sa aspetong sosyal.

Mula sa mga nabanggit na pag-aaral, masasalamang na ang kababaihan ay may angking kakayahan upang maging magulang, pinuno, manggagawa, alagad ng sining, at huwaran ng isang maunlad at payapang lipunan. Sa kabila ng opresyong nararanasan, tinitingnan pa rin sa tatlong pag-aaral ang natatanging kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino na nakaugat na rin sa kasaysayan, paniniwala, tradisyon, at kulturang nakagisnan. Samakatuwid, ang pantay na pagtingin sa kababaihan sa lipunan ay dapat na bigyang-pagpapahalaga sapagkat bahagi rin sila ng pag-unlad ng lipunang Pilipino.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Kongklusyon - Batay sa isinagawang pagsusuri, natuklasan na ang kababaihan ay may mahalagang papel at malaking kontribusyon sa paghubog ng lipunang Pilipino. Sa iba't ibang panahon—mula sa pre-kolonyal, panahon ng pananakop, hanggang sa kasalukuyan—makikita na ang kababaihan ay naging bahagi ng pagpapaunlad ng pamilya, komunidad, kultura, at bansa. Bagama't nakaranas sila ng diskriminasyon, opresyon, at mababang pagtingin ng lipunan, nananatili silang matatag, matapang, at may kakayahang makibahagi sa iba't ibang larangan. Lumabas din sa pagsusuri na ang imahen ng kababaihan ay nahubog ng kultura, relihiyon, tradisyon, at panlipunang pananaw. Inilarawan ang kababaihan bilang ilaw ng tahanan, huwaran ng kagandahang-asal, at tagapagtaguyod ng pamilya. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga pag-aaral na ang kababaihan ay hindi lamang limitado sa gawaing-bahay kundi may kakayahan ding mamuno, makilahok sa gawaing panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkultura.

Bukod dito, pinatunayan ng mga pag-aaral na ang kontribusyon ng kababaihan ay makikita sa pagpapanatili ng kulturang Pilipino, paghubog ng pagpapahalagang moral at espiritwal, pagtatanggol sa karapatan, at pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lipunan. Ang kanilang kakayahan, talento, at determinasyon ay nagsisilbing inspirasyon sa pagbuo ng isang maunlad, makatarungan, at mapayapang lipunan. Samakatuwid,

mahalagang kilalanin, pahalagahan, at igalang ang kababaihan bilang katuwang sa pag-unlad ng bansa. Ang pagbibigay ng pantay na karapatan at oportunidad sa kababaihan ay hindi lamang pagkilala sa kanilang dignidad kundi isang mahalagang hakbang tungo sa higit na pag-unlad ng lipunang Pilipino.

Rekomendasyon - Inirerekomenda na higit pang paigtingin ng mga institusyong pang-edukasyon ang mga programang magpapalawak sa kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa kahalagahan, karapatan, at kontribusyon ng kababaihan sa lipunang Pilipino. Mahalaga ring magsagawa ng mga seminar, talakayan, at gawaing pangkomunidad na magbibigay-diin sa pagkakapantay-pantay ng kasarian upang mabawasan ang diskriminasyon at estereotipong pagtingin sa kababaihan. Sa pamamagitan nito, higit na mauunawaan ng lipunan ang tunay na papel at kakayahan ng kababaihan sa iba't ibang larangan. Inirerekomenda rin na patuloy na suportahan ng pamahalaan at iba't ibang organisasyon ang mga programang nagtataguyod sa kapakanan at karapatan ng kababaihan, lalo na sa usapin ng edukasyon, trabaho, kalusugan, at proteksiyon laban sa pang-aabuso. Mahalaga ring kilalanin at pahalagahan ang ambag ng kababaihan sa pagpapanatili ng kultura, paghubog ng pamilya, at pagpapaunlad ng lipunan upang magsilbi silang inspirasyon sa susunod na henerasyon. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, maaaring palawakin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng iba pang pananaw, karanasan, at kontemporaryong isyu hinggil sa kababaihan upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa kanilang mahalagang papel sa paghubog ng lipunang Pilipino.

6. Sanggunian

- Gorumba, Jennifer A. 2019. Pagsasalin at Pagsusuri ng Akdang Panitikan ni Jesus Sanchez. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 7, No. 1. Retrieved from: <http://oaji.net/articles/2020/1543-1585281163.pdf>
- Liwanag, Leslie Ann. (2015). Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB. *Kritike*. Volume Nine, Number Two. Retrieved from http://www.kritike.org/journal/issue17/liwanag_december2015.pdf
- Mapa, S. (2018, May 26). Kababaihan, malaki ang kontribusyon sa lipunan! RMN Networks. <https://rmn.ph/kababaihan-malaki-ang-kontribusyon-sa-lipunan/>
- Philippine Commission on Women. (n.d.). CEDAW Committee. <https://pcw.gov.ph/cedaw-committee/>
- Philippine Commission on Women. (n.d.). Parangal sa mga natatanging kababaihan. <https://pcw.gov.ph/parangal-sa-mga-natatanging-kababaihan/>
- Rojas, Victoria Y. (2020). Analisis ng Kababaihan sa Cyberspace: Larawan at Tugon. Cebu Normal University. Di-nalathalang disertasyon

Instructional leadership skills of secondary school administrators and their impact on teachers' performance

Ignacio, Jenny T. ✉

Manduang Integrated School, Minglanilla, Cebu, Philippines (jenny.ignacio@deped.gov.ph)

Sim, Mary Jane C.

Cebu Technological University, Philippines (maryjanesim0828@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 30 May 2026

Available Online: 14 June 2026

Revised: 12 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26130

Accepted: 13 June 2026

Abstract

Teachers, as primary agents in educational delivery, provide critical perspectives on the effectiveness of school administrators' leadership, particularly regarding support for instructional practices. This study assessed the instructional leadership skills of administrators in selected public schools in District II of Minglanilla, Cebu, employing a descriptive-correlational research design and an adapted questionnaire as the primary data collection instrument. The sample comprised 137 teacher respondents. Data analysis utilized percentage calculations for teacher performance ratings, while weighted mean scores assessed administrators' instructional leadership skills in the domains of resource providers, instructional resources, communication, and visible leadership. Pearson product-moment correlation was applied to determine the relationship between administrators' instructional leadership skills and teacher performance ratings. Results indicated that school administrators exhibit exemplary instructional leadership skills, with notable strengths in communication, which are significantly and positively associated with teachers' outstanding performance. It is recommended that the proposed Instructional Leadership Plan framework be implemented to further enhance the leadership practices of the school administrators.

Keywords: administration and supervision, instructional leadership skills, descriptive correlational, action plan, Minglanilla, Cebu

Instructional leadership skills of secondary school administrators and their impact on teachers' performance

1. Introduction

Teachers play a key role in education and have important insights into how well school administrators support instructional practices. Studying the link between administrators' instructional leadership skills and public secondary school teachers' performance ratings helps us understand how leadership affects teaching and academic results. This kind of analysis can guide policy and leadership development efforts to improve both school leadership and teacher performance. It also helps us see how administrators' skills influence teachers' readiness and ability to handle challenges. Over the past few decades, school administrators' roles have changed from mainly managing schools to focusing more on instructional leadership. Daing and Mustapha (2023) found that administrators who provide ongoing professional development and instructional resources help teachers perform better and feel more effective. As schools become more complex, especially with new technology and teaching methods, administrators play an even bigger role in creating strong learning environments.

In the Philippines, as in other countries, school administrators manage both the daily operations of schools and the quality of teaching and learning (Valenzuela & Buenvinida, 2021). Their role as instructional leaders is becoming more important for creating environments that support academic success and teacher growth, which leads to better student outcomes. Soroño and Quirap (2023) found that when school leaders give regular feedback and support, teachers tend to perform better. As the country faces ongoing challenges with educational access and quality, strong instructional leadership remains crucial. Although the advantages of school administrators' instructional leadership skills are increasingly recognized, there is limited local data. While the benefits of administrators' instructional leadership are well known, there is little local data on how teachers and students in the Minglanilla District, Cebu, experience these skills.

Studies on remote learning show that teachers faced problems like low student participation, not enough materials, and feeling isolated (Naval & Mito-on, 2025). Administrators with strong instructional leadership helped by checking in regularly, offering professional development, and providing extra resources. Good instructional leadership is key to helping teachers overcome challenges, especially during remote learning, such as getting students to participate and making sure materials are available (Flores, 2025). It includes school safety, contract administration, supervision, data management, and marketing. Thus, this study determined the relationship between the school administrators' instructional leadership skills and the performance rating of the public secondary school teachers in Minglanilla District, Cebu. The results of this study may help school administrators improve their instructional leadership skills.

2. Methods

This study used a quantitative descriptive-correlational method and included 137 secondary teachers from selected schools in Minglanilla District II, Minglanilla, Cebu. The teachers were chosen based on their distance from the district office, the type of school, and their mode of transportation. The main tool for data collection was an adapted questionnaire from Daing and Mustapa (2023). The questionnaire had three parts: general information about the respondents, school administrators' instructional leadership skills, and the teachers' most recent performance ratings. Before distributing the questionnaire, the researchers asked for permission from the public-school district supervisor and the school principals in Minglanilla District II and received a recommendation from the research adviser. Once permission was granted, the researchers gave the questionnaires to the teachers and helped them fill them out. Descriptive statistics, such as percentage and weighted mean, were used to analyze the background data and assess leadership skills. The Pearson product-moment correlation r was used to find the relationship between administrators' instructional leadership and teacher performance ratings.

3. Results and Discussion

This section presents the gathered data, analysis, and interpretation of the school administrators' instructional leadership skills in terms of resource provider, instructional resource, communicator, and visible leader; the performance rating of the public secondary school teachers; and the significant relationship between the school administrators' instructional leadership skills and the performance rating of the public secondary school teachers.

Table 1

Respondents' school administrators' instructional leadership skills

Instructional Leadership Skills	WM	Verbal Description
Resource Providers	4.48	Strongly Agree
Instructional Resource	4.41	Strongly Agree
Communicator	4.53	Strongly Agree
Visible Leader	4.47	Strongly Agree
Grand Mean	4.47	Strongly Agree

Legend: 4.21-5=strongly agree; 3.41-4.2=agree; 2.61-3.4= neutral; 1.81-2.6=disagree;1-1.8=strongly disagree

Table 1 shows how respondents rated their school administrators' instructional leadership skills in four main areas. The results indicate that school leadership is held in very high regard, with a Grand Mean of 4.47. This score falls within the 4.21-5.00 range, which means Strongly Agree. Administrators received their highest rating as Communicators, with a weighted mean of 4.53. This suggests they are very good at sharing goals, encouraging open communication, and setting clear expectations. Their roles as Resource Providers and Visible Leaders followed closely, with weighted means of 4.48 and 4.47. These scores show that administrators are present in the school and reliable in providing what is needed for operations. Although still rated as Strongly Agree, the lowest score was for acting as an Instructional Resource, with a mean of 4.41. This small difference suggests that while administrators are strong in management and communication, there is some room for improvement in their direct involvement with teaching and curriculum development. This result agrees with what Flores (2025) found, as he noted that school leaders are most effective when they balance strong communication and resource provision with direct involvement in classroom instructional practices.

These results suggest that the school has a supportive and communicative leadership team. Administrators are trusted and respected, which helps them lead school-wide projects and keep morale high. Effective school heads demonstrate competence not only in management and communication but also in supporting teachers in line with the Philippine professional standards for teachers (Estrada & Gumban, 2024). Still, the slightly lower score for being an Instructional Resource shows there is room for growth. Administrators should move beyond just managing operations and become more active as instructional coaches. To help with this, school districts can offer training in supervision, new teaching methods, and working with data. By communicating their strengths in communication and resource management and getting more involved in classroom teaching, administrators can better support their teachers and help students succeed.

Table 2

Respondents' performance rating in S.Y. 2024-2025

Indicators	f	%
Outstanding	27	19.70
Very Satisfactory	110	80.29
Satisfactory	0	0.00
Unsatisfactory	0	0.00
Unacceptable	0	0.00
Total	137	100.00

Table 2 presents the performance ratings for 137 respondents. Most received a Very Satisfactory rating at 80.29%, while 19.70% achieved Outstanding. No one was rated as Satisfactory, Unsatisfactory, or Unacceptable. This suggests that all teacher respondents consistently meet the professional standards for teachers. These results suggest the faculty is capable and dedicated, supporting the school's strong performance. However, the absence of lower ratings raises questions about how effective and sensitive the evaluation system is. The lack of variation could mean the appraisal tool is too lenient or has a ceiling effect, making it difficult to distinguish differences in

teacher performance. Other studies have found similar problems, leading to calls for better evaluation methods (Flores, 2025). Estrada and Gumban (2024) found a strong positive link between school heads' competence and teachers' performance ratings, highlighting how leadership quality directly affects teacher effectiveness under the Philippine Professional Standards for Teachers. He et al. (2024) also found that principals' instructional leadership is a strong predictor of teachers' professional development, showing that effective leadership helps teachers improve and perform better.

Table 3

Significant relationship between the school administrators' instructional leadership skills and respondents' performance rating

Paired Variables	r-value	p-value	Decision on Ho $\alpha = 0.05$	Interpretation
School Administrators' Instructional Leadership Skills and the Respondents' Performance Rating	0.349	0.001	Reject Ho	Significant

Table 3 shows the results of the statistical analysis on the relationship between administrators' instructional leadership skills and teachers' performance ratings. The r-value of 0.349 suggests a moderate positive relationship between these factors. This means that when school administrators show stronger leadership skills, especially as visible leaders and resource providers, teacher performance ratings tend to rise as well. The p-value of 0.001 is much lower than the alpha level of 0.05; thus, the null hypothesis is rejected. This confirms that there is a statistically significant relationship between administrative leadership and teacher performance.

These findings highlight the important role school administrators have in raising school quality and professional standards. The positive relationship found that administrators' leadership skills, especially in providing support and resources, directly improve teacher performance (Daing & Mustapha, 2023). Similarly, Soroño and Quirap (2023) also found that strong instructional leadership from school heads is closely tied to higher teacher performance ratings. These studies show that effective instructional leadership is more than just an administrative duty; it helps teachers do better. When leaders offer resources and keep communication clear and open, as the literature suggests, they help teachers move from "Very Satisfactory" to "Outstanding" performance.

4. Conclusion and Recommendations

Based on the synthesized data, it is concluded that school administrators possess exemplary instructional leadership skills, demonstrating strength as effective communicators, which significantly and positively correlates with the outstanding performance of their teachers. The results prove a statistically significant, moderate positive relationship, indicating that robust administrative leadership is not just a formality but an active driver of employee productivity. Based on the findings, the following recommendations were hereby offered: Educational institutions and leadership preparation programs should intensify efforts to cultivate the instructional leadership skills of future school administrators. Also, providing future school leaders with hands-on experiences, coaching, and reflective practice opportunities will better prepare them to lead instructional improvement, support teacher development, and foster a high-performing academic environment. Public secondary schools implement strategic interventions to improve the performance ratings of their teachers.

These findings suggest that schools need to rethink how they develop leaders and evaluate performance. Because strong administrative leadership directly affects teacher performance, school districts should make ongoing leadership training a priority. Administrators should be encouraged to move beyond basic management and become more involved in teaching and learning. For school administrators, this implies that while performance is high, the criteria for evaluation may need to be updated and made more challenging. Adding more specific indicators or raising standards can help identify top performers, prevent stagnation, and give high-achieving staff new goals to work toward. For schools and policymakers, these results show the importance of continuing to invest in leadership development programs. Strengthening the instructional and management skills of school administrators can directly boost the productivity and performance of the entire academic community.

Practical Educational Implications and Significance of the Findings - The findings of this study offer several important implications for educational practice, particularly for school administrators, teachers, and the broader school community. The demonstrated positive relationship between instructional leadership skills and teacher performance highlights the critical role of leadership in shaping instructional quality and overall school effectiveness. For **school administrators**, the results emphasize the need to strengthen instructional leadership practices beyond managerial responsibilities. Administrators should actively engage in classroom-focused leadership by providing instructional coaching, facilitating professional development, and using data to guide teaching improvements. The high ratings in communication suggest that maintaining open, transparent, and consistent dialogue with teachers is essential; however, greater involvement as instructional resources can further enhance teaching quality. Leadership development programs should therefore prioritize capacity-building in curriculum supervision, mentoring, and evidence-based instructional strategies.

For **teachers**, the study underscores the value of supportive and communicative leadership in enhancing professional performance. When administrators provide clear expectations, adequate resources, and constructive feedback, teachers are better positioned to refine their instructional practices and achieve higher performance ratings. This supportive environment also fosters teacher motivation, collaboration, and continuous professional growth, which are essential for improving student learning outcomes. While for **students**, although indirectly measured, the implications are equally significant. Improved teacher performance—driven by effective instructional leadership—translates into better classroom instruction, more engaging learning experiences, and ultimately higher academic achievement. Strong leadership thus contributes to creating a learning environment where students can thrive academically and socially.

At the **school level**, the findings highlight the importance of cultivating a culture of instructional excellence. Schools should institutionalize leadership practices that promote collaboration, ongoing professional learning, and accountability. Additionally, the limited variability in teacher performance ratings suggests a need to revisit evaluation systems to ensure they are sufficiently rigorous and capable of distinguishing different levels of teacher effectiveness. Enhancing appraisal systems can help identify areas for improvement while recognizing high-performing educators. Overall, this study reinforces that instructional leadership is a key driver of educational quality. Investing in leadership development and aligning leadership practices with instructional goals can lead to sustained improvements in teacher performance and student outcomes.

AI Declaration Statement - The authors acknowledge the use of the AI language tool (Grammarly) during manuscript preparation, specifically for language refinement, structural editing, and drafting select sections. All intellectual content, data collection, analysis, interpretation of results, and conclusions remain the sole responsibility of the authors. AI assistance was limited to enhancing clarity and readability and did not influence the originality, integrity, or academic responsibility of the research. The authors assume full accountability for the accuracy and validity of all published content.

5. References

- Daing, C. A., & Mustapha, L. C. (2023). School administrators' instructional leadership skills and teachers' performance and efficacy in senior high schools in the national capital region, Philippines. *International Journal of Educational Policy Research and Review*, 10(1). <https://doi.org/10.15739/ijepr.23.001>
- Estrada, M. J. A., & Gumban, J. L. (2024). School head's competence and teacher's performance in the light of Philippine professional standards for teachers. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 8(3), 3256–3263. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2024.803232s>
- Flores, J. (2025). School administrators' instructional leadership competence in relation to teachers' instructional performance. *International Journal of Innovative Research in Engineering & Multidisciplinary Physical Sciences*, 13(6). <https://doi.org/10.37082/ijirms.v13.i6.232774>
- He, P., Guo, F., & Abazie, G. A. (2024). School principals' instructional leadership as a predictor of teacher's professional development. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 9(1). <https://doi.org/10.1186/s40862-024-00290-0>

- Naval, A., & Mito-On, N. A. (2025). Teacher Challenges and Self-Efficacy in the Transition from Remote to In-Person Instruction: Evidence from Philippine Elementary Schools. *Journal of Education and Learning Reviews*, 2(3), 205–220. <https://doi.org/10.60027/jelr.2025.1952>
- Nyaibuli, B., & Mwila, P. M. (2024). Impact of school head leadership style in enhancing teachers' work performance in public secondary schools: a case of Ilala City, Tanzania. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 8(3), 4931–4937. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2024.803365s>
- Soroño, C. G., & Quirap, E. A. (2023). School heads' instructional leadership and teachers' performance. *International Journal of Research Publications*, 125(1). <https://doi.org/10.47119/ijrp1001251520234916>
- Valenzuela, E. S. & Buenvenida, L. P. (2021). *Managing School Operations and Resources in the New Normal and Performance of Public Schools in One School Division in the Philippines*. *International Multidisciplinary Research Journal* 3(2), pp. 149-157. <https://doi.org/10.54476/iimrj296>

Hamon ng mga baguhang guro sa araling panlipunan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo

Cebiano, Hazelle Joy B. ✉

Leyte Normal University, Philippines (hazellejoyceblano@gmail.com)

Received: 30 May 2026
Available Online: 14 June 2026

Revised: 12 June 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26267

Accepted: 13 June 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study focused on examining the challenges faced by novice Social Studies teachers in using the Filipino language as a medium of instruction. A phenomenological research method was employed to identify the common difficulties encountered by the teachers, their effects on the teaching process, and the strategies utilized to overcome these challenges. The respondents consisted of thirty (30) novice teachers from selected schools in Eastern Samar. Interviews were used as the primary instrument for data collection. The findings revealed that the major challenges experienced by the teachers included limited proficiency in academic Filipino, difficulty in translating technical and subject-specific terminologies, and a lack of confidence in speaking Filipino during instruction. The study also showed that training, extensive reading, and institutional support from schools play a significant role in enhancing teachers' instructional competence. Based on these findings, the study recommends the conduct of regular seminars and workshops to further develop the Filipino language proficiency and teaching skills of novice teachers.

Keywords: Filipino language, novice teacher, social studies, teaching, challenges

Hamon ng mga baguhang guro sa araling panlipunan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga hamon na kinakaharap ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo. Ginamit sa pananaliksik ang penomenolohikal na metodo upang matukoy ang mga karaniwang suliranin, epekto nito sa pagtuturo at mga estratehiyang ginamit ng mga guro upang malampasan ang mga hamon. Ang mga respondent ay binubuo ng tatlong (30) baguhang guro mula sa piling paaralan sa Eastern Samar. Gumamit ng interbyu o panayam bilang instrument sa pangangalap ng datos. Lumabas sa result na pangunahing hamon ng mga guro ang kakulangan sa kasanayan sa akademikong Filipino, kahirapan sa pagsasalin ng mga terminolohiya, at kakulangan sa kumpiyansa sa pagsasalita gamit ang Filipino. Ipinakita rin ng pag-aaral na mahalaga ang pagsasanay, pagbabasa, at suporta ng paaralan upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagtuturo. Inirerekomenda ng pag-aaral ang pagkakaroon ng regular na seminar at workshop upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga baguhang guro sa paggamit ng wikang Filipino.

Mga Susing Salita: Wikang Filipino, Baguhang Guro, Araling Panlipunan, Pagtuturo, Hamon

2. Introduksyon

Ang wika ang ginagamit ng tao sa paglalahad ng mga kaisipan at damdamin. Ito rin ang nagiging instrumento para maipahayag ang mga saloobin at karanasan ng tao. Sa larangan ng edukasyon, may mahalagang tungkulin ang wika dahil ito ang ginagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng bata. Malinaw na nakasaad sa Artikulo 14 Seksyon 6 ng Saligang Batas ng 1987, “Ang pambansang wika ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang ito ay dapat payabungin at payamanin pa sa salig na umiiral na mga wika sa Pilipinas at iba pang wika. Ito ang wikang ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ito ang pangkalahatang midyum ng komunikasyon sa ating bansa. Ayon kay Almario, “Ang wikang opisyal ay ang itinadhana ng batas na maging wika sa opisyal na talastasan ng pamahalaan. Ibig sabihin, ang kinikilalang wikang pambansa ay ang wikang opisyal din. Habang ang wikang panturo ay wikang ginagamit ng guro o ang wikang opisyal na ginagamit sa pormal na edukasyon. Ito ang ginagamit na wika sa pagtuturo at pag-aaral sa mga eskwelahan. Sa kasaysayan ng Pilipinas, naging wikang panturo ang Ingles sa sistema ng edukasyon sa panahon ng mga Amerikano.

Nagsimulang ipagamit naman ang wikang pambansa bilang wikang panturo sa panahon ng Komonwelt para sa edukasyon ng mga magiging guro sa wikang pambansa. Inilahad naman sa Patakarang Bilingual ng bansa na isinasaad ng Artikulo XIV, Seksyon 7 ng 1987, sa mga layuning pang komunikasyon at pampagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at Ingles hangga’t hindi itinadhana ng batas. Sa ilalim ng Patakarang Bilingual, ang mga asignatura sa elementarya at sekundarya ay hinati upang ang isang pangkat ay ituro sa Filipino at ang isang pangkat ay ituro sa Ingles. Bukod sa asignaturang wika at Panitikang Filipino, ang mga klase sa Araling Panlipunan ay gumagamit ng wikang panturo habang ang klase sa Agham at Matematika ay Ingles ang midyum na ginagamit.

Ang paggamit ng midyum sa pagtuturo sa mga kabataan ay isang isyu na kinahaharap sa lipunan. Ito ay isa sa mga isyung kinahaharap ng mga guro lalo na’t nakaapekto ito sa kalidad ng edukasyon at academic performance ng mga estudyante. Sa isinagawang pananaliksik ni Gorgonio (2012), na may layuning malaman kung alin sa dalawang wika (Ingles o Filipino) ang mabisang gamiting midyum sa pagtuturo para sa mahusay na pagkatuto sa asignaturang Araling Panlipunan, napatunayangmas nagpapakita ng mas mahusay na pagkatuto ang mga second year high school ng University of San Carlos kapag Ingles ang ginagamit sa pagtuturo kumpara sa wikang Filipino.

Sa pag-aaral naman ni Mallabo (2014), na may layuning malaman ang epekto ng paggamit ng wikang Filipino

sa mga asignaturang Ingles, napatunayang nakatutulong ang paggamit ng wikang Filipino sa mga asignaturang Ingles upang mas higit na maintindihan at maipaliwanag ng mga mag-aaral ang mga asignatura. Napapabilis nito ang proseso ng edukasyon at malaki ang maitutulong nito sa intelektwalisasyon ng mga Pilipino.

Dagdag nina Bolatin et.al (2019), napakahalaga ang paggamit ng wikang Ingles at wikang Filipino sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Binigyang diin sa kanilang pananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay kadalasang gumagamit ng pinaghalong wika na Ingles at Filipino sa pagkatuto. Gayunpaman, maraming baguhang guro ang nakararanas ng iba't ibang hamon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo. Kabilang dito ang kakulangan sa kasanayan sa akademikong Filipino, hirap sa pagsasalin ng mga terminolohiya, at kakulangan sa kumpiyansa sa pagsasalita gamit ang pormal na Filipino. Ayon naman kay Gonzales (2020), mas nagiging mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag ginagamit ang wikang kanilang lubos na nauunawaan. Samantala, ipinahayag nina Santos at Reyes (2021) na maraming bagong guro ang nakararanas ng suliranin sa paggamit ng akademikong Filipino dahil sa kakulangan sa pagsasanay. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang mga hamon na nararanasan ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan upang makapagbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagtuturo gamit ang wikang Filipino.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga hamon ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan sa paggamit ng wikang Filipino. Partikular nitongsasagutin ang sumusunod:

- Ano-ano ang mga hamon na nararanasan ng mga baguhang guro sa paggamit ng wikang Filipino?
- Paano naaapektuhan ng mga hamong ito ang kanilang pagtuturo?
- Ano-anong estratehiya ang ginagamit upang malampasan ang mga hamon?
- Ano ang mungkahi ng mga gurong kalahok upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng Filipino?

Saligang Teoritikal - Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Teoryang Sosyolinggwistiko ni Dell Hymes (1972) na nagsasaad na ang wika ay mahalagang instrumento sa komunikasyon at pakikipagugnayan sa lipunan. Ayon kay Hymes (1972), mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag ginagamit ang wikang pamilyar at madaling nauunawaan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Kaugnay nito, binigyang-diin din ni Lev Vygotsky (1978) sa kaniyang Teoryang Panlipunang Interaksyon na mahalaga ang wika sa paghubog ng kaalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Vygotsky (1978), nagiging mas mabisa ang pagkatuto kapag nagkakaroon ng malinaw na interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral gamit ang wikang kanilang nauunawaan. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga teoryang nabanggit upang maunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng Araling Panlipunan at kung paano naaapektuhan ng mga hamon sa wika ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

3. Metodolohiya

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang maisagawa nang maayos ang pag-aaral. Kabilang dito ang disenyo ng pananaliksik, mga respondente ng pag-aaral, instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, paraan ng pangangalap ng impormasyon, at estadistikal na pamamaraang ginamit sa pagsusuri ng mgadatos. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, naging sistematiko at organisado ang pag-aaral hinggil sa mga hamon ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan sa paggamit ng wikang Filipino.

Disenyo ng Pananaliksik - Sa pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyo sa pamamaraang penomenolohikal na uri ng pananaliksik. Ang penomenolohiyang pag-aaral ay nakatuon sa mga karaansan ng mga indibidwal mula iba't ibang perspektiba, Lester (1999). Ang penomenolohiya ay uri ng pananaliksik na nakatuon sa buhay at karanasan ng mga kalahok sa pananaliksik ukol sa isang penomenon. Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa hamon ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan sa pagtuturo gamit ang wikang Filipino. Ang

penomenolohikal na pananaliksik ay angkop gamitin sapagkat ang pananaliksik na ito ay nais lamang malaman ang perspektiba ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan tungkol sa mga naging hamon nila sa pagtuturo gamit ang wikang Filipino.

Kalahok ng Pag-aaral - Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng tatlung (30) baguhang guro sa Araling Panlipunan mula sa piling paaralan sa Eastern Samar particular na sa Taft National High School Taft Eastern Samar. Pinili sila batay sa kanilang karanasan bilang mga bagong guro at aktuwal na paggamit ng wikang Filipino sa loob ng silid-aralan. Inaasahang makapagbibigay sila ng makatotohanang impormasyon kaugnay ng suliraning pinag-aaralan.

Instrumento ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay kwalitatibong pananaliksik. Interbyu ang ginamit bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ayon kay Tongea (2014), ang interbyu at pasalitang diskurso na binubuo ng dalawang tao, isang interbyuwi at isang interbyuwer. Ang istilo sa paggawa ng katanungan sa pananaliksik na ito ay istilong open-ended questions. Bago ang panayam, nagbigay ang mananaliksik ng pormal na liham pahintulot na isagawa ang pananaliksik. Ang impormasyon na nakuha ay aanalisahin at mananatiling kompidensyal.

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Ang mananaliksik ay gumamit ng purposive non-probability sampling na kung saan malaya ang mga mananaliksik na pumili ng mga kalahok. Sampu (10) na mga baguhang guro sa Araling Panlipunan lamang ang magiging kalahok para sa pananaliksik na ito. Ayon sa Philippine Professional Studies for Teaching (PPST), ang mga baguhang guro ay ang mga bagong kwalipikadong magturo na may isa hanggang limang taong karanasan bilang propesyunal na guro. Ang mga datos na nakuha ay kinsolekta, isinaayos, at inalisa gamit ang thematic analysis. Tinukoy ni Braun at Clarke (2006) ang thematic analysis ay isang paraan para sa pagtukoy, pagsusuri at pag-uulat ng mga pattern sa loob ng data. Thematic analysis ang gagamitin at ang pangkalahatang tema sa mga kasagutan ng mga kalahok ay itrinanskrayb at sa paraang patalata lamang ang ginamit.

4. Resulta at pagtalakay

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalahad ng mga resulta at impormasyong nakalap mula sa isinagawang interbyu o panayam sa mga respondent. Nakapaloob dito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos kaugnay ng mga hamon na nararanasan ng mga baguhang guro sa Araling Panlipunan sa paggamit ng wikang Filipino. Inilalahad din sa bahaging ito ang mga pananaw, karanasan, at estratehiyang ginagamit ng mga guro upang malampasan ang mga suliraning kanilang kinakaharap sa pagtuturo. Batay sa isinagawang interbyu o panayam lumabas sa karamihan sa mga baguhang guro ay nakararanas ng hirap sa paggamit ng akademikong Filipino sa pagtuturo ng Araling Panlipunan.

4.1 Mga Hamon na Nararanasan ng mga Baguhang Guro sa Paggamit ng Wikang Filipino

Batay sa isinagawang panayam lumabas na ang pangunahing hamon na nararanasan ng mga baguhang guro ay ang kakulangan sa kasanayan sa akademikong Filipino. Marami sa kanila ang nahihirapang gumamit ng malalalim na terminolohiya at wastong pagpapahayag ng mga konsepto sa Araling Panlipunan. Lumitaw din sa result ana may ilang guro na mas nasanay sa paggamit ng Ingles kaya nahihirapan silang magsalita nang tuloy-tuloy gamit ang Filipino. Ayon sa isang respondent:

“Nahihirapan po akong maghanap ng tamang salitang Filipino lalo na sa malalalim na terminolohiya.”

Samantala, inimahagi naman ng isa pang respondent:

“Mas sanay po akong gumamit ng Ingles kaya minsan nahihirapan akong magsalita nang direktang direktang sa Filipino”

Ipinapakita ng mga sagot na mahalagang magkaroon ng sapat na kasanayan at pagsasanay sa paggamit ng

akademikong Filipino upang maging mas malinaw at epektibo ang pagtuturo. Kaugnay nito, sinabi nina Santos at Reyes (2021) na ang kakulangan sa pagsasanay sa Filipino ay isa sa mga dahilan kung bakit nakararanas ng kahirapan ang mga bagong guro sa kanilang pagtuturo.

4.2 Epekto ng mga Hamon sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino ay may malaking epekto sa paraan ng pagtuturo ng mga baguhang guro. Dahil sa kakulangan sa kumpiyansa at hirap sa pagpapaliwanag nagiging mabagal ang daloy ng talakayan sa klase at may pagkakataong hindi agad nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Ayon sa isang respondent:

“Nagiging mabagal po minsan ang aking pagpapaliwanag sa klase”

May isa ring respondent na nagsabi:

“May pagkakataon pong hindi agad naiintindihan ng mga estudyante ang aking paliwanag”

Ipinakikikita ng mga pahayag na ang kahirapan sa paggamit ng Filipino ay maaaring makaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa aralin. Pinatunayan ito ni Gonzales (2020) na nagsasabing mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag malinaw at maayos na naipapahayag ng guro ang mga konsepto gamit ang wikang nauunawaan ng mga mag-aaral.

4.3 Mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Baguhang Guro Upang Malampasan ang mga Hamon

Sa kabila ng mga hamong kanilang nararanasan, ipinakita sa resulta ng pag-aaral na gumagamit ang mga baguhang guro ng iba't ibang estratehiya upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Kabilang ditto ang pagbabasa ng mga aklat na Filipino, panonood ng educational videos, at paghingi ng gabay mula sa mga beteranong guro. Ayon sa isang respondent:

“Nagbabasa po ako ng mga librong Filipino at nagsasanay araw-araw.”

Samantala, sinabi naman ng isa pang respondent:

“Humihingi po ako ng payo sa mga beteranong guro.”

Ipinakikita ng mga sagot na mahalaga ang patuloy na pagsasanay at paghingi ng gabay upang mapaunlad ang kakayahan ng mga baguhang guro. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, unti-unti nilang nalalampasan ang kanilang kahinaan sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo.

4.4 Mga Mungkahi ng mga Gurong Kalahok sa Pagpapabuti ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, iminungkahi ng mga gurong kalahok ang pagkakaroon ng regular na seminar at workshop tungkol sa paggamit ng akademikong Filipino. Nais din nilang magkaroon ng mas maraming kagamitang panturo na nakasulat sa Filipino upang maging mas madali ang kanilang pagtuturo. Ayon sa isa sa mga respondent:

“Makakatulong po kung magkakaroon ng seminar tungkol sa tamang paggamit ng Filipino sa pagtuturo”

Ipinapakita ng result na mahalagang mabigyan ng sapat na suporta at pagsasanay ang mga baguhang guro upang higit nilang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino.

Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na maraming baguhang guro sa Araling Panlipunan ang nakararanas ng iba't ibang hamon sa paggamit ng wikang Filipino, particular sa akademikong pagpapahayag at wastong paggamit ng mga terminolohiya. Ang mga hamong ito ay may epekto sa kanilang kumpiyansa at paraan ng pagtuturo na

maaaring makaapekto rin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinakita rin sa pag-aaral na gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya tulad ng pagbabasa, pagsasanay, at paghingi ng gabay mula sa mga nakatatandang guro upang mapabuti ang kanilang kakayahan. Dahil ditto, mahalagang magkaroon ng patuloy na seminar, workshop, at suporta mula sa paaralan upang higit na mapaunlad ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Ayon kina Santos at Reyes (2021) ang regular na pagsasanay at paggamit ng Filipino sa loob ng silid-aralan ay malaking tulong upang mas maging epektibo at komportable ang mga guro sa kanilang pagtuturo.

5. Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, napag-alaman na maraming baguhang guro sa Araling Panlipunan ang nakararanas ng iba't ibang hamon sa paggamit ng wikang Filipino. Kabilang dito ang kakulangan sa kasanayan sa akademikong Filipino, kahirapan sa pagpapaliwanag ng mga konsepto, at kakulangan sa kagamitang panturo. Sa kabila nito, ipinakita rin na gumagamit sila ng iba't ibang estratehiya upang mapabuti ang kanilang kakayahan tulad ng pagbabasa, pagsasanay, at paghingi ng gabay mula sa beteranong guro.

Rekomendasyon - Batay sa resulta at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

- Magkaroon ng regular na seminar at workshop tungkol sa paggamit ng akademikong Filipino.
- Maglaan ng sapat na kagamitang panturo na nakasulat sa Filipino.
- Hikayatin ang mga guro na patuloy na magsanay sa pagsasalita at pagsusulat gamit ang Filipino
- Magsagawa pa ng iba pang kaugnay na pag-aaral tungkol sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo.

AI Use Disclosure- Ang mga mananaliksik ay gumamit ng teknolohiyang Artificial Intelligence (AI), partikular ng ChatGPT na binuo ng (openai.com), bilang pantulong sa ilang bahagi ng pagbuo ng pananaliksik na may pamagat na "Hamon ng mga Baguhang Guro sa Araling Panlipunan sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo." Ginamit ang AI bilang kasangkapan sa pagbuo ng paunang balangkas ng mga ideya, pagsasaayos ng mga pangungusap, pagwawasto ng gramatika, at pagbibigay ng mungkahing estruktura para sa ilang bahagi ng papel-pananaliksik. Gayunpaman, ang mga mananaliksik ang nagsagawa ng kritikal na pagsusuri, pagpili, pagwawasto, at pagrebisa sa lahat ng nilalaman upang matiyak ang katumpakan, kaugnayan, at pagsunod sa mga pamantayang akademikong institusyong kinabibilangan. Ang lahat ng interpretasyon ng mga datos, pagsusuri ng mga natuklasan, pagbuo ng mga konklusyon, at mga rekomendasyong nakapaloob sa pag-aaral ay pawang pananagutan ng mga mananaliksik. Ang paggamit ng AI ay hindi pumalit sa intelektuwal na ambag, pagsusuri, at pagpapasya ng mga mananaliksik, bagkus ay nagsilbi lamang bilang pantulong na kagamitan sa proseso ng pagsulat at paglinang ng akademikong gawain. Bilang pagsunod sa mga prinsipyo ng integridad at etika sa pananaliksik, buong katapatan na isiniwalat ng mga mananaliksik ang paggamit ng AI sa pagbuo ng papel na ito.

6. Sanggunian

- Bernales, R.A (2018). *Epektibong komunikasyon sa loob ng silid-aralan*. Quezon City Publishing House.
- Commission on the Filipino Language. (2018). *Manwal sa masinop na pagsulat. Komisyon sa Wikang Filipino*.
- Dela Cruz, P. (2019). Kahalagahan ng pagsasanay sa mga guro sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo. *Philippine Journal of Education*, 12(1), 20-30.
- Department of Education. (2020). *Most Essential Learning Competencies (MELCs) sa Araling Panlipunan*
https://www.deped.gov.ph/?utm_source=chatgpt.com.
- Enriquez, L. (2017). *Pagtuturo ng Araling Panlipunan gamit ang wikang Filipino*. National Book Store Publishing.
- Gonzales, M. (2020). *Paggamit ng wikang Filipino sa epektibong pagtuturo*. Manila Educational Press.
- Llego, M.A. (2021). *Kahalagahan ng wikang Filipino sa edukasyon*.
https://www.teacherph.com/?utm_source=chatgpt.com
- Santos, R., & Reyes, J. (2021). Mga hamon ng mga bagong guro sa paggamit ng akademikong Filipino. *Journal of Filipino Education*, 5(2), 45-58.

Ang dagat ng buhay: Pagpasok sa loob, pagsanib sa ligid at pagsisid sa lalim ng kuwentong pambatang “Anina ng mga alon” ni Eugene Y. Evasco

Miguel, Marlon L. ✉

Pampanga State University, Philippines (marlonlopezmiguel17@gmail.com)

Received: 2 June 2026
Available Online: 14 June 2026

Revised: 12 June 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26271

Accepted: 13 June 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

In this study, the young adult fiction *Anina ng mga Alon* by Eugene Y. Evasco is extensively examined through the lens of Galileo S. Zafra's *Loob, Ligid, at Lalim*. The intrinsic literary elements of the text were analyzed under *loob*, while *ligid* focuses on various contexts, particularly the social context, which addresses issues such as war and oppression, gender, poverty, education, prejudice, globalization, and environmental degradation. In the *lalim* dimension, the work's 'dating' (aesthetic and ideological appeal) was evaluated through the framework of Nicanor Tiongson's *Kamalayang Pilipino na maka-TAO* (Filipino humanistic consciousness). Findings reveal that the literary work possesses significant 'dating,' as it raises awareness of Indigenous minorities as marginalized groups, departs from conventional representations of children in narratives, and offers a sense of hope to marginalized communities. The study further demonstrates that the sociological approach to literature is an appropriate and effective framework for analyzing the text. Moreover, the literary work articulates fundamental human rights, including opportunities for the realization of human potential regardless of gender, access to quality education, and freedom of expression, among others. Ultimately, the text serves as a powerful voice that awakens the dormant and unresponsive consciousness of Filipinos, encouraging a sense of national responsibility and civic engagement. Hence, it is imperative that this literary work be integrated as a core component of the literature curriculum from secondary to tertiary levels.

Keywords: together, sociological, discrimination, rights, society

Ang dagat ng buhay: Pagpasok sa loob, pagsanib sa ligid at pagsisid sa lalim ng kuwentong pambatang “Anina ng mga alon” ni Eugene Y. Evasco

1. Abstrak

Komprehensibong hinimay sa saliksik ang akdang *Anina ng mga Alon* ni Eugene Y. Evasco mula sa lenteng *Loob, Ligid at Lalim* ni Galileo S. Zafra. Sinuri sa **loob** ang mga kahugpong na salik ng pagiging likhang-sining nito kabilang ang mga elemento ng maikling nobela tulad ng tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, kalutasan at iba pa. Hinimay naman sa *ligid* ang iba’t ibang konteksto katulad ng kontekstong panlipunan na kinakitaan ng mga isyung pandigmaan at kaapihan, kasarian, kahirapan, edukasyon, diskriminasyon, globalisasyon at pagkasira ng kalikasan. Sinisid sa *lalim* ng akda ang *dating* nito at timbang mula sa lente ng *kamalayang Pilipino na maka-TAO* ni Nicanor Tiongson. Taglay ng akda ang dating dahil iminumulat nito ang mga mambabasa hinggil sa pagsasantabi sa mga katutubong minorya, lumayo ito sa nakagawiang pagpapaksa sa mga bata, at nagiging inspirasyon ito upang madama ang pag-asa. Naipakita sa pag-aaral na angkop at malaki ang papel ng pagsusuri gamit ang dulong sosyolohikal. Sa pamamagitan din ng paghimay na ito ay nagawang mabigyang-diin ang halaga ng pag-aaral na may kakayahan ang akda upang ipaunawa ang mga karapatang dapat na ipinaglalaban katulad ng paggawa sa mga bagay na makatutulong sa ganap na potensiyal at kahusayang labas sa kasarian; maayos na edukasyon; paglalahad sa sarili nang malaya, at marami pa. Naging mahalagang tagakalampag ang akda sa tulong ng pananaliksik na ito sa tulog at nagbibingi-bingihang diwa ng bawat Pilipino tungo sa pagsasabalikat ng pambansang pananagutan. Kaya’t mahalaga itong maging integral na bahagi ng kurikulum ng panitikan mula antas sekondarya hanggang tersiyarya.

Mga Susing Salita: Sama, Sosyolohikal, Diskriminasyon, Karapatan, Lipunan

2. Panimula

Isang katotohanan kung sasabihing hindi lahat ng bagay ay nakikita ng mata at naririnig ng tainga kung kaya’t mahalaga ang nagiging papel ng panitikan sa paghubog ng kamalayan. Bagama’t madalas itong ituring na bungang-tulog at guniguning isinatitik (Abadilla, binanggit sa de Dios et al., 2014), ngunit hindi maikakailang nalilikha ito mula sa mga kaganapang panlipunang nakaimpluwensiya sa may-akda. Sang-ayon kay Ramos (sinipi sa Santiago et al., 1989), ang panitikan ay kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan dahil kinakatawan nito ang kanilang mga adhikain, damdamin, pangarap, kabiguan, at mga suliraning kinahaharap. Dagdag pa ni Badayos (2014), ang mga ito ay maaaring maunawaan ng puso’t isip tungo sa paglinang ng sarili. Sa tuwing naisasatitik ang mga damdamin, saloobin, kaugalian, at tradisyon ng isang lipunan, naisisilang ang panitikan (Santiago et al., 1989). Patunay ito na makapangyarihang tagahubog ng kamalayan ang panitikan.

Kaugnay nito, iginiit ni Blakeley (2022) na ang panitikan ay nakaugat sa kultura at panahong kinabibilangan ng awtor. Higit pa ito sa imahinasyon sapagkat ipinaunawa nito ang realidad ng buhay at lipunan (Austin, 2022), kasama ang mga suliraning gaya ng kahirapan, diskriminasyon, krimen, pagkasira ng kalikasan, at iba pang usaping panlipunan. Sa ganitong pananaw, sosyolohikal ang tunguhin ng panitikan. Sa pakahulugan ni Badayos (2008), sinusuri sa ganitong pananaw ang ugnayan ng may-akda at ng kaniyang panahon upang maunawaan ang mga karanasang panlipunan, pampolitika, pangkultura, at pangkabuhayan ng tao. Dahil dito, mahalaga ang panitikan sa paghubog ng kamalayang panlipunan na nakatutulong sa pag-unawa ng damdamin ng iba, sa pagbuo ng matibay na ugnayan, at paglutas ng mga suliranin. Sa gayon, nagsisilbi ang panitikan bilang paningin at pandinig sa mga panawagan ng pagbabago at kaunlaran.

Mapagtitibay rin ang kahalagahan ng panitikan bilang lunan ng pag-unawa sa mga tunggaliang panlipunan sa pamamagitan ng mga pag-aaral na nagsusuri sa representasyon ng mga marhinalisadong sektor. Halimbawa, tinalakay ni Torres-Yu (2000) ang pagkakahon sa kababaihan sa mga tradisyonal na papel, habang sina Herras

(2020), Asenjo (2020), Casil-Batang (2021), Bernales (2021), Lucas at Ordeniza (2023), Radway (2009), at San Juan (2021; 2022) ay nagsuri sa mga usapin ng diskriminasyon, stereotyping, at pakikibakang pangkasarian sa panitikan. Pinalawak naman nina Tiongson at Respeto (2022), Matilac (2022), Tan (2022), de la Paz (2022), at Clutario (2022) ang pagsusuri sa iba pang anyo ng sining tulad ng dula, sayaw, musika, sining biswal, at teatro. Samantala, inilapat nina Cabrera (2022) at Ortiz, Requejo, at Ortiz (2022) ang mga dulog na Loob, Ligid, at Lalim ni Zafra at Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO ni Tiongson upang masuri ang mga akdang nagtatampok ng kamalayang panlipunan at identidad.

Bagaman nagamit na ang mga dulog na inilapat sa papel na ito sa iba’t ibang pagsusuring pampanitikan at pangkultura, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa karanasan ng mga batang kabilang sa mga pamayanang katutubo. Dahil dito, nagsisilbing ambag ang kasalukuyang pananaliksik sa pamamagitan ng paglalapat ng Loob, Ligid, at Lalim at Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO sa pagsusuri ng isang akdang hindi karaniwang nagiging sentro ng panitikang Pilipino partikular sa mga kuwentong pambata. Kaya naman inaasahang makapag-aambag ito sa pagpapalawak ng mga pag-aaral na nakaugat sa pananaw at karanasang Pilipino at magsisilbing sanggunian sa mga susunod na pananaliksik at mga programang pang-edukasyon.

Pangkalahatang Layunin - Nilalayan ng pag-aaral na ito na suriin ang akdang Anina ng mga Alon ni Eugene Y. Evasco gamit ang lenteng Loob, Ligid, at Lalim at mailapat ang Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO ni Tiongson (2022). Inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral na ito sa pagpapalalim ng kamalayan sa lipunan habang maaari din itong magsisilbing suplimentaryong sanggunian sa mga paaralan sa pagtalakay ng hinggil sa lipunan at panunuring pampanitikan.

3. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay isang panunuring pampanitikan mula sa lenteng Loob, Ligid, at Lalim ni Galileo F. Zafra. Sa loob, isinagawa ang pahapyaw, una, at masinsing na pagbasa. Sa pahapyaw na pagbasa, sinipat ang mga madaling mapansing aspekto ng akda tulad ng pamagat, awtor, taon ng paglilimbag, haba, at wikang ginamit. Sa unang pagbasa, tinukoy ang pangunahing paksa batay sa mga salita, detalye, at pangkalahatang balangkas ng teksto. Samantala, sa masinsing pagbasa, hinimay ang mahahalagang elemento gaya ng tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, kalutasan, tema, damdamin, estilo ng pagsasalaysay, at simbolismo. Sa ligid naman ay inilapat ang kontekstuwal na pagbasa upang matukoy ang mga datos na kaugnay ng akda at ng kaligirang kinabibilangan nito (Zafra, 2022).

Sinuri rito ang mga kontekstong panlipunan at pangkasaysayan, gayundin ang konteksto ng awtor, teksto, tradisyong pampanitikan, at mambabasa upang maunawaan ang mga salik na humubog sa akda at sa pagtanggap dito. Panghuli, sa lalim, sinuri ang masalimuot at masaklaw na kahulugan ng teksto sa pamamagitan ng matalik na pakikipagngiti dito. Tinimbang ang dating at kabuluhan ng akda sa mga mambabasang Pilipino, kabilang ang kakayahan nitong masipat sa lenteng sosyolohikal at ang pagtatalaban nito sa realismo, kultura, at kasaysayan sa pag-unawa sa lipunan. Panghuli, inilapat ang Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO ni Tiongson (2022) upang matukoy ang mga kamalayang nagsusulong sa kaganapan ng tao sa aspektong pisikal, sikolohikal, intelektuwal, ispirituwal, politikal, pangkabuhayan, at kultural, tungo sa pagtataguyod ng karapatang pantao.

4. Resulta at Talakayan

4.1 Pagtampisaw: Unang Hakbang Papasok sa Loob ng “Anina Ng Mga Alon” Bilang Likhang Sining

Pahapyaw na Pagmalas sa Kuwento: Unang Hakbang Tungo sa Pagpaloob sa Akda - Mula sa pagsusuri, maituturing na palarawan ang Anina ng mga Alon sapagkat nagbibigay ito ng mahahalagang pahiwatig hinggil sa tagpuan at nilalaman ng kuwento nang hindi inilalantad ang wakas. Sa pamagat pa lamang, mababakas ang sentral na ideyang umiikot sa tauhang si Anina at sa mundong kaugnay ng karagatan na ipinahihiwatig ng salitang alon. Sapat itong makatawag-pansin nang hindi isinasapubliko ang mga mahahalagang pangyayari sa salaysay. Sa

usapin ng wika, nasusulat ang akda sa pormal na Filipino na gumagamit ng simple at malinaw na pananalita na angkop sa kuwentong pambata. Kapansin-pansin din ang pagpapanatili ng mga terminong Sama tulad ng *ummah* (ama), *unggoh* (ina), *kamanting* (kamoteng kahoy), at *junkun* (bangka). Sa pamamagitan nito, naitampok ang realidad at pananaw ng mga tauhang Sama habang napayayaman ang representasyon ng kanilang kulturang kinabibilangan.

Unang Pagbasa sa Akda: Pangalawang Hakbang sa Pagpasok sa Loob ng Akda - Mula sa pagsusuri, ang Anina ng mga Alon ni Eugene Y. Evasco ay maituturing na maikling nobelang pambata at kuwentong pambata. Ayon sa Collins Dictionary (2023), ang maikling nobela ay anyong pampanitikang mas mahaba kung ikukumpara sa maikling kuwento ngunit mas maikli kaysa nobela. Samantala, maikakategorya rin ito bilang kuwentong pambata sapagkat nakatuon ito sa buhay, mga pangarap, paglalakbay, at pagkamulat ng batang Sama na si Anina hinggil sa kaniyang pagkakakilanlan. Maituturing itong *coming-of-age story* o *young adult fiction* na karaniwang nakalaan sa mga mambabasang nasa edad 12–18 at tumatalakay sa proseso ng paglago at paghubog ng sarili (Salao, 2022).

Masinsing Pagbasa: Daan Tungo sa Ganap na Pagkaunawa sa Loob ng Teksto

Mga Tauhan - Ang mga tauhan sa akda ay nakatulong nang lubos sa matingkad na pagpapalutang ng mga pangyayaring panlipunan. Ang pangunahing tauhan at tagapagsalaysay ng kuwento ay si **Anina**, isang labintatlong taong gulang na Sama na nagkamalay sa kalupitan ng lipunan ngunit nilalabanan ang mga pagkakahon sa kababaihan. Kinakatawan niya ang mga kababaihang may matatag na paninindigan at hangaring makaahon sa kahirapan. Ang kaniyang ama na si **Abduljim** ay isang masipag, responsable, at mapagmahal na haligi ng tahanan na napiliting gumamit ng dinamita sa pangingsda para lamang mabuhay ang pamilya na kaniyang ikinasawi. Samantala, si **Furayda**, ang ina, ay sumasalamin sa tradisyunal na pananaw sa papel ng kababaihang Sama ngunit kalauna'y namulat sa kahalagahan ng edukasyon at higit na naging mapag-arugang ina. Ang kapatid ni Anina na si **Jainal** ay larawan ng mga kabataang maagang pumasan sa mabibigat na tungkulin dulot ng kahirapan, samantalang si **Dalpaki** ay patunay na walang pinipiling edad ang hirap ng buhay.

Mahalagang katuwang sa paghubog ng kamalayan ni Anina sina **Palasia**, isang gurong Sama na nagsilbing inspirasyon sa pagwasak sa mga stereotype at pag-ahon sa kahirapan, at **Misis Imao**, ang gurong naglinang sa kaniyang pangarap at tiwala sa sarili. Si **Aquil**, asawa ni Palasia, na sumasagisag sa kabutihang-loob at malasakit sa kapwa. Samantala, sina **Absari**, **Mastarani**, at **Omarsani** ay nagpapakita ng iba't ibang karanasan at tugon ng mga Sama sa kahirapan, migrasyon, at pakikibagay sa lipunan. Gayunpaman, salamin ng ibang tauhan ang puwersang sumasalungat sa kapakanan ng komunidad, lumitaw ang mga **antik-hukay**, **sundalo**, **pirata** o **bandido**, at mga **mangingisdang** gumagamit ng bangkang bakal na larawan ng pagnanakaw, karahasan, kaguluhan, at pagsasamantala sa likas na yaman na lalo pang nagpalubha sa kalagayan ng mga Sama.

Mga Tagpuan - Ang kuwento ay umiikot sa iba't ibang tagpuang humuhubog sa karanasan ng mga Sama. Nagsimula ito sa **Tungbangkao**, ang dagat na nagsilbing tahanan at pinagmulan ng kanilang pagkakakilanlan. Kaugnay nito ang **baybay-dagat** kung saan isinilang si Anina at ang **Dagat sa Bilatan** na pinagkukunan ng ikinabubuhay ni Abduljim. Mahalaga rin ang **Bongao**, sapagkat sentro ito ng kalakalan ng mga isda at naging pansamantalang tirahan nina Anina habang nag-aaral, gayundin ang **Zamboanga**, na pinagdadalhan ng mga produktong pangisda ni Aquil. Dahil sa paghina ng huli at kaguluhang dulot ng mga bandido at sundalo, naging mga pook ng paglikas ang **Luuk Bangka** at **Palawan**. Samantala, ang **Banubanan** ay nagsilbing lugar ng pagluluksa at pag-alaala sa pagkamatay ng ama ni Anina. Pinatingkad din ng akda ang paglalarawan sa **Maynila**. Inilalarawan ito bilang masikip, marumi, at mapanghamong lungsod kung saan naranasan ng mga tauhan ang matinding kahirapan, panlilimos, paggawa, at iba pang anyo ng pakikibaka para mabuhay. Gayunpaman, dito rin nila natagpuan ang pag-asa at tulong mula sa lipunan. Kaugnay nito, naging mahalagang tagpuan ang **Social Welfare Center**, na nagsilbing pansamantalang kanlungan ng mga Sama at daan sa kanilang rehabilitasyon. Sa dulo, ang **Basilan** ang naging simbolo ng panibagong simula matapos silang mabigyan ng tirahan at pagkakataong makapaghanapbuhay sa tulong ng pamahalaan.

Banghay - Nagsimula ang kuwento sa pagbabalik-tanaw ni Anina sa kaniyang pagsilang at pagkabata sa Tunbangkao. Sa saglit na kasiglahan, ipinakita ang masaganang pamumuhay ng mga Sama na nakabatay sa pangangisda at mga ritwal na kaugnay ng kanilang kultura. Sumiklab ang suliranin nang hangarin ni Anina na makapag-aral, bagay na nagbunsod ng iba’t ibang tunggalian, kabilang ang panunukso ng mga kamag-aral at pagtutol ng ilang nakatatanda. Kasabay nito, lumala ang kalagayan sa Tunbangkao dahil sa paghina ng huli ng isda, pumasok ang malalaking mangingisda, at sumiklab ang kaguluhang dulot ng mga bandido at sundalo, na nagtulak sa maraming Sama na lumikas. Sa papataas na aksiyon at kasukdulan, napilitang gumamit ng dinamita si Abduljim upang makapangisda, ngunit ito rin ang naging sanhi ng kaniyang kamatayan. Dahil sa patuloy na karahasan at pagkasira ng karagatan, lumikas ang pamilya nina Anina at pansamantalang nanirahan kina Palasia bago tuluyang magtungo sa Maynila. Sa nasabing lugar ay naranasan nila ang matinding kahirapan ngunit natagpuan din ang iba pang mga Sama ang pagkakataong mabuhay. Sa pababang aksiyon, inilagay ng mga awtoridad ang mga Sama sa isang Social Welfare Center, kung saan nabigyan sila ng pansamantalang tirahan, pagkain, at pagkakataong makapag-aral. Sa wakas, inilipat sila sa Basilan at pinangakuan ng pamahalaan ng kabuhayan at mga serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan, na nagsilbing hudyat ng panibagong pag-asa para sa kanilang komunidad.

Panauhan o Pananaw - Lumutang sa akda ang unang panauhan, na ayon kina Glatch at Smith (2022), ay gumagamit ng mga panghalip na tulad ng *ako* at nagtatampok sa tagapagsalaysay bilang bahagi ng kuwento. Sa akda, si Anina ang nagsisilbing tagapagsalaysay at kalahok sa mga pangyayari. Makikita ito sa madalas na paggamit ng mga panghalip na *ako*, *ko*, *kong*, *aking*, at *amin*, na nagpapatunay sa kaniyang direktang paglahok sa salaysay.

Tema at Paksa - Ang akda ay umiikot sa buhay ni Anina, isang Samang may malalim na ugnayan sa karagatan, habang hinaharap niya ang paghahanap sa sarili, mga pangarap, at mga hamon ng pagiging katutubo. Itinatampok nito ang mayamang kultura at natatanging pamumuhay ng mga Sama o Badjao na bihirang maunawaan ng nakararami. Kasabay nito, binibigyang-diin ang mga suliraning matagal nang kinakaharap ng kanilang komunidad, tulad ng kahirapan, diskriminasyon, stereotyping, usaping pangkasarian, kagutuman, at kaguluhan.

Damdamin - Masasabing mayaman ang damdaming lumutang sa akda sapagkat naipakita rito ang damdamin ng kapanatagan, kasiyahan, pangamba, pagdadalamhati, hinanakit, kalungkutan, inggit, paninisi, pagkatakot, galit, pagkainip, pagod, pagkauhaw at pagkagutom, kawalang pag-asa, pagsilay ng pag-asa, pagkadismaya, kasakiman, kayabangan at kawalang awa.

Estilo ng Pagsasalaysay - Mula sa pagsusuri, ang estilo ng pagsasalaysay ay pabalik-tanaw o *flashback* nagsimula ito sa nakaraan patungong kasalukuyan upang ilantad ang mga pangyayari sa nakaraan, mga pangyayaring pawang mahalaga at makabuluhan (Griffin, 2022) kagaya ng:

“Sa ngayon, kami’y muling maglalayag, Tutuklasin namin ang pangakong dagat, kipkip sa aming palad ang mapa ng maangkin naming alon. Hindi kami titigil hanggang muling masilayan ang masisiglang paghalik ng mga ito sa aming binti” (Pahina 10, Kabanata 14, talata 4).

Simbolismo - Ang **karagatan** ay sumisimbolo sa mga Sama na tulad ng dagat, ay hindi madaling maunawaan, kaya’t nagiging batayan ng stereotyping, diskriminasyon, at pagsasantabi. Gayunpaman, sa mas malalim na pagtingin, nahahayag ang kanilang makulay na kultura at pamumuhay. Ang **alon** naman ay hindi lamang sagisag ng unos kundi ng katatagan, galaw, at pag-asa, na nagpapahiwatig ng buhay at dinamismo ng komunidad. Samantala, ang **Maynila** ay kumakatawan sa modernisasyon na kaakibat ng pagkasira ng kalikasan at pagkawala ng mga nakaugaling espasyo dahil sa pag-unlad. Itinataas ng **edukasyon** ang papel nito bilang lunas sa kamangmangan at susi sa paglaya mula sa mga limitasyon ng lipunan at kamalayang panlipunan. Sa kabilang banda, ang **tepo** ay simbolo ng talento, imahinasyon, at artistikong pamana ng kababaihang Sama, na nagsisilbing patunay ng kanilang kakayahan at tugon sa mga maling pananaw tungkol sa kanilang identidad.

4.2 Pagsagwan sa Ligid Bilang Konteksto ng “Anina ng mga Alon” Tungo sa Dagat ng Kamulatang

Panlipunan

Kontekstong Panlipunan at Pangkasaysayan

Digmaan at Kaapihan - Ayon kay Saleeby (1963), binanggit ni Nimmo (1965), ang mga Badjao ay madalas ituring na mas mababa kaysa sa mga Samal at lalo na sa mga Tausug ng Sulu (Stone, 1962), na nangingibabaw sa lipunan, ekonomiya, at pulitika sa kapuluan. Hindi na bago sa mga Sama o Badjao ang mga suliraning panlipunang iniuugnay sa kanilang kalagayan. Ayon kay Demeterio (2009), ang mga sigalot sa Mindanao ay nag-uugat sa mga isyung ekonomiko, pulitikal, historikal, at kultural, na patuloy na umuulit, gaya ng *Zamboanga Siege* noong 2013. Batay sa ulat ni Jose (2014) sa Rappler, ang mga Badjao sa Zamboanga ay kabilang sa mga pangunahing naapektuhan ng labanan sa pagitan ng militar at ng Moro National Liberation Front. Marami sa kanila ang napilitang lumikas at hindi kaagad nakabalik sa dagat upang maghanapbuhay dahil sa mga restriksiyon sa mga *evacuation site*. Ayon sa Human Rights Watch, tinatayang 64,000 *internally displaced persons* ang naapektuhan, karamihan ay mula sa mga komunidad ng Badjao sa baybayin at tabing-daan ng Cawa-Cawa. Ilan din sa kanilang mga tirahan ay nagamit sa tunggalian, at marami ang nakaranas ng karagdagang panganib at pagkamatay sa mga *evacuation center* dahil sa mga sakit tulad ng *diarrhea*, *acute gastroenteritis*, at *pneumonia*.

Usapin ng Kasarian - Isa sa mga masasalamatin sa akda ay ang pagkakahon sa kakayahan at papel ng kababaihan batay sa kasarian. Ayon kina Dwyer at Guiam (2011), bagaman mahigit isang dekada na ang lumipas mula nang ipatupad ang *UN Security Council Resolution 1325* na naglalayong isama ang kababaihan sa usaping kapayapaan at paglutas ng tunggalian, nananatiling limitado ang aktuwal na partisipasyon nila dahil sa mga programang itinuturing na *gender-neutral* ngunit hindi tunay na inklusibo. Kadalasang nananatili ang kababaihan sa *Women in Development approach* kung saan sila ay bahagyang isinasama lamang sa mga proseso. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Alqaseer et al. (2021) na bagaman itinuturing ang Pilipinas bilang modelong bansa sa usaping *gender equality*, nananatili ang agwat sa implementasyon sa iba’t ibang antas ng lipunan, batay sa *Social Relations Approach* ni Kabeer (1994). Patuloy ring nananatiling kulang ang suporta at pondo para sa mga programang nagtataguyod ng ganap na pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Samantala, ayon kina Paragas et al. (2020), sa mga patalastas sa pagkain at inumin, nananatiling nakakahon ang kababaihan bilang tagapangalaga ng tahanan at tagapaghanda ng pagkain, na nagpapalakas sa mga stereotype tungkol sa *gender roles*, kagandahan, at dominasyon ng kalalakihan sa kababaihan. Pinatitibay rin nito ang mga *social norm* hinggil sa *femininity* at *masculinity* sa pamamagitan ng representasyon sa media. Sa konteksto ng mga Badjao, natuklasan nina Mangarun et al. (2018) na ang maagang pag-aasawa ng kababaihan ay nakaugat sa kultura, tradisyon, at pangangailangang pangkabuhayan. Bagaman itinuturing itong bahagi ng pagmamahalan, lumilitaw rin na ang ilang kababaihan ay pumapasok sa pag-aasawa dahil sa inaasahang suporta sa kanilang pangunahing pangangailangan, na nagpapakita ng patuloy na pangangailangan ng mas malawak na suporta at serbisyong panlipunan para sa kanilang komunidad.

Usapin ng Kahirapan - Kinasasangkutan din ang akda ng mga sitwasyong may kaugnayan sa kagutuman, kahirapan, at limitadong akses sa mga oportunidad at karapatan. Ayon kina Balboa et al. (2010), sa mga bansang may malawak na kahirapan, mataas ang insidente ng *illiteracy*, malnutrisyon, at pagkalantad ng mga bata sa pang-aabuso at karahasan. Noong 2006, tinatayang 18.6% o 5.4 milyong bata sa Pilipinas ang nakararanas ng kakulangan sa mahahalagang pangangailangan tulad ng tirahan, sanitasyon, at malinis na tubig, kung saan malaking bahagi ay nasa mga rehiyon ng Visayas. Sa mas malawak na konteksto, nananatiling hamon sa bansa ang mga isyu tulad ng *child labor*, sekswal at pisikal na pang-aabuso, armadong tunggalian, at kawalan ng seguridad sa kabuhayan at tirahan. Ayon sa iba’t ibang pag-aaral (Hirai, 2015; Flestado, 2014; Usman at Baconguis, 2016; De Vera, 2007; Lozada, 2015), ang mga *Indigenous People* ay partikular na apektado ng kahirapan at mababang antas ng edukasyon dahil sa mga salik tulad ng limitadong akses sa pamilihan, imprastruktura, serbisyong pangkalusugan at edukasyon, kakulangan sa kabuhayan, at mga problemang sosyo-ekonomiko gaya ng maagang pag-aasawa, malnutrisyon, at pagtaas ng populasyon.

Usapin ng Edukasyon - Sa kabila ng pagkilala sa karapatan ng mga Badjao at iba pang katutubo sa edukasyon na nakasaad sa Batas Republika Blg. 8371 o *Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*, nananatiling limitado ang kanilang akses dito. Ayon kay Mangarun et al. (2018), ang maagang pag-aasawa sa loob ng kanilang kultura ay nagiging hadlang sa pagpapatuloy ng pag-aaral, na sinusupportahan din ng pag-aaral nina Madlan et al. (2014) hinggil sa umiiral na *prejudice* na naglalarawan sa mga Badjao bilang salat sa edukasyon. Bagaman may libheng edukasyon at serbisyong pangkalusugan ang pamahalaan, nananatiling mataas ang *dropout rate* dahil sa kalidad ng edukasyon, kakulangan sa pakikilahok, kalagayang pangkapaligiran, at diskriminasyon, kabilang ang panghaharas mula sa ibang grupo (Navarro, 2015). Ipinakita rin sa pag-aaral ng EED-TFIP (2004, binanggit kay Cariño, 2012) na sa mga *Indigenous Communities* sa Pilipinas, mataas ang antas ng *dropout* dahil humigit-kumulang isa sa tatlong mag-aaral ang hindi nakapagtatapos, 27% lamang ang nakararating sa sekundarya, 11% ang nakapagtatapos nito, 6% ang nakararating sa tersiyarya, at 2% lamang ang nakapagtatapos ng kolehiyo.

Kaugnay nito, binigyang-diin din ni Hirai (2015) ang parehong trend ng limitadong oportunidad sa edukasyon. Gayunpaman, ayon kay Solomon (2016), may positibong pananaw pa rin sa edukasyon ang mga Badjao, na nagpapakita ng mataas na motibasyon sa pag-aaral kumpara sa ilang lokal na mag-aaral, at karamihan ay nakapag-uulat ng maayos na ugnayan sa mga kapwa estudyante. Sinusuportahan ito ng pagsusuri ni Rodriguez-Tatel (2018) sa mga akdang pumapatungkol sa mga katutubo kung saan ay madalas silang ilarawan bilang mapagpahalaga sa edukasyon sa kabila ng diskriminasyon at pagkakawalay sa pamilya. Sa kabuoan, malinaw na ang pangunahing hadlang sa edukasyon ng mga katutubo ay nananatiling kahirapan at mga kaakibat nitong istrukturang panlipunan.

Usapin ng diskriminasyon at pambubulas - Ayon kay Constantino (2003), dahil sa magkakaibang pamumuhay sa lipunan, nabubuo ang dikotomiya ng mataas at mababa, mayaman at mahirap, at mayorya at minorya, na nagreresulta sa mga politikal, sosyal, ekonomik, at kultural na hangganan na nagiging ugat ng *prejudice* at hindi pantay na pagtingin sa mga tao. Sa konteksto nito, ang mga katutubong tulad ng Badjao ay madalas hindi nauunawaan, na nagiging sanhi ng diskriminasyon, *bullying*, at *stereotyping* (Hirai, 2015). Binanggit din kina Macalandag (2009) at Anombo (2010) na itinuturing ang Badjao bilang isa sa mga pinakamarginalisadong pangkat sa Pilipinas, na biktima ng mahabang kasaysayan ng diskriminasyon (Center for Investigative Journalism, 2007). Kabilang sa mga *stereotypical* na pananaw sa kanila ang pagiging marumi, nanlilimos sa lupa, kawalan ng kakayahang matuto, at iba pang negatibong katangian. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Madlan et al. (2014), na naglalarawan sa kanila bilang madalas na tinatanaw nang negatibo sa aspekto ng edukasyon, ugali, at pisikal na anyo.

Sa pag-aaral ni Solomon (2016), 43% ng mga kalahok na Badjao sa paaralan ang nag-ulat ng karanasang diskriminasyon, partikular sa berbal na paraan, na nagpapakitang hindi sapat ang edukasyon upang tuluyang mabura ang *stereotyping*. Dagdag pa rito, ayon kay Alamia (2005), mababa ang Human Development Index ng mga komunidad ng Bangsamoro, kabilang ang mga Sama Dilaut, na nagpapakita ng matagal nang hindi pantay na pag-unlad at marhinalisasyon na maaaring ituring bilang anyo ng istrukturang pang-aapi. Sa kabuoan, nananatiling laganap ang hindi dokumentadong pang-aapi sa mga Sama sa Sulu at Zamboanga, na makikita sa kanilang limitadong akses sa pagkain at kabuhayan, pati na rin sa sapilitang pagharap sa mapagsamantalang sistema ng kalakalan. Ang ganitong kalagayan ay maaaring iugnay sa patuloy na paglabag sa Batas Republika Blg. 8371 o *Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*.

Usapin ng Karapatan - Sa pag-aaral ni Alia (2005), pangunahing hamon sa Sama Dilaut ang pagsalakay ng mga dayuhan at malakihang komersyal na mangingisda sa kanilang tradisyonal na katubigan, dahilan upang manatiling hindi kinikilala at napoprotektahan ang kanilang karapatan sa pangangisda, na nagreresulta sa pagkawala hindi lamang ng kabuhayan kundi maging ng kanilang seguridad at dignidad. Ayon kay Lozada (2015), binibigyang-diin ng kabataang Tawi-Tawi ang pangangalaga sa likas na yaman na unti-unting nasisira dahil sa pang-aabuso ng tao. Sa pagsusuri ni Hirai (2015), nananatiling isyu ang seguridad ng mga *Indigenous Community*, kabilang ang banta ng armadong tunggalian, *human trafficking*, at *child labor*. Dagdag pa nina Reyes (2017), umiiral ang hindi pantay na oportunidad sa mga pangkat etniko sa Pilipinas sa akses sa tubig, edukasyon, at kuryente. Sa kabila ng mga panawagan ng mga Badjao noong 2016 para sa kanilang karapatan sa lupa, tubig, at

pag-alis ng diskriminasyon (Lim, 2017), nananatili ang mga hamon sa ganap na pagkilala sa kanila. Malinaw na ipinakikita ng mga ito na biktima ang mga Sama sa usapin ng paglabag sa iba't ibang karapatan.

Usapin ng Globalisasyon at Pagkasira ng Kalikasan - Hindi maitatangi na ang modernisasyon at globalisasyon ay nagiging sanhi ng patuloy na pagkasira ng kalikasan, habang mas nangingibabaw ang layunin ng kita kaysa sa pangangalaga sa buhay, kultura, at kapaligiran. Ayon kay Daes (2004), ang mga katutubo ay nasa sangandaan ng globalisasyon at matagal nang nakararanas ng mga pinsalang dulot ng mapanirang konsumerismo at hindi pantay na pandaigdigang kaayusan, kung saan nananatiling hindi natutugunan ang makabuluhang redistribusyon ng yaman mula sa mayayamang bansa tungo sa mahihirap. Sa konteksto ng Pilipinas, ipinakita ni Arandela (2007) na pinalalala ng globalisasyon ang kalagayan ng masa sa pamamagitan ng migrasyon ng mga manggagawa at ang pagwasak sa mga lupaing sakahan, karagatan, at *ancestral domain* dahil sa paglawak ng mga multinasyonal na negosyo, pagmimina, at komersyal na pangangisda. Kaugnay nito, binigyang-diin din ni Santa Ana (2019) na ang globalisasyon ay nagdudulot ng mas malawak na banta sa kalikasan at buhay ng mga mamamayan, kung saan higit na naapektuhan ang mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas sa mga ganitong anyo ng sistemikong pinsala.

Konteksto ng Awtor - Kapansin-pansin na ang karamihan sa mga akda ni Evasco ay nakatuon sa panitikang pambata, kabilang ang *Ang Nag-iisa at Natatanging si Onyok*, *Anina ng mga Alon*, *Ang Singsing-Pari sa Pisara*, *Siyap ng Sisiw*, at *Baha!* Ayon sa panayam ni Tumamac (2013), ang pagsusulat ng awtor ay nahuhubog ng kaniyang mga paniniwala, personal na karanasan, at pagpapahalaga sa panitikang pambata, na malinaw na nakikita sa kaniyang mga akda at adbokasiya. Malaki ang kaniyang pakikilahok sa pagpapalaganap ng panitikang pambata, kabilang ang pagsasagawa ng mga panayam at aktibidad para sa mga mag-aaral, gayundin ang pakikibahagi sa *National Children's Book Day*. Sa kaniyang pananaw, nananatiling limitado at mabagal ang pag-unlad ng panitikang pambata sa Pilipinas dahil sa pagkapirmi nito sa tradisyunal na anyo ng *picture book* at sa pag-iwas sa mas masalimuot na paksa. Dahil dito, isinusulong niya ang mas malawak na anyo at mas mapangahas na temang tumatalakay sa aktuwal na karanasan ng mga bata sa lipunan. Sa panayam sa School Librarian in Action (2018), iginiit niya ang pangangailangan ng panitikang pambatang nakikisangkot sa mga isyung panlipunan, sa halip na manatiling “safe” o “wholesome,” upang makatulong sa paghubog ng mas makatarungan at kritikal na lipunan para sa mga bata.

Konteksto ng Teksto - Mula sa malawak na pagbabasa, natukoy ang ugnayan ng akda sa iba pang teksto sa usapin ng paksa, imahen, at ideya. Kaugnay nito, mahalagang sanggunian ang pag-aaral ni Rodriguez-Tatel (2018) na sumuri sa 15 kuwentong pambata hinggil sa representasyon ng mga batang katutubo sa unang dekada ng kasalukuyang siglo, gamit ang tekstuwal at biswal na pagsusuri upang maunawaan ang dominanteng diskurso, karakterisasyon, at antas ng kultural at politikal na sensitibidad ng mga akda. Lumitaw sa kaniyang pagsusuri ang ilang paulit-ulit na imahen sa mga kuwentong pambata. Una, ang pagpapahalaga sa edukasyon at sariling kultura, kung saan ang pagkatuto ay nagsisilbing susi sa pag-unawa at pagbuo ng identidad ng mga batang katutubo. Ikalawa, ang pagtingin sa kalikasan bilang mahalagang bahagi ng buhay, hindi lamang bilang tahanan kundi bilang espirituwal at kultural na espasyo. Ikatlo, ang sentral na papel ng pamilya bilang pundasyon ng katatagan at gabay sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Dagdag pa rito, binigyang-diin din ang mabuting ugnayan sa iba sa kabila ng pagiging “iba” ng mga tauhan, at ang imahen ng katatagan ng mga batang katutubo sa pagharap sa kahirapan at pagsasamantala. Sa kabuoan, ipinakita ng mga akda ang dalawang antas ng katatagan: ang pagpapatatag ng pagkakakilanlan sa antas personal, pampamilya, at pampamayanan, at ang patuloy na pakikibaka laban sa sistemikong kahirapan at pang-aapi.

Konteksto ng Tradisyong Pampanitikan - Sa aklat ni Fajilan (2020), binigyang-diin na magkaagapay ang muling pagsasalaysay at pagsasaling pambata sa paghubog ng panitikang pambatang Pilipino. Itinuturing na mahalagang simula nito ang inisyatiba ni Dr. Jose Rizal noong 1885–1890, kung saan isinalaysay niya sa Kastila ang *Ang Pagong at ang Matsing* mula kay Paz Pardo de Tavera at isinalin din sa Tagalog ang ilang klasikong akda ni Hans Christian Andersen noong 1886. Sa pag-usbong ng mga sumunod na dekada, lalo pang sumigla ang produksiyon ng adaptasyong pambata noong 1970 sa pagkatatag ng *Children's Communication Center* na

kalauna’y naging *Adarna Publishing House* at umabot sa telebisyon sa pamamagitan ng Batibot. Sa kabila ng pagdami ng publikasyon at pagtaas ng batang mambabasa ayon sa NBDB (2003–2007), nanatiling hamon ang kalidad dahil sa tinatawag na “hot pandesal mentality” ni Almario, kung saan umiiral ang paggagaya sa anyo at nilalaman at nananatiling dominado ng karanasang panlungsod at gitnang uri ang mga akda.

Ayon kay Torres-Yu, hindi pa ganap na nasusuri ang karanasan ng muling pagsasalaysay ng katutubong panitikang-bayan sa Pilipinas. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Evasco (2010) ang mga suliranin ng panitikang pambata tulad ng kompetisyon sa banyagang aklat, pagdagsa ng segunda-manong akda, mataas na presyo ng dekalidad na lokal na publikasyon, komersyalisasyon, mababang kalidad, labis na pedagohikal na tuon, *stereotyping*, at dominasyon ng Kanluraning konsepto ng pagkabata, na nagreresulta sa pagtingin sa bata bilang pasibo at limitado ang karanasan. Dahil dito, nanatiling mababaw at nakapaloob sa karanasang pamilyar sa gitnang uri ang maraming kuwentong pambata, kaya’t hindi nito ganap na naisasama ang multikultural na karanasan ng mga batang Pilipino, lalo na ang mga kabilang sa *Indigenous group*, at hindi rin natutugunan ang layuning panitikang pambansa. Mula rin sa mga *picture book* (2000–2015), madalas na naisasantabi ang karanasan ng mga batang may kapansanan, biktima ng digmaan, nasa lansangan, nakararanas ng kahirapan, Muslim o katutubo, anak ng hiwalay na magulang, LGBTQ na pamilya, nawalay sa magulang, at *child labor*.

Gayunman, unti-unting lumitaw ang mga akdang lumilihis sa tradisyong ito. Ipinakita ng mga manunulat tulad ni Evasco at iba pa ang masalimuot na realidad ng mga bata, kabilang ang kahirapan, kagutuman, diskriminasyon, digmaan, *stereotyping*, at pagkawasak ng tahanan. Sa mga akda tulad ng *Siyap ng Sisiw* ni Evasco, *Ikaklit sa Aming Hardin* at *Parada ng mga Alingawngaw* ni Neri, *Maselan ang Tanong ng Batang si Usman* ni Gatmaitan, at *May Pula* ni Contreras-Cabrera, naitatampok ang mga sensitibong paksang nagpapakita na ang karanasan ng bata ay hindi hiwalay sa masalimuot na realidad ng lipunan.

Konteksto ng Mambabasa - Bagaman walang tuwirang binanggit ang may akda hinggil sa kung para kanino ang isinulat niyang akda o ang target na mambabasa, ngunit sa pagsusuri, malinaw na ito ay para sa lahat ng Pilipinong mambabasa. Liban sa inilahad na edad 13 pataas, masasalamain sa kaniyang pananaliksik na *Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas* (2010) doo’y sinabing:

Pangunahin man itong nilikha para sa bata, isinaalang-alang din ang matatanda bilang audience at market nito. Kailangang tugunan ng manlilikha ng aklat pambata ang kapwa bata at matanda. Wala naman talagang pinipiling edad ang mga aklat pambata, lalo na ngayong nauuso ang mga cross-over na paglalathala sa Inglatera at Estados Unidos.

Kaugnay ng pahayag ang sinabi ni Fajilan (2020) na pangalawang mambabasa ng panitikang pambata ang mga matatanda. Ang mga guro, magulang, at tagapangalaga ang madalas na pumipili ng mga akdang dapat basahin ng mga bata. Ngunit hindi dapat laging lunsaran ang mga ito ng moralistikong halagahan sapagkat kagaya ng sinabi ni Tolentino sa Fajilan (2020), nagiging daan ito upang maihiwalay sa realidad ang mga bata na hindi nakapagbibigay-kapangyarihan sa kanila. Malinaw kung gayon na ang akdang ito ay para sa lahat ng bata at matandang mambabasa. Nagsisilbi itong tagapaglatag ng mga katotohanan hinggil sa mga pangyayaring kinasasangkutan ng bata sa lipunan na maaaring hindi malay ang nakararami dahil sa pagkakagapos sa paniniwalang hindi nakararanas ng kapagsubukan ang mga bata. Dala nito ang pag-asa para sa mga bata. Higit sa lahat, bitbit nito ang potensiyal na pagbabago at paghubog sa isip ng bawat Pilipino hinggil sa usapin ng dibersidad at halaga ng kamalayang kultural.

4.3 *Ang Pagsisid sa Lalim ng Panitikan Bilang Dating ng Akda at Timbang mula sa Lente ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO*

Dating ng Akdang Anina ng mga Alon - Sa pamamagitan ni Lumbrera (2017), na binanggit kay Zafra (2021), nabuo ang konsepto ng dating sa panunuring pampanitikan sa Pilipinas, na tumutukoy sa mga kondisyong

humuhubog sa pagtanggap ng mga Pilipino sa akdang pampanitikan bilang karapat-dapat pahalagahan. Sentral dito ang kamalayan ng mambabasa na nahuhubog ng personal na karanasan, mga pagpapahalagang panlipunan, at ng tradisyon at kasaysayang kinabibilangan. Bagaman limitado ang datos hinggil sa eksaktong dating ng akda ni Evasco, batay sa nabanggit na konsepto, maituturing itong may kakayahang humubog ng positibong pagtanggap dahil sa mga temang tinatalakay nito.

Una, iminumulat nito ang mambabasa sa pagsasantabi sa mga katutubong minorya at sa dominanteng diskursong umiiral tungkol sa kanila. Sa pamamagitan nito, naiaangat ang kamalayan hinggil sa mga Sama at katulad na grupo upang kilalanin bilang bahagi ng pambansang identidad, na naglalayong palalimin ang respeto sa pagkakaiba at isama ang kanilang kalinangan sa panitikang pambansa, gaya ng binigyang-diin ni Almario (2010):

Kailangang magdulot ng bagong anyo ng buhay sa pamamagitan ng mga bagong anyo ng panitikang hindi nadodomina ng ilustrasyon. Tinupad ito ng Anina ng mga Alon ni Eugene Y. Evasco... Si Anina ang kasangkapan ni Evasco upang maitanghal ang lahat ng binanggit kong ito. Taglay ni Anina ang gunita ng makulay at sinaunang tradisyon ng mga Badjaw gayundin ang kasalukuyang hitik sa lagim at hinagpis... Kaya sa simula pa lamang ay inihabi na ni Evasco sa gunita ni Anina ang alamat ng pagiging lagalag na anak ng dagat ng mga Badjaw

Pangalawa, lumilihis ito sa nakagawiang pagtalakay sa mga batang tauhang may mababaw na suliranin, sapagkat ipinapakita nitong ang mga bata ay nakikibahagi rin sa masalimuot na realidad ng lipunan at apektado ng mga puwersang panlipunan. Ipinakikita nito ang iba't ibang karanasang pambata na madalas na sinasala o isinasantabi sa mga akdang pambata, kaya't mas lumalalim ang representasyon at nagiging matibay ang estetika ng akda. Ganito ang pahayag ni Almario (2010):

Makatuayan ang sitwasyon at karanasang iprinisinta ni Evasco sa nobela. Ngunit pinaraan niya ito sa kamalayan ng isang mapangaraping kabataan na umalinsunod sa kaniyang mapangaraping pagpapadaloy ng pangungusap... Naging mabisang instrumento rin ito upang mapaglangkapan ang nakalipas at kasalukuyan, ang katunayan, at mito't ritwal, ang bangis ng ngayon at lamyos ng noon... kumbaga sa manghahabi, na lumala ng masalimuot na himaymay ng buhay, ng salaysay na kinukulayan ng datos at saliksik na kung tutuusin ay malilimutan sa makipot na balangkas ng picture book.

Pangatlo, nagiging inspirasyon ito sa mga pangkat minorya upang madama nila ang pag-asa. Sa kabila ng maraming pagsubok na pinagdaanan ng mga tauhan, nanaig pa ang katatagan at madarama ang diwa ng pag-asang may mas magandang buhay ang naghihintay sa kanila. Sa pagsasakatuparan nito, muling mauulinagan ng mga minorya ang liwanag ng buhay. Kagaya ng sinabi ni Evasco (2010):

Maaaring hamon ng bata ang mga nabanggit sa loob ng katha. Pero sa bandang huli'y maiigpawan nito ang mga pagsubok. At mabibigyan ng pag-asa ang batang mambabasa. Iyan ang pagkakaiba ng panitikang pambata sa panitikang pangmatanda na nagtatampok ng bata bilang tauhan.

Sa tanong ni Rodriguez-Tatel (2002) na matapat na paglalarawan lamang ba ang mga kuwento ng realidad ng mga bata o hinahamon at tinutunggali ang realidad upang magmungkahi ng pagbabago? Malinaw, ang akdang ni Evasco ay hindi lamang naglalarawan ng realidad, dahil bumubuo ito ng kamalayan na pagsisibulan ng pagbabago.

Ang Anina ng mga Alon sa Lente ng Sosyolohikal - Mula sa mga pangyayari, makikita na akma ang akda sa dulong sosyolohikal sa panitikan, kung saan hindi maiiwasang isaalang-alang ang realismo, kultura, at kontekstong historikal sa pag-unawa sa lipunan. Sa ganitong lapit, naipakikita ang mga kalagayan at isyung panlipunan gayundin ang paraan ng mga tauhan sa pagharap sa mga suliranin, na nagiging huwaran para sa mga mambabasa. Itinuturing sa dulong na ito na ang panitikan bilang produkto ng lipunan na hinuhubog ng panahon, kasaysayan, kultura, ideolohiya, at kapaligiran. Dahil dito, sinusuri ang mga akda batay sa ugnayan ng indibidwal at iba't ibang

Pagpasok sa loob, pagsanib sa ligid at pagsisid sa lalim ng kuwentong “Anina ng mga alon” ni Eugene Y. Evasco institusyong panlipunan, na may layuning imulat ang lipunan sa mga katotohanan at itaguyod ang kamalayang panlipunan at kagalingan.

Ang Anina ng mga Alon sa Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO - Kasalikop ng isang dakilang akda ang Kamalayang Pilipino na Maka-TAO na, ayon kay Nicanor Tiongson (2022), ay tumutukoy sa kamalayang nagtataguyod sa ganap na pagkatao ng bawat Pilipino sa aspektong pisikal, sikolohikal, intelektuwal, ispirituwal, politikal, pangkabuhayan, at kultural, anuman ang kaniyang antas sa lipunan. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagsasanggalang at pagpapalakas ng mga batayang karapatang pantao. Sa ganitong lente, nagsisilbing salamin ang akda sa mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, kagutuman, pagkasira ng kalikasan at kabuhayan, stereotyping, diskriminasyon, bullying, digmaan, at limitasyon sa edukasyon na humahantong sa pagsisiil ng mga karapatan. Makikita sa iba’t ibang bahagi ng akda ang pagsusulong sa karapatang umunlad nang walang hadlang ng kasarian (kabanata 1–2), karapatan sa edukasyon (kabanata 3), proteksyon laban sa pang-aapi (kabanata 4), kalayaang magpahayag (kabanata 4 at 12), karapatang mabuhay nang malaya sa kahirapan, kaguluhan, at kagutuman (kabanata 5–7, 9–11), at pag-iral ng pagkapantay-pantay at pag-iwas sa diskriminasyon (kabanata 8). Sa ganitong kalagayan, nagiging mahalaga ang akda bilang daluyan ng kamalayan upang gisingin ang lipunan sa kalagayan ng mga minoritya gaya ng mga Sama na matagal nang naisantabi at nakararanas ng *statelessness*. Hinihingi nito ang kongkretong pagkilos at mga programang tutugon sa kanilang kalagayan upang maiahon sila mula sa pagkakapiit at pagkalugmok, tungo sa mas inklusibo at makataong lipunan.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng akda upang humimok ng pagbabago sa lipunan na unti-unting gigising sa kamalayan ng bawat isa upang ipaglaban ang karapatan at ipagtanggol ang mga pinigang tinig tungo sa pagsusulong ng isang inklusibong lipunang puspusang yumayakap sa dibersidad ngunit may positibong tunguhing pangkaunlaran. Maaaring maging kasangkapan ang pag-aaral na ito sa pagpapaigting ng mga polisiyang nagtataguyod ng edukasyong para sa lahat habang matibay na isinasalang-alang at pinahahalagahan ang lokal na kultura ng mga mag-aaral na bahagi ng kanilang dibersidad. Gayundin, magagamit ang pag-aaral na ito bilang batayan sa halaga ng patuloy na pagpapaunlad sa mga kursong panitikan sa Pilipinas. Isa ring mabuting halimbawa ang ganitong pag-aaral upang pagyamanin pa ang pananaliksik pampanitikan at sumubok ng mga lenteng nilinang mismo ng mga Pilipinong iskolar o alagad ng sining. Lumalabas ito sa mga kanluraning lenteng nakasanayang gamitin at may pagdidiin sa maka-Pilipinong pagsusuri ng panitikan na mahalagang maging integral na bahagi ng kurikulum sa panitikan mula antas sekondarya hanggang tersiyarya. Sa madaling sabi, benepisyal ang pag-aaral sa mga mag-aaral, guro, at iba pang bumubuo ng paaralan. Sa pagpapatuloy na ito, maaaring mas makalinang pa ng mga dulong na magbibigay-tatag sa larangan ng panunuri o kritisismo sa Filipino na lalayo sa anino ng mga pamamaraang dayuhan. Kaya naman iminumungkahi na magsagawa pa ng mga maraming pag-aaral gamit ang inilapat na lente sa iba’t ibang mga akdang pampanitikan at makabubuti ring suriin pa ang akda sa ibang dulong upang makita pa ang mga hindi natuon ng mananaliksik upang pagluwalan ng mayamang diskurso.

AI Use Disclosure. Ginamit ang ChatGPT na nakabatay sa GPT-5.5 para sa pagsasaayos ng mga talasanggunian ayon sa kahingian ng APA 7 gayundin sa pagtitiyak na ang mga ito ay may hustong pagkakasunod-sunod. Gayunpaman, hindi ginamit ang anomang kasangkapang AI sa pagbuo ng nilalaman ng pag-aaral. Ang lahat ng mga ideya sa saliksik ay mula sa pagsusuri ng mananaliksik at malawak na paglalugad sa mga sanggunian. Tiniyak na sinuri ng mananaliksik ang lahat ng mga impormasyon sa mga sangguniang ipinaayos sa AI. Wala ring kumpidensyal o personal na datos ang inilagay rito. Ganap na pananagutan ng mga may-akda ang nilalaman.

6. Mga Sanggunian

Alamia, L. M. (2005). *The seanomads of the Philippines: On the verge of extinction?* United Nations.

<http://theaquaticape.org/sea-nomads/ny-sida-test/philippines/>

Almario, V. S. (2010). *Panitikang pambata sa Filipinas*. Anvil Publishing, Inc.

Alqaseer, S., Antonio, A. M., Belonguel, S., Centeno, A. L., Cortina, D., Howell, M., & Porras, C. (2021).

Gender country profile for the Philippines 2021. Center for Women’s and Gender Studies, University of

- the Philippines.
https://www.eeas.europa.eu/sites/default/files/gender_country_profile_2021_philippines.pdf
- Anombo, C. S., & Aoyama, W. (2010). Neighbors to the “poor” Bajau: An oral story of a woman of the Cebuano-speaking group in Davao City, the Philippines. *Hakusan Jinruigaku*, 13, 1–32.
https://toyo.repo.nii.ac.jp/record/2424/files/hakusanjinruigaku13_other_OCR.pdf
- Arandela, M. C. (2007). *Challenges of globalization* [Undergraduate thesis, Central Philippine University]. Central Philippine University Repository. <https://repository.cpu.edu.ph/handle/20.500.12852/1884>
- Asenjo, G. L. (2020). Tungo sa multilingguwalismo at pagkakapantay-pantay: Wika at kasarian sa panitikan. In M. N. Camba (Ed.), *Babasahing pangkasarian* (pp. 40–49). KWF Publikasyon.
- Badayos, P. B. (2008). *Metolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain at istrategiya*. Mutya Publishing House Inc.
- Balboa, J. D., Yap, J. T., Reyes, C. M., Tabuga, A. D., Lavado, R. F., Orbeta, A. O., Cabalfin, M. R., Cuenca, J. S., Macasaquit, M. R., & Yasay, D. B. (2009). *Global study on child poverty and disparities*. Philippine Institute for Development Studies. <https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/ris-old-backups/dps/pidsdps0927.pdf>
- Bernales, M. B. L. S. (2017, May). *Peministang pagsusuri sa mga piling pelikulang romantic comedy at melodrama* [Undergraduate thesis, University of the Philippines Manila]. DSpace Repository. <http://dspace.cas.upm.edu.ph:8080/xmlui/handle/123456789/1117>
- Blakeley, S. (2022, February 13). *Connecting art & literature: Overview & benefits*. <https://tinyurl.com/b7nwjnp>
- Cabrera, G. S. (2022). Paggalugad sa loób, ligid, at lálím ng tulang “*Katapusang Hibik ng Pilipinas*” ni Andres Bonifacio. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 143–159). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Casil-Batang, P. G. P. (2021). Exploring gender stereotypes in 21st century Philippine narratives. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 2(1), 61–70.
<https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/52/47>
- Clutario, J. V. (2022). Isang pagsusuring maka-tao sa dulang *Fermata* ni Dustin Celestino. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 173–188). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Collins Dictionary. (2023). *What is short novel?* <https://tinyurl.com/bdcmt2a>
- Constantino, P. (2003). Sulyap sa mga salitang mapag-aglahi. In L. F. Antonio & L. Tiamson-Robin (Eds.), *Sikolohiya ng wikang Filipino: Mga simulain, pamamaraan at nilalaman* (pp. 204–207). C&E Publishing, Inc.
- Daes, E.-I. (2004, May 25). *The impact of globalization on Indigenous intellectual property and cultures*. <https://tinyurl.com/49yfmcfh>
- De Dios, L. A., Chu, E. S., & Lozano, L. L. (2014). *Literatura ng iba’t ibang rehiyon ng Pilipinas*. Grandwater Publishing.
- de La Paz, C. S. (2022). Mga pamantayan sa pagbasa at pagtasa ng mga obra ng sining biswal ng Pilipinas. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 81–100). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- De Vera, D. E. (2007). *Indigenous peoples in the Philippines: A case study*. RNIP Regional Assembly. https://www.iapad.org/wp-content/uploads/2015/07/devera_ip_phl.pdf
- Demeterio, F. (2009). *Ang balangkas ng multikulturalismo at ang pagbuo ng bansang Pilipino*. Lumina Journal, 1–21. <https://ejournals.ph/article.php?id=7268>
- Dwyer, L., & Guiam, R. (2011). *Gender and conflict in Mindanao*. The Asia Foundation. <https://www.ndi.org/sites/default/files/Gender%20and%20Conflict%20in%20Mindanao.pdf>
- Evasco, E. Y. (2002). *Anina ng mga alon*. Adarna House.
- Evasco, E. Y. (2011). *Pag-akda at pagkabata: Ang namayaning tunguhin at estetika sa panitikang pambata ng Pilipinas*. *Humanities Diliman*, 8(2), 104–143. <https://tuklas.up.edu.ph/Record/IPP-00000186501>
- Fajilan, W. F. (2021). *Pananalig sa bata: Kasaysayan at panunuri sa muling pagsasalaysay at pagsasalang pambata sa Filipino*. Komisyon sa Wikang Filipino.

- Griffin, K. (2020). *What is a flashback?* Oregon State Guide to Literary Terms. <https://tinyurl.com/2xu5ja47>
- Herras, M. (2020). Ang tula, ang katawan, at ang dahas sa panitikan: Isang pagbasa sa panitikang bunga ng insidente ng sexual harassment sa loob ng INWW. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, 5, 163–174. <https://dlwqtxts1xzle7.cloudfront.net/113094006/viewcontent-libre.pdf>
- Hirai, H. (2015). *Indigenous communities in the Philippines*. De La Salle University.
- Jose, C. (2014, April 21). *The Badjao of Zamboanga: Victims of war and relocation*. <https://tinyurl.com/22ejjipm>
- Lozada, D. (2015, July 13). *The problems in Tawi-Tawi, according to its youth*. <https://tinyurl.com/4ek8uptt>
- Lucas, J. M., & Ordeniza, S. (2023). Representation of women in literature through different era. *Technoarete Transactions on Language and Linguistics*, 2(1), 6–12. <https://technoaretepublication.org/language-and-linguistics/article/representation-women.pdf>
- Macalandag, R. E. (2009). *Otherizing the Badjao: A spatial imagery of state exclusion and societal otherization*. International Institute of Social Studies.
- Mangarun, A. J. S., Agao-Agao, L. A., Gimena, D. R. A., & Tumanda, A. T. (2018). Lived experiences of Badjao female who entered early marriage: A phenomenological study. *Malaysian Journal of Medical Research*, 2(4), 39–44. <https://doi.org/10.31674/mjmr.2018.v02i04.005>
- Matilac, R. S. (2022). Mga pamantayan sa pagsusuri ng mga sayaw ng Pilipinas. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 46–63). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Navarro, E. R. (2015). *Living by the day: A study of the Badjaos in Tawi-Tawi, Southwest Philippines*. Centre for Peace Studies.
- Nimmo, H. (1965). *Social organization of the Tawi-Tawi Badjaw*. University of Pittsburgh. <https://www.jstor.org/stable/3772791>
- Ortiz, M., Requejo, L., & Ortiz, A. (2022). “Sirena”: Ang bakla sa kamalayang Pilipino na maka-tao. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 221–231). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Paragas, F., Rapanot, C. E., Mangalus, M., Hoggang, C. F., & Agonosa, M. J. (2020). *Gender in ads: Gender representation in Philippine advertising*. Investing in Women. <https://investinginwomen.asia/knowledge/gender-representation-philippine-advertising/>
- Radway, J. A. (2009). *Reading the romance: Women, patriarchy, and popular literature*. The University of North Carolina Press. <https://muse.jhu.edu/pub/12/monograph/book/44052>
- Republic of the Philippines. (1997). *Republic Act No. 8371: Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*. <https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2562>
- Reyes, C. M., Tabuga, A. D., Mina, C. D., & Asis, R. D. (2017). *Inequality of opportunities among children in the Philippines*. Philippine Institute for Development Studies. <https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps1742.pdf>
- Rodriguez-Tatel, M. J. (2018). *Pag-iimahan sa batang “katutubo” sa ilang piling kuwentong pambata*. University of the Philippines Press.
- Salao, C. (2022). *What is young adult fiction?* <https://tinyurl.com/5emhsr57>
- San Juan, E., Jr. (2021). Panimulang pagsubok sa interpretasyon ng panulat ni Lualhati Bautista. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 27(1), 60. https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Aagcd%3A4%3A35016980/detailv2?sid=ebsco%3Aplink%3Ascholar&id=ebsco%3Aagcd%3A155231708&crl=c&link_origin=scholar.google.com
- San Juan, E., Jr. (2022). Lakas ng feministang makabayan laban sa patriyarkang diktadurya ng imperyo: Pagsubok sa interpretasyon ng *Dekada '70* ni Lualhati Bautista (The power of nationalist feminism against the empire's patriarchal dictatorship: Toward an interpretation of Lualhati Bautista's *Dekada '70*). *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*, 2(1), Article 2. <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1028>
- Santa Ana, J. (2019). Ekolohikong imahinaryong Filipino: Bagyong Yolanda, pagbabago sa klima, at imperyalismo sa tula at tuluyang Filipino. *Katipunan*, 4(1), Article 5. <https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol4/iss1/5>

- Santiago, E. M. (1989). *Panitikang Filipino: Kasaysayan at pag-unlad (Pangkolehiyo)*. National Book Store.
- Solomon, R. (2016). *How does education tackle inequality issues of Badjao internal migrants from different tribes in the Philippines?* <https://sl1nk.com/pyeuj6m\>
- Tan, A. Q. (2022). Mga pamantayan sa pagsusuri ng musika ng Pilipinas. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 63–73). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Tiongson, N. G. (2022). Sining at kamalayang Pilipino na maka-TAO: Apat na dulong sa pagsusuri ng mga likhang sining ng Pilipinas. In N. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang maka-TAO* (pp. 1–14). PUP Center for Philippine Studies.
- Tiongson, N. G., & Respeto, J. C. (2022). Apat na dulong sa pagsusuri ng pagtatanghal ng dulang Pilipino. Sa N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao* (pp. 26–46). PUP Sentro sa Araling Pilipino.
- Torres-Yu, R. (2000). Re-imahinasyon ng ina sa panitikan ng kababaihan: Isang imbestigasyon sa ideolohiyang maternal sa panitikan. *Humanities Diliman*, 1(1), 1–21.
- Torres-Yu, R. (2006). *Kilatis: Panunuring pampanitikan sa Pilipinas*. University of the Philippines Press.
- Usman, K., & Bacongus, R. (2016). Persistence of poverty among the Badjaos of Bongao, Tawi-Tawi, ARMM, Philippines. *The Journal of Public Affairs and Development*, 151–185. <https://jpad.cpaf.uplb.edu.ph/articles/persistence-of-poverty-among-the-badjaos-of-bongao-tawi-tawi-armm-philippines/>
- What is point of view in literature? Exploring narrative point of view.* (2022, September 27). <https://tinyurl.com/y6s7rr9k>
- Witte, W. (1941). *The sociological approach to literature*. Modern Humanities Research Association.
- Zafra, G. S. (2022). *Loób, ligid, at lálím ng tekstong pampanitikan: Pangkalahatang dulóg sa pagbása* (pp. 15–26). In N. G. Tiongson (Ed.), *Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao*. PUP Sentro sa Araling Pilipino.

Artificial Intelligence (AI) sa pagkatuto ng Filipino: Mga hamon at pagkakataon

Galit, Gilbert C. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ggalit@lmu.edu.ph)

Received: 2 June 2026

Available Online: 17 June 2026

Revised: 12 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26262

Accepted: 16 June 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The pervasive influence of Artificial Intelligence (AI) continues to reshape academic practices, making it an essential lens to examine both the challenges and opportunities it presents in educational contexts. Employing a phenomenological research design, data were gathered through in-depth interviews to illuminate the lived experiences of learners regarding the use of AI in Filipino language learning. The findings reveal that the primary challenges encountered include risks of plagiarism, limited accessibility, concerns over data quality and reliability, issues with structural and formulaic dependency, and the complexity of the verification process. Nevertheless, the study also foregrounds significant opportunities afforded by AI integration, particularly in fostering critical thinking, advancing literacy skills, cultivating academic habits, enriching linguistic knowledge, and broadening technological competence. These findings underscore the position that AI in education opens viable pathways for addressing the demands of contemporary learning practices and for adapting to the rapidly evolving landscape of 21st century education. Accordingly, this paper recommends a balanced approach to navigating the challenges and leveraging the opportunities presented by AI as a pedagogical tool, alongside the provision of institutional support governed by clear regulatory frameworks applicable to both the teaching and learning processes.

Keywords: Artificial Intelligence (AI), hamon at pagkakataon, pagkatuto ng Filipino

Artificial Intelligence (AI) sa pagkatuto ng Filipino: Mga hamon at pagkakataon

1. Introduksiyon

Ang edukasyon ay isa sa mga pinakamalahagang saligan ng estado upang magtatag ng isang lipunang maunlad at malay sa mga pagbabago at pangangailangan sa sektor ng paggawa. Tinutugunan nito ang mga kahingian sa pagdebelop ng mga aktibong mamamayang nagtataglay ng mga kakayahan at kasanayang nakasasabay sa pandaigdigang kalakaran. Kaya naman, bilang payyakap sa patuloy na nagiging modernisadong mundo, ang edukasyon ay nagbago at naging panguhaning lundayan sa pagtulak sa lipunan ang *Information Communication Technology* (ICT). Kaugnay nito, binigyang-diin ng UNESCO (2019) ang pagtaguyod sa paggamit ng teknolohiya kagaya ng *Artificial Intelligence* (AI) bilang potensiyal na kagamitan sa pagtugon sa mga kasalukuyang suliranin ng edukasyon, baguhin ang mga tuong kasanayan sa edukasyon, at mapabilis ang pagkamit ng Sustainable Development Goal (SDG) 4, hinggil sa inklusibo at patas na pagtamo ng de-kalidad na edukasyon. Nakatuon ang UNESCO sa pagsuporta sa estado na gamitin ang potensiyal ng teknolohiya gaya ng AI para sa pagkamit ng *Education 2030 Agenda*, habang tinitiyak na ang aplikasyon nito sa mga kontekstong pang-edukasyon ay ginagabayan ng mga pangunahing prinsipyo ng pagsasama at pagkakapantay-pantay.

Ang *Artificial Intelligence* ay naging isang transformatibong puwersa sa maraming sektor ng lipunan kasama na rito ang akademya. Sa katunayan, maraming bansa sa mundo ang patuloy na ginalugad ang kapangyarihan ng AI sa pagpapahusay ng edukasyon dahil sa impluwensiya at kakayahan nitong i-personalize ang mga praktika sa pagkatuto. Nagagawa rin nitong suriin ang ano mang datos upang makabuo ng angkop na karanasan batay sa mga tiyak na pangangailangan, at mapabuti ang pakikipag-ugnayan na naglulundo sa mas mahusay na akademikong gawi. Higit pa rito, napahuhusay din ng AI ang mga praktika sa pagtatasa, at nakapagbibigay ng agarang fidbak hinggil sa pagganap ng estudyante (Ayala-Pazmiño, 2023). Pagbibigay-diin ni Mou (2019), may kakayahan ang AI na i-streamline ang mga gawaing administratibo gaya ng pagmamarka at pagpapalano ng mga aralin na nakatutulong upang mas mabigyang-pansin ang tiyak na pangangailangan ng mga estudyante. Higit pa rito, may kapasidad itong gawing demokratiko ang pagkatuto sa paraan ng pagbuo ng de-kalidad na instruksiyon na magagamit sa hindi tradisyonal na kapaligiran kaya mas tumataas ang pandaigdigang pag-akses sa edukasyon.

Sa kasalukuyan, ang paglawak ng impluwensiya ng AI sa edukasyon ay isang penomenong hindi maikakaila. Marami sa mga sistema sa edukasyon ay nakakabit sa paggamit ng AI na parehong nakitaan ng kalakasan at kahinaan. Sa katunayan, ayon kay Schiff (2022), mahigit 30 bansa na sa buong mundo ang naglabas ng pambansang polisiya at estratehiya sa integrasyon ng AI sa edukasyon. Dito, ipinapahayag ang plano at inaasahan kung paano naaapektuhan ng AI ang mga patakarang pansektor kabilang ang edukasyon, na may pagsasaalang-alang sa mga panlipunan at etikal na implikasyon nito. Sa bansang Japan, binigyang-diin ng ministro ng edukasyon ang kahalagahan ng AI sa edukasyon sa paraan ng pagkilala sa potensiyal na kakayahan ng AI sa pagtuturo at pagkatuto, at ang benepisyo nito sa paglinang at pagpapalalim ng pag-unawa (Loe, 2024). Dagdag pa, inihayag din ng China ang makabuluhang hakbang sa pagsasama ng AI sa sistemang pang-edukasyon sa pamamagitan ng pamumuhunan nang gobyerno sa pagbuo at paglalalatag ng plataporma ng pag-aaral na pinagagana ng *Artificial Intelligence* (Chen et al., 2020). Sa ganitong konteksto, binigyang-diin nina Park at Kwon (2024) na ang South Korea ay nangungunang bansa sa *AI education*. Ang pamahalaan ng Korea ay naglabas ng *National AI Plan* upang palakasin ang *Artificial Intelligence* ng Korea competitiveness sa 2030. Ang ministro ng edukasyon ay nagsulong din ng mga plano na isama ang AI sa bawat antas ng pag-aaral sa 2021 at palawigin ang unibersal na edukasyon ng AI hanggang 2025.

Sa Pilipinas, nananatiling isang makabuluhang usapin ang integrasyon ng AI sa edukasyon dulot ng mga potensiyal na panganib nito, at mga usaping etikal. Ilan sa pagsasaalang-alang sa implementasyon nito ay ang kasapatan ng resorses, pasilidad, at higit sa lahat ang kapasidad ng mga guro na gamitin at pamahalaan ito sa loob ng klase. Paliwanag ni Ligot (2023), bagamat malaki ang potensiyal ng AI na baguhin ang sistemang pang-

edukasyon sa Pilipinas, may mga hadlang pa rin sa paggamit nito katulad na lamang ng kakulangan ng teknolohikal na imprastruktura at pagsasanay ng mga guro. Ganoon pa man, kinikilala ng pamahalaan ng Pilipinas ang benepisyo ng AI sa edukasyon. Sa katunayan, noong 2023 sa isinagawang Pinas Research and Development Conference ay tinalakay nina Dr. Enrico C. Paringit na potensiyal na gawing AI Data Hub ang Pilipinas. Binanggit niya ang pagdebelop ng mga aplikasyong AI para sa bansa, pagtutuo sa enerhiya at mga kagamitan, makabagong teknolohiyang siyentipiko, at pagpapaunlad sa iba pang sektor na nangunguna sa dihitalisasyon (Estrellado & Miranda, 2023). Sa kabila nito, ang mabagal na pag-usad ng Pilipinas sa pagsasanib ng AI sa edukasyon ay dulot ng kolektibong salik kagaya ng *infrastructure and resources* (Ratti & Helbing, 2019), *Data privacy concerns* (Cath, 2018; Tacihagh, 2021), *Digital divide* (Ratti & Helbing, 2019), at *Faculty training and development* (Fahimirad & Kotamjani, 2018).

Sa kabila nito, hindi maikakailang malawak na ang mga pag-aaral hinggil sa AI sa edukasyon sa konteksto ng Pilipinas kagaya ng mga pag-aaral na nakatuon sa pangkalahatang integrasyon ng AI sa edukasyon (Estrellado & Miranda, 2023), pananaw ng mga guro at administrador (Giray et al., 2024), implikasyon sa akademiko, partikular sa usapin ng pambansang kamalayan, kultura, at edukasyon (Adigue, 2024), at pagtalakay sa kaalaman, kahandaan, antas ng integrasyon, at mga hamon at oportunidad sa paggamit nito (Silagan & Amarca, 2025). Ganoon pa man, sa kabila nito nananatili ang ilang puwang sa literatura sapagkat hindi pa lubos na nadadalumat sa mismong karanasan (lived experiences) ng mga mag-aaral ang paggamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino. Dagdag pa, nananatiling mahalagang usapin ang limitasyon ng AI sa kontekstuwalisasyon ng wikang Filipino, kalidad ng impormasyong ibinibigay nito, panganib sa pladyarismo, at epekto sa awtentikong paglikha, kritikal na pag-iisip, kasanayang pangwika, at akademikong gawi ng mga mag-aaral.

Dito ipinakikita ng kasalukuyang pag-aaral hindi lamang ang pagtalakay sa AI bilang teknolohikal na inobasyon sa edukasyon, kundi sinusuri nito ang gamit ng AI mula sa lente ng mga mag-aaral na aktuwal na gumagamit nito sa pagkatuto ng Filipino. Sa pamamagitan ng penomenolohikal na disenyo, binibigyang-diin ng pag-aaral ang danas, pagpapakahulugan, pag-aalinlangan, estratehiya, at oportunidad na nakikita ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI na parehong naglalantad ng mga hamon at oportunidad sa gamit nito sa pagkatuto ng Filipino. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay tumutugon sa gap na ito sa literatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontekstuwal, kuwalitatibo, at danas-sentrikong pagsusuri sa paggamit ng AI sa pagkatuto. Ito ay isang mahalagang pag-aambag sapagkat inilalapit nito ang usapin ng AI sa lokal na konteksto ng wikang Filipino, sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral, at sa pangangailangan ng mas responsableng integrasyon ng AI sa ika-21 siglong edukasyon. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng batayan para sa pagbuo ng mas angkop na pedagohiya, patakaran, at institusyonal na gabay sa paggamit ng AI bilang pantulong na kasangkapan sa pagkatuto, at hindi bilang kapalit ng sariling pag-iisip, paglikha, at makataong pag-unawa.

Saligang Teoretikal - Naging batayan sa pagdalumat sa penomenon ng AI sa edukasyon ang *Technology Acceptance Model* ni Davis (1989) at *Theory of Diffusion of Innovations* ni Rogers (2003) upang magtatag ng saligang teoretikal sa penomenon ng paggamit ng AI sa akademikong pagkatuto at masuri ang umiiral na hamon at pagkakataon sa paggamit nito.

Technology Acceptance Model (Davis, 1989). Binuo ni Davis ang Technology Acceptance Model (TAM) batay sa Theory of Reasoned Action (TRA) nina Fishbein at Ajzen noong 1975 sa pananaliksik sa sikolohiya. Ayon sa TRA, ang indibiduwal na pag-uugali ay hinihimok ng intensiyon ng pag-uugali na tukoy mula sa saloobin ng isang tao sa kaniyang personal na gawi at mga subhektibong pamantayan sa paligid ng pagganap nito. Sa madaling salita, binibigyang-diin nito na ang pag-uugali at layunin ng indibiduwal na kumilos ay natutukoy mula sa kaniyang saloobin at ng kaniyang mga pananaw dito. Kaya naman, ang pag-uugali ay bunga ng parehong mga saloobin at paniniwala. Ang pananaw na ito ng TAM ay mahalaga sa penomenolohikal na paglelente sapagkat ipinakikita nito na ang pagtanggap sa teknolohiya ay karaniwang nakaangkla sa dalawang pangunahing salik – ang *perceived usefulness* o pananaw sa kapakinabangan, at *perceived ease of use* o ang pananaw sa kadalian ng paggamit nito. Sa konteksto ng pag-aaral, ang mga konseptong ito ay ginamit upang maunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral tungkol sa kung bakit nila ginagamit ang AI sa pagkatuto. Sa kasalukuyan, malawak ang pagtanggap ng

makabagong henerasyon sa AI na nagdulot ng maraming pagbabago sa mga praktika ng pagkatuto. Sa ganitong punto, pinalalalim ng TAM ang penomenolohikal na pagsusuring ito sapagkat hindi lamang nito dinadalumat kung tinatanggap ba ng mag-aaral ang AI, kundi kung paano nararanasan, pinagpapasiyahan, at binibigyang-kahulugan ng mag-aaral ang pagtanggap o pag-iingat sa paggamit nito.

Theory of Diffusion of Innovations (Rogers, 2003). Ang teoryang ito na itinaguyod ni Rogers ay naglalayong ipaliwanag ang modelo ng pagtanggap sa bawat pagbabago. Sa larangan ng educational technology, ang teoryang ito ay pangunahing inilalapat sa pagsasanay sa educational technology. Ito ay naglalarawan sa yugto ng makabagong teknolohiya at proseso nito, kasama rin ang papel sa proseso ng pagtanggap sa teknolohikal na pagbabago. Ang pagtanggap sa mga kapasidad ng bagong teknolohiya ay nagbubukas ng oportunidad sa pagsasanay ng mga institusyon at tagapagsanay upang magdisenyo at maghatid ng mas mabisang pagganap sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon. Sa penomenolohikal na paglelente, ang Diffusion of Innovations ay nakatutulong upang maunawaan kung paano nararanasan ng mga mag-aaral ang pagpasok ng AI sa kanilang akademikong buhay. Sa ganitong paraan, ang paglaganap ng AI bilang sa teknolohikal na inobasyon sa edukasyon ay hindi lamang usapin ng teknikal na pag-aangkop, kundi usapin din ng personal na karanasan, akademikong pananagutan, at kabuluhan at kahulugang ibinibigay ng mga mag-aaral sa teknolohiya. Sa kontekstong ito, ang teorya ni Rogers ay nauugnay sa pagpapakahulugan, pag-unawa at paglalarawan sa lawak ng impluwensiya ng pag-unlad ng teknolohiya sa pangkalahatang proseso ng pagtuturo. Ang pag-iral ng teknolohikal na inobasyon ay hudyat ng pagbabago sa praktika at pedagohiya dahil sa pag-aangkop sa mga lapit na umaayon sa panlasa ng mga estudyante at nakatutugon sa kahingian ng panahon. Nailalapat ang konsepto ng Diffusion of Innovation sa pagtanaw sa mga paraan at proseso ng pagkatuto na inaangkop at may pagsasaalang-alang sa gamit ng AI bilang pangunahing kagamitan sa pagtamo ng kaalaman na naglalayong hubugin ang mga ika-21 siglong kasanayan.

Samakatuwid, ang TAM at *Diffusion of Innovations* ay nagsilbing pantulong na lente sa pag-unawa sa penomenon ng AI sa pagkatuto ng Filipino. Ang TAM ay nakatulong sa pagdalumat kung paano nakikita ng mga mag-aaral ang gamit, bisa, dali, at limitasyon ng AI bilang kasangkapan sa pagkatuto. Ang *Diffusion of Innovations* naman ay nakatulong sa pag-unawa kung paano unti-unting tinatanggap, sinusubok, inaangkop, at pinamamahalaan ng mga mag-aaral ang AI bilang bahagi ng bagong kulturang akademiko sa ika-21 siglo.

Layunin ng Pag-aaral - Nilayon ng pag-aaral na madalumat ang mga hamon at pagkakataon sa paggamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino sa ika-21 siglong edukasyon. Partikular na nilayong masagot ang sumusunod: (1) Ano ang hamon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artificial Intelligence sa pagkatuto ng Filipino? at (2) Ano ang benepisyo ng paggamit ng Artificial Intelligence sa pagkatuto ng Filipino?

2. Metodolohiya

Ang kuwalitatibong pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong Transcendental Phenomenology (TPh) na nakatuon sa isang pilosopikal na diskarte sa kuwalitatibong pananaliksik na naglayong maunawaan ang danas ng tao hinggil sa isang tiyak na penomenong pinag-aaralan (Husserl, 1999). Ginamit ang disenyong ito sapagkat nakatuon ang pag-aaral sa paglalarawan ng karanasan (lived experience) at sa pagtukoy sa esensiya ng penomenon (AI bilang kasangkapan sa pagkatuto ng Filipino) batay sa salaysay ng mga nakaranas nito. Pinili ang transcendental phenomenology sa halip na interpretive o Heideggerian phenomenology dahil ang pangunahing layunin lamang ng pag-aaral ay mailarawan ang karaniwang esensiya ng karanasan ng mga mag-aaral, hindi ang malalim na hermenyutikong interpretasyon ng penomenon o historikal na pag-uugat. Bagama't kinikilala ng pag-aaral na ang karanasan ng mga kalahok ay laging nakakabit sa kanilang konteksto bilang mga mag-aaral sa Filipino, mas angkop ang transcendental phenomenology sapagkat binibigyang-diin lamang nito ang sistematikong paglalarawan ng “ano” ang nararanasan at “paano” ito nararanasan.

Lokal ng Pag-aaral - Isinagawa ito sa isa sa mga pampublikong unibersidad ng Tacloban, Leyte. Ang nasabing lokal ay nasa sentro ng mga urban na paaralan na nagtataglay ng mga imprastrakturang teknolohikal na mahalaga upang mas lubos na mailarawan at maunawaan ang penomenong pinag-aaralan. Ayon pa sa pananaliksik

ni Wang (2013), sa konteksto ng pag-aaral hinggil sa teknolohiya sa edukasyon, mainam na saklawin ang tuon ng pananaliksik sa mga urban na paaralan dahil sa malawak na agwat ng mga nagagamit na kagamitang panteknolohiya sa mga rural na paaralan kumpara sa urban kagaya ng pagkakaroon ng *interactive whiteboards, desktops, computer laboratories, netbooks, tablet computers, at internet connectivity*.

Kalahok ng Pag-aaral - Walong (8) mag-aaral sa kolehiyo na aktibong gumagamit ng AI sa pagkatuto ang aktuwal na naging kalahok sa pag-aaral na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling technique*. Ang ganitong bilang sa isang kuwalitatibong pagsusuri ay akma ayon sa panukalang sukat ni Creswell (2013) na 3-25 depende sa punto ng saturation. Sa pagtatalaga ng pamantayan sa inklusyon ng pagpili, ginamit ang sumusunod: (1), aktibo (madalas) gumamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino; (2) may makabuluhang danas sa hamon at pagkakataon sa paggamit ng AI; at (3) bukas sa pagbabahagi ng danas sa pamamagitan ng panayam. Upang maging mas malinaw ang konteksto ng karanasan ng mga kalahok, isinaalamng-alang sa pagpili ang kanilang demograpikong impormasyon tulad ng programa na dapat ay mga mag-aaral ng BSED-Filipino, taon sa kolehiyo para sa mas mayamang danas, at ang mga ginagamit na AI tools gaya ng *ChatGPT, Gemini, Claude.ai, QuillBot, Grammarly, Jenny AI*, at iba pang *generative o writing-support tools*. Ang ganitong impormasyon ay mahalaga sapagkat ang uri ng programang kinabibilangan, antas ng pag-aaral, at uri ng AI tools na ginagamit ay maaaring makaapekto sa kanilang danas sa paggamit ng AI bilang kasangkapan sa pagkatuto ng Filipino.

Instrumento ng Pag-aaral - Ginamit bilang instrumento sa koleksiyon ng datos ang *semi-structured interview protocol* na mainam para sa panayam. Ang talatanungang ito ay angkop sa pagsusuring kuwalitatibo dahil sa pleksibilidad ng paggamit nito sa panayam. Sinuri at binalideyt ang talatanungan ng tatlong (3) eksperto sa kuwalitatibong pananaliksik upang matiyak ang katumpakan at kapaniwalaan nito. Isinagawa rin ang pilot testing sa talatanungan upang matiyak na angkop ito sa target na kalahok ng pananaliksik.

Tritment/Paraan ng Pagsusuri - Ginamit sa pag-aaral na ito ang *7 Steps of Data Analysis* ni Colaizzi (1978) upang himayin ang mga impormasyong nakuha sa panayam. Ang sistematikong prosesong ito ay nagsimula sa (1) malalim na pagbabasa upang maging pamilyar sa mga transkrip, na sinundan ng (2) pagtukoy sa mga mahahalagang pahayag na may kinalaman sa paksa. Mula rito, (3) binuo ang mga pahiwatig na kahulugan, at (4) pinagsama-sama sa mga kumpol (clusters). Pagkatapos, ang mga ito ay (5) binigyan ng katagorya upang (6) makabuo ng isang komprehensibong deskripsyon o tema ng penomenon. Sa huling hakbang, (7) isinagawa ang balidasyon ng mga natuklasan upang matiyak ang katumpakan ng pagsusuri. Upang matiyak ang transparency at rigor ng pagsusuri, isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga hakbang sa paraan ng pagkabisa sa datos ng pananaliksik. Una, sa pagtatatag ng *credibility*, isinagawa ang *member checking* sa pagtitiyak na wasto ang lahat ng transkripsiyon at datos na nakuha. Ang paunang katagorya ay ipinakita at ipinawasto; Pangalawa, sa *transferability*, malinaw na inilarawan sa pananaliksik ang paraan, setting, at mga natuklasan upang maging sapat na batayan ng iba pang pananaliksik. Isinagawa rin ang *cross-analysis* upang matiyak na may paghahambing sa umiiral na literatura ang natuklasan sa pag-aaral; Pangatlo, sa *dependability*, pinanatili ang *audit trail* sa buong proseso sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon. Pang-apat, sa *confirmability*, isinagawa ang *triangulation* at *peer debriefing* upang matiyak na wasto ang mga nabuong tema at angkop sa pagtugon sa layunin ng pag-aaral. Ginamit din ang Claude.ai at Gemini bilang pantulong na AI tool sa pag-validate ng mga nabuong tema. Panlima, sa *reflexivity*, tiniyak na sa pamamagitan ng pansariling pagninilay, *bracketing*, at pagsusuri sa posisyon ng mananaliksik ay napanatili ang obhetibo, etikal, at tapat na pagsusuri.

Etikal na Konsiderasyon - Binigyang-pansin ng pag-aaral na ito ang mga etikal na konsiderasyon sa pangangalap ng datos. Bago ang pagsasagawa ng panayam, humingi ng *informed consent* mula sa bawat kalahok. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral, saklaw ng kanilang partisipasyon, paraan ng paggamit ng datos, at kanilang karapatan bilang kalahok. Tiniyak na boluntaryo ng paglahok at may karapatan silang tumanggi o umatras sa panayam ano mang oras nang walang negatibong epekto sa kanilang akademikong katayuan. Gumamit ng mga kowd tulad ng K1, K2, K3, at iba pa upang mapanatili ang kumpidensiyalidad ng kanilang pagkakakilanlan. Ang lahat ng datos, kabilang ang audio recordings at transkripsiyon ay itinago sa ligtas at pribadong lalagyan at ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral. Ang kabuoang proseso ng pananaliksik ay isinagawa batay sa mga

prinsipyong etikal na tumatalima sa mga probisyon ng Data Privacy Act of 2012.

3. Resulta at Pagtalakay

Tinalakay sa bahaging ito ang naging resulta ng pagsusuri batay sa mga layuning inilahad. Dito inilarawan ang mga nabuong tema at binigyang-kahulugan at interpretasyon batay sa konteksto ng penomenon ng paggamit ng AI sa ika-21 siglong edukasyon.

3.1 Hamon sa paggamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino

Panganib ng Pladyarismo. Lumitaw bilang hamon sa paggamit ng AI ang panganib sa pladyarismo dahil sa pinanggagalingan at sistema ng paglikha ng datos ng AI tools. Ayon sa mga kalahok, hindi nila lubusang maunawaan kung saan eksaktong hinahango ang impormasyon ng AI, kaya may takot silang hindi sinasadyang makapanggaya ng gawa ng iba. Saad pa ni Kalahok 1 (K1), *“Kaya minsan po, hindi talaga ako kumukuha nang diretsong sagot sa AI. Kumbaga, ideya lang po ang kinukuha ko tapos ako na po ang nag-e-explain sa sariling paraan para hindi ako ma-issue sa plagiarism.”* Mula sa salaysay na ito, malinaw na upang maiwasan ang pladyarismo, limitado ang kanilang paggamit ng AI sa pagkuha lamang ng ideya at hindi verbatim na paggamit ng awtput nito. Ito ay tumutugma sa pahayag ni Salido (2023) na ang labis na pagdepende sa ChatGPT upang magsulat ng sanaysay o iba pang akademikong gawain ay may kaakibat na panganib sa hindi sinasadyang panggagaya sa mga umiiral na teksto. Ito ay sa kadahilanang ang AI tools ay bumubuo ng impormasyon batay sa datos na mayroon lamang sa sistema nito kaya nagkakaroon ng posibilidad na makopya ang impormasyon o nilalaman mula sa mga umiiral ng kaalaman sa iba pang mga mapagkukunan. Higit pa, iginiit nina Cotton et al. (2023) na ang pag-akses sa AI ay isa sa mga dahilan sa pag-iral ng mga usapin ng pladyarismo at sa pagkawala ng akademikong integridad sa mga ipinapasang awtput. Samakatuwid, ang pag-akses sa mga digital na impormasyon ay hindi lamang mga paraan sa mabilis na pagkuha at pagbuo ng kaalaman sapagkat isa rin itong paalala ng maging responsable sa pagpapanatili ng akademikong integridad.

Limitadong Akses. Isa rin sa mahahalagang hamon sa paggamit ng AI tools ay ang limitadong akses na dulot ng subscription-based models. Bagama’t marami nang AI platforms na libre, tulad ng Jenny AI, Quillbot, Grammarly, Nova, at maging ang ChatGPT, karamihan dito ay may limitasyon sa akses lalo na sa mga libreng bersiyon lamang. Dahil dito, hindi lubos na nagagamit ang buong potensiyal ng AI partikular sa mga pang-akademikong layunin na nangangailangan ng mas malalim, mas kompleto, at mas updated na mga datos. Ayon pa nga kay Kalahok 5 (K5), *“Yung mga nilalaman sa Chat GPT since mga pre-trained sila, ibig sabihin pinoprogram sa kanila yung mga data. Merong limit kapag free ka lang, merong limit. So, kung meron kang hinahanap na data na lagpas na dun...hindi na siya makakapag-provide.”* Ipinapahayag lamang nito na ang limitadong akses ay nagiging hamon lalo na kung nangangailangan ng mga napapanahong datos o impormasyon. Ang ganitong danas ng mga kalahok ay umaayon sa naging obserbasyon nina Van Dijk (2020) at Robinson et al. (2020) na ang akses sa mga digital na teknolohiya gaya ng AI ay parehong teknikal at sosyoekonomikong usapin dahil sa limitadong kapasidad na nagreresulta ng hindi pantay na akses sa digital na impormasyon. Dahil dito, nagkakaroon ng suliranin sa hindi pagkapantay-pantay sa paggamit ng digital na kagamitan sa pagkatuto kung saan ang kalidad ng akademikong awtput ay nakabatay hindi na lamang sa talino kundi pati na rin sa kanilang pinansiyal na kapasidad.

Paulit-ulit na Tugon (Input). Nakita sa pagsusuri na ang AI ay nagbibigay ng repititive na estruktura at ideya na nagiging hadlang sa pagbuo ng mga orihinal na akademiko o malikhaing teksto. Ang obserbasyong ito ay malinaw na nakita sa salaysay ng mga kalahok na binigyang-diin bilang isang makabuluhang hamon sa paggamit ng AI lalo na kung halos pareho o magkakahawig ang prompt at/o keywords na ipinapasok. Ayon kay Kalahok 8 (K8), *“yung mga wordings nila pare-pareho lang. Pinagkaiba lang is yung placement ng mga salita at/o daloy pero ang ideya at nilalaman sa pangkalahatan ay halos pareho lang.”* Ipinapakita lamang nito na ang AI, dahil sa nakabatay sa pre-trained patterns at algorithms ay likas na gumagawa ng formulaic at predictable na mga sagot. Paliwanag nina Sevilla-Bernardo et al. (2025), ang mga awtput ng AI kabilang na ang mga akdang pampanitikan o anumang malikhaing teksto ay kadalasang itinuturing na hilaw, depektibo sa grammar, mababaw, kulang sa

damdamin, at hubad sa sangkap ng pagiging likhang-tao. Ipinapakita nito na bagamat kayang makabuo ng AI ng katanggap-tanggap na awtput, madalas ay wala itong lalim, sensibilidad, o pagkamalikhain na nagmumula sa tunay na karanasan at intensyon ng tao. Pinangalawahan ito nina Giray et al. (2024), na sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas, isang makabuluhang pananaw sa sektor ng edukasyon ang limitasyon sa orihinalidad ng mga gawang AI. Bagamat kinikilala ang potensiyal na benepisyo nito sa pagpapagaan ng mga administratibong gawain at produktibidad, binigyang-diin nila ang hamon sa kontekstuwalisasyon at ang kakulangan ng AI sa pagbibigay ng mga impormasyong nakabatay sa karanasan at kontekstong Pilipino. Sa kabuoan, ipinahihiwatig lamang nito ang gamit ng AI bilang pantulong at suporta sa pagbuo ng kaalaman, at hindi bilang kapalit ng awtentikong talino at kritikal na kognitibong pagproseso ng isang malay na tao.

Predictable na Balangkas. Natuklasan ding hamon sa paggamit ng AI ang predictable na balangkas at repetitive pattern ng mga sagot na ibinibigay ng mga AI tools, partikular ng ChatGPT. Ayon sa mga kalahok, kapansin-pansin ang fixed na paraan ng pagbuo ng sagot ng AI na karaniwang magkakapareho ang estruktura, daloy, at maging ng pagpili ng mga salita. Kaya naman, hamon sa mga kalahok ang paggamit ng AI-generated na nilalaman nang hindi halatang hindi orihinal o masyadong machine-like ang estilo. Ayon kay Kalahok 3 (K3), *“Iyon sir; kasi masyadong madaling makilala kung produkto ng Chat GPT kasi ang mga ginagamit na salita, at ang paraan ng konstruksiyon at estruktura ay halatang AI.”* Ipinakikita lamang ng salaysay na ito na madaling matukoy ang gawang AI dahil sa patern at paggamit ng salita, predictable ang estruktura ng pangungusap, at halos pare-pareho ang paraan ng pagpapaliwanag. Sa madaling salita, ang ganitong obserbasyon ay nagsisilbing indikasyon na ang awtput ng AI ay nakadepende lamang sa patern kaya agad na nakikilala ng gumagamit kung AI ang isang teksto. Ang ganitong hamon ay naglalantad na ang mga gawang AI ay kadalasang pangkalahatan, paulit-ulit, at predictable kaya hindi ito sapat para sa mga gawaing malikhain at may malalim na pagsusuri. Sa aspekto ng pagkatuto, ang limitasyong ito ng AI ay posibleng magdulot ng panganib kung aasa nang labis sa paggamit nito na maaaring magresulta ng pagkabansot sa interes at awtentikong pagkatuto (Villanueva, 2025). Sa kabuoan, ipinakikita lamang nito na bagamat kapaki-pakinabang bilang suporta sa pagkatuto ang AI, ay hindi ito sapat upang palitan ang kompleksidad, pagkamalikhain, at interpretatibong lalim ng tao.

Hamon sa Balidasyon ng Impormasyon. Nakita rin bilang hamon ang pagiging matrabaho dahil sa kahingian ng pagtiyak sa kapaniwalaan ng impormasyong ibinibigay ng AI. Dahil sa lantad at umiiral na kahinaan sa kredibilidad ng datos ng AI, nagiging doble ang trabaho sa dahil sa pangangailangan ng pagsasagawa ng cross-referencing at pagsusuri sa datos upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad nito. Ibinahagi ni Kalahok 4 (K4), *“Matrabaho siya kasi after ko na makuha yung mga pinakaimportant pieces lang niya, isa-isa ko na siyang ise-search doon sa mga mas credible na websites.”* Ang ganitong pamamaraan ay nagpapakita na hindi lamang ginagamit ang AI para sa kumbenyente at mabilisang pagkuha ng sagot, kundi upang makamit ang mas epektibong paraan ng pagsusuri. Ang ganitong hamon ng mga kalahok ay nauugnay sa natuklasan nina Silagan at Samarca (2025), na ang mga datos o impormasyon mula sa AI ay itinuturing bilang hindi isang lehitimo o maaasahang aplikasyon para sa pagtamo ng pagkatuto. Ayon pa nga kay Harrer (2023), ang nilalaman na ginawa ng AI ay maaaring may bias, hindi tumpak, o nakakapinsala kung ang dataset kung saan sinanay ang isang modelo ay naglalaman ng mga naturang elemento. Kaya naman, upang matiyak ang kalidad at katumpakan ng mga impormasyong ginagamit, nagsasagawa ng pagbeberepika ang mag-aaral na itinuturing isang prosesong rigoroso subalit mahalaga.

Sa kabuoan, ang mga natuklasang hamon ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino ay maaaring maunawaan nang mas malalim sa pamamagitan ng paglelente sa mga saligang teoretikal ng papel – ang Technology Acceptance Model at Diffusion of Innovation Theory. Dito ipinakikita sa naratibo ng mga kalahok na ang pagtanggap at patuloy na paggamit ng AI ay hindi awtomatiko o ganap. Sa perspektiba ng TAM, ang mga hamon tulad ng pladyarismo, akses, tugon, at pangangailangan para sa berepikasyon ng impormasyon ay nakaaapekto sa persepsiyon ng mga mag-aaral sa gamit at kadalian ng AI sa pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na kahit nakikita ng mga mag-aaral ang potensiyal na pakinabang ng AI, nananatili pa rin ang mga pag-aalinlangan sa pagiging reliable at pagiging sapat nito bilang pantulong na kagamitan sa pagkatuto. Samantala, sa lente naman ng Diffusion of Innovations, ang mga hamong ito ay naglalarawan na ang paggamit ng AI ay isang dinamikong

proseso ng pag-aangkop, pagsusuri, at kritikal na paggamit. Sa halip na basta na lamang tanggapin ang AI, natutuhan ng mga mag-aaral na suriin ang kalidad ng impormasyon at pagkamaasahan nito bilang pagsasaalang-alang sa pagpapanatili ng akademikong integridad. Ipinakikita ng mga natuklasan na ang diffusion ng AI sa konteksto ng pagkatuto ng Filipino ay hindi lamang simpleng usapin ng paggamit ng teknolohiya kundi isang proseso ng pagtitimbang sa pagitan ng mga hamon at oportunidad para sa pagpapanatili ng etikal at awtentikong pagkatuto.

3.2 Mga Pagkakataon sa paggamit ng AI sa pagkatuto ng Filipino

Humahasa sa pagiging kritikal. Ipinakita sa datos ng panayam na ang AI ay hindi lamang nakikita bilang teknolohikal na kasangkapan, kundi bilang pantulong na mekanismo sa paghubog ng pagiging kritikal. Sa pagtitiyak, nakita mula sa danas ng mga kalahok ang AI bilang pantulong na paraan na lumilina sa pagiging mapanuri. Nagiging malinaw dito na ang limitasyon ng AI sa kakulangan sa kontekstuwalisasyon, potensiyal na pagkakamali, salat na kaalaman, ay nagiging pedagogikal na oportunidad para sa mga mag-aaral. Sa halip na tanggapin na lamang ang awtput ng AI, nagiging paraan ito ng pagsusuri sa impormasyon sa konteksto ng Filipino. Paliwanag ni Kalahok 1 (K1), *“Ako, ginagamit ko ang AI kasi nahahasa din ang critical thinking skills ko dahil kung gagamit ka ng AI mapapansin mong hindi siya contextualized ‘yong mga impormasyon na naibibigay niya sa konteksto ng Filipino...sa pamamagitan ng pagva-validate sa accuracy ng impormasyon natuturuan kang maging kritikal sa paggamit nito.”* Dito, lumilitaw ang mahahalagang punto sa pagkilala sa kakulangan ng AI sa katumpakan ng konteksto, lalo na sa disiplinang Filipino. Sang-ayon dito sina Muthmainnah et al. (2022), na nagbigay-diin na ang paggamit ng AI ay naglulundo ng paglinang sa kumpiyansa, tiwala sa sarili, pagiging bukas, at pagiging mapanuri ng mag-aaral dahil sa paggamit ng AI. Dagdag pa, nakatutulong ito na maging aktibong tagaproseso ng impormasyon ang mga mag-aaral kaysa sa maging pasibong tagatanggap lamang. Samakatuwid, hindi lamang maituturing na pantulong na teknolohiya ang AI, kundi isang espasyo ng dinamiko at repleksibong pagkatuto. Dahil dito, natutuhan ng mag-aaral na higit pang suriin ang kanilang nakukuhang impormasyon, magkaroon ng mas matalas na metakognisyon, at mas maging maingat sa paggamit ng digital na impormasyon sa gitna ng makabagong panahon.

Pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat. Batay sa isinagawang panayam, natuklasan din ang benepisyo sa pag-unlad ng literasiya sa pagsulat ng mga kalahok. Batay sa paglalarawan, ang mga datos na ibinibigay ng AI ay isang magandang lunsaran sa pag-oorganisa ng isang sulatin at ang ibinibigay na balangkas ay karaniwang nagagamit sa pagbuo ng mga akademiko at teknikal na komposisyon. Ayon sa paglalarawan ni Kalahok 2 (K2), *“Aside from giving the template mismo, meron siyang mga steps na binibigay, kumbaga ito yung magiging pamuhatan, ito yung magiging greetings, ganito yung nakalagay dun, saka diretso na halimbawa niya. Kumbaga kung babasahin ng bata yung nakalagay dun, maiintindihan niya rin kung saan kumuha ng pamuhatan, para saan ang pamuhatan, anong ilalagay sa ilalim, kumbaga greetings muna sa first paragraph.”* Sa ganitong konteksto, malinaw na ipinakikita na ang AI ay mabisang teknikal na gabay at suporta sa pagpapayabong sa mga pundamental na kaalaman ng mga mag-aaral sa literasiya, partikular na sa pag-unawa at paglikha ng mga akademikong teksto. Ang mga text-to-text AI generators ay nagbibigay ng suporta at gabay sa pagsusulat, lalo na sa mga hindi katutubong tagapagsalita ng wika (Chan & Lee, 2023). Kung gayon, ito ay maaaring tingnan ng edukasyon bilang pedagogikal na mekanismo na makatutulong sa pagtugon sa mababang literasiya sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.

Pagpapabuti ng gawi sa pagkatuto. Natuklasan na isang mabisang teknolohikal na pantulong ang AI sa pag-unawa ng mga konsepto at nilalaman sa Filipino. Isa sa mga kalahok ang naglarawan na gamit ang AI (hal. Gemini) ay mas nagiging estratejik siya sa kung paano paplanuhin, pag-aaralan at uunawin ang isang paksa. Ayon kay Kalahok 4 (K4), *“Kaysa i-search...magsesearch sa search engine blindly kung ano, at least dito [AI hal. ChatGPT] may sinusunod na ako kung mga ano ang hinahanap/hahanapin ko, mas nagiging madali.”* Ang naratibong ito ay nagpapakita lamang kung papaano nagiging lunduyan ng mas episyente at epektibong pagkatuto ang paggamit ang AI. Itto ay naihalalintulad sa natuklasan ni Salido (2023) na ang AI ay nag-aalok ng suporta para sa pagpapabuti ng katayuang akademiko na nagpapauunlad sa mga paraan ng pagkatuto. Dagdag pa, natuklasan ng kaniyang pananaliksik na ang kapakinabangan ng AI ay hindi lamang sa paraan ng pagpapahusay

ng akademikong gawi ng mga estudyante sa ilang mga paksa kundi pati rin na mas maintindihan pa nila ang mga mahihirap na konsepto. Samakatuwid, ang AI ay hindi lang isang tool ng pagpapadali at kaghinhawaan bagkus ito ay isang produktibong midyum na nagbibigay-daan sa pagpapayaman at pagpapalawig ng mga akademikong gawi na nagreresulta ng transpormasyonal na akademikong pagganap.

Humahasa sa pagiging independent. Sa pagsusuri, nakita ang magandang epekto ng pagsangguni at paggamit ng AI sa pagkakaroon ng kakayahan na pamahalaan ang pansariling pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa paglalarawan ni Kalahok 7 (K7), *“Ang ibinigay niya sakin (AI) is instruction kung paano ko aayusin yung data bago ko i-run, paano yung step by step process paano ko i-run sa excel so nagawa ko siya successfully sa excel. So natuto ako sa isa kong program out of the tutorial na ibinigay sa akin ni AI so nakakatulong din naman.”* Dito ipinakikita ang AI bilang *virtual tutor* na nag-aalok ng mga gabay at fidbak, at nagmumungkahi ng mga karagdagang mapagkukunan para sa pag-unawa ng konsepto. Ang agarang suportang ito ay nakatutulong na matugunan ang mga hamon sa pag-unawa at nagtataguyod ng malaya at independent na pagkatuto. Ayon pa nga kay Hoshim (2023), ilan sa mga pakinabang ng AI ay mula sa mga personalisado at independent na pagkatuto, adaptive feedback, kritikal na mga kasanayan, at self-directed na pagkatuto. Kung gayon, ang pagtanggap sa AI bilang pedagogikal na teknolohiya ay isang progresibong pagbabago sa tanawing pang-edukasyon (educational landscape) sapagkat nagiging paraan ito ng paghubog na maging malay at magkaroon ng awtonomiya sa pansariling paraan ng pagtuklas at pagbuo ng kaalaman. Dagdag pa, tinukoy nina Holmes et al. (2019) na ang AI ay nagtataglay ng kakayahang baguhin ang tradisyonal na sistema ng pagkatuto sa paraan ng paglikha ng mga makabago at angkop na akademikong oportunidad para sa paglago ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto, ang malinaw na integrasyon ng AI sa edukasyonal na kapaligiran ay may kakayahang baguhin ang ugnayan sa loob ng akademikong institusyon para sa pagsulong sa mas inklusibo at epektibong sistema ng pagkatuto.

Mas pinapadali ang pag-unawa. Isa rin sa mga nabuong tema mula sa sinuring salaysay ang pagpapakita ng oportunidad na nakatutulong ang AI na mas maintindihan ang paksang mahirap maunawaan mula sa pagpapaliwanag ng guro. Ayon sa mga kalahok, may mga pagkakataong sinasangguni nila ang AI para makakuha ng mas malawak at payak na pagpapaliwanag nang higit na maunawaan ang paksa. Halimbawa, isang modelo na hindi maunawaan, sa pamamagitan ng AI mas nagiging madali at malinaw para sa kanila ang konsepto ng paksa. Sa paglalarawan ni Kalahok 4 (K4), *“Ang ginagawa ko, ni-run ko yung PDF file dun sa chatgpt, mas mas naiintindihan ko siya. Since technical paper kasi yung binigay sa amin. Para siyang research paper about discourse mahirap talaga siyang unawain in a short period of time kung hindi mo magagawang pasimplehin yung mga nakasulat. Yun yung ginawa ni Chatgpt para sakin, so mas natututo ako nung ni-run ko na siya sa chatgpt.”* Sa ganitong konteksto, ang AI ay nagiging epektibong pantulong upang gawing mas payak ang komplikadong konsepto ng aralin sa pamamagitan ng paghihimay at pagpapaliwanag sa paraang mas madaling maunawaan. Bagamat parehong binigyang-diin sa pananaliksik ni Adigue (2024) ang magkatuwang na hadlang at pagkakataong ibinigay ng AI sa kapaligirang pang-akademiko, hindi mapasusubalian na malaking tulong ang AI dahil pinapadali nito ang pagpapaliwanag sa paksa at ginagawang payak at sistematiko ang dating komplikado at hindi organisadong pagkalap ng impormasyon (Cruz, 2023). Samakatuwid, ang ganitong oportunidad ng AI sa edukasyon ay isang bukas na katotohanan kaugnay sa gampanin ng AI lalo na sa aspkeito ng pag-unawa at pagkatuto.

